Gamit ang *armas*, aktibo at aktwal ang naging paglahok ni Jacinto sa armadong pakikipaglaban sa mga Español. Matapos ang mga naganap na labanan sa mga lugar ng Pasong Tamo at Pugadlawin noong Agosto 1896, itinalaga siya ng Supremo upang pamunuan ang hukbo sa hilagang bahagi ng Maynila. Sa mga panahong magkahiwalay sila ni Bonifacio, kanyang pinadadalhan ang Supremo ng suplay ng ‘bala, pulbura, sandata, pana at palaso, salapi, mga nailimbag na panulat, mga awiting nilikha ni Julio Nakpil, at maging ng kanyang sariling tula’ (De los Santos, 1973).

Sa lahat ng kanyang mga naging gawain, wala siyang hinintay na anumang uri ng kapalit para sa sarili. Ang kanyang bayan at mga kababayan ang mga entidad na kanyang pinagmamalasakitan sa tuwina. Pangunahin sa kanyang interes ang kabutihan ng mas nakakarami at mga halagahin tulad ng kagandahang-loob, kabutihan, kabaitan, karangalan, kalayaan, katarungan, karapatan, katotohanan, katwiran, at pagkakaisa.

Pagtatapos

Nabanggit sa simula ng papel na ito ang tatlong pundasyon ng kagandahang-loob. Una, masasabing mayroong *malasakit* sa kapwa si Jacinto. Matalas ang kanyang pakiramdam upang maunawaan ang mga kinakailangang pagbabago sa lipunan sa panahon ng himagsikan. Patuloy niyang iniisip ang kapakanan ng ibang tao. Patunay dito ang mga akda at tagubiling kanyang kinatha upang iparating sa bawat Katipunero ang nararapat na pakikitungo sa kapwa-tao.

Ikalawa, mahusay ang pamamaraan ng *pakikipagkapwa* ni Jacinto. Handa niyang ibuwis ang kanyang buhay para sa kapwa (tulad kay Rizal) at handang tumulong sa mga nangangailangan sa panahon ng kagipitan (tulad kay Bonifacio). Datapwa't ang mga ito ay tawag ng tungkulin, ang kanyang pagtulong sa kapwa ay walang hinihintay na anumang kapalit. Bilang opisyal ng Kataas-taasang Konseho, mahihinuhang napatunayan ni Jacinto ang kanyang sarili sa iba pang Katipunero sa kabila ng kanyang murang edad.

Panghuli, nagtataglay si Jacinto ng *malinis na kalooban*. Ang kanyang mga akda ay naglalaman ng pagpapaalala sa mga Katipunero ukol sa pagkakaroon ng kabuluhan ng buhay ng isang tao. Hangad niya ang pagmamahalan ng bawat isa: magulang sa anak, anak sa magulang, kapatid sa kapatid, at kababayan sa kapwa kababayan. Palagi niyang ikinikintal sa puso't isipan ng mga mambabasa ang pag-ibig sa kapwa, pagkakapantay-pantay ng bawat isa, at pagsunod sa katwiran. Isa siyang indibidwal na nagbigay ng pag-asa sa mga naniniwala sa adhikain ng Katipunan: isang taong marangal, isang taong matapat.

Sa mga mag-aaral at tagapagturo ng Kasaysayan, mahalagang balik-tanawan ang mga akda ni Jacinto at hugutin sa mga ito ang mga positibong bagay na ating magagamit upang malunasan ang sakit ng ating lipunan. Para sa isang napakabatang kasapi ng Katipunan, kahanga-hanga ang ipinamalas ni Jacinto sa loob ng kilusan. Sa murang edad, hindi matatawaran ang halaga ng kanyang pagpapayo, ang kaibuturan ng kanyang puso sa pagsusulat, at ang ipinakitang tapang sa gitna ng mga labanan. Kung babasahin lamang natin ang kanyang mga akda at isasabuhay ang kanyang mga mahahalagang tagubiling kung paano maging isang kapakipakinabang na mamamayan, maaaring magbigay ito ng pag-asa para sa mas maganda, mapayapa, at maunlad na bansa sa hinaharap. Para sa kasalukuyang henerasyon ng kabataang Pilipino, kapuri-puring tularan at isabuhay ang kagandahang-loob at

pakikipagkapwang ipinamalas ni Jacinto – isang kabataang kumilos para sa pagbabagong panlipunan, isang kabataang kumatha ng pangalan sa ating kasaysayan gamit ang *utak*, *pluma*, at *armas*.

Sanggunian

- Agoncillo, Teodoro A. *History of the Filipino People (Eight Edition)*. Quezon City: GAROTECH Publishing, 1990.
- _____. *The Revolutionists: Aguinaldo, Bonifacio, Jacinto*. Manila: National Historical Institute, 1973.
- Almario, Virgilio S. *Panitikan ng Rebolusyon (g 1896)*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1993.
- De Guia, Katrin. *The Self in the Other: Worldviews and Lifestyles of Filipino Culture-Bearers*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2005.
- Enriquez, Virgilio G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: The University of the Philippines Press, 1992.
- Gripaldo, Rolando M. *Filipino Philosophy: Traditional Approach (Part I, Section I 3rd Edition)*. Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2009.
- _____. *Liberty and Love: The Political and Ethical Philosophy of Emilio Jacinto*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2001.
- Kalaw, Teodoro M. *Ang Himagsikang Pilipino*. Manila: Ang Pambansang Suriang Pangkasaysayan, 1989.
- Mercado, Leonardo N. *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1974.
- Mga Pilipino ng Kasaysayan*. Manila: The National Historical Institute, 2008.
- Miranda, Dionisio M. *Loob: The Filipino Within (A Preliminary Investigation into a Pre-theological Moral Anthropology)*. Manila: Logos Publications, Inc., 1988.
- _____. *Pagkamabuhay: On the Side of Life (Prolegomena for Bioethics from a Filipino-Christian Perspective)*. Manila: Logos Publications, Inc., 1994.
- Resurreccion, R.R. *Malasakit, pakikipagkapwa, at kalinisang loob: Mga pundasyon ng kagandahang loob*. *Nasa Malay Research Journal*. Manila: De La Salle University Publishing House, 2007.

Presently an Assistant Professor in UP Manila, **PROF. JEROME A. ONG** is serving as Program Head of the Department of Social Sciences-Area Studies Program and Coordinator of the College of Arts and Sciences-Office of Student Services and Gender Program. He finished his Bachelor of Arts in Social Sciences (Major in Area Studies) from UP Manila and holds a degree in Master of Arts in History from UP Diliman. He is currently pursuing a degree in Doctor of Philosophy in Philippine Studies at UP Diliman. In 2008, he became the recipient of two 'Gawad Chanselor' citations from UP Manila, namely 'Pinakamahusay na Guro' and 'Pinakamahusay na Mananaliksik'. In 2011 and 2012, he was named 'Outstanding Teacher' of the College of Arts and Sciences, UP Manila. In 2009, he was given the UP Manila CAS Junior Faculty Grant Award, and in 2013, he is the recipient of the UP Centennial Faculty Grant Award.

Abstract

Oriang: Lakambini ng Himagsikan

Mary Dorothy dL. Jose at Atoy M. Navarro

Sa kontemporaryong historiograpiyang dinodominahan ng mga lalakeng historyador, isa sa mga pangkasaysayang kapalaran ng mga babaeng bayaning kaanak, lalo na't maybahay, ng mga higanteng personahe ng ating himagsikan ang lagi na lamang pagkakatali ng kanilang talambuhay sa mga salaysay ng pagkalalake at pagkabansa sa kasaysayan. Palasak ang pagkakakilanlan sa mga babaeng bayani bilang "mother of," "sister of" o "wife of" ng mga lalakeng bayani na itinatampok hindi lang sa mga tekstong inakda ng mga lalakeng historyador kundi pati na yaong sinulat ng mga babaeng manunulat. Gayundin, kadalasang sinusukat ang kabayanihan ng mga babaeng bayani batay sa pangunahing paman-tayan ng kabayanihan ng mga lalakeng bayani na tumutukoy sa paglahok sa pambansang sandatahang labanan.

Kung kaya't sa papel na ito, tinangka ng mga may-akda na bigyan ng sariling boses si Gregoria de Jesus (1875-1943) na kilala bilang "Oriang," isa sa mahalagang babaeng bayani ng himagsikan, sa pamamagitan ng pagsasalaysay sa kanyang buhay na hindi nakakabit lamang sa anino ng kanyang mga nag-ing asawa, kundi batay sa mga identidad o pagkakakilanlan na ginampanan niya sa iba't ibang yugto ng kanyang buhay—bilang anak, asawa, ina, tiyahin, lola, at gayundin, bilang Katipunera at makabayang manunulat. Sa pamamagitan ng Kuwentong Buhay at Kasaysayang Buhay, mahalagang maisulat ang talambuhay ni Oriang batay sa mga tinuran niya mismo. Sa pamamagitan ng ganitong pamamaraan, mabibigyan ng saysay ang sariling naratibo ni Oriang nang hindi nakakabit sa pagkalalake at pagkabansa sa kasaysayan at mabibigyan ng pagkakataong maisalaysay ang papel sa kasaysayan ng mga naisasantabi ng mga dakilang naratibong pangkasaysayan.

Keywords: Kababaihan * Oriang * Bayani * Kuwentong Buhay * Kasaysayang Buhay

Oriang: Lakambini ng Himagsikan^{1*}

Mary Dorothy dL. Jose at Atoy M. Navarro



Gregoria de Jesus: Lakambini ng Katipunan

(Alzona 1964; Nakpil 2009b)

¹ * Papel na unang binasa sa *Ika-21 Pambansang Kumperensya ng mga Mag-aaral ng Kasaysayan* na may temang *SANGKABABAIHAN: Kababaihan sa Himagsikang Pilipino*, Bulwagang Tandang Sora, College of Social Work and Community Development (CSWCD), University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 18 Agosto 2012.

Introduksyon

Paano nga ba isusulat ang maikling talambuhay ng isa sa mga babaeng bayani ng himagsikan na si Gregoria de Jesus, na kilala bilang “Oriang” na “Lakambini ng Katipunan”?

Sa kontemporaryong historiograpiyang dinodominahan ng mga lalakeng historyador, isa sa mga pangkasaysayang kapalaran ng mga babaeng bayaning kaanak, lalo na’t maybahay, ng mga higanteng personahe ng ating himagsikan ang lagi na lamang pagkakatali ng kanilang talambuhay sa mga salaysay ng pagkalalake at pagkabansa sa kasaysayan. Palasak ang pagkakakilanlan sa mga babaeng bayani bilang “mother of,” “sister of” o “wife of” ng mga lalakeng bayaning itinatampok hindi lang sa mga tekstong inakda ng mga lalakeng historyador kundi pati na yaong sinulat ng mga babaeng manunulat (gaya ng Hilario Soriano 1995). Sa kaso ni Oriang, pangunahing pagkakakilanlan sa kanya ang pagiging “wife of Andres Bonifacio and later of Julio Nakpil” (Medina 1995). Tila nagpapahiwatig itong kinakailangang makilala muna ang mga lalakeng bayani bago makilala ang mga babaeng bayani. Nagmimistulang kakabit at sumasayapak lamang sa mga kuwento ng mga lalakeng bayani ang mga salaysay ng mga babaeng bayani. Sa mga karaniwang talambuhay, kadalasang sinusukat din ang kabayanihan ng mga babaeng bayani batay sa pangunahing pamantayan ng kabayanihan ng mga lalakeng bayani na tumutukoy sa paglahok sa pambansang sandatahang labanan. Sa mga talambuhay na ito, pinipipi rin ng mga pagkilos na pambansa ang mga salaysay ng pang-araw-araw at personal na buhay ng babaeng bayani bilang babae at bilang bayani (halimbawa ang NHI 1989).

Samantalang may pagtatangka nang lumaya sa lubos na pagkakatali sa mga salaysay ng pagkalalake at pagkabansa sa kasaysayan sa ilang pananalambuhay (Quindoza-Santiago at HASIK, Inc. 1997), hindi pa rin ganap na nabibigyang-tinig ang mga babaeng bayani sa mga akdang ito dahil na rin sa mga usaping pangwika. Kung kaya nga’t sa pagsusulat ng maikling talambuhay, mahalagang maisawika ang mga mismong tinuran ni Oriang (De Jesus 1897a, 1897b, 1897c, 1898, 1928a, 1928b, 1928c, 1929) sa diwa ng *kuwentong buhay* (Aquino 1999) at *kasaysayang buhay* (Navarro 2001-2002; Reguindin at Elumbre 2008) sa bisa ng sariling wika. Sa kuwentong buhay at kasaysayang buhay, may pagbibigay-tinig sa mga kadalasang isinasagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihan at may pagtatampok sa mga talaban ng pambansa

at pang-araw-araw at personal na buhay.

Tatangkain nating akdain ang maikling talambuhay ni Oriang sa diwa ng kuwentong buhay at kasaysayang buhay sa pamamagitan ng pagsasalaysay sa tatlong yugto ng buhay ng “Lakambini ng Himagsikan.” Sa unang bahagi, isasalaysay natin ang buhay ni Oriang *Bilang Butihing Anak at Kapatid (1875-1893)* na papaksa sa kanyang kabataan. Sa ikalawang bahagi naman, itatampok natin si Oriang *Bilang Mapagmahal na Kasintahan at Asawa at Mata pang na Katipunera (1893-1897)* na tatalakay sa kanyang pakikibaka bilang “anak ng bayan” na katuwang ni Andres. At sa huling bahagi, papaksain natin si Oriang *Bilang Mahusay na Manunulat at Mapag-arugang Asawa, Ina, at Lola (1897-1943)* na tatalakay sa kanyang buhay sa piling ng angkang De Jesus-Nakpil. Sa iba’t ibang yugtong ito, uminog ang buhay ni Oriang sa pagganap sa iba’t ibang pagpapakilanlan na naging makabuluhan hindi lamang para sa kanyang pag-aakda sa sarili kundi makatuturan lalo na para sa pinag-alayan niya ng kanyang buhay—ang kanyang pamilya at ang Inang Bayan.

Bilang Butihing Anak at Kapatid (1875-1893)

Ayon sa kanyang awtobiograpiya, ipinanganak si Oriang sa Kalookan noong Mayo 9, 1875 (de Jesus 1928b). Ang kanyang mga magulang ay sina Nicolas de Jesus, isang “Maestro de Obra ng Catero Carpintero” at naging gobernadorsilyo sa Kalookan, at Baltazara Alvarez Francisco, taga-Noveleta, Cavite na pamangkin ni Mariano Alvarez ng Magdiwang sa Cavite na “siyang unang gumalaw ng himagsikan sa nasabing lalawigan.” Apat silang magkakapatid—dalawang babae at dalawang lalaki.

Nag-aral si Oriang sa mababang paaralang bayan at bilang tanda ng kanyang angking katalinuhan, nagwagi siya ng gantimpalang medalyang pilak sa pagsusulit na ibinigay ng Gobernador Heneral at ng Kura ng bayan (de Jesus 1928b). Subalit nagpasya siyang huminto ng pag-aaral upang tulungan ang mga magulang at suportahan ang dalawang kapatid na lalaking nag-aaral sa Maynila. Ani ni Oriang:

Palibhasa’y tatlo kaming magkakapatid na nagaaral na kailangang magpatuloy sa Maynila kaya minarapat kong tumigil at sumama sa isa ko pang kapatid na magasikaso ng aming kabuhayan upang makapagpatuloy sa pag-aaral ang dalawa naming kapatid na lalake (de Jesus 1928b).

Sila ng kanyang kapatid na babae ang namahala sa pagpapatanim sa bukid ng pamilya. Bilang tagapamahala sa taniman, madalas nagpupunta si Oriang sa nayon upang pangasiwaan ang pagpapatanim at pag-aani ng palay, alamin ang kalagayan ng mga kasama at manggagawa, at pasuwelduhin sila tuwing Linggo. Sa mga oras na hindi siya abala sa pataniman, tinutulungan niya ang kanyang ina sa pananahi, paghahabi, at iba pang gawaing bahay (de Jesus 1928b).

Tipikal noong dantaon 19 ang ganitong kaayusan ng paghinto ng pag-aaral ng mga anak na babae para magtrabaho sa kabukiran at tumulong sa gawaing bahay kaya nga sa harap ng ganitong konteksto, kahanga-hanga talaga ang kadalagahan ng Malolos, Bulacan na humiling sa mga awtoridad na Español na magtayo ng paaralang panggabi para sa kababaihan noong Disyembre 12, 1888 (Tiongson 2004). Sa kabila ng pagkakapaloob sa ganitong kaayusan, mahalagang bigyang-diing sariling pagpapasya ni Oriang ang pagtigil sa pag-aaral para maging butihang anak at kapatid.

Bilang Mapagmahal na Kasintahan at Asawa at Matapang na Katipunera (1893-1897)

Naging tanyag sa angking kagandahan, marami ang umakyat ng ligaw kay Oriang (Medina 1994, 1995). Isa sa mga binatang ito si Andres Bonifacio, na dumadalaw kay Oriang kasama ang mga kaibigang sina Ladislao Diwa at Teodoro Plata, na pinsan ni Oriang. Ang magkakaibigang sina Andres, Diwa, at Plata ang itinuturing na nagtatag ng *Kataastaasan, Kagalangalang Katipunan ng mga Anak ng Bayan* (KKK o Katipunan) sa Maynila noong Hulyo 7, 1892 (Agoncillo 1956). Lingid sa kaalaman ng dalaga, may isang taon na palang nanunuyo si Andres sa kanyang mga magulang. Napag-alaman niyang tutol pala ang kanyang ama kay Andres sapagkat isa itong mason at sa mga panahong yaon, “ipinalalagay ng mga matanda, sa kagagawan ng mga prayle, na masasamang tao” ang mga mason. Subalit may “bahagyang pagibig” o pagtingin na pala noon si Oriang kay Andres at hindi nagtagal, nagkaunawaan ang dalawa sa kabila ng pagtutol ng ama ni Oriang (de Jesus 1928b).

Sa gulang na 18 taon, nagpakasal si Oriang kay Andres noong Marso 1893. Ikinasal sila sa bahay ni Restituto Javier at ng maybahay nitong si Benita Javier, kaharap ang mga kasapi ng Katipunan na gaya nina Pio Valenzuela, Santiago Turiano, Roman Basa, Marina Dizon,

Josefa Rizal, Trinidad Rizal, at iba pang pinuno ng Katipunan. Sa gabing yaon, naging kasapi siya ng Katipunan “sa ilalim ng sagisag o simbolikong Lakambini” (de Jesus 1928b). Samantala, sa “Mga Tala ng Aking Buhay” ni Dizon, isa sa mga unang babaeng kasapi ng Katipunan, pinalagay na Hulyo 1893 naganap ang kasalang Andres at Oriang. Ayon kay Dizon, siya, kasama sina Josefa Rizal, Angelica Lopez, Delfina Herbosa, Benita Rodriguez, at Oriang ay naging kasapi ng Katipunan sa gabing ikinasal sina Andres at Oriang. Sa gabing yaon, itatag ang Sangay Kababaihan ng Katipunan (Medina 1994, 1995).

Hindi naging madali para kay Oriang ang pag-iibigan nila ni Andres. Noong mga panahong ito, sinasabing inilipat siya ng tirahan ng kanyang ama upang mailayo kay Andres. Pinatira si Oriang sa isang bahay na kasama lamang ang isang matandang babaeng nagbabantay sa kanya na para bang isa siyang preso na walang kalayaan. Matatagpuan ang nasabing tirahan sa isang aksesorya o apartment sa Kalye Madrid na pagmamay-ari ni Cornelio Gomez ng Binondo. Ito nga ay upang ilayo si Oriang kay Andres na nakatira naman noon sa Kalye Sagunto sa kalapit na Tondo. Lingid sa kanilang kaalaman, lima hanggang anim na bloke lamang ang pagitan nila (Medina 1994, 1995).

Sa nasabing pagkakalayo, sinasabing dumanas si Oriang ng labis na kalungkutan dahil sa pagtutol ng kanyang ama sa binabalak nila ni Andres na pagpapakasal sa Simbahang Katoliko. Ginawa niya ang makakaya upang ipaglaban ang kanilang pag-iibigan. Sumulat si Oriang sa gobernadorsilyo ng Binondo upang pakiusapan ang kanyang amang ibigay ang pahintulot na magpakasal sila ni Andres kahit na *menor de edad* pa lamang siya. Hiniling din niya sa gobernadorsilyong itakas siya sa bahay na pinaglipatan sa kanya ng kanyang ama at nagmakaawang tawagin ang kasintahang si Andres, na handa na niyang pakasalan. Disyembre 9, 1893 nang sulatan ni Oriang ang Gobernador Sibil ng Maynila upang hilinging pahintulutan siyang magpakasal kahit walang pahintulot ang mga magulang. Hiniling siyang magpakita sa Gobernador Sibil sa nasabi ring araw subalit hindi siya nakarating dahil ayon sa testimonya ng kanyang doktor na si Jose Hidalgo, nagkaroon diumano siya ng mga atakeng histerikal na may kasamang anemya at hindi siya makabangon mula sa kanyang higaan. Humigit-kumulang tatlong buwan din silang pinaglayo ni Andres ayon sa kagustuhan ng kanyang ama (Medina 1994, 1995). Sa mga panahong ito, matapang na sinalungat ni Oriang ang mga kinasanayang paniniwala tungkol sa pag-iibigan at pagpapakasal. Sa huli, nanaig ang pag-iibigan ni Andres

at Oriang. Ayon nga kay Oriang:

...bagaman laban sa kalooban ng ama ko ay napahinuhod din alangalang sa malaking pagmamahal sa akin at pagtatapat ko ng katotohanan ng aming pagiibigan... (de Jesus 1928b).

Pinapalagay na nagpakasal si Oriang kay Andres sa Simbahang Katoliko ng Binondo noong maagang 1894 (Medina 1994, 1995). Sinasabing ang mag-asawang Javier ang kanilang naging ninong at ninang. Hindi nagtagal, nakahanap sina Andres at Oriang ng tirahan sa Daang Anyayahan at nagsimula na silang maging ganap na magkatuwang sa pagpapalaya ng bayan. Kasama nila sa bahay ang Kalihim ng Katipunan na si Emilio Jacinto na siyang namamahala sa limbagan ng Katipunan. Pinagtibay ni Oriang na “parang magkapatid” ang turingan nina Andres at Jacinto (de Jesus 1928b) kung kaya’t hindi kataka-takang naging malapit din si Oriang sa kaedad na si Jacinto.

Matapos ang isang taon, nagdalang-tao na si Oriang. Inilipat siya pansamantala sa tahanan ng kanyang mga magulang at doon din siya nanganak ng isang batang lalaking pinangalanan nilang Andres. Si Valenzuela ang naging ninong sa binyag ng sanggol na si Andres. Matapos ang dalawang buwan, lumipat si Oriang sa Maynila at sa nasabi ring taon, nasunugan sila ng bahay. Nagpalipat-lipat sila ng bahay hanggang sa “sumapit ang malungkot na sandaling bawian ng buhay” ang kanilang anak sa bahay mismo sa Daang Lavezares, Binondo ng ninong nitong si Valenzuela (de Jesus 1928b).

Lumipat sina Andres at Oriang sa Magdalena, Troso subalit dahil sa pinag-iinitan na ng mga may kapangyarihan ang Katipunan, napilitan silang umuwi sa Kalookan. Sa mga panahong ito, nagsilabasan na ang karamihan sa mga kasapi ng Katipunan at naganap na nga ang “unang sigaw ng kalayaan” na ayon sa gunita ni Oriang ay nangyari noong Agosto 25, 1896. Habang nasa piling si Oriang ng kanyang mga magulang, napag-alaman niyang pati siya ay huhulihin kung kaya’t tumakas siya hanggang sa napadpad sa Loma. Lahat ng inakyat niyang bahay upang magparaan muna ng oras ay tumangging patuluyin siya na labis na pinagdamdandam ni Oriang. Subalit nabagabag ang kanyang kalooban nang mabalitaang lahat ng inakyat niyang tahanan ay pinaghuhuli, pinahirapan o ipinatapon ang mga naninirahan dito. Hinuli rin ang kanyang ama at dalawang kapatid na lalaki. Nakarating siya sa bahay ng tiyuhing eskultor na si Simplicio de Jesus subalit makalipas ang limang

oras, umalis din doon sapagkat malapit ito sa Kuwartel ng Veterana. Napadpad siya sa daang Clavel at doon nanirahan kasama ang hipag na si Espiridiona Bonifacio at nagtago sa pangalang Manuela Gonzaga. Ngunit dahil na rin sa tawag ng “tinig ng Inang Bayan,” lumabas si Oriang ng Bundok, sinalubong siya ni Andres sa San Francisco del Monte, at tumuloy sila sa “makasaysayang Balara, pook na pinag-realan ng mga anak ng bayan” noong Nobyembre 1, 1896 (de Jesus 1928b). Kinabukasan, kasama na rin sa Balara ang makabayang kompositor na si Julio Nakpil na naging katuwang ng Pangulo ng Haring Bayan na si Andres sa pagpapatibay ng muog ng Balara. Sa buwang ito rin nilikha ni Julio sa Balara ang kinomisyon ni Andres bilang pambansang awit—ang “Marangal na Dalit ng Katagalugan” o “Marangal na Dalit ng Sangkapuluan.” Hindi nagtagal, nilisan nina Andres at Oriang ang Balara para tumungo sa Cavite. Sa paglisan ng mag-asawa, hinirang ni Andres si Julio bilang Kalihim ng Pinuno ng Hukbong Kahilagaan ng Maynila (Alzona 1964; Santos 1998; Navarro at Abejo 1998).

Sa mga panahong ito, iba’t ibang papel ang inako ni Oriang sa Katipunan at Himagsikan. Naging tagapagtago siya hindi lamang ng mga dokumento kundi maging ng mga armas, amunisyon, at iba pang mahahalagang gamit ng Katipunan. Mababanaag sa tala ni Oriang ang hirap na pinagdaanan niya sa pagtatago ng mga dokumento, armas, at amunisyon:

Madalas na kung may dumarating na pahatid sabi na sasalakayin ng mga Veterana ang tahanan ay kahit anong oras ay agad kung iipunin ang mga papeles, armas at timbre at sa isang iglap ay patatawag ako ng kiles na hindi ko makuha ang kumain halos sapagkat kadalasang mangyari ito’y katanghalian at a las 8 ng gabi at inaabot ako ng hatinggabi sa lansangan sakay ng kiles, nalilibot ang baybayin ng Tundo at mga lansangan ng Binundok, upang mailigtas ko lamang ang mapanganib na lagay ng taong bayan (de Jesus 1928b).

Sinasabing si Oriang din “ang namamahala” sa bahay na pinagpupulungan ng Katipunan (Alvarez 1927-1928). Bukod sa pagiging tagapagtago ng dokumento, armas, at amunisyon at pinuno ng operasyon sa pook pulungan ng Katipunan, naging sundalo rin si Oriang sa Himagsikan kung kaya’t natuto siyang humawak ng baril at sumakay sa kabayo. Salaysay pa niya:

Ilang mahalagang bagay na aking napagdanasan sa panahon ng himagsikan ay itong sumusunod: Nang ako'y kasama ng mga kawal ng naghihimagsik sa parang ng digmaan ay wala akong pangiming sumuong sa anomang kahirapan at sa kamatayan man, sapagka't wala akong nais ng panahong yaon kundi ang mawagayway ang bandila ng kasarinlan ng Pilipinas, at palibhasa'y kasama ako at sumaksi sa maraming laban, kaya't kabilang din akong isa sa mga kawal at upang maging ganap na kawal, ako'y nagsanay ng pagsakay sa kabayo at nag-aral na mamaril at humawak ng ilang uri ng sandata na nagamit ko rin naman sa maraming pagkakataon (de Jesus 1928b).

Sa harap ng mga naging gawain ni Oriang sa Katipunan at Himagsikan, matinding hirap at sakripisyo ang kanyang dinanas. Inilahad ni Oriang na:

Napagdanasan ko rin naman ang matulog sa lupa ng walang kinakain sa boong maghapon, uminom sa mga labok ng maruming tubig o kaya'y katas ng isang uri ng baging sa bundok na tutoong mapakla na nagiging masarap din dahil sa matinding uhaw. Anopa't sa gulang kong tinataglay noon kung pagbabalikan kong alalahanin ngayon, ako sa sarili'y nagtataka kung paano ko natawid ang kabuhayang yaon at kung bakit ako buhay pa sa gitna ng mahigpit na pag-uusig sa akin ng panahong yaon (de Jesus 1928b).

Ngunit marahil higit pa sa mga hirap at sakripisyong ito, pinakamasaklap na sa karanasan ni Oriang sa Katipunan at Himagsikan ang mga nangyari sa kanila ni Andres sa Cavite. Dito naganap ang Kumbensyon ng Tejeros noong Marso 22, 1897 na nagmistulang isang "kudeta" ng puwersa ni Emilio Aguinaldo laban sa pamunuan ng Supremo ng Katipunan at Ama ng Himagsikan na si Andres (Salazar 1996). Upang ganap na maagaw ang kapangyarihan, pinag-utos ni Aguinaldo na dakpin si Andres. Matapos pag-almusalin ang mga sugo ni Aguinaldo sa "kublihan" nina Andres at Oriang, kinabukasan, pataksil na dinakip ng mga sundalong ito si Andres at ang kapatid nitong si Procopio Bonifacio at pinatay rin nila ang isa pang kapatid ni Andres na si Ciriaco Bonifacio. Sa isa sa mga liham ni Oriang sa matalik na kaibigan ni Andres na si Jacinto, isinumbong niyang:

...kanilang pinaputukan ang aking asawa, at ng siya'y nalugmok, siya'y kanilang pinagsasaksak at pinalo ng kulata ng kanilang baril. Ang aking bayaw na si Ciriaco ay inagaw ng dalawang tao at binaril hanggang mamatay. Si Procopio ay kanilang iginapos at pinalo ng rebolber. Kanilang inilagay ang mga sugatan sa hamaka at kanilang dinala sa bayan (de Jesus 1897a).

Sa marahas na insidenteng ito, tinangka ding lapastanganin si Oriang ni Agapito (Yntong) Bonzon. Sa testimonya ni Oriang sa hindi makatwiran at mistulang palabas lamang na paglilitis kina Andres at Procopio, iniharap niya ang kanyang reklamo laban kay Bonzon nang siya ay:

...ipinagagapos sa puno ng kahoy at gopelin sana sia na ang nagpapagapos ay ang Koronel Yntong ngunit hindi pumayagang kasamahan, ng ayao ang kasamahan ay pinipilit siang dalhin sa bahay na ualang tao at noon ding oras nayon ay ipinakuha ng nasabing Koronel ang isang singsing na kompromisong tumbaga, labing dalawang piso at bala ng Revolver, ng makalabas na sia ng daan ay may isang bahay na pinapapanaog nalihat ang tao at ipinapapanhik ang nagsasalaysay, ng dumating sia sa Yndang muli na naman siang ipinagagapos at itoy hindi nangyari dahil sa kapamanhikan ng ibang mga kausal... (Agoncillo 1963; Palma-Bonifacio, Quirino, at Bernad, 1963).

Tinangka diumano siyang gahasain ng mga tauhan ni Aguinaldo subalit iniligtas siya ni Tomas Mascardo at iba pang sundalo (Medina 1994, 1995).

Lubhang napakasakit ng naging karanasan ni Oriang sa mga huling sandali ng buhay ni Andres (de Jesus 1897a, 1929). Matapos hatulan at patayin si Andres nang "Hindi man lamang nila pinahintulutang makapagtanggol sa kanyang sarili," nasalubong ni Oriang ang mga kumuha kina Andres at Procopio at nakita niyang dala-dala ng mga ito ang mga damit ng magkapatid ngunit hindi nila sinabi ang talagang kinahinatnan ng dalawa. Hinanap ni Oriang sina Andres at Procopio sa loob ng dalawang linggo na "nagpapahinga lamang kung gabi." Nabatid lamang ni Oriang ang kinahinatnang kamatayan ng asawa at kapatid nito nang sabihin sa kanya ng kanyang amain ang katotohanan (de

Jesus 1897a, 1929). Sa pagwawakas ng isa sa mga liham ni Oriang kay Jacinto, sinabi niyang:

Mapalad pa rin ako, mga kapatid, na manatiling buhay pa pagkaraan ng lahat ng aking dinanas. Kami'y nagpalibotlibot sa loob ng isang buan na alang kinakain kundi saging na hilaw. At kung ang aking kasamahan ay nagtagumpay na makuha sa pamamagitan ng kawangawa, ng isang dakot na bigas, kanilang isinasaing ito at ibinibigay nila sa akin. Ang damit ko sa katawan ay sira-sira na at napakarumi na hindi na masusunog kung ito man ay sigaan (de Jesus 1897a).

Masasabing maraming pagsubok na kinaharap si Oriang sa piling ni Andres. Sa simula'y kinailangan pa talagang ipaglaban ni Oriang ang pag-iibigan nila ng kasintahan niya noong si Andres mula sa pagtutol ng kanyang ama. At noong napangasawa na niya si Andres, humarap siya sa mga panganib bilang kabiyak ni Andres at bilang matapang na Katipunera. Subalit hinarap at tiniis niya ang lahat ng ito alang-alang sa pagmamahal niya sa kanyang asawa at sa Inang Bayan. Masasabi ngang "Maikli, ngunit puno ng pag-ibig ang aktwal na pagtatagpo nina Oriang at Andres. Simula ng maningalang-pugad si Andres noong 1893 hanggang sa kamatayan ng Supremo noong 1897, humigit-kumulang apat na taon lamang ang kanilang aktwal na pagtatagpo sa ngalan ng pag-ibig. Sa maikling panahong ito, katakot-takot ang pagsubok na dinanas nina Oriang at Andres. Subalit dahil sa katatagan ng loob, napangibabawan ang maigting na pagsubok (Guillermo, Navarro, at Rodriguez 1998).

Bilang Mahusay na Manunulat at Mapag-Arulang Asawa, Ina, at Lola (1897-1943)

Sa pagpanaw ng asawa, labis na nagdalamhati si Oriang. Sumulat siya ng dalawang madamdaming tula para sa yumaong asawa na nang lumaon, tatanghalin bilang dalawa sa mga pinakaunang tulang feminista sa Pilipinas (Quindoza-Santiago 1997). Higit na personal, dama sa mahuhusay at natatanging tulang feministang ito ang matinding pagmamahal at pangungulila ni Oriang kay Andres. Sa "Tula ni Oriang" na sinulat niya noong Agosto 31, 1897 bilang pag-alaala at pagpupugay kay Andres, ipinahayag niyang:

Magmula Giliw ng ikaw ay pumanaw
 Katawan at puso ko'y walang paglagyan
 Lakad ng dugo sa ugat ay madalang
 Lalo't magunita ang iyong palayaw
 Lubhang malabis ang aking pagdaramdam
 Sa biglang paggayak mo't ako'y panawan
 Alaala ko sa iyong padaraanan
 At gayun din naman sa iyong Katawan
 ...

Saan patutungo yaring kalagayan
 Dalanhating lubos liit ng katawan
 Magsaya't kumain hindi mapalagay
 Maupo't tumindik alaala'y ikaw

“Kalakip ang wikang magtiis katawan
 “Di pa na lulubos sa iyo ang layaw
 “Bagong lalaganap ang kaginhawahan
 “Ay biglang nagisip na ikaw ay iwan”

At kung gumabi sa banik ay hihiga
 Matang nagaantok pipikit na bigla
 Sa pagka himbing panaginip ka sinta
 Sabay ang balong di mapigil ang luha
 ...

Paalam sa iyo masarap magmahal
 Mayaring puso ko't kabiyak na katawan
 Paalam na nga yaring pinalalayaw
 Paalam Giliw ko sa iyo'y paalam

Masayang sa iyo'y aking isasangla
 Ang sulam pamahid sa mata ng luha
 Kung kapusin ng palad buhay mawala
 Bangkay man ako haharap sa iyong kusa (de Jesus 1897b)

Samantala, sa kanyang akdang “Kasaysayan ng Isang Pag-ibig,” patulang isinalaysay ni Oriang ang magkahalong lungkot at saya sa paggunita sa pag-iibigan nila ni Andres. Tunghayan ang huling bahagi ng kanyang tula:

“Marahang kukunin alay mong larawan
 Luha’y papatak saka ka tititigan
 Buntong hininga ko’y sasabayan
 Lakip ang salitang magtiis katawan”

Kung matitigan na’y marahang tatagpan
 Tuloy itatago sa kaniyang lalagyan
 Matang lumuluha’y agad papahiran
 Hapis ng puso’y di niya mapigilan

“Saya’y kung aking hanapin, di pakingan
 Sakit ng puso ko’y siyang umiiral
 Wala kung di ikaw ang panggagalingan
 Lunas na gamot mo’y sa akin itapal”

“Na sa iyo ang sayang sukat ikatua
 Na sa iyo ang lumbay na iluluha
 Na sa iyo rin ang mabuting aruga
 At nasa iyo ang ligayang mahaba”

Magkaisang palad kung aakalain
 Mabigat na mahirap kung pag-iisipan
 Oras ng bagabag dumarating
 Munting maglayo’y hirap ang damdamin (de Jesus 1897c).

Sa pagpanaw ni Andres, pinaabot ni Oriang sa isa pang liham kay Jacinto ang kanyang pagdadalamhati at paghingi ng tulong para naman sa kanyang kapatid at magulang (de Jesus 1898). Nang lumaon, nagkaroon ng pangalawang pag-ibig si Oriang sa katauhan ng makabayang kompositor na si Julio na iniwang Tagapatnugot ng Hukbong Kahilagaan ng Maynila at naging Pinuno sa pagtatapos ng labanan sa Montalban at San Mateo. Muling nagkatagpo sina Julio at Oriang sa Pasig at doon naging magkasintahan. Pagdaka’y nagpakasal sila sa Simbahan ng Quiapo noong Disyembre 1898 at nanirahan sa tahanan ng pilantropong si Ariston Bautista, kasama ang asawa nitong si Petrona Nakpil at iba pang kamag-anak. Nagkaroon ng walong anak sina Julio at Oriang subalit dalawa rito’y namatay, sina Juana Nakpil at Lucia Nakpil. Ang anim na buhay noong sinulat niya ang kanyang awtobiograpiya ay sina Juan F. Nakpil, Julia Nakpil, Francisca Nakpil, Josefina Nakpil, Mercedes Nakpil, at Caridad Nakpil. Halos ang

kanyang Tiyo Ariston ang nagpaaral sa lahat ng mga anak nila ni Julio. Itinuring ni Tiyo Ariston si Oriang na parang tunay na kapamilya (de Jesus 1928b; Alzona 1964).

Sa piling ni Julio, na labis ding naging mapagmahal sa kanya, naging mapayapa at masaya ang buhay ni Oriang na umikot sa kanilang pamilya. Naging mapag-alaga kay Julio si Oriang na tumiyak na laging maayos at malinis ang mga damit ng asawa. Libangan din ni Oriang ang pagbuburda at pananahi. Pinanatili rin ni Oriang na maayos at malinis ang mesa ni Julio. Si Oriang ang nangangasiwa ng kita ni Julio nang nagtrabaho ito sa pabrika ng sigarilyo at sa patuloy nitong paglikha at pagbenta ng mga likhang musika. Sinasabing naging mapag-unawa si Julio at naging malaya si Oriang sa mga pagpapasya nito (Azarcon-Dela Cruz 1994; Santos-Viola 2009; Santos-Viola 2012).



Itaas: Sina Julia, Juan, at Francisca kasama ang inang si Oriang noong unang dekada ng dantaon 20 (larawan galing kay Roberto Tañada) (Nakpil 2009b). *Kanan:* Si Oriang noong dekada '20 De Jesus 1928b; Alzona 1964; Santos-Viola 2007).

Sa kanilang bahay, sinasabing naging malapit si Oriang sa kanilang mga kasambahay kung kaya't laging siya ang takbuhan ng mga ito kung sila'y may problema. Mahilig ding matiyagang maglinis ng kanilang palikuran si Oriang. Siya rin ang naglalaba at nag-aalmirol o nagbababad sa harina ng kanilang mga damit. Naging abala rin siya sa paggawa ng mga plorera na yaring kahoy at mga kagamitang pangkusinang ginamit niya sa pagluluto. Naaalala si Oriang ng kanyang mga anak at apo sa kanyang kahusayan sa pagluluto. Ayon sa mga anak

niyang sina Mercedes at Caridad, madalas mag-uwi ng panghimagas ang kanilang Tiyo Ariston mula sa mga pagdiriwang na dinadaluhan nito at ipapagaya niya ito kay Oriang, na kadalasang nagagaya ito o mas masarap pa nga ang nagagawa nito. Sa pagluluto, hindi na raw kailangan pang tikman ni Oriang ang pagkain sapagkat sa amoy pa lamang ay alam na niya kung tama ang timpla nito. Naaalala naman ng apong si Francisco Nakpil ang masarap na pagkakaluto ng adobo ng kanyang Lola Gorla (Azarcon-Dela Cruz 1994; Nakpil 2009a; Santos-Viola 2009; Santos-Viola 2012).

Bilang ina, pinangaralan niya ang kanyang mga anak na maging kapakipakinabang sa bayan at maging masipag sa mga gawain (Alzona 1964). Isang naaalala ng anak niyang si Caridad ang pagbibigay-diin ni Oriang sa pagkakaroon ng “buong loob” sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay. Bagamat pinapahalagahan ang pagdisiplina, hindi nakaranas paluin ang mga anak ni Oriang (Santos-Viola 2009).

Bilang lola, masasabing hindi nagkulang si Lola Gorla sa kanyang mga apo sa paghubog sa kanilang pagkatao hindi lamang sa pamamagitan ng mga pangaral kundi pati ng mga kuwento. Hindi niya nakakaligtaang ibahagi sa kanila ang mga halagahin gaya ng pagiging patas, paggalang sa matatanda, at wastong disiplina. Mahilig din siyang magkuwento sa kanyang mga apo na hinahango niya sa mga kuwento ni Lola Basyang na mula sa magasing *Lidayway*. Madalas din siyang magkuwento tungkol sa kanyang buhay bilang isang rebolusyonaryo, kung paanong sa isang pagkakataon, nakatakas siya sa *guardia civil* sa pamamagitan ng pagsakay sa isang bangka, pagtatakip ng panuelo, at pagpapapanggap na isa siyang mangingisda. Ipinagmalaki rin niyang kung huhukayin ang ilalim ng hardin sa kanilang tahanan sa Kalookan, may matatagpuang mga nakabaong riple ng Remington at Mauser na natutunan niyang gamitin (Azarcon-Dela Cruz 1994; Nakpil 2009a; Santos-Viola 2012).

Mula sa mga gunita ng mga anak at apo, sinasabing katulad ng nakagawian ng matatanda, nagnganganga rin si Oriang. Mahilig din si Oriang sa pag-inom ng kape at sa katunayan, isinusumbong siya ng alaga niyang loro sa kanyang Tiyo Ariston dahil sa labis nitong pagkahilig sa kape. Metikulosa rin siya sa pananamit, na pinatunayan ng koleksyon niya ng mga baro't saya, tapis, at panuelo na may mga katernong tsinelas (Nakpil 2009a; Santos-Viola 2009; Santos-Viola 2012).

Bagamat naging pokus ni Oriang ang kanyang pamilya, may ilang pagkakataong lumahok siya sa mga paggunitang pangkasaysayan

at pagpapasinayang panlipunan (Feliciano 1984; Alfonso 1985). Nakipag-ugnay rin siya sa mga mananalaysay upang patotohanan o pasinungalingan ang mga salaysay hinggil sa Katipunan at Himagsikan. Isa si Jose P. Santos sa mga pangunahing mananalaysay na naging kaugnayan ni Oriang. Si Oriang ang nagsulat ng “Paunang Salita” sa akda ni Santos tungkol sa labanan nina Apolinario Mabini at Antonio Luna (Santos 1928). Sa kanyang “Paunang Salita,” mababanaag ang katapangan ni Oriang na hindi nangiming ipahayag ang kanyang sariling saloobin tungkol kay Mabini. Pahayag ni Oriang:

...na siya’y (si Mabini) ay hindi dapat tawaging utak ng himagsikan pagkat wala naman siyang nagawa at naipaglingkod sa himagsikan at siya’y nasalo noong kung бага sa isang handaan ay dumating siyang luto na ang ulam, nakahanda ang dulang at siya’y kasama ng mga huling nagsidulog upang tumikim at makisalo sa masarap na luto... si Emilio Jacinto ang tunay na utak ng himagsikan at hindi si Apolinario Mabini na siya kuring ibig ipakilala at patibayan sa pagsulat ko nito (de Jesus 1928a).

Sa hiling din ni Santos, sinulat ni Oriang ang “Mga Tala ng Aking Buhay” kung saan mahusay niyang isinalaysay ang kanyang talambuhay mula sa pagkabata hanggang sa pagtanda (de Jesus 1928b). Bahagi rin ng kanyang akda ang kanyang “Sampung Tagubilin sa mga Kabataan” na binubuo ng:

- 1.—Igalang at mahalín ang magulang pagka’t ito ang pangalawang Dios sa lupa.
- 2.—Alalahanin tuwina ang mga banal na aral ng mga bayani na nasawi dahil sa pag-ibig sa bayan.
- 3.—Huwag magaksaya ng panahon ng di pamarisan.
- 4.—Pagsikapang magkaroon ng anomang karunungan na tumutugon sa kanyang hilig upang pakinabangan ng bayan.
- 5.—Ang kabaitan ay alalahaning isang malaking kayamanan.
- 6.—Igalang ang mga gurong nagpapamulat ng isip pagka’t kung utang sa magulang ang pagiging tao ay utang naman sa nagturo ang pagpapakatao.
- 7.—Iligtas ang api sa panganib.
- 8.—Matakot sa kasaysayan pagka’t walang lihim na di nahahayag.

9.—Kapag napagingatan ang kasamaan ay doon manggagaling ang malaking karangalan.

10.—Sikapin ang ikapagkakaisa ng lahat at ikauulad ng bayan upang huwag magkaroon ng sagabal ang kasarinlan (de Jesus 1928c).

Sinangguni rin si Oriang ni Santos sa mga akda nito tungkol kay Andres (Santos 1931a, 1931b).

Sa pagtanda ni Oriang, habang patuloy na nag-uukol ng panahon sa pangangalaga ng kanyang pamilya at pagsasalaysay ng kasaysayan ng Inang Bayan, tinamaan na rin siya ng palagiang pagsakit ng ulo at paglaki ng puso. Minsa'y nadulas din siya't nabagok ang dibdib na lalo lamang nagpalubha sa kanyang kalagayan at nagdulot na maratay siya sa higaan. Sa mga huling sandali ng kanyang buhay, naalala ng anak na si Caridad na niyakap siya ng inang si Oriang na nagsilbing pamamaalam nito. Hanggang sa huli, hindi nagtapat si Oriang tungkol sa masakit na nararamdaman nito dahil sa ayaw niyang mag-alaala ang kanyang pamilya (Santos-Viola 2009). Sa kasagsagan ng Okupasyong Hapon sa Pilipinas, namatay si Oriang sa atake sa puso noong Marso 15, 1943 (NHI 1989; Medina 1994, 1995).

Konklusyon

Samu't saring pagkakakilanlan ang ipinamalas ni Oriang sa iba't ibang yugto ng kanyang buhay— butihing anak at kapatid, mapagmahal na kasintahan at asawa, matapang na Katipunera, mahusay na manunulat, at mapag-arugang asawa, ina, at lola. Batay sa kapakipakinabang na buhay ni Oriang, tunay na hindi akma sa kanya ang titulong “wife of Andres Bonifacio and later of Julio Nakpil.” Isang kabalintunaan ding isiping walang silbi kundi pagiging asawa lamang ng Supremo ang pagiging “Lakambini ng Katipunan.” Sa pamamagitan ng pagsasatinig kay Oriang sa bisa ng kanyang mga naiwang akda, masasabing hindi nagpakahon si Oriang sa palasak na imahen ng babae noong dantaon 19. Bagkus, pinatunayan niyang ang kababaihan ay may sariling kaakuhan, may kakanyahang ipaglaban ang pamilya at Inang Bayan, at kung gayon, may mahahalagang puwang sa ating kasaysayan.

Sa huli, si Oriang ay si Gregoria de Jesus, malay man o hindi, hindi niya kinailangang dalhin ang apelyidong Bonifacio o Nakpil. Sapat nang makilala siya sa iba't iba niyang pagpapakilanlan bilang si Gregoria de Jesus—babae at bayani.

Sanggunian

- Agoncillo, Teodoro. *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1956. Bagong edisyon, 2005.
- Agoncillo, Teodoro (patnugot at tagasalin). *The Writings and Trial of Andres Bonifacio*. Manila: Antonio J. Villegas at Manila Bonifacio Centennial Commission sa pakikipagtulungan sa University of the Philippines, 1963.
- Alfonso, Oscar (patnugot). *The University of the Philippines: The First 75 Years (1908-1983)*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1985.
- Alvarez, Santiago. "Ang Katipunan at Paghihimagsik," Hulyo 24, 1927-Abril 15, 1928. Nasa Paula Carolina Malay (patnugot at tagasalin), *The Katipunan and the Philippine Revolution; Memoirs of a General with the Original Tagalog Text*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992, 239-470.
- Alzona, Encarnacion. *Julio Nakpil and the Philippine Revolution*. Manila: Academic Publishers, 1964. Bagong edisyon, *Filipiniana Reprint Series*, Mandaluyong City: Academic Publishing Corporation, 1997.
- Aquino, Clemen. "Pagbabahagi ng Kuwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin." Nasa Sylvia Guerrero (patnugot), *Gender-Sensitive and Feminist Methodologies; A Handbook for Health and Social Researchers*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1999. Bagong edisyon, 2002, 83-116.
- Azarcon-Dela Cruz, Pennie. "Too Late the Heroes?," *Sunday Inquirer Magazine* 9 (26), Setyembre 4, 1994, 3-5, 15.
- De Jesus, Gregoria. "Liham kay Emilio Jacinto," Mayo 1897a. Nasa Tenepe, "Si Andres Bonifacio at ang Katipunan." Manuskrito [Microfilm]. University of the Philippines Diliman, Quezon City, 1948. Matatagpuan din sa Teodoro Agoncillo, *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*, Quezon City: University of the Philippines Press, 1956. Bagong edisyon, 2005, 395-399.
- De Jesus, Gregoria. "Tula ni Oriang," Agosto 31, 1897b. Nasa Encarnacion Alzona (patnugot), *Julio Nakpil and the Philippine Revolution*. Manila: Academic Publishers, 1964. Bagong edisyon, *Filipiniana Reprint Series*, Mandaluyong City: Academic Publishing Corporation, 1997, 172-173.
- De Jesus, Gregoria. "Kasaysayan ng Isang Pag-ibig," Setyembre 1897c. Nasa Encarnacion Alzona (patnugot), *Julio Nakpil and the Philippine Revolution*. Manila: Academic Publishers, 1964. Bagong edisyon, *Filipiniana Reprint Series*, Mandaluyong City: Academic Publishing Corporation, 1997, 174-176.
- De Jesus, Gregoria. "Liham kay Emilio Jacinto," Oktubre 29, 1898. Nasa Jose P. Santos, *Buhay at mga Simulat ni Emilio Jacinto*. Maynila: Jose P. Santos, 1935, 69.

- De Jesus, Gregoria. "Paunang Salita," Oktubre 12, 1928a. Nasa Jose P. Santos, *Si Apolinario Mabini laban kay Hen. Antonio Luna*. Manila: Imp. y Lit. de J. Fajardo, 6.
- De Jesus, Gregoria. "Liham kay Jose P. Santos," Hunyo 2, 1929. Nasa Jose P. Santos, *Ang Mahiwagang Pagpatay kay Andres Bonifacio*. Gerona, Tarlak: Jose P. Santos, 1931, 18-19.
- De Jesus, Gregoria. *Mga Tala ng Aking Buhay at mga Ulat ng Katipunan*, Nobyembre 5, 1928b. Manila: Limbagang Fajardo, 1932.
- De Jesus, Gregoria. "Sampung Tagubilin sa mga Kabataan," Nobyembre 5, 1928c. Nasa Gregoria de Jesus, *Mga Tala ng Aking Buhay at mga Ulat ng Katipunan*. Manila: Limbagang Fajardo, 1932, 19-20.
- Feliciano, Gloria (patnugot). *The University of the Philippines: A University for Filipinos*. Quezon City: University of the Philippines Diamond Jubilee Presidential Commission, University of the Philippines Communication Research and Development Foundation (UP-CRDF), at Edwina Koch Arroyo (EKA) Design, 1984.
- Guillermo, Bomen, Atoy Navarro, at Mary Jane Rodriguez. "Pag-iibigan sa Katipunan: Isang Paglingon sa Panitikan ng Himagsikan." Nasa Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo (mga patnugot), *Wika, Panitikan, Sining, at Himagsikan*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 1998, 93-107.
- Hilario Soriano, Rafaelita (patnugot). *Women in the Philippine Revolution*. Quezon City: Printon Press, 1995.
- Medina, Isagani. "Ang Walang Kamatayang Pag-ibig ni Oriang kay Andres Bonifacio." *FILMAG 1* (48), Pebrero 21, 1994, 10-11.
- Medina, Isagani. "Gregoria de Jesus, Wife of Andres Bonifacio and Later of Julio Nakpil." Nasa Rafaelita Hilario Soriano (patnugot), *Women in the Philippine Revolution*. Quezon City: Printon Press, 1995, 55-64.
- Nakpil, Francisco. "Memories - Lola Goria (Gregoria de Jesus Nakpil)." *Bahay Nakpil-Bautista: Tahanan ng mga Katipunero, Home of the Heroes of the 1896 Revolution Website*. <http://goo.gl/nM9i9D>, Hulyo 7, 2009a.
- Nakpil, Jose. "134th Birth Anniversary of Gregoria de Jesus." *Bahay Nakpil-Bautista: Tahanan ng mga Katipunero, Home of the Heroes of the 1896 Revolution Website*. <http://goo.gl/NCS2z0>, Mayo 1, 2009b.
- National Historical Institute (NHI). "Gregoria de Jesus (1875-1943)." Nasa NHI, *Filipinos in History; Volume 1*. Manila: National Historical Institute, 1989, 250-253.
- Navarro, Atoy. "Bagong Kasaysayan at Kasaysayang Bayan: Pambungad sa Pag-aaral ng Kabuuang Kasaysayang Pilipino." Nasa Atoy Navarro (tagapagtipon), *Bagong Kasaysayan at Kasaysayang Bayan: Pambungad sa Pag-aaral ng Kabuuang Kasaysayang Pilipino (Piling Babasahing Pangkasaysayan); History I Reader*. Los Baños: University of the Philippines Open University, 2001-2002. Bahagyang inilathala sa *Balitang ADHIKA 5* (1), Mayo 2003, 3-4.

- Navarro, Atoy at Raymund Arthur Abejo. *Balara at Krus na Ligas sa Panahon ng Himagsikan: Muog ni Andres Bonifacio at ng Katipunan*. Quezon City: National Research Council of the Philippines at University of the Philippines, 1998.
- Quindoza-Santiago, Lilia at HASIK, Inc. "Gregoria de Jesus." Nasa Lilia Quindoza-Santiago at HASIK, Inc., *Tales of Courage and Compassion: Stories of Women in the Philippine Revolution*. Quezon City: Diwata Foundation at HASIK Inc., 1997, 19-21.
- Quindoza-Santiago, Lilia. *Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas 1889-1989*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.
- Palma-Bonifacio, Virginia, Carlos Quirino, at Miguel Bernad. *The Trial of Bonifacio: The Original Documents in Tagalog Text and English Translation*. Manila: Ateneo de Manila University, 1963.
- Reguindin, Janet at Adonis Ramy Elumbre. "Pagsasakaysayan ng Sarili sa Kasaysayang Buhay: Talambuhay at Talaanganan bilang Pag-uugnay sa Indibidwal at Lipunan." Nasa Atoy Navarro, Alvin Campomanes at John Lee Candelaria (mga patnugot), *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 2008, 52-67.
- Salazar, Zeus. "Ang Lohika ng Kudeta." Nasa Zeus Salazar, Edward Yulo, at Atoy Navarro, *Talaarawan 1997; Digma ng mga Anak ng Bayan; Himagsikang 1897*. Mandaluyong City: Palimbagang Kalawakan, 1996, My11/My12.
- Santos, Jose. *Si Apolinario Mabini laban kay Hen. Antonio Luna*. Manila: Imp. y Lit. de J. Fajardo, 1928.
- Santos, Jose. *Ang Mahiwagang Pagpatay kay Andres Bonifacio*. Gerona, Tarlak: Jose P. Santos, 1931a.
- Santos, Jose. *Si Andres Bonifacio at ang Himagsikan*. Gerona, Tarlak: Jose P. Santos, 1931b.
- Santos, Ramon. "Musika sa Panahon ng Rebolusyon ng 1896: Salamin sa Pagbuo ng Isang Pambansang Kamalayan." Nasa Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo (mga patnugot), *Wika, Pamitikan, Sining, at Himagsikan*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 1998, 109-131.
- Santos-Viola, Bobbie. "Panayam kay Bobbie Santos-Viola ni Mary Dorothy dL. Jose." *Bahay Nakpil-Bautista, Quiapo, Manila, Philippines*, Mayo 9, 2012.
- Santos-Viola, Caridad. "Gregoria de Jesus as a Wife, Mother, Aunt, Grandmother." *Bahay Nakpil-Bautista: Tahanan ng mga Katipunero, Home of the Heroes of the 1896 Revolution Website*. <http://goo.gl/9qwKSq>, Oktubre 24, 2009.
- Santos-Viola, Carlos. "Julio Nakpil." *Julio G. Nakpil: A Patriaot and a Musician Blogspot*. <http://goo.gl/416dO5>, Mayo 23, 2007.
- Tiongson, Nicanor. *The Women of Malolos*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2004.

MARY DOROTHY dL. JOSE. Kasalukuyang Katuwang na Propesor sa Departamento ng Agham Panlipunan ng U.P. Manila. Nagtapos siya ng *B.A. History at Masters in Asian Studies* sa University of the Philippines (U.P.) Diliman at kasalukuyang kumukuha ng *Ph.D. in Philippine Studies* sa U.P. Diliman. Nagsilbing *Coordinator* ng *National Service Training Program* (NSTP) ng U.P. Manila (2006-2011) at kasalukuyang tagapayo ng *U.P. Manila GABRIELA Youth*. Kasamang Patnugot at Kasamang May-akda siya ng *KABABAIHAN sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino* (2010), gayundin ng *Marangal na Pilipino: Batayang Aklat sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika* (2005/2006) na nagkamit ng *National Book Development Board Quality Seal Award* (2010). Nagkamit siya ng *Gawad Likasyan para sa Pagpapalaganap ng Kasaysayan* (2013) mula sa *U.P. Lipunang Pangkasaysayan at Gender Advocate Award* (2013) mula sa *U.P. Manila Center for Gender and Women's Studies*.

E-mail address: marydorothyjose@yahoo.com

ATOY M. NAVARRO. Kasalukuyang Kasamang Mananaliksik ng *Forum for Ethical Review Committees in Asia and the Western Pacific* (FERCAP). Nagtapos siya ng *B.A. History, cum laude* sa University of the Philippines (U.P.) Diliman at *Diploma in Product Research and Development for Public Health Needs* sa Nagasaki University (N.U.) Sakamoto, Japan at nagtatapos ng *Ph.D. Bioclinical Sciences* sa Thammasat University (T.U.) Rangsit, Thailand. Dati siyang nagtuturo sa U.P. Los Baños, U.P. Diliman, U.P. Open University, MAPUA Makati, at U.P. Manila. Nakapaglathala na siya ng mga artikulo sa mga seryal na gaya ng *Review of Women's Studies* (1998) at *Bagong Kasaysayan* (2000). Kasamang Patnugot at Kasamang May-akda siya ng *KABABAIHAN sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino* (2010) at *SALIKSIK: Gabay sa Pananaliksik sa Agham Panlipunan, Panitikan, at Sining* (2011).

E-mail address: atoynavarro@yahoo.com

Abstract

Buhay at Kabayanihan ni Dr. Pio Valenzuela

Jonathan C. Balsamo

Estudyante pa lamang si Pio Valenzuela (23 taong gulang) noon sa UST nang umanib siya sa bagong-tatag na Katipunan ni Andres Bonifacio noong 1892. Pagkaraan ng tatlong taon, naging kasapi siya ng Kataas-taasang Sanggunian ng Katipunan at paglaon ay nakasama sina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto bilang ang tatlong pinakamataas na pinuno ng KKK. Gumanap ng mahahalagang gawain at mapapanganib na misyon para sa samahan, gaya ng pagpapalawak ng kasapian ng KKK sa mga probinsiya, paglalathala ng Kalayaan (pahayagan ng KKK) at pagkonsulta kay Rizal sa Dapitan ukol sa planong rebolusyon. Pagkaraan ng pagputok ng himagsikan, napasuko siya sa mga Kastila. Ibinilanggo, nilitis at pinarusahan ng habambuhay na pagkakakulong at ipinatapon sa bilangguan sa Espanya at paglaon sa Africa. Ibinalik siya sa Pilipinas kasama ng iba pang mga bilanggo sa panahon ng mga Amerikano. Napasok sa pulitika at naging *municipal president* ng Polo at gobernador ng lalawigan ng Bulacan paglaon. Pagkatapos ng buhay-pulitika, nagpatuloy sa paglilingkod bilang doktor ng bayan. Nasaksihan niya ang paghihimagsik laban sa Espanya, ang pamamahala ng mga Amerikano, at ang pananakop ng mga Hapones at ang lagim ng Ikalawang Digmaang pandaigdig. Namatay siya sa katandaan sa edad na 86 noong 1956. Tatalayin sa maikling papel na ito ang kabayanihan at papel sa kasaysayan ni Dr. Pio Valenzuela.

Keywords: Katipunan, Dimas Ayanan, Ang Kalayaan, Himagsikan, Camara Negra

Buhay at Kabayanihan ni Dr. Pio Valenzuela

Jonathan C. Balsamo

Panimula

NABUHAY SI DR. Pio Valenzuela sa loob ng 86 taon – nasaksihan niya ang paghihimagsik laban sa mga Kastila, ang pamamahala ng mga Amerikano, ang pananakop ng mga Hapones at ang lagim ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Apat na taon sa mahabang buhay na ito ay ginugol niya sa aktibong pakikisangkot sa Katipunan mula sa kanyang pagsapi sa lihim na samahan noong 1892 hanggang sa pagputok ng Himagsikan noong 1896. Tatalakayin sa papel na ito ang papel na ginampanan ni Dr. Pio Valenzuela sa Kasaysayan ng Katipunan, ng Himagsikan at ng bansang Filipinas. May tatlong bahagi ang papel: una, ang buhay ni Dr. Pio bago siya naging Katipunero (1869-1892); ikalawa, noong panahon na si Dr. Pio ay aktibong kasapi at nagsilbing isa sa pinakamataas na pinuno ng Katipunan (1892-1896); at ikatlo, ang buhay ni Dr. Pio pagkaraan ng himagsikan (1896-1956).

I. BUHAY BAGO ANG KATIPUNAN (1869-1892)

Pagsilang at Pamilya

Isinilang si Pio Valenzuela y Alejandrino noong ika-11 ng Hulyo, 1869 sa Barrio Mabolo, Polo, Bulacan. Ikaapat siya sa limang anak nina Francisco Valenzuela at Lorenza Alejandrino. Ang kanyang mga kapatid ay sina: Agustina (1861), Severo (1865), Feliciano (1867) at Tomas (1871). Lumaking bunso sa magkakapatid dahil maagang pumanaw sa murang edad ang pinakabata sa magkakapatid. Galing sa

kapwa prominenteng pamilya sa Polo ang kanyang mga magulang na nagmamay-ari ng malalawak na lupain sa Polo at Quingua (Plaridel ngayon). Ang kanyang ama ay tatlong beses nagsilbing *capitan del pueblo* ng bayan ng Polo. Ang kanyang ina naman ay inilarawan bilang maibigin sa panitikan, at mayroong sariling aklatan.

Edukasyon

Unang nag-aral si Valenzuela sa paaralan ni Maestro Rafael Flores sa Polo. Pagkaraan ay nag-aral siya ng Kastila kay Maestro Moises Salvador at nang sumunod na taon ay dinala siya ng kanyang ama sa Quingua (Plaridel) upang mag-aral ng Latin at Kastila sa pribadong paaralan ng kaniyang tiyo Telesforo Evangelista. Para sa kanyang sekundaryang edukasyon, dinala siya ng kaniyang ama sa Maynila at nagpalipat-lipat sa iba't ibang mga pribadong paaralan hanggang napunta siya sa Colegio de San Juan de Letran sa Intramuros kung saan siya nakapagtapos ng digring *Bachelor of Arts* sa edad na 19 noong 1888.

Nang makapagtapos sa Letran si Valenzuela, pinapili siya ng kanyang mga magulang kung ipagpapatuloy ang pag-aaral o tutulong sa bukid na siyang kabuhayan ng pamilya. Pinili ni Valenzuela na magpatuloy sa pag-aaral, tulad ng kanyang kuya Severo na nakapagtapos ng abogasya sa Unibersidad ng Santo Tomas. Pumasok siya sa UST at pagkaraan ng unang taon (*Preparatory Medicine*), isa siya sa 16 na estudyanteng nakapasa mula sa orihinal na 60 mag-aaral. Noong Marso 12, 1895, pagkaraan ng pitong taong pag-aaral ng medisina, nakamit ni Pio ang digring *Licentiate in Medicine and Surgery*. Sa edad na 25, naging ganap na doktor si Pio at sa panahong ito, hindi na lamang karaniwang kasapi si Valenzuela ng Katipunan, itinuturing na siyang isa sa mga pinakamataas na opisyal ng lihim na samahan.

II. BUHAY-KATIPUNERO (1892-1896)

Pagsapi sa Katipunan

Bilang mag-aaral ng medisina, marahil ay nakita ni Valenzuela ang tunay na sakit at kondisyon ng kanyang bayan at ang mga suliranin at paghihirap na kinakaharap ng kanyang mga kababayan sa ilalim na pananakop ng mga Kastila. Sa edad na 23 taong gulang, estudyante pa lamang si Valenzuela noon sa UST nang umanib siya sa bagong-tatag na Katipunan ni Andres Bonifacio noong ika-15 ng Hulyo 1892, halos

isang linggo makaraang ipatapon si Rizal ng mga Kastila sa Dapitan. Wika ni Valenzuela: *"I could not swallow the fact of Rizal's arrest and imprisonment on the basis of ridiculous charges and fabricated evidence. I was burning with resentment over the apparent injustice of the Spanish authorities so I joined the folds of the Katipunan on July 15, 1892, the day Rizal was deported to Dapitan."*¹

Nalaman ni Valenzuela ang tungkol sa Katipunan sa pamamagitan ng kanyang kapwa-estudyante sa UST na si Luciano de Guzman na taga-Angat, Bulacan. Nakilala ni Valenzuela si Bonifacio sa pamamagitan ni Teodoro Plata na nakasama niya sa sistemang *"three-man cell"* ng pagsapi sa KKK, kasama si Luciano de Guzman. Ganito ang pagkakaalala at pagkakakilala ni Valenzuela kay Bonifacio:

"Bonifacio and I came to know each other through Teodoro Plata, his brother-in-law and my sponsor in the initiation rites of the Katipunan. Conscious only of my oath and aware of the duties imposed upon me, I worked hard to spread the revolutionary ideologies of the society, neither expecting nor hoping to gain recognition or favour of any kind. The Katipunan was the creation of Bonifacio's patriotic genius, and as such, he was quick to appreciate the value of any effort made in the direction of enhancing its noble cause. In my case, his gratitude found expression in the manifestation of his confidence and friendly affection. If I had risen to the topmost echelon of the Katipunan, I owed it not so much to the natural stimulus of ambitious design as to the gracious blessing of his personal sanction.

"Thus we became true friends, each one imparting to the other, in a sort of private confession, grieves, joys, fears, hopes, and whatever inner feelings that burdened the heart and oppressed the soul. Even as we were bound together by the sacred ties of friendship, he chose to have me stand as godfather to his son,

¹ Mula sa panayam ni Jose Tomacruz kay Dr. Pio Valenzuela noong July 12, 1953. Sa testimonya ni Pio noong siya ay nakakulong, sinabi niya sa mga Kastila na siya ay pinilit, tinakot at tinutukan ng baril ni Bonifacio upang sumapi sa Katipunan. Sa panayam ng Teodoro Agoncillo kay Dr. Pio, sinabi ni Dr. Pio na hindi ito totoo at siya ay nagsinungaling sa mga Kastila para mailigtas ang sarili sa kamatayan. Alam niyang hindi mahuhuli si Bonifacio ng mga Kastila. Kinumpirma ito ni Marina Dizon, isa sa mga lider ng mga kababaihang kasapi ng Katipunan, sa isang panayam ni Agoncillo. Wika ni Dizon: *"No, that is not true. Valenzuela became a member of the Society because at that time he was courting the niece of a Katipunan member in Trozo, whom we called Barang, nickname of Barbara. To be in the good graces of the uncle of and his niece, Dr. Valenzuela joined the Katipunan."* Tinanong din ito ni Agoncillo kay Valenzuela. Ngumiti raw si Dr. Pio at nagsabing: *"That is true."* (Teodoro Agoncillo, *Four Girls and a Man: A Study in Confusion*, 1956)

Andres, at baptism.

“Bonifacio lost his house in a big fire in Manila on Oroquieta and Dulong-bayan Streets. That was on Good Friday, in April, 1896. The Supremo, his brother, Procopio, Jacinto, and I were in Cavite at the time, organizing branches of the Katipunan. Upon our return, we learned of his misfortune and found his wife, Gregoria de Jesus and son, Andres – about two months old – had moved to my house on Lavezares Street. Since then we all lived together under the same roof. Unfortunately, the baby died of smallpox two months later. After my return from Dapitan towards the end of June, 1896, Bonifacio and his wife and I moved to another house on San Jose Street.”²

Bilang kasapi ng lihim na samahan na Katipunan, ginamit ni Valenzuela ang pangalan na “Dimas Ayaran” (Untouchable). At bilang manunulat sa pahayagan ng Katipunan, ginamit naman niya ang pangalang “Madlang Away”, biro nga niya: “I was always ready for a brawl”.

Pagtatayo ng mga Sangay ng KKK

Liban sa pagiging doktor ng Katipunan, naging abala rin si Valenzuela sa pagtatatag ng mga sangay ng Katipunan sa mga probinsiya gaya ng Bulacan, Pampanga, Morong, at Cavite. Sa isang panayam noong 1953, nabanggit ni Valenzuela ang ilang mga indibidwal na nakatulong sa kanya sa pagbuo ng mga sangay ng KKK: *“In the organization of the Section Council of Malolos, I have the deepest gratitude to Luis Gatmaitan, Isidoro Torres, Ramon de Leon and Doroteo Karagdag for their valuable assistance. Likewise, I acknowledge with sincerest appreciation the gratuitous support given by Mamerto Natividad in the establishment of the Section Council of Arayat”.*³

Pagiging Kasapi ng Kataas-taasang Sanggunian

Noong Enero ng taong 1895, bilang pagpapahalaga sa mga pagsisikap ni Valenzuela sa pagpapalaganp ng Katipunan, naging bahagi siya ng *Supreme Council* at naitalaga pa nga na opisyal na manggagamot ng samahan. Nang magsagawa ng halalan ang Katipunan noong

² Panayam kay Pio ni Jose Tomacruz noong July 12, 1953.

³ Panayam kay Pio ni Jose Tomacruz noong July 12, 1953.

Disyembre 1895, ipinangampanya ni Bonifacio si Valenzuela na maging pangulo ng samahan subalit tinanggihan ito ni Valenzuela at kinumbinsi si Bonifacio na ipagpatuloy ang pamumuno sa Katipunan. Wika ni Valenzuela: *“I begged him not to work for me for the presidency, explaining that it was not possible for me to be in Manila permanently as I had to go to the provinces. I pointed out that it would be better and appropriate if he continued to be President, and in fact it resulted that way.”* Sa eleksiyon na iyon, nahalal si Valenzuela bilang Kataas-taasang Tagausig, kapalit ni Emilio Jacinto na nahalal naman bilang Kataas-taasang Kalihim.

Pahayagan para sa Katipunan

Hiniling ni Valenzuela kay Bonifacio kung maaring ilipat sa kanyang bahay sa kalye Lavezares sa San Nicolas ang *printing press* ng Katipunan na noon ay nasa bahay ni Bonifacio. Iminungkahi niya ang pagkakaroon ng opisyal na pahayagan ng samahan. Pumayag si Bonifacio sa hiling at mungkahi ni Valenzuela. Naghanap si Valenzuela ng makatutulong sa paglalathala ng pahayagan, at ang nakuha niya ay ang mga kababayan na taga-Polo, sina Ulpiano Fernandez at Faustino Duque. Si Fernandez ay *printer* sa pahayagang *El Comercio* at si Duque naman ay estudyante sa Colegio de San Juan de Letran.

Iminungkahi ni Valenzuela na pangalanang “Ang Kalayaan” ang pahayagan ng Katipunan. Pumayag naman sina Bonifacio at Jacinto sa kanyang mungkahi. Upang lituhin o linlangin ang mga Kastila, iminungkahi ni Valenzuela na palabasing si Marcelo H. Del Pilar ang editor ng pahayagan at gawing Yokohama, Japan ang lugar kung saan ito inilalathala. Gamit ang sagisag-panulat na “Madlang-Away” isinulat ni Valenzuela para sa pahayagan ang isang balita na may pamagat na “Catuiran?” ukol sa pagmamalabis sa kapangyarihan ng isang kura paroko at mga guwardiya sibil sa isang teniente del barrio. Marso 1896 lumabas ang una at tanging nalathalang isyu ng pahayagan na may 2,000 kopya. Sinasabing dahil sa pahayagan, lumaki ang bilang ng kasapiang ng KKK. Wika ni Valenzuela: *“The rapid increase in the spread of the Katipunan was due to the periodical Ang Kalayaan, as from the time of its foundation on the night of July 7, 1892, to January 1, 1896, according to Bonifacio, the Katipunan did not have over 300 members. In four years there were only 300 members owing to the absence of a good means of propaganda, but from the middle of March, when the first issue of Ang Kalayaan appeared, to August 1896, or a period of five months, the*

membership increased to 30,000. This was due to the effect of the periodical on the people.”⁴

Pagsangguni kay Rizal sa Dapitan

Sa pagpupulong ng mga kasapi at opisyal ng Katipunan sa Ugong, Pasig noong Mayo 1896, nagmungkahi si Valenzuela na magkaroon ng boluntaryong kontribusyon na gagamitin pambili ng mga armas sa bansang Hapon para sa isang armadong pakikibaka laban sa mga Kastila. Matapos ang mahabang debate ay naaprubahan ang kanyang mungkahi at napagkasunduan na isangguni muna kay Rizal ang pinaplanong paghihimagsik. Nagkaroon ng halalan kung sino ang ipadadala ng Katipunan sa Dapitan para kausapin si Rizal. Napili si Valenzuela para sa delikadong misyon na ito.

Gamit ang pangalang “Procopio Bonifacio”, kasama si Rufino Magos at ang bulag na si Raymundo Mata, nagtungo sila ng Dapitan, Zamboanga del Norte noong Hunyo 1896. Kunyari ay pangunahing pakay nila ang pagpapakonsulta kay Rizal ng bulag na si Mata. Papuntang Dapitan, nakasabay nila sa barko ang kapatid ni Rizal na si Narcisa, ang anak nito na si Angelica at si Josephine Bracken. Si Narcisa ang nagpakilala kina Valenzuela at Rizal sa isa’t isa.

Pagkatapos ng hapunan, seryoso ang naging pag-uusap ng dalawang doktor. Ipinaliwanag ni Valenzuela kay Rizal ang tungkol sa Katipunan at ang naging pagpupulong sa Pasig at mga napagkasunduan dito. Wika niya:

“There exists in Manila an association called the Katipunan which was founded on the night of July 7, 1892, as a result of your arrest on the morning of that date. The object of the association is to seek the separation of the Philippines from Spain through violent means. In a general assembly which took place in Pasig on the 1st of last May, in which the principal chiefs of the association were present, the following resolutions, among others, were passed:

1. *Attract to the Katipunan the educated and rich Filipinos;*
2. *Collect funds for the purpose of buying arms and everything necessary for the revolution.*
3. *Send a commission of educated Filipinos to Japan which will take charge of the buying of arms and munitions and soliciting*

4 Memoirs of Dr. Pio Valenzuela

the help and protection of the Japanese government in behalf of the Filipino revolutionists;

4. *Effect the separation of the Philippines from Spain by force of arms, the only way to secure the independence of the Philippines under the protection and help of Japan;*
5. *Submit these resolutions for the approval of Dr. Rizal for which purpose Dr. Pio Valenzuela is named to go to Dapitan in order to inform Dr. Rizal of these resolutions and to wait for his answer.*
6. *In the event that the rich Filipinos refuse to cooperate in this great enterprise, each member of the Katipunan will contribute weekly all that he can possible contribute."*

Sagot naman daw ni Rizal: "So the seed grows. The resolutions of the society are very just, patriotic and above all, timely because Spain has been weakened by the revolution in Cuba. I suggest that all those resolutions be carried out immediately in order to take advantage of the opportunity"

Napag-usapan nila ang tungkol sa posibilidad ng premature na pag-uumpisa ng himagsikan. Sabi ni Valenzuela: "I believe that the revolution will break out prematurely, even without arms." Tumugon si Rizal ng hindi pagsang-ayon ukol dito. Wika niya: "That, I do not approve. A revolution without arms should never be started against an armed nation. Its consequences will be fatal and disastrous to the country. The Filipinos will necessarily have to lose due to lack of arms. The Spaniards, once conquerors, will annihilate the Filipinos who show love for their country, employ all obstacles to prevent the intellectual, moral, and material progress of the conquered people who, sooner or later, will have to start a new revolution. Cuba, which counts with the help and protection of the United States, having failed in her first struggle, cost her much in the second and in this third struggle now. The Philippines does not reckon yet with the help of Japan, and I hope that she will help us because it will be difficult to stage a second revolution after the first fails."

Mahalaga para kay Rizal ang pagkakaroon ng sapat na armas. Binanggit niya ang minsan niyang pagtatangka na bumili ng mga armas sa bansang Hapon. Kuwento niya kay Valenzuela: "When I was in Japan, a Japanese minister put at my disposal three merchant ships with which to transport arms to the Philippines. I wrote a rich Filipino in Manila asking him to lend me P200,000 for the purpose of purchasing firearms and ammunition, but he refused to give me the loan. Thus, I returned here so I could manage to procure all that is necessary for our emancipation." Tinanong ni Valenzuela

kung sino ang mayamang ito na tumangging suportahan ang plano ni Rizal, “not now”, sagot ni Rizal. Kapag nakakuha raw ng sapat na armas ang Katipunan, sinabi ni Valenzuela na ililigtas daw nila si Rizal sa Dapitan upang hindi siya maipapatay ng mga Kastila. Sagot ni Rizal: *“As soon as you obtain arms, start the war against Spain right away. Do not bother about me for I will know how to get out of this place by any craft with the help of the Moros. When it comes to the redemption of the country, you must not look behind for just one man.”*

Kinonsulta ni Valenzuela kay Rizal ang sitwasyong kinakaharap ng Katipunan. Nasa mahagit 30,000 diumano ang mga kasapi ng Katipunan, marami pa ang hindi nakatala at marami pa ang umaanib mula sa mga lalawigan. Tanong ni Valenzuela: *“If for a single brother caught and maltreated by the enemies, our brothers are ready to fight, what will happen if the Katipunan is discovered? There will be many arrests, vexations and martyrdom of all sorts, and probably, those of the Katipunan will not tolerate such oppression, they will march to the fields before the time is ripe, even if they are not provided with rifles and cannons.”* Sagot ni Rizal: *“You will have to use all precautions to prevent the discovery of the association. You, the principal chiefs, have the duty of working in such a way to comply faithfully with the resolutions. You have the strict obligation to avail yourselves of all means to prevent the premature flow of blood. When the general do not command, the soldiers stay still.”* Alam ni Valenzuela na kapag nadiskubre ang Katipunan, hindi mapipigil ang pagputok ng himagsikan. Tila nakumbinsi ni Rizal si Valenzuela. Kaya nasabi ni Valenzuela: *“For my part, however, I will try to follow your advice. I will work so that they will not march to the field except in case of extreme necessity.”*

Tinanong ni Rizal kung kasapi ba sa Katipunan ang mga matataas na tao sa Maynila at sa mga kalapit na probinsiya. *“Unfortunately, no. In Manila and in the provinces, there are about one hundred from the middle class, the rest are poor”*, sagot ni Valenzuela. Kaya payo ni Rizal, ipasok sa samahan ang mga matataas at impluwensiyal na tao sa Maynila at mga probinsiya. Wika niya: *“There is no other remedy than to attract to your association all the rich and influential persons of Manila and the provinces. You may avail yourselves of the services of Antonio Luna, my former compatriot in Spain and who just arrived from there. He is a very intelligent man who has a free access to the homes of the wealthy Filipinos. Luna, at the same time, can direct the campaign in case hostilities break out.”*

“But what shall we do if we fail to attract these aristocratic Filipinos

to the *Katipunan*?" tanong ni Valenzuela. Sagot ni Rizal: "These Filipinos will be your worst enemies if you commit the imprudence of attacking the Spaniards without the necessary precaution. When they see you without arms, they will go over the side of Spain to prosecute you and, being Filipinos and rich too, they will win over your soldiers with their money. See to it that they are neutral at least, that they help neither the Spaniards nor the Filipinos." Paglilinao ni Valenzuela: "By what means can we make them neutral?" Sagot ni Rizal: "That is difficult to answer now. The means are born of circumstances and events."

Ibinilin ni Rizal kay Valenzuela: "Tell our countrymen that at the same time that we are preparing for war against Spain, I desire to see a college established in Japan which will be converted later into a university for Filipino youths. I shall be greatly pleased to be the director of the college."

Sinikap ni Valenzuela na kumbinsihin si Rizal na itatakas siya ng *Katipunan* kapag pumutok ang himagsikan. Hindi direktang tumanggi si Rizal pero sinabi niya na huwag na siyang alalahanin. "To die and conquer is pleasant, but to die and be conquered is painful," wika ni Rizal.

Ipinagtapat din ni Rizal kay Valenzuela ang dahilan ng kanyang planong pagtungo ng Cuba bilang "military doctor" ng mga sundalong Kastila. Paliwanag ni Rizal: "My intention in applying for a position in the military service is to study the war in a practical way, to go through the Cuban soldiery and find something that would help remedy the bad situation in our country. Then after a time, I could return to our native land when necessity arises."

Pag-uwi ni Valenzuela sa Maynila, agad niyang iniulat kina Bonifacio at Jacinto ang napag-usapan nila ni Rizal sa Dapitan. Marami ang nagpupunta sa bahay ni Valenzuela upang tanungin siya sa napag-usapan nila ni Rizal. Dahil dito, nagtago muna si Valenzuela at nagpalipat-lipat muna ng matutuluyan. Bilang pagtalima sa mga mungkahi ni Rizal, sinubukan nilang kausapin si Antonio Luna sa pamamagitan ni Jose Alejandrino subalit tumanggi si Luna na tulungan ang *Katipunan*. Inatasan din nila si Benedicto Nijaga na kausapin ang isang prominente at mayamang Filipino na si Francisco Roxas na maging bahagi ng *Katipunan* subalit tumanggi ito at nagbanta pang isusuplong sila at ang *Katipunan* sa mga Kastila. Dahil dito, nagdesisyon sina Bonifacio na gumawa ng mga pekeng papeles na kung saan ang mga mayayaman na sa katotohanan ay ayaw suportahan ang *Katipunan*, ang palalabasing pinuno ng lihim na samahan. Ukol sa reaksiyon ni Bonifacio sa mga payo ni Rizal, wika ni Valenzuela:

*“Bonifacio saw the logic and wisdom of Dr. Rizal. Bonifacio himself knew that we lacked arms for the projected uprising, and so he instructed me to order some two thousand bolos, which I immediately complied with. I ordered 1,000 bolos from the men in Saluysoy, Meycauayan, Bulakan and another 1,000 from Binakayan, Kawit, Cavite.”*⁵

Bilang Kasapi ng Camara Negra

Kasapi si Valenzuela ng kinatatakutan na “Camara Negra” ng Katipunan, ang lihim na komite ng Katipunan na gumagawa ng mahahalagang desisyon para sa Samahan, maging ang pagpataw ng kamatayan sa mga kasapi na mapatutunayang taksil sa samahan. Binubuo ito nina Bonifacio, Valenzuela at Jacinto. Sa komite na ito iminungkahi ni Valenzuela ang paghingi ng tulong sa mga Hapon sa pamamagitan ng *Japanese admiral* na noon ay nasa Maynila. Naganap ang pagpupulong subalit hindi nakapagbigay ng malinaw na tugon ang admiral sa hininging tulong ng mga Filipino sa bansang Hapon, tulad ng ginawang pagtulong ng Pransiya sa Estados Unidos upang makamit nito ang kalayaan mula sa Inglatera.

Isa sa mga desisyon na ginawa ng Camara Negra ay ang planong pagpatay kay Fr. Mariano Gil, kura paroko ng Tondo dahil sa kanyang “*notorious greed and relentless brutal treatment of his Filipino parishioners*”. Kinonsulta ni Valenzuela si Apolinario Mabini ukol dito at nagpayo ang huli na huwag ituloy ang plano dahil maaring maging sanhi ito ng maagang rebolusyon. Sumang-ayon naman si Bonifacio nang sabihin sa kanya ni Valenzuela ang payo ni Mabini.

Pagkakatuklas sa Katipunan at Pagputok ng Himagsikan

Nang madiskubre ng mga Kastila ang Katipunan noong Agosto 19, sinundan ito ng malawakang pag-aresto sa maraming indibidwal na pinaghihinalaang sangkot sa lihim na samahan. Nauna na sa Balintawak sina Bonifacio, Jacinto, at iba pa. Nalaman ni Valenzuela ang mga nangyari mula sa nanay ni Emilio Jacinto na nagparating sa kanya ng bilin ni Bonifacio na sumunod siya sa Balintawak. Nabalitaan marahil ang pagkakatuklas sa lihim na samahan na nagdulot ng takot at pangamba sa marami, pinuntahan si Valenzuela ng kanyang ama

⁵ Panayam ni Agoncillo kay Valenzuela. Nasa *Revolt of the Masses*, p. 336. Note number 1.

at kinausap siya na umuwi na lamang muna sa kanila sa Polo. Hindi sumunod si Valenzuela sa ama at mas pinili na magtungo sa Balintawak para sundan sina Bonifacio at Jacinto. Sa mga *check-point*, nagpakita ng pekeng cedula si Valenzuela at nagpanggap na mangangalakal na uuwi sa Polo. Nang makarating na sa Caloocan, may sumundo sa kanya at dinala siya sa bahay ni Vidal Acab kung nasaan sina Bonifacio at iba pang katipunero.

Kinabukasan, Agosto 21, nagpulong sila sa pangunguna ni Bonifacio. Upang mas maging ligtas, iminungkahi na lumipat sila ng puwesto. Sinuong nila ang malakas na ulan at umalis sa bahay ni Acab ng ika-11 ng gabi at dumating sa bahay ni Apolonio Samson sa Kangkong ng mga ika-2 ng madaling araw ng Agosto 22. Mula rito, nagpatawag ng pangkalahatang pulong si Bonifacio sa mga lider ng mga sangay ng Katipunan. Dahil parami nang parami ang mga dumarating, lumipat sila sa Pugad Lawin, mga dalawang kilometro mula sa Kangkong.

Sa Pugad Lawin, tumuloy sila sa bahay ni Juan Ramos, anak ni Tandang Sora. Wika ni Valenzuela: *"It was at Pugad Lawin in the house, storehouse and yard of Juan Ramos, son of Melchora Aquino, where over 1,000 members of the Katipunan met and carried out considerable debate and discussion on August 23, 1896. The discussion was on whether or not the revolution against the Spanish Government should be started on August 29, 1896. Only one man protested and fought against an early war, and that was Teodoro Plata... After the tumultuous meeting many of those present tore their cedula certificates and shouted "Long Live the Philippines! Long live the Philippines!"*

Mula sa Pugad Lawin, nagtungo sila noong araw ding iyon sa Pasong Tamo sa bahay at bakuran ni Tandang Sora kung saan naman sila nagpalipas ng gabi. Wika ni Valenzuela: *"Along with the others whom I do not remember, I accepted the invitation of passing the night in the house of Tandang Sora at Pasong Tamo on August 23, 1896, following the decision of Bonifacio to leave Pugad Lawin for a better place of refuge from the Spanish authorities. Quick to acknowledge the nobility of our cause, Tandang Sora welcomed us in her home and promised to give us every possible assistance within her command. Nor did the radiant hospitality of her home confine itself within the limits of giving us comfort and encouragement. Our gratitude knew no bounds when on the next day she gave away 100 cavans of rice and 10 carabaos for our provisions."*⁶

6 Panayam ni Jose Tomacruz kay Dr. Pio Valenzuela noong April 17, 1954.

Kinabukasan, Agosto 24, sa Pasong Tamo, nagpulong muli ang Kataas-taasang Kapulungan at inaprubahan ang mga bagong talaga sa pamahalaang rebolusyonaryo na kanilang itinatag.

“The first clash between the Katipunan and the Guardia Civil took place on August 25, 1896 at Pasong Tamo.”, wika ni Valenzuela. Noong Agosto 25, habang nagpaplano pa rin para sa pag-atake sa Agosto 29, dumating ang balita na may paparating na mga guardia civil. Ito ang pagkakaalala ni Valenzuela sa unang labanan na naganap sa pagitan ng mga Filipino at Kastila⁷:

“Of the original 10,000 Katipuneros who have swelled our ranks, only 1,000, more or less, remained to give battle. The rest were sent away on orders of Bonifacio for it was evident from the report that we outnumbered the enemy 25 to 1.

“Bonifacio, Jacinto and I rode on horses, barking orders as we galloped toward the enemy. Our apprehension and earnestness momentarily came to naught as Bonifacio and myself burst into laughter at the expense of Jacinto. The latter fell off his mount two times and made himself look like a circus clown in a pink suit. The poor fellow had to confess that he had never before ridden a horse!

“As native bolos were no match for Spanish rifles our only alternative was to bear upon the ranks of the enemy and tear them apart by sheer weight and force of number. With utter disregard for the hail of lead that whizzed around us, we kept our men moving on, inch by inch, around the enemy in a formidable solid ring of steel. From all indications, our strategy would have the desired effect of a tight pincer assault.

“The Malabon detachment was doomed to annihilation from which there was nothing in evidence to suggest any possible means of escape. In the space of a few moments the bloody carnage would break and total victory would be ours.

“But before we knew that we had relaxed too far in our anticipation of victory the enemy retreated in force. Our men were hot in pursuit, eager as they were, to deliver the coup de grace, but were stopped dead in our tracks at the ominous sound of flying hoof beats that broke through the dying echoes of gunfire. Spanish cavalry and infantry reinforcements had arrived and our glorious thought of victory was blotted out by the painful certainty of defeat.

“As the last afterglow of sundown faded in the fast approach of the darkening night, we took to our heels, leaving the lifeless

7 Panayam ni Jose Tomacruz kay Dr. Pio Valenzuela noong April 17, 1954.

forms of two Katipuneros and one civil guard on the battlefield as mute witnesses to the confusion of our full dress retreat. Thus was the advantage of courage and numerical strength crushed by the might and power of superior arms."

Hindi na nasaksihan pa ni Valenzuela ang pagsasakatuparan ng planong sabay-sabay na pag-aaklas at paglusob sa Maynila. Napasuko siya sa mga Kastila dahil sa sinabing "amnestiya" ng Pamahalaang Kastila batay sa inilabas na nitong proklamasyon. Subalit hinuli siya, ibinilango at nilitis ng hukumang militar ng mga Kastila. Wika ni Valenzuela:⁸ *"From Balara, Bonifacio sent me to Laguna with orders to advise the Katipuneros to start the fight in that province. I took a boat from Manila (or Malanday, Marikina?) to Pateros, where a Filipino priest, Father Victor Ramos, gave me a rifle on the night of my arrival – August 29, 1896. From Pateros, I proceeded by land to Laguna, reaching Binan on the following day. After contacting Father Silvino Manalo, coadjutor of Binan and a native of Pateros, I returned to Manila by boat arriving in the city in the afternoon of September 3, 1896. Near Malacanan Palace, I was arrested by a spy as I was about to board a carromata. I was taken to the palace, then to Governor Blanco in Intramuros, who ordered my incarceration at Fort Santiago."*

Isa si Valenzuela sa maraming rebolusyonaryo na ibinilango ng mga Kastila sa Fort Santiago at Bilibid. Humarap si Valenzuela sa imbestigasyon at kinunan ng mga testimonya "under duress". May pagkakataon ding pinaghaharap sila ng mga kapwa rebolusyonaryo at pilit na kinukuhanan ng impormasyon at pinaaamin sa kanilang mga nalalaman tungkol sa Katipunan at sa naganap na paghihimagsik. Nagbigay siya ng magkahalong katotohanan at kasinungalan sa kanyang mga testimonya. Kinailangan niyang magbigay ng ilang mga totoong detalye tungkol sa Katipunan, dahil kapag nahuli siyang nagsisinungaling ay maaring kamatayan ang kanyang sunod na haaharapin. Dapat tandaan na hindi lamang si Valenzuela ang sumuko, ang hinuli at ang nakakulong. Anumang impormasyon na kanyang ibibigay sa mga Kastila ay medaling ikumpara o kunan ng kumpirmasyon sa iba pang mga nakabilanggong Katipunero. Kinailangan din niyang magsinungaling sa mga Kastila upang iligtas ang buhay ng iba, gaya ni Rizal. Sa kanyang mga testimonya sa bilangguan, sinabi niyang tutol si Rizal sa paghihimagsik. Wika ni Valenzuela: *"To protect Dr. Rizal I purposely told the investigator that I was not even allowed by the hero to*

8 Panayam ni Jose Tomacruz kay Dr. Pio Valenzuela noong April 17, 1954.

*step into his house upon knowing the purpose of my visit to Dapitan. I also reported Dr. Rizal as having said: "No! No! No! And a thousand no!"*⁹

III. BUHAY PAGKARAAN NG HIMAGSIKAN (1897-1956)

Nilitis si Valenzuela at ang iba pa sa hukumang militar ng mga Kastila. Ang ilan ay nahatulan ng kamatayan at ang ilan, gaya niya, ay nahatulan ng habambuhay na pagkakabilanggo at ipinatapon sa malayong lupain. Noong Pebrero 1897, kasama si Antonio Luna at 27 bilanggo, ipinadala sila sa Barcelona, Espanya. Dumating sila sa Barcelona noong Abril 1897. Wika ni Valenzuela: "*Upon our arrival in Barcelona, thousands of curious people lined up the pier and streets, eager to see 'Indios with tails' who rose in arms against Spain.*"

May kabuuang 50 araw silang nakulong sa Barcelona at pagkatapos ay inilapat sa Madrid kung saan nakulong sila ng isang buwan. Pansamantala ay inilapat sila sa Malaga sa timog Espanya at nakulong sa loob ng siyam na araw. Pagkaraan nito ay ikinulong sila sa Melilla sa Morocco, Hilagang Africa. Habang bilanggo sa Africa, wika ni Valenzuela: "*Life in Melilla was not so bad. Being a physician, I was sent to the garrison hospital to attend to the sick. Outside of busy hours, usually in the late afternoon, I was allowed to have the comforting moments of a promenade within the confines of the walled city. All my movements were of course held in leash by the shadow of an armed guard.*"¹⁰

Sa bisa ng Kasunduan sa Paris noong 1898 sa Espanya at Estados Unidos, ibinalik sa Pilipinas ang Pilipinong bilanggo ng Espanya. Kasama rito si Valenzuela. Pagkaraan ng halos tatlong taong pagkakabilanggo ay nakabalik sa Pilipinas si Valenzuela noong Mayo 1899. Pinalaya na ng mga Amerikano ang ibang bilanggo subalit hindi kasama rito si Valenzuela. Nanatili siyang nakabilanggo sa Intramuros. Ayon kay Valenzuela: "*It was Archbishop Bernardino Nozaleda who warned the Americans that Castaneda and I were dangerous.*"

Sa ilalim ng pangunguna ng mga Amerikano, nagdaos ng *municipal election* sa bayan ng Polo noong Setyembre 6, 1899 at nahalal na *municipal president* si Valenzuela. Nahalal siya *in absentia*. Dahil dito, pinalaya siya ng mga Amerikano, upang gampanan ang kaniyang katungkulan.

⁹ Panayam ni Agoncillo kay Valenzuela. Nasa *Revolt of the Masses*, p. 336. Note number 1.

¹⁰ Panayam ni Jose Tomacruz kay Dr. Pio Valenzuela noong April 17, 1954.

Mahigit isang taon nang nanunungkulan noon si Valenzuela bilang *municipal president* ng Polo nang makipag-isang dibdib siya kay Marciana de Castro noong Oktubre 8, 1900. Noon ay 31 taong gulang na si Valenzuela at 16 taong gulang naman si Marciana. Para mapagtuunan nang higit na pansin ang pamilya, nagbitiw siya sa puwesto noong 1901.

Nang magkaroon ng epidemya ng kolera noong 1902, kinailangan ng bayan ang serbisyo ni Valenzuela bilang doktor. Naglingkod siya bilang *health officer* ng *sanitary district* ng Polo, Obando, Meycauayan at Marilao. Nagbitiw muli siya nang sumunod na taon subalit muli siyang pinakiusapan at kinumbinsi ng mga tao na kailangan ang kanyang serbisyo bilang doktor ng bayan. Nagsilbi siya sa posisyong ito hanggang 1917.

Matagal nang kinukumbinsi si Valenzuela ng mga kababayan sa Bulacan na tumakbo bilang gobernador. Ilang beses siyang tumanggi hanggang sa siya ay makumbinsi noong 1919 alang-alang sa ikabubuti ng partido, ang Democrata Party. Pagkaraan ng halalan, hindi agad nakaupo sa puwesto si Valenzuela dahil siya ay dinaya. Umabot sa Korte Suprema ang kaso at noon lamang Disyembre 1921 lumabas ang desisyon: Panalo sa 1919 election si Valenzuela. Subalit 10 buwan na lamang ang natitira sa terminong iyon kaya't muli siyang tumakbo sa halalan noong 1922 at muling nagwagi. Natapos ang panunungkulan niya bilang gobernador noong 1925. Ito na rin ang pagretiro niya sa pulitika, pero hindi sa paglilingkod sa bayan.

Malaking bahagi ng pag-aari at kabuhayan ng pamilya ang nawala nang pumasok si Valenzuela sa pulitika. Gayumpaman, nagpatuloy siya sa paglilingkod sa bayan bilang doktor ng kanyang mga kababayan. Wika ni Valenzuela: "*I started giving free medical treatment to friends and kinsfolk that came to me for consultation. Most of my patients were those afflicted with diarrhea, common colds, dysentery and dyspepsia. When I ministered to the sick I had no other motive than to help alleviate their suffering in a world where medicine was still a matter of family herbs, magic and prayer.*"¹¹

Noong Abril 6, 1956, sa edad na 86, tahimik na namayapa si Dr. Pio Valenzuela noong 1963. Pinangalanang "Valenzuela" ang bayan ng Polo bilang pagkilala sa mahalagang papel sa Kasaysayan ni Dr. Pio Valenzuela, ang pinakadakilang anak ng bayan ng Polo.

11 Valentin C. Loyola, "The Revolutionary as a Country Doctor". *This Week Magazine*. November 30, 1958.

Pagtatapos

Tinalakay sa maikling papel na ito ang buhay ni Dr. Pio Valenzuela upang ipakita ang anyo ng kabayanihan na kaniyang ipinamalas at maituturing na ambag sa Kasaysayan ng ating bansa.

Makikita ang kabayanihan ni Dr. Pio Valenzuela, una bilang Katipunero, at ikalawa, bilang Lingkod-Bayan.

Sa edad na 23, binigyang-katuturan ni Valenzuela ang kaniyang kabataan sa pagiging kasapi ng Katipunan. Imbes na mag-aral na lamang o atupagin ang sariling hanapbuhay bilang doktor at kumita nang malaking halaga, mas pinili ni Valenzuela na harapin ang panganib sa sarili (marahil pati ang kaniyang pamilya) at itaya ang buhay sa kanyang pag-anib sa lihim na samahan na naglalayong palayain ang Filipinas mula sa mga Kastila. Ibinahagi rin ni Valenzuela ang kanyang kaalaman at kakayahan bilang manggamot sa Katipunan. Gumanap din siya ng mapapanganib na misyon sa pagpapalaganap ng Katipunan sa iba't ibang lalawigan. Nagsakripisyo siya alang-alang sa bayan sa kanyang paglilingkod para sa katuparan ng mga hangarin ng Katipunan.

Bilang Lingkod-Bayan, nagsilbi siya bilang *presidente municipal*, *health officer* at gobernador, sa iba't ibang bahagi ng kanyang buhay pagkaraan ng himagsikan, upang paglingkuran ang kanyang mga kababayan. Nilabanan niya ang mga tiwali at ang katiwalaan sa pamahalaan.

Si Dr. Pio Valenzuela ay doktor na sinikap bigyang-lunas ang sakit ng bayan. Ang kanyang buhay ay patunay na buhay ang kabayanihan sa lahang Filipino.

Mga Sanggunian:

- Arenas, Mario. "Valenzuela: Ang Bayani at Ang Bayan." Valenzuela: Museo Valenzuela Foundation, 1997.
- Agoncillo, Teodoro. "Valenzuela's Greatest Hour: His Secret Mission for the Katipunan in Dapitan". This Week Magazine. May 1956.
- Crisostomo, Isabelo. "Dr. Pio Valenzuela: Misunderstood Patriot." Quezon City: J Kriz Publishing, 2001.
- Loyola, Valentin C. "The Revolutionary as a Country Doctor" This Week Magazine. November 30, 1958.
- De Ocampo, Esteban. "The Living Among the Dead". The Sunday Times Magazine. July 5, 1953.
- Tomacruz, Jose S. "The Life and Memoirs of Pio Valenzuela". M.A. History thesis (Far Eastern University), 1957
- Valenzuela, Arturo E. "Dr. Pio Valenzuela and the Katipunan." Manila: National Historical Institute, 1992/1996
- Valenzuela, Pio. "Memoirs of Dr. Pio Valenzuela". Minutes of the Katipunan. Manila: National Historical Institute, 1964.
- Zaide, Salvador F. "The Last of the Great Katipuneros. The Evening News Saturday Magazine. November 26, 1949.

Si **JONATHAN C. BALSAMO** ay ang kasakukuyang kalihim ng Philippine Historical Association. Siya rin ang kasalukuyang curator ng dalawang museo ng Lungsod ng Valenzuela: ang Valenzuela City Museum at ang Museo Valenzuela. Nagtapos ng AB History cum laude sa Polytechnic University of the Philippines kung saan din siya naging pangulo ng PUP History Society. Dati siyang head for Historical Education ng Heroes Square Heritage Corporation sa Intramuros. Naging guro rin siya ng wika, panitikan at kasaysayan sa De La Salle University Dasmariñas, Ateneo de Manila High School, Enderun Colleges at PUP San Juan. Siya rin ang Chapter Commander ng Historians's Chapter (Sucesos) ng Order of the Knights of Rizal.

Abstract

Maynila at Kapitaligiran Noong 1896: Pagmamapa ng Himagsikan

Celestina P. Boncan, Ph.D.

Maynila ang itinuturing na gitna ng mga kaganapan at mga kaguluhan nang sumabog ang Himagsikan ng taong 1896. Sa Maynila nagsimulang kumilos ang mga alagad ng Katipunan sa pamamagitan ng pagpunit ng cedulang palatandaan ng pagkaalipin sa pamahalaang kolonyal. Sa Maynila din unang inapula ng hukbong kolonyal ang apoy ng sunog ng Himagsikan sa pamamagitan ng paglalagay ng mga karatig lalawigan sa ilalim ng batas militar at pagpapadakip, pagpapabilanggo at pagpapatay ng mga inaakalang kasapi ng Katipunan at mga kaanib nito. Sa Maynila nagkaharap ang dalawang panig sa kanilang pagtutunggali. Subali't ano nga ba ang Maynila noong 1896?

Pakay ng panayam, una, ang alamin ang iba't bahagi ng nasasakupan ng Maynila noong 1896. Ang ikalawa ay isapook ang mga nasasakupan ng mga pangunahing tagapagganap ng Himagsikan --- una, ang mga *Español*, ikalawa, ang mga *Indio*, *Sangley*, *Mestizo* at *Europeo* at ikatlo, ang mga *Katipunero* ng Himagsikan.

Keywords: 1896 Himagsikan, Maynila, Intramuros, Arrabales, Provincia de Manila

Maynila at Kapaligiran Noong 1896: Pagmamapa ng Himagsikan

Celestina P. Boncan, Ph.D.

Panimula

NOONG 1896 SUMABOG ang isang malawakang himagsikan laban sa pagpapatuloy ng pamamahalang kolonyal ng Espanya sa Pilipinas. Ang giit ng Himagsikansa pamumuno ng lihim na kilusang Katipunan ni Andres Bonifacio ay makamit ang kalayaan ng Pilipinas mula sa kamay ng mga dayuhang mananakop *Español*. Subali't hindi iisa lamang na makitid na sakop ang Maynila noong 1896. Sa halip, ang Maynila ay malaki at malawak. Sa katunayan, tatlong pook ang sinasakop ng Maynila noong 1896.

Sa tatlong pook na ito makita ang pagkakaiba ng pang-araw-araw na buhay ng mga naninirahan. Sa pamamagitan ng tatlong pook na ito, masusundan sa mapa ang ikot ng mga kaganapan ng Himagsikan ng 1896.

Intramuros: Maynila ng mga Español

Ang Intramuros ay hugis parihabang lupang pamayanan at ito'y matatagpuan kung saan nagtatagpo ang mga tubig ng Ilog Pasig at Look ng Maynila. Ito ang dating kinalalagyan ng Maynilad, ang lumang pamayanan ni Rajah Sulayman. Noong 1570 natagpuan ito ni Martin

de Goiti, paunang sugo ni Miguel Lopez de Legazpi, upang humanap ng nararapat na pook kung saan maaaring itayo ang kapitolyo o punong lunsod ng bagong kolonyang *Español*. Ibinalita ni Martin de Goiti ang istrategikong kinalalagyan ng Maynilad --- nakaharap sa malaking look (Manila Bay) at naghahari sa pagpasok ng malaking ilog (Pasig River). Subalit hindi lamang pangtanggulan ang kakayahan ng Maynilad kundi pangkabuhayan rin. Mayayamang bukirin ang nasa paligid ng Maynilad na makapagpapakain ng maraming tao. Dinudugtong ng Ilog Pasig ang Maynilad sa isang masaganang lawa sa dakong silangan papaloob (Laguna Lake). Sampu ng kanyang mga tauhan, tinungo ni Legazpi ang Maynilad noong sumunod na taon. Noong ika-19 ng Mayo, tinalo ni Legazpi si Sulayman sa isang madugong labanan. Upang tuluyan nang ibaon sa limot ng mga tao ang Maynilad, sinunog ito ni Legazpi matapos ang labanan. Sa abo ng lumang pamayanan ni Sulayman itinatag ni Legazpi noong ika-24 ng sumunod na buwan ng Hunyo ang isang bagong lunsod *Español* na tinawag niyang Maynila. (Noone, 410) Noong 1574 ginawaran ito ni Haring Felipe II ng titulong “Ciudad Muy Noble y Siempre Leal” o Distinguished and Ever Loyal City (Cushner and Tubangui, 3) at noong 1596 iginawad naman ni Haring Felipe III ang sarili nitong escudo. (Cushner and Tubangui, 6)

Ang Maynila ni Legazpi ay itinayo sa disenyo ng mga lunsod sa Espanya noong Gitnang Panahon (Middle Ages). Ang nangingibabaw na katangian ng mga lunsod na ito ay bilang mga tanggulan. Ang Gitnang Panahon sa Espanya at sa kalakhang Europa ay kilala sa kawalan ng pormal na pamahalaang pambansa na maaaring magpanatili ng kapayapaan at kaayusan. Sa halip, ang paniniguro ng mga ari-arian ay nalagay sa kamay ng mga panginoong maylupa (lord) na mayroong kakayahan na magbayad sa paninilbihan ng mga taong nagsanay sa pandirigma na tinatawag na kabalyero (knight). Ang mga panginoong may lupa na ito ay naninirahan sa mga kastilyo na napaliligiran ng matataas na pader. Sa panahon ng kaguluhan pinapapasok nila at pinahihintulutan ang mga taong nagbubukid ng kanilang mga lupain na manirahan sa paligid ng kastilyo. Sa paglipas ng panahon, ang mga ganitong pamayanan ay umunlad bilang mga lunsod tulad ng Madrid, Segovia, Avila, at Salamanca sa Espanya.

Ang Maynila ay pinaliligiran ng mataas na pader yari sa bato. Sa panahon ng panunungkulan ni Santiago de Vera bilang Gobernador Heneral ng Pilipinas (1585-1589) napalilibutan na ng pader na bato ang Maynila. Hindi bababa sa tatlung talmampakan ang taas at

apatnapung talampakan ang luwang ng pader na batong ito. (Wolff, 20-21) Dahil sa pader na bato na ito na umiikot sa Maynila, madalas itong tawaging “Intramuros” o lunsod sa loob ng mga pader na bato.

Mayroong mga bumubukol na batong tanggulan sa bawa't sulok ng parihabang sukat ng Maynila na kung tawagin ay *bastion* o *baluarte/baluartillo* --- mula sa hilaga pakanan: Bastion de Santo Domingo, Bastion de San Gabriel, Bastion de San Lorenzo (tinatawag ring Bastion de Dilao), Bastion de San Andres, Bastion de San Diego, Baluarte de San Jose, Baluarte de San Eugenio, Bastion Plano Luneta, Baluarte de San Juan, Baluarte de San Francisco, Baluarte de San Miguel, Baluarte de Sta. Barbara, Baluarte de San Francisco. Ang kahabaan ng pader sa pagitan ng mga baluarte ay napuputol ng isang papalabas na tanggulan na kung tawagin ay rebelin(*revellin*) o redukto (*redoubt*) --- mula sa hilaga pakanan: Revellin del Parian, Revellin de Recoletos, Revellin de Real, Reducto de San Pedro, Reducto de San Francisco. Sa lahat ng oras ng umaga at gabi mayroong mga sundalong nakahimpil sa mga baluarte at rebelin, nagtatanod at nag-aabang ng anumang banta ng pagsalakay. Matataas na kalibre na mga kanyon ang nakahumpay sa itaas ng mga pader na bato, sa anumang hudyat handang magpapatok ng nakamamatay na bala.

Ang pagpasok sa Intramuros ay sa mga tanging bahagi lamang ng kahabaan ng pader na bato. Ang mga pasukan na ito ay tinatawag na *puerta (gate)* --- ang Puerta de Isabel para sa mga nanggagaling sa Ilog Pasig, ang Puerta del Parian para sa mga nanggagaling ng Arroceros kung saan naninirahan ang mga *sangleys* Tsino sa kanilang eksklusibong tahanan, ang Parian, ang Puerta Real na tanging ang Gobernador Heneral lamang ang dumadaan, ang Puerta de Santa Lucia para sa mga nanggagaling ng Look ng Maynila at Puerta del Postigo para sa Arsobispo ng Maynila.

Ang Intramuros ay ang sentro ng pamahalaang kolonyal *Español* sa Pilipinas. Sa loob ng mga pader na bato nito matatagpuan ang mga tanggapan ng pamahalaang kolonyal. Una na rito ay ang tanggapan ng Gobernador Heneral ng Pilipinas sa harap ng pangunahing liwasan ng Intramuros. Sa gilid nito ay matatagpuan ang tanggapan ng Audiencia, ang pinakamataas na hukuman sa Pilipinas. Hindi nalalayo ay ang gusali kung saan nananahanan ang Intendencia at Hacienda, mga tanggapan ng pananalapi. Sa harap ng tanggapan ng Gobernador Heneral ay ang gusaling Ayuntamiento de Manila, ang tanggapan ng pamahalaang lunsod ng Maynila. Nasa Intramuros din ang Pagamutan ng San Juan

de Dios.

Ang Intramuros ay tahanan ng iba't ibang misyonero na nanguna sa ebanghelisasyon ng Pilipinas. Sa loob ng Intramuros matatagpuan ang mga simbahan at kumbento ng mga misyonerong ito --- ang mga Agustino, ang mga Pransiskano, ang mga Heswita, ang mga Dominikano, ang mga Rekoleta at mga Capuchino. Kabilang sa mahahalagang simbahan sa Intramuros ay ang katedral ng Maynila. Nasa Intramuros din ang mga *colegio* o paaralan na kanilang itinatag para sa mga anak na lalaki ng mga *Español* at *Mestizo Español* --- ang Unibersidad ng Santo Tomas at Colegio de San Juan de Letran ng mga Dominikano at ang Ateneo Municipal ng mga Heswita. Naroroon din sa Intramuros ang mga *beaterio* o paaralan para sa mga anak na babae ng mga *Español* at *Mestizo Español* --- ang Beaterio de Sta. Isabel, ang Beaterio de Sta. Catalina, ang Beaterio de Sta. Rosa at ang Beaterio de la Compania de Jesus. Ang Monasterio de Sta. Clara ay para sa mga babaeng *Español* na nais maging mga madre.

Para sa kanilang pahingahan, mayroong maliliit na liwasan sa Intramuros --- ang Plaza de Palacio at Plaza de Sto. Tomas. Kung maaliwalas ang panahon, marami ang lumalabas ng Intramuros at nagpupunta sa Luneta para magpahangin.

Ang Intramuros ay lunsod para lamang sa mga *Español*. Dito sa Intramuros nananahanan ang mga opisyal ng pamahalaan at kanilang mag-anak at maging ang mga sibilyang *Español*. Nagbubukas ang mga pintuan ng Intramuros para sa mga Pilipinong nagsisilbing tagapaglinis ng mga tahanan, naglalabada ng mga damit ng mga *Español* o kaya'y tumutupad ng iba't iba pang uri ng gawain para sa mga *Español* sa pagsikat ng araw sa umaga at nagsasara muli bago kumagat ang dilim.

Dulot ng pagiging upuan ng kapangyarihan ng Pamahalaan at Simbahan, ang larawan ng buhay sa Intramuros ay mahigpit, mapanampalataya at pigil sa panglabas na emosyon.

Arrabales: Maynila ng mga *Indio*, *Sangley*, *Mestizo*, at *Europeo*

Ang karaniwang lunsod ay may “loob” at “labas.” Ang “loob” ay sumasagisag sa “gitna” (*core area*). Kadalasa’y ito ay ang luma o unang bahagi mula kung saan umusbong ang lunsod. Ang “labas” naman ay ang mga pamayanan sa gilid ng “loob” nguni’t itinuturing na bahagi rin ng lunsod. Sa wika ng mga usapin ukol sa urbanisasyon, ang “labas” ay

tinatawag na *suburbs* o *arrabales*. Dalawang kahulugan ang maaaring ikabit sa kahulugan ng “labas.” Ang una ay bilang mga pook kung saan tumagas ang mga karagdagang tirahan ng mga nasa “loob.” Ang ikalawa ay bilang mga pook kung saan naninirahan ang mga taong hindi nararapat manirahan sa “loob” tulad ng mga karaniwang katutubo, mga kahina-hinalang katutubo, at mga dayuhan.

Tulad ng anumang lunsod, ang Maynila ay mayroong “loob” --- ang Intramuros --- at mayroong “labas” --- ang mga *arrabales*. Dahil sa ang mga ito ay matatagpuan sa labas ng pader na bato, ang mga *arrabales* ay madalas tawagin bilang “Extramuros.” (Zaragoza, 1)

Ang mga *arrabales* ng Maynila ay nahahati ng Ilog Pasig sa dalawang bahagi. (Mallat, 107) Sa hilaga ng ilog ay ang mga *arrabales* na kinabibilangan ng Tondo, Binondo, Sta. Cruz, Quiapo, Sampaloc at San Miguel. Sa timog ng ilog naman matatagpuan ang mga *arrabales* ng Ermita, Malate, San Fernando de Dilao, ngayon ay tinatawag na Paco (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1790-1895 (1803-1894) Exp. 11, Fol. 369-371, Manila 22 Diciembre 1884), Pandacan, at Sta. Ana. Ang mga *arrabales* na ito ay ginawang bahagi ng Maynila ng Kautusang Panghari ng Setyembre 1, 1859. (Fernandez Gonzales and Moreno y Jerez, 157-161)

Isang malaking tulay sa ibabaw ng Ilog Pasig --- ang Puente de Espana --- ang nagdudugtong ng mga *arrabales* sa hilaga sa mga *arrabales* sa timog. (Miller, 177-178) Ito ay itinatag mula 1626 hanggang 1632 sa kapanahunan ng panunungkulan ni Gobernador Heneral Juan Niño de Tabora. (Miller, 157-161) Noong una, ito lamang ang tulay sa ibabaw ng Ilog Pasig na nag-uugnay sa mga *arrabales*. Noong ika-labingsiyam na dantaon, dalawa pang tulay ang itinatag sa ibabaw ng Ilog Pasig --- ang Puente Colgante at ang Puente de Ayala.

Ang mga *arrabales* ay dinadaluyan ng mga *estero* o mga sanga-sangang batis ng Ilog Pasig. Ang ilan sa mga ito ay ang Estero de Binondo, Estero de Magdalena, Estero de Meisic, Estero de San Lazaro at Estero de Sibacon. Ang mga *estero* ay ginagamit sa paroo't parito ng mga tao. Lulan sa mga *banca* o *kaya'y casco*, inihahatid ng mga *estero* ang mga kalakal sa mga kasuluk-sulukan ng mga *arrabales*.

Sa mga *arrabales* matatagpuan ang mga pamayanan laan para sa lahat ng mga *di-Español*. Ang una sa mga ito ay ang mga *indio* o katutubong Pilipinong binyagan o kristiyano, mayaman man o mahirap. Dulot ng malaking bilang ng mga *indio*, ang mga *arrabales* ay pawang mga pamayanang kristiyano --- ang bawa't isa ay mayroong sariling

simbahan.

Sa mga *arrabales* rin nanirahan ang mga *sangle* o di-binyagang Tsino. Sila ay nagsimulang pumunta sa Pilipinas upang magdala ng mga bagay-kalakal na dadalhin ng mga galyon sa Mexico upang ipagbili doon. Naging matagumpay ang kalakalang galyon kung kaya't maraming mga Tsino ang nagpasyang manirahan na sa Maynila. Sa Binondo nagtatag ng negosyo ang karamihan sa mga ito. Dulot ng malaking bilang nila, nangamba ang pamahalaang *Español* sa kapayapaan at kaayusan ng Maynila samantalang nabahala naman ang mga prayle dahil sa di nila pagsang-ayon na maging kristiyano. (Jagor, 249) Sila'y pinayagan ng mga *Español* na tumigil lamang sa iisang gusali na kung tawagin ay Parian o Alcaiceria. Ang unang palapag ng gusaliy laan para sa kanilang mga tindahan samantalang sa ikalawang palapag matatagpuan ang kanilang mga silid-tulugan. (Blair and Robertson, vol. 26, 139; vol. 10, 259)

Ang mga tahanan ng mga *mestizo* o anak ng isang *sangle* at *indio* o dili kaya'y isang Espanyol at *indio* at mga *uropeo* --- Ingles, Pranses at Aleman --- ay kadalasan matatagpuan sa Santa Ana o sa San Miguel kung saan ang simoy ng hangin ay higit na maaliwalas. Madalang din ang mga kabahayan sa mga pook na ito kung kaya't maaari silang makapagpatayo ng malalaking tahananang napaliligiran ng halamanan.

Higit na malaki ang bilang ng mga taong naninirahan sa mga *arrabales*. Noong 1875 ang bilang ng populasyon sa Intramuros ay 10,000. Subali't ang bilang ng populasyon ng tatlong *arrabales* ay higit pa sa dito --- 42,385 sa Binondo, 26,366 sa Tondo at 14,258 sa Santa Cruz. Sa kabilang bahagi, mababa sa 10,000 ang bilang ng populasyon sa iba pang *arrabales* --- 8,864 sa Sampaloc, 8,232 sa Ermita, 7,484 sa San Fernando de Dilao, 6,092 sa Malate, 6,052 sa Quiapo, 6,000 sa Santa Ana, 5,748 sa Pandacan, at 4,960 sa San Miguel. (Blair and Robertson, vol. 10, 173)

Kabaligtaran sa Intramuros ang larawan ng buhay sa mga *arrabales*. Ang buhay na nananalaytay sa mga *arrabales* ay nakatuon sa kabuhayan. Sa mga piling lansangan ng Binondo tulad ng Calle Escolta, Calle Rosario, Calle Anloague at Calle Dasmarias matatagpuan ang mga tindahan ng mga *Mestizo* at mga *Europeo* nag-aalay sa mga mamimili ng iba't ibang bagay-kalakal nanggaling pa sa mga lunsod ng Britanya tulad ng Manchester, Glasgow at Birmingham tulad ng tela at mga damit. (MacMicking, 16) Para sa mga pang-araw-araw na pangagailangan naman ang handog na kalakal at gawain ng mga *indio* tulad ng lutong pagkain, paglalabada at paggupit ng buhok. Karamihan sa mga bahay-

kalakalan ng mga *Europeo* ay matatagpuan sa Binondo --- Butler Sykes & Co. sa Calle Rosario, Holliday Wise & Co. sa Calle Nueva, Ker & Co. sa Calle Escolta, Philips Moore & Co. sa Calle Anloague, Russell & Sturgis sa Calle Barraca, Augusto van Polenen, Petel & Co. sa Calle San Jacinto, Juan Augusto (Jean Auguste) Guichard sa Calle Escolta, Peter Jenny & Co. sa Calle Anloague. (Campbell, 14-15)

Nasa *arrabales* din ang mga tanggapan ng pag-iimpok at pagpapautang tulad ng Banco Español Filipino de Isabel 2a at Monte de Piedad y Caja de Ahorros at mga pabrika tulad ng La Insular (sigarilyo) at San Miguel (serbesa).

Ang mga liwasan o pook-pahingahan sa mga *arrabales* ay ang Plaza Calderon de la Barca, Plaza Moraga, Plaza Goiti at Plaza Santa Cruz.

Provincia de Manila: Maynila ng mga *Katipunero* at Rebolusyonaryo ng Himagsikan

Ang Pilipinas ay binubuo ng mga yunit na pamahalaang pampook na tinatawag na *provincia* o lalawigan. Noong ika-labing siyam na dantaon, labing-isang lalawigan ang tinuringang bilang mga katangitangi. Ang mga lalawigan na binigyan ng ganitong karangalan ay Batangas, Cavite, Pampanga, Bataan, Zambales, Pangasinan, Tarlac, Bulacan, Nueva Ecija at Laguna. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1827-1896, Exp. 39, Fol. 407-407b, Manila 9 Octubre 1876) Kabilang sa hanay na ito ang Provincia de Manila. Bago sumapit ang kalagitnaan ng ika-labing siyam na dantaon, ang lumang pangalan ng Provincia de Manila ay Provincia de Tondo. (Lopez Navarro, 85) Tatlo ang *alcalde mayor* na nagtutulong-tulong upang pamahalaan ang lalawigang ito.

Pangunahing bumubuo ng Provincia de Manila ay ang mga unang nabanggit na *arrabales*. Kasama rin sa Provincia de Manila ang ilan pang mga bayan--- sa hilaga Caloocan, Novaliches, Tambobo na ngayon ay tinatawag na Malabon at Navotas na dating barrio ng Tambobo (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1790-1895 (1803-1894), Exp. 4, Fol. 142-256, Manila 9 Diciembre 1835 y 18 Julio 1836); sa silangan San Juan del Monte na dating barrio ng Sta. Ana (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1790-1895 (1803-1894), Exp. 7, Fol. 335-343, Manila 15 Setiembre 1863), Taguig, Pasig, Pateros, Mariquina, Montalban na dating barrio ng San Mateo (Ereccion de

Pueblos: Provincia de Manila, 1790-1895 (1803-1894), Exp. 10, Fol. 365-368b, Manila 23 Agosto 1877, Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila, 1820-1898, Exp. 10, Fol. 120-141b, Manila 24 Octubre 1894 y 4 Noviembre 1895), at San Mateo; sa timog San Felipe Neri na ngayon ay tinatawag na Mandaluyong (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila, 1790-1895 (1803-1894), Exp. 7, Fol. 335-343, Manila 15 Setiembre 1863), San Pedro Macati na ngayon ay Makati, Malibay na dating barrio ng Parañaque (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1820-1898, Exp. 11, Fol. 142-147b, Manila 21 Enero 1898), Pineda na ngayon ay Pasay, Las Piñas, Parañaque, at Muntinlupa.

Malaki ang sakop na lupain ng Provincia de Manila noong ika-labingsiyam na dantaon --- mula sa *arrabal* ng Tondo sa dalampasigan ng Look ng Maynila sa kanluran hanggang sa mga paanan ng Bulubunduking Sierra Madre at baybayin ng Lawa ng Laguna sa silangan. Ang mga pangunahing *carretera* (roadways) papalabas ng Intramuros at *arrabales* pahilaga ay ang Calle Dulumbayan sa Santa Cruz, pasilangan ay ang Calzada de San Sebastian at Calzada de Iris patungong Santa Mesa at patimog ay ang Calle Real sa Malate. Ang katumbas na lupaing sakop ng Provincia de Manila noon ay ang ngayo'y National Capital Region o Metro Manila at ilang bayan ng Lalawigan ng Rizal.

Hanggang sa mahigit kalahati ng ika-labingsiyam na dantaon malaking bahagi ng Provincia de Manila ay liblib na mga pook. Ang mga bundok sa silangang bahagi ay nababalot ng makakapal na gubat. Ang isang magandang halimbawa ay ang pook na kung tawagin ay Diliman. Ang pook na ito ay bahagi ng bayan ng Mariquina. Marahil, tinawag itong Diliman dahil sa makakapal na punongkahoy na nagpapadilim sa pook.

Habang patungong hilaga, silangan at timog, papalayo sa Intramuros at mga *arrabales*, ang buhay na mga tao ay sa pangkalahatang pangkanayunan. Ang mga pangunahing hanapbuhay ng mga tao ay pagtatanim; mayroon ding nangingisda sa mga ilog. Tanging sa poblasyon matatagpuan ang karamihan sa mga kabahayan samantalang ang mga barrio ay layo-layo sa isa't isa. Iilan lamang ang mga *carretera* na tumatawid sa maraming bahagi ng lalawigan. May pagkakataon na ang pagpapagawa ng daan o di kaya'y pagpapalawak ng daan ay kailangan munang kunin ang pahintulot ng may-ari ng lupa na binabagtas ng nasabing daan. Noong 1848 hiniling ni Don Jose Maria Tuazon, may-ari ng Hacienda de Mariquina, ang pahintulot ng Real Audiencia upang pansamantalang ihinto ang pagpapalawak ng daan na tumatagos sa

kanyang lupa na una nang ipinag-utos ng alcalde mayor ng Provincia. Kung hindi mahihinto ang nasabing pagpapalawak ng daan, hiniling niya na siya'y bayaran na lamang sa mga pananim na nasira dulot ng pagpapalawak ng nasabing daan. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1815-1851, Exp. 9, Fol. 201-228, Real Audiencia de Manila 6 Julio 1848)

Dulot ng topograpiya ng lupa, lalo na ang silangang bahagi kung saan ang mga bundok ay nababalot ng makakapal na gubat, ang Provincia de Manila ay isang pook na madaling pagkublihan. Malayang ginagamit ng di-iilang tao ang ganitong topograpiya ng Provincia de Manila upang magsagawa ng mga krimen tulad ng pagnanakaw. Sa katunayan, ito ang malaking suliraning pangkaayusan ng Provincia de Manila. Ayon sa ulat ng *alcalde mayor*, noong 1855 nadakip ang pinuno ng isang lupon ng mga ito. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1825-185, Exp. 43, Fol. 481-485, Manila 21 Mayo 1855) Ayon sa ulat ng *alcalde mayor* ng Bulacan noong 1853 ang mga masasamang-loob na nakararating sa kanyang lalawigan ay galing sa mga bundok ng San Mateo. (Ereccion de Pueblos: Bulacan 1853-1863, Exp. 3, Fol. 5-16, Bulacan 27 Octubre de 1853) Ang lubhang kalayaan ng silangang bahagi ng kanyang nasasakupan mula sa Intramuros ay hindi rin nakatulong. lilan lamang ang bilang ng kanyang mga *cuadrilleros* o armadong puwersang pangkapayapaan. May mga pagkakataon na kailangan pang kunin ang tulong ng mga kalapit na bayan tulad ng Tanay at Cainta. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1785-1855, Exp. 58, Fol. 596-598b, Moron 24 Noviembre y 1 Diciembre 1855)

Hindi lamang miminsang nauulat sa tanggapan ng *alcalde mayor* ng lalawigan ang mga pagkakataon ng pagnanakaw, panloloob sa mga tahanan at iba pa. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1815-1851, Exp. 11, Fol. 256-266, Manila 21 Agosto 1847; Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1815-1851, Exp. 19, Fol. 392-406, Manila 20 Noviembre 1848) Hindi lamang sa mga kapatagan sumasalakay ang mga masasamang-loob. Ayon sa *comandante* ng distrito ng San Mateo, mayroon siyang nakitang *parao* (isang uri ng sasakyang-pangtubig) na pinatatakbo ng mga kilalang masasamang-loob. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1785-1855, Exp. 55, Fol. 585-587, Manila 28 Diciembre 1854) Hindi lamang humahantong sa pagnanakaw at panloloob ng tahanan ang ginagawa ng mga masasamang-loob. Higit na malalang krimen na kanilang ginagawa ay panununog at pamamaslang ng mga opisyal ng pamahalaan tulad na lamang ng panununog na

ginawa ng isang nagngangalang Mariano Adriano sa San Pedro Macati at pamamaslang kay Eduardo Navarro, tagapangasiwa ng mga bukid, at Simeon Marcelo, isang *teniente* ng mga *cuadrillero*. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1825-1857, Exp. 44, Fol. 486-493b, Manila 10 Noviembre 1855)

Kamay na bakal ang sagot ng pamahalaang panlalawigan sa mga pagsasalakay ng mga masasamang-loob. Ginamit ng *alcalde mayor* ang mga *cuadrilleros* na armado ng mga baril. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1825-1857, Exp. 42, Fol. 429-480, Manila 3 Diciembre 1853) Sa ilang pagkakataon, ang mga ito ay nagtatagumpay. Ayon sa ulat ng comandante ng San Mateo, namatay ang lider ng isang lupon ng mga masasamang-loob sa kamay ng mga *cuadrilleros* ng Tanay habang dalawa naman ang nadakip ng mga *cuadrilleros* ng Cainta. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1785-1855, Exp. 58, Fol. 596-598b, Moron 24 Noviembre y 1 Diciembre 1855) Kamatayan din ang aabutin ng mga masasamang-loob na ayaw sumuko nang mapayapa. Ayon sa ulat ng *gobernadorcillo* ng Parañaque, napatay ng mga *cuadrillero* ang tulisang si Juan Jose nang ayaw nitong sumuko. (Ereccion de Pueblos: Provincia de Manila 1825-1857, Exp. 32, Fol. 317-318, Malacañan 9 Junio 1848) Mayroon ding nadakip ang pamahalaang panlalawigan na mga palaboy. Sa halip na ikulong sa mga bilangguan, ang mga ito ay ginagawang tripulante ng mga barko ng pamahalaan. (Provincia de Manila 1785-1855, Exp. 35, Fol. 410-436)

Nang itatag ang Katipunan noong 1892, doon sa mga liblib na pook ng silangan at hilaga ng Provincia de Manila, nakakuha ito ng maraming kasapi --- 2,000 sa Caloocan, 2,000 sa Balintauac, 3,000 sa Pasig at Pateros, 2,000 sa San Juan del Monte, 6,000 sa San Mateo. (Sastron, 53) Doon sa mga liblib na pook ng mga bahaging ito ng Provincia de Manila lumaganap ang bilang ng mga kasapi ng Katipunan. Doon, malayo sa Intramuros na upuan ng kapangyarihang *Español*, namukadkad ang Katipunan. Doon, hindi sila magagapi ng mga puwersang pangkapayapaan ng pamahalaan, ang nakagigimbal na *Guardia Civil*.

Nang mabunyag ang lihim na sabwatan ng Katipunan para kamtin ang kalayaan ng Pilipinas, doon sa liblib na pook ng Caloocan nabuo ang pagpapasya hinggil sa Himagsikan. Noong ika-21 ng Agosto 1896 pumunta si Bonifacio sa Kangkong kung saan hinimok niya ang mga *Katipunero* upang simulan na ang Himagsikan laban sa Espanya. Matapos ang dalawang araw, noong ika-23 ng Agosto, sila'y tumungo sa

Pugad Lawin sa tahanan ni Juan Ramos, anak ni Melchora Aquino. Sa pook na ito, nagkasundo sila na punitin ang kani-kanilang mga *cedula*, palatandaan ng pagkaalipin sa pamahalaang *Español*, at ipahayag ang simula ng Himagsikan sa pamamagitan ng pagsigaw.

Nang sumabog ang Himagsikan, doon sa mga liblib na bayan ng Provincia de Manila, naghandang sumalakay ang puwersang Katipunan. Ayon sa ulat ni G. de Berard, ang sugo ng bansang Pransya sa Pilipinas, ang bawa't araw ay mayroong labanan sa pagitan ng mga sundalong *Español* at mga *Katipunero* na patuloy na sinasalakay ang hangganan ng Maynila, nagdudulot tuloy na malaking takot sa mga naninirahan ("each day is marked by encounters between the troops and the insurgents who continue to attack the periphery of Manila, causing panic among the inhabitants of the City almost everyday"). (Camagay, 5)

Ayon rin sa nasabing sugo, malaking bilang ng mga *Katipunero* ang sumasalakay sa mga bantay na nagtatanggol sa kapitolyo (Intramuros) mula Parañaque sa bahagi ng lalawigan ng Cavite hanggang sa Caloocan sa bahagi ng lalawigan ng Bulacan ("big groups almost simultaneously attacked the detachments which protected the capital between Paranaque on the Cavite province side, and Caloocan, on the Bulacan province side"). (Camagay, 9) Ibig sabihin, mahaba ang linya ng pagsalakay ng mga *Katipunero*. Tuwing ang hanay ng mga *Katipunero* ay nagagapi ng mga sundalo ng pamahalaan, tumutungo lamang sila sa mga bundok ng San Mateo at Bosoboso kung saan sila'y muling nagpapalakas. (Camagay, 13)

Pagtatapos

Ang heyograpiya ay isang makapangyarihang salik sa pag-agos ng kasaysayan. Sinasalamin ng heyograpiya ang daloy ng buhay ng tao, ang kanilang mga gawain, at ang mga pang-araw-araw at pangmatagalang pangyayari. Ang konteksto na ito ay matutunghayan sa Maynila. Ang Maynila ng mga *Español* ay ang Intramuros, ang estratehikong pook kung saan nila sinimulan ang kolonisasyon ng Pilipinas. Kasing tibay ng pader na bato ng Intramuros ang kapangyarihang kolonyal ng Espanya sa Pilipinas na tumagal ng mahigit tatlong daang taon. Ang Maynila ng mga *Indio*, *Sangley*, *Mestizo* at *Europeo* ay ang mga *arrabales*, pook sa labas ng Intramuros. Tulad ng pook na kanilang kinatayuan, sila ay tinuring na mga taga-labas, hindi karapat-dapat na manirahan sa "loob," bagkus sila

ang mga haligi ng kabuhayang kolonyal. Ang Maynila ng mga *Katipunero* ay ang Provincia de Manila, malayo sa gitna ng kapangyarihang kolonyal (Intramuros) at mundo ng kabuhayan (*arrabales*). Nguni't sa lunduyan ng mga liblib na kanayunan at makakapal na kagubatan nito sumibol ang maalab na damdaming labanan ang mga manlulupig at nang sa gayon, sa buwang liwayway ng hinaharap na bukas ay makakamit na ang matagal nang sinisintang kasarinlan ng Pilipinas.

Reference:

Books

- Blair, Emma Helen and James Alexander Robertson. *The Philippine Islands: 1493-1898*, Cleveland: The Arthur H. Clark Co., 1903-1907
- Camagay, Ma. Luisa T. French Consular Dispatches on the Philippine Revolution. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997, Manila 29 November 1896
- Campbell, Angus. *The Manila Club: A Social History of the British in Manila*. Manila: St Pauls-Press, 1993
- Cushner, Nicolas and Helen Tubangui. *Cedulario de Manila*. Manila: National Archives, 1571
- Fernandez Gonzales, Ramon and Federico Moreno y Jerez. *Manual del Viajero en Filipinas*. Manila: Establecimiento Tipografico de Santo Tomas, 1875
- Jagor, Fedor. *Travels in the Philippines*. Manila: Filipiniana Book Guild, 1965
- Lopez Navarro, Eduardp. *Filipinas: Estudio de Algunos Asuntos de Actualidad*. Madrid: Imprenta de la Viuda de M. Minuesa de los Rios, 1897
- MacMicking, Robert. *Recollections of Manila and the Philippines*. Manila: Filipiniana Book Guild, 1967
- Mallat, Jean. *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania*, translated by Pura Santillan-Castreñse. Manila: National Historical Institute, 1998
- Miller, George. *Interesting Manila*. Manila: McCullough & Co., Inc., 1906
- Noone, Martin J. *The Discovery and Conquest of the Philippines (1521-1581)* Part 1, Vol. 1. Manila: Historical Conservation Society, 1986
- Sastron, Manuel. *La Insurreccion en Filipinas y Guerra Hispano-Americana en el Archipiélago*. Madrid: Imprenta de la Sucesora de M. Minuesa de los Rios, 1901
- Wolff, Leon. *Little Brown Brother: How the United States Purchased and Pacified the Philippines*. Singapore: Oxford University Press, 1991
- Zaragoza, Ramon. *Old Manila*. Singapore: Oxford University Press, 1990

Archival Documents

- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1790-1895 (1803-1894), Exp. 11, Fol. 369-371, Real Orden No. 940 de 29 de Octubre 1884 aprobando la anexion a la Capital de Manila, de los pueblos de Hermita, Malate y San Fernando de Dilao, declarandolos arrabales de la misma, Manila 22 Diciembre 1884
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1827-1896, Exp.39, Fol. 407-407b, Copia de la comunicacion del Ministerio de Ultramar, transcribiendo la Real Orden de 21 de Agosto ultimo, aprobando el bando de 28 de Enero del corriente ano, por el cual se declararon en estado escepcional las provincias de Manila, Batangas, Cavite, Pampanga, Bataan, Zambales, Pangasinan, Tarlac, Bulacan, Nueva Ecija y Laguna, Manila 9 Octubre 1876
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1790-1895 (1803-1894), Exp. 4, Fol. 142-256, Espediente promovido en 1827 por los principales Mestizos de Sangleyes de los barrios de San Jose, Navotas y Banculasi, pidiendo se les permita erigir su propia Iglesia parroquial independiente de su matriz Tambobong, provincia de Tondo, y consequentemente proveer su separacion en lo spiritual y temporal a la cual se oponen los naturales de Navotas, Manila 9 Diciembre 1835 y 18 Julio 1836
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1790-1895 (1803-1894), Exp. 7, Fol. 335-343, Acuerdo del espediente sobre segregacion de los pueblos de San Felipe Nery y San Juan del Monte de su matriz Sta. Ana, erigiendolos ambos en una solo parroquia, Manila 15 Setiembre 1863
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1820-1898, Exp. 10, Fol. 120-141b, Ereccion del pueblo de Montalban en parroquia independiente con jurisdiccion espiritual, separandose de su matriz San Mateo, Manila 23 Agosto 1877
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1790-1895 (1803-1894), Exp. 10, Fol. 365-368b, Espediente a instancia del Tribunal Municipal de Montalban acerca del arriendo de unos terrenos comunales de dicho pueblo, que el de San Mateo quiere sacar a subasta, acompanando copia del acta de separacion y ereccion en pueblo independiente, de los barrios de Balete, Burgos, Marang y Calipajan bajo la denominacion de "Montalban" separandose de su matriz San Mateo, y de la demarcacion divisoria de ambos pueblos, Manila 24 Octubre 1894 y 4 Noviembre 1895
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1820-1898, Exp. 11, Fol. 142-147b, Expediente para la ereccion de una parroquia de Malibay, independiente de su matriz Parañaque en la provincia de Manila, Manila 21 Enero 1898
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1815-1851, Exp. 9, Fol. 201-228, Expediente instruido a recurso de Don Jose Maria Tuazon, pidiendo que se suspenda el ensanche de una calzada que por su Hacienda de Mariquina ha mandado hacer el Alcalde Primero de Tondo o en otro caso se le indemnice por el terreno de cultivo que se le quita para dicho objeto, Real Audiencia de Manila 6 Julio 1848

- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1825-185, Exp. 43, Fol. 481-485, Oficio del Alcalde Maior Primero de Tondo dando parte de que en los sitios de Diliman se halla rodeando la cuadrilla de malhechores, cuya cabecilla es el desertor llamado "Feliz" Manila 21 Mayo 1855
- ERECCION DE PUEBLOS: Bulacan 1853-1863, Exp. 3, Fol. 5-16, Oficio del Alcalde Mayor de Bulacan pidiendo al Excelentísimo Señor Gobernador y Capitan General de Filipinas se destine a la provincia de Bulacan una partida de carabineros de Seguridad Publica para la persecucion de malhechores que se albergan en los montes del Pueblo de San Mateo, Provincia de Tondo, Bulacan 27 Octubre de 1853
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1785-1855, Exp. 58, Fol. 596-598b, El Comandante P.M. de San Mateo da parte de la muerte de un cabecilla de malhechores en manos de la Justicia de Tanay, y la aprehension de dos rateros armadas por los cuadrilleros de Cainta, Moron 24 Noviembre y 1 Diciembre 1855
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1815-1851, Exp. 11, Fol. 256-266); Varios oficios de la Alcaldia Mayor de Tondo sobre robos, saqueos, matanzas y otros crímenes cometidos por malhechores en algunos pueblos de su provincia y aprehension y captura de los mismos, Manila 21 Agosto 1847
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1815-1851, Exp. 19, Fol. 392-406, Partes de la Alcaldia Mayor de Tondo sobre saqueos, robos y matanzas cometidos por el malhechores en varios pueblos de su provincia, Manila 20 Noviembre 1848
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1785-1855, Exp. 55, Fol. 585-587, El Comandante P.M. del Distrito de San Mateo participa haberse presentado en las aguas de la Laguna un parao tripulado por algunos malhechores armadas, Manila 28 Diciembre 1854
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1825-1857, Exp. 44, Fol. 486-493b, Oficio del Alcalde Maior Primero de Tondo sobre la aprehension en el pueblo de San Pedro Macati de un tal Mariano Adriano por el delito de conato de incendiario; y otro oficio sobre el asesinato del Juez de Sementera Don Estanislao Navarro y del Teniente Cuadrillero Don Simeon Marcelo cometido en el pueblo de Muntinlupa por una banda de nueve tulisanes, Manila 10 Noviembre 1855
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1825-1857, Exp. 42, Fol. 429-480, Varios oficios de la Alcaldia Mayor de Tondo, dando parte de los robos, saqueos, muertes y otros crímenes ocurridos en diferentes pueblos de su provincia y la aprehension de los malhechores por los cuadrilleros, Manila 3 Diciembre 1853
- ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1785-1855, Exp. 58, Fol. 596-598b), El Comandante P.M. de San Mateo da parte de la muerte de un cabecilla de malhechores en manos de la Justicia de Tanay, y la aprehension de dos rateros armadas por los cuadrilleros de Cainta, Moron 24 Noviembre y 1 Diciembre 1855

ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1825-1857, Exp. 32, Fol. 317-318, Parte del Gobernadorcillo de Parañaque sobre que sus cuadrilleros dieron muerte al bandido Juan Jose por no querer rendirse, Malacañan 9 Junio 1848

ERECCION DE PUEBLOS: Provincia de Manila 1785-1855, Exp. 35, Fol. 410-436, Oficio del Corregidor de Tondo sobre una leva de vagos, ociosos o malentretenidos para tripular los buques de la Ensenada remitiendo las listas de los individuos aprehendidos para ser empleados al Real Servicio con expression de sus pronuncias y clases, Manila 27-28 Marzo 1797

DR. CELESTINA P. BONCAN is an associate professor at the College of Arts and Sciences of UP Manila. She served as president of the Philippine Historical Association and chief of the Research, Publications and Heraldry Division of the National Historical Institute (now the National Historical Commission of the Philippines). She is co-author of the book *The Filipino Saga: History as Social Change*. She obtained her BA History, M.A. History and Ph.D. History from UP Diliman, received a Fulbright research scholarship and a Rockefeller Foundation Fellowship for which she wrote a *Comparative History of the Philippines and Puerto Rico under American Rule*. In 2007, she was the Outstanding Faculty for Extension Service of the University of the Philippines Manila. In 2003 and again in 2006 she was named Outstanding Faculty for Teaching of the College of Arts and Sciences of U.P. Manila. She is a UP Manila Centennial Faculty Grantee.

Abstract

The Ilocos Region and the Philippine Revolution

Dr. Estrellita T. Muhi

University Of Perpetual Help Las Piñas

The resistance of the Ilocanos to Spanish conquest has been suggested and sometimes stated in reputable sources. However, although the facts are there, few Philippine textbook writers have tried to relate the role of the Ilocanos to the national drama known as the Philippine Revolution. This paper will try to relate the role and the participation of the Ilocanos during those historic moments.

The first part of the paper consists of the location and physical geography of the Ilocos Region. It also includes some regional traits, values and beliefs. The second part discusses the *alzamientos* or revolts staged against the Spanish authorities before the outbreak of the Philippine Revolution particularly those that occurred in 1589, 1661, 1762, 1788, and 1807. This includes the division of the province of Ilocos into the four provinces they are now. The third part relates the events and circumstances that led the Ilocanos to participate in the struggle for freedom not only as Ilocanos but in the formation of the Filipino nation. Some Ilocano revolutionary leaders and freedom fighters are also included. The fourth part is the conclusion.

Keywords: Philippine Revolution, Basi Revolt, forced labor, Muy Noble y Leal, Republic of Candon, Manuel Tinio

The Ilocos Region and the Philippine Revolution

Dr. Estrellita T. Muhi
University of Perpetual Help Las Piñas

Background

THE ILOCOS REGION comprise the provinces of Ilocos Norte, Ilocos Sur and La Union located on the northwest coast of Luzon. It is wedged between the mountains of the Gran Cordillera Central and the West Philippine sea. The mountains, one observer notes, sometimes run “ so close to the coast that there are very few places that offer safe shelter to vessels.”This whole scenery combines the beauty of mountain and sea. The Banaoang gap is where the great Abra river spills into the Philippine sea. Here, one experiences the breathtaking scenery of a sunset that shames Manila Bay. On the northernmost tip of the region, connecting Ilocos norte with Cagayan, one finds the great mountain trail called Patapat. But beauty is not equated with prosperity and as the Spaniards discovered, the region’s terrain limited her economy. Although rich in natural resources, the land itself was not productive. Ilocos soil, the Spaniards would find out, was a combination of sand and rock. Water resources were inadequate, in spite of the great rivers Abra and Amburayan. Most of the year, the sun burned not only the land but also her resources and her people. Nevertheless, the region has produced great men and women who helped build this nation.

Frugality, industry and sturdiness are the proverbial traits attributed to the Ilocano. When the Spanish conquistador Juan de Salcedo made his exploration of the region in 1572, he found a clean and intelligent people who showed a high degree of civilization.

There were three principal towns of the region at the coming of the Spaniards. Iluag (Loag) in the north, Bigan (Vigan) at the center, and Balatao (now San Juan and Bacnotan) in a La Union.

The Early Revolts

The natives of the north had fiercely opposed Salcedo's conquest of the region. However, in the end they finally gave up, neither forgetting nor fighting but merely waiting for the right opportunity. This was shown by the number of important alzamientos or armed protests which sometimes earned for the Ilocos region the title "the land of revolts". The first recorded rebellion of the Ilocanos occurred in 1589 at Dingras when its inhabitants killed six tribute collectors from Vigan. The Ilocos revolt in 1661 was bigger in scale and objectives. This was a triple alliance of Ilocanos, Pangasinenses and Zambals who protested forced labor. However, the impression created by the warlike Zambals did not appeal to most of the Ilocanos who did not want their homes trampled upon. The revolt ended with the capture and hanging of its leaders Pedro Gumpos of Pangasinan and Pedro Almanzan of Ilocos. More widespread and seemingly successful was the Diego Silang Revolt of 1762. Silang scored victories but was assassinated by the hired assassin, Miguel Vicos.

Tribute collections, forced labor and other forms of abuses by the Spanish *alcalde mayores* and other *babaknangs* (rich and influential) were not only the causes of the rebellions. Various monopolies imposed by the Spanish authorities on native industry served as fuel to the hatred harbored through the years. In 1788, the tobacco monopoly triggered another revolt, which started in Laog. In 1807, the widespread revolt of Pedro Ambristo known as the Basi Revolt broke out to protest the wine monopoly. These were some major disturbances that threatened the Spanish reign. There were other protests smaller in scale. What we want to point out is that these revolts were proof enough of the Ilocano unity. In their bid to be free from the Spanish imperial power. However, they were not united in the sense of fighting together to attain that freedom. The region is vast and there was sectionalism. Sectionalism was already a disease that not even the thought of freedom could alleviate it. Vigan,

they said, was snobbish and all other towns looked upon the **cabecera** with envy and contempt, central Ilocos looked down on the northern towns, lowland Ilocanos generally had little respect for the mountain dwellers. If there was sectionalism, the Spaniards knew how to use them for their divide and rule scheme. In later years, to make it worse, the old province of Ilocos was divided into four provinces they are now. Thus, Ilocos Sur and Ilocos Norte were created as separate provinces in 1818. In 1846, Abra was taken out of Ilocos Sur to form an independent one. In 1854, La union was created by merging the southern part of Ilocos Sur and the northern part of Pangasinan. Politico-military districts appeared in the adjacent mountains. Benguet was created in 1846, Lepanto in 1852, Bontoc in 1859.

The Philippines Revolution

The discovery of the Katipunan's existence in 1896 by the Spanish authorities triggered the beginning of the Philippine Revolution. Ironically, the land of revolts was late in joining the Philippines Revolution. Why?

It was to the credit of the Spanish officials of the province during the second half of the 19th century that the Ilocos Region underwent substantial material and economics progress. Roads and bridges were constructed, linking the towns and the provinces. Population mobility was facilitated, resulting in socio-cultural interaction among the people. Greater agricultural production, especially on cash crops was promoted, fostering trade. It is on record that Vigan was built from the proceeds of export indigo to foreign and domestic markets. Similarly, other towns were urbanized through the export of cash crops. This all goes to show that on the eve of the Philippines Revolution, Ilocos provinces were flourishing economically and seemingly had no compelling reason to want a change in the existing political structure of society. In other words, the province was peaceful enough in 1896. The governor's reports from the three Ilocos provinces during the 1890's give their inhabitants high marks for law and order. Ilocos Norte Governor Camilo Milan wrote in 1891 that misdemeanors were limited to petty thefts and pilferage.

The Ilocanos remained loyal to Spain and had nothing but contempt to the Revolution in 1896. Masses were held to pray for the victory of the Spanish troops and their native volunteers contributed money and men to help put down the "Tagalog insurrections". It is on record that during Gen. Lachambre's military offensive south of Manila in 1897, a squadron

of native cavalry from Ilocos Norte, 300 infantrymen from Ilocos Sur, 200 infantrymen from La Union were incorporated into the Spanish army to fight the rebels along with other volunteers from other provinces.

Another reason why they were late in joining the Philippines revolution was what we call regionalism. Tagalogs were traditionally prejudiced against each other. This was not strange. Salcedo had used Tagalogs to subdue the Ilocos. Many times, Ilocanos were employed to put down Tagalog insurrections.

It is also safe to say that the Katipunan itself was not blameless for the slow response to their revolutionary activities. Perhaps the revolutionary leaders did not exert great effort to spread the revolutionary ideals of freedom in those parts. Did they know that Valentin Diaz of Paoy had co-founded the Katipunan? Did they know that Artemio Ricarte of Batac was the Vibora in the battlefields of Cavite? Did they know that Isabelo Artacho of Vigan co-authored the Pact of Biyak na Bato? Military records have not survived to indicate, if any, or how many, Ilocano migrants were among the group of Abaya from Candon who recruited a group from Sagada and enrolled them in a secret society and perhaps became members of Ricarte's forces for it was only Ricarte who surrendered spears at Biyak na Bato.

However, in the Ilocos itself, no revolt broke out. In November 1897, the Queen rewarded Vigan a loyalty award, **Muy Noble y Leal**. The governors also attested that the region was calm.

In spite of their early **alzamientos** and the active participation of the Ilocanos in the Secularization and the Propaganda movements launched by the native intelligentsia, like P. Burgos, the Ilocanos were behind in 1896 when Andres Bonifacio and his Katipunan unfurled the red banner against the Spaniards.

Significant Events Leading to Revolution in the Ilocos

1. Mass arrests and executions

The Spanish authorities did not believe the peace and calm the province projected. They could not believe that the region where **alzamientos** occurred and where the likes of P. Burgos and the Luna brothers came from was not involved in the slightest suspicion, **principales** were rounded up, tortured and then shipped, bound like pigs for execution and imprisonment in Manila.

In a meeting held at San Fernando, La Union in late August, 1896, the Augustinian friars decided that the province must be rid of filibusteros. With the approval of Bartolome Fernandez, Father Superior of the Vigan Seminary, the friars announced that they have discovered a conspiracy against the government. On September 12, three weeks after the discovery of the Katipunan in Manila, nine members of the clergy of the Diocese of Nueva Segovia were summoned to Vigan and were held incommunicado at the Vigan Seminary on charge of affiliation with Masonry. The nine clergy received brutal floggings administered by Civil Guards under the direction of the Augustinian friars in an effort to extract admission of the charges. They were transferred to San Fernando, La Union where the floggings continued. Among the tortured were four priests – Fathers Mariano Dacanay of Aringay, Mariano Gaerlan of San Fernando, Adriano Garces of Balaoan and Bartolome Espiritu of Sinait, Ilocos Sur. (*La Independencia*, 1898, 3). The torture of the nine clergy antagonized their relatives against the friars.

In Vigan, there was no hint of any planned uprising by the residents. Despite the crackdown of the principales in La Union, the Vigueños, apparently remained loyal to Spain either out of sympathy for the Spanish government or because they might have been frightened by the reign of terror instigated by the Augustinian friars in La Union. However, the friars were determined to rid the province of filibusteros so that in the late 1896, the calm of the province was disturbed by the continued arrest of some Ilocanos who were allegedly involved in another conspiracy (*La Conspiracion de Vigan*, 1898).

Taking advantage of the absence of the provincial governor, Pedro Lopez Hernando, the commander of the Guardia Civil, Roberto White and the fiscal of Vigan, D. Jose Lahesa ordered Francisco Josue of Vigan, Francisco Centeno of Lapug, Esteban Vergara of San Esteban and Alejandro Donato of Caoayan to be taken into custody. Under torture and interrogation, Josue declared that there was indeed a conspiracy. A Filipino priest in his 60's, P. Mariano dela Cuesta, was at the time interrogated and confessed under torture to the existence of a conspiracy. The Spanish authorities decided to strike against the principales of the province at dawn on November 4, 1896. Among those arrested were Mena Crisologo, Fernando Ferrer, Antonio Centeno, Mariano Legazpi and Jose Angco of Vigan, Lino Abaya of Candon, Enrique Quema of Narvacan, Antonio Mina with his three sons of Tagudin, Leonardo Serrano and his son of Cabugao.

In San Fernando, 26 paisanos were implicated. All carried the honorific title of Don, indicating they were cabezas de barangay. Irineo Javier of Ilocos Norte, Jose Castañeda, Gregorio Collado, and others were all massacred without trial. In Agoon, 60 suspected subversives were killed. In Aringay, 96 citizens were rounded up and shot to death. In Balaoan, seven people belonging to prominent families were arrested, walked to the cemetery and shot to death. A street has been named Siete Martires in their honor. The news of the massacres electrified the Ilocanos.

More arrests were made. This time the seminarians – Gabino Carbonnel, Ambrosio Mina, Miguel Florentin, Apolonio de la Peña and Luciano Bernabe were all arrested. As a result, many Viguenos were alienated. The friars were known for their anti-Filipino policies. They were called “verdugos de los clerigos”. Moreover, the manner by which the principales were punished and condemned meant that they had been cut-off from the grace and protection the Spaniards used to provide them. This made them realize that their interest and those of the regime had clashed.

With the principales receiving the brunt of Spanish persecution, the masses were subjected to various security measures imposed all over the region. In this atmosphere of suspicion, the excesses of the Church and the military authorities were discussed by the people. Although the Ilocanos had acquired some cultural affinity with the Spaniards and some coinciding interests with the regime, and therefore had less reason to rise up in arms, the Spanish repression brought to the fore the mutual distrust between the Filipinos and the Spaniards, creating a situation fertile regarding the extent of the insurrection.

2. The Pact of Biyak-na-Bato

The armistice brought about by the signing of the Pact of Biyak na Bato in December 1897 was to change the status quo of the province. Aguinaldo and his men went on exile in Hongkong. Of those left behind, some were former students in Manila who had joined the revolution, and went back to their provinces. Perhaps, for the first time, the goals of the revolution were propagated among the Ilocanos who started to realize that they were left behind in rallying to a noble cause, that they had even helped to derail it.

The Ilocanos tried to make up for their shortcomings. By the time the governors were making their reports about the peace and order

situation in the region, the Centenos were holding secret meetings in Cabugao under cover of race horses and prayer meetings, Pedro Damasco was using the same prayer meetings in Narvacan, and in Candon, Isabelo Abaya and Fernando Guirnalda were busy organizing the Estrella del Norte cell of the Katipunan. By 1898, in spite of the Pact of Biyak na Bato, the province was seething with unrest and revolutionary fervor. One setting is Candon, Ilocos Sur.

The “Cry” in Candon

On March 25, 1898, the Candon rebels under Don Isabelo Abaya assembled and created a scene reminiscent of Andres Bonifacio and his Katipuneros in 1896. They took the Spanish garrison by surprise. The Civil Guards surrendered after their commander was wounded. The rebels attacked the convent and captured the hated curate, Rafael Redondo, who authored the imaginary conspiracy in 1896 with two other friars. All the Spanish captives were executed. Immediately, the rebels formed a revolutionary government called the republic of Candon, with Don Fernando Guirnalda as provisional president. In a few days, the Candon republic went out to extend its authority in neighboring towns. Seemingly, Ilocos has finally awakened from its deep slumber. This was made significant because the leaders were the babaknangs who used to wield power with the Spaniards. The rich and poor, politicized by experiences before and after Biyak na Bato were united eventually in a common struggle. However, the pockets of rebellion led to armed struggle for which the Ilocano rebels were not really prepared. After recovering from the initial shock, the Spanish authorities launched their counteroffensive by going after Abaya and his men. Civil guards from Vigan arrived in Candon on March 28. The rebels of Candon, armed only with bolos and few rifles, were no match to the Spanish civil guards. All the leaders were executed except the Guirnalda brothers and Isabelo Abaya who escaped. According to local legends, the short-lived government was called as the “Republic of Candon”. But the red flag which flew for three days over the convent was inscribed Republica Filipina Katipunan.

Other revolutionary activities of the Ilocanos includes the writing of a manifesto in the name of northern Luzon. The petition was addressed to Emilio Aguinaldo and the other revolutionary leaders then exiled in Hongkong to return to the country and lead them a new. Among the leaders of the petitioners were Juan Quintos and Vincent del Rosario,

who called themselves the chief of the Katipunan in Northern Luzon. (PIR, 157,4)

The increasing involvement of the Ilocanos in revolutionary activities signaled a shift in their loyalties.

3. The Return of Aguinaldo and the Tinio Brigade

The escalation of Filipino-Spanish hostilities became more intense with the return of Emilio Aguinaldo from Hongkong. Aguinaldo immediately moved to resume leadership in the struggle. Upon the establishment of the revolutionary government in June 1898, he dispatched expeditionary forces to provinces still under Spanish control to balance the loss of the capital and to take possession of the remainder of the archipelago.

It was necessary, therefore, to persuade the northern provinces to support the new government. Although there was really no need to stir up the Ilocos, a Spanish brigade of regulars, volunteers and civil guards were still in Ilocos, and the Revolutionary government found it necessary to send troops and arms to help the mission was given to Manuel Tinio of Nueva Ecija. Upon receiving Aguinaldo's order, he recruited 300 men, organized them into three companies which he placed under the immediate commands of Captains Joaquin Alejandrino, Joaquin Natividad and Ramon Tombo. These raw recruits were armed with captured Remington rifles which Tinio had collected along the way from the revolutionists in Bulacan. Tinio and his men proceeded to Dagupan, Pangasinan, which was then under siege by the forces of general Francisco Makabulos. Tinio did not wait for the Dagupan with additional 300 men incorporated into the Ilocos Expeditionary Forces. Having thus increased his force to 600, they proceeded to La Union to liberate it to Spanish rules. The Tinio Brigade moved swiftly into San Fernando. However, they encountered strong resistance from garrison forces under Lt. Col. Jose Herrero. Herrero was expecting reinforcement and was trying his best to hold on. No reinforcement came. When hunger stalked the defenders, the officers of the Spaniards hoisted the white flag. During the turnover of command, the veteran officer of the Spanish garrison pulled their hair and beat their breast in rage and humiliation when they saw they were to surrender to youngsters in their 20's, who commanded poorly armed and ill-organized new recruits of the revolutionary army. San Fernando was the first town in La Union brought under revolutionary control. The

people in the other towns turned into mobs, wrecking vengeance on the hated Kastilas. Enemy resistance was weak in Bangar, the northernmost town in La Union. The Tinio Brigade proceeded to Tagudin, Sta. Cruz and Candon in Ilocos Sur. The Spanish defenders attempted dilatory tactics but their defenses fell in dissaray before the Filipino forces. The Spanish forces withdrew to Vigan in the hope of reorganizing their defenses. However, Vigan was filled with Spanish refugees fleeing from the advancing revolutionary forces. The Bishop of Nueva Segovia, Jose Hevia Campomanes, and the civil officials and their families planned to go to Aparri, Cagayan, where they hoped to find a foreign vessel which would carry them to safety. They managed to reach Aparri but were intercepted by the Filipino forces led by the Caviteño Daniel Tirno. Spanish officials, native men and women with their children, together with belongings they could carry, proceeded in convoy to the north, leaving Vigan to the defense of local volunteers. But the defenders seemed to have concluded that resistance to the revolutionary forces was useless and sent word that Vigan would surrender without a fight.

Manuel Tinio entered Vigan and was welcomed by the people as their liberator, on the morning of August 13, 1898, the same morning the Spanish governor surrendered to American forces in Manila. According to newspaper reports, the reception given to Tinio and his men was ecstatic. Flags were hung in the streets and the band paraded throughout the town. Moreover, the principales of Vigan, turned out in full force to enlist under Tinio's command, bringing in with them a few hundred of their followers from Abra and Ilocos Norte (*La Independencia*, 1898, 3). General Tinio set up his headquarters in Vigan. To pursue the Spanish force, Casimiro Tinio, brother of Gen. Tinio was sent to Ilocos Norte with 600 riflemen. On August 17, 1898 Laoag was taken without opposition. On August 22, 1898, Cagayan fell. By mid-September 1898, Tinio reported to Aguinaldo that the provinces of the Ilocos Region had been placed under the jurisdiction of the revolutionary government. It was mission accomplished. In just a little over a month after Gen. Aguinaldo ordered him to the north, his revolutionary forces had completely liberated the whole Ilocos region and a part of the Cordilleras, winning for the Revolutionary Government the sympathy and support of the Ilocanos, which had been loyal to Spain during the first phase of the Philippine Revolution.

The scene of Spanish officials and civilians fleeing before the advancing revolutionary forces had brought home before the people

the primary significance of the revolution, that is the destruction of the old order, and the ascendance of a new one. The news paper, *La Independencia* published articles on how the elite of Vigan celebrated their new political dominance. A wedding reception held October 1898 in Vigan was attended by several prominent people who were related to the bride and groom. Accordingly, the reception hall was decorated with the tricolor of the new Philippines Government and with posters inscribed with slogans like “Viva la liberated y Igualdad, and Viva la liberated de la Patria (Ecos de Vega, January 1899,9).

Meanwhile, the 300-men original force of Manuel Tinio had increased to three regiments composed mostly of Ilocanos. Among them were Vicente Crisolago, Nicolas Ortega and Tomas Sy- Quia. The regiments held a military parade review before the Archbishop palace in Vigan. In the midst of 3,438 men was Tinio on a chestnut horse. The military band played the national anthem while the brigade saluted the flag and pledged to defend it till death.

Impact and Effect

The liberation of the Ilocos led to the embroilment of the region in the revolution. From the foregoing account, it is clear that the Ilocos region was not idle during the revolution. It may not have been included in Governor Blanco’s state of war decree, but it certainly was not far behind the revolution initiated in the eight Tagalog provinces. It increased the number of provinces brought under the revolutionary control and boosted the morale of soldiers still fighting in the field. It showed that latecomers like the Ilocos Region could catch up with the bandwagon, so to speak, and make the trip to freedom. The liberation of the Ilocos, even by an outsider like Manuel Tinio from Nueva Ecija, underscore the great value of cooperation and unity in national aspiration/

Thank you.

References

- Muhi, Estrelita T. **The History of Vigan From the Pre-Colonial era to the End of Spanish Period.** Masteral Thesis, university of the East, 1984.
- Ochosa, Orlino. **The Tinio Brigade :Anti-American Resistance in the Ilocos Provinces 1899-1902.** Quezon City: New Day Publishers, 1989
- Scott, William Henry. **Ilocano Responses to American Aggression 1900-1901.** Quezon City: New Day Publishers, 1986.
- Ecos de vigan**, 1898.
- La Independencia**, 1898. Philippine Archives.
- La Conspiracion de Vigan**, Philippine Archives.
P.I.R. 157,4

DR. ESTRELLITA T. MUHI was a full professor of History of the College of Arts and Sciences, University of the East from 1980 to 2002, where she served as Chairperson of the Department of History. She graduated AB and MA in History and Ph.D. Education at the University of the East. She was the Dean of the College of Arts and Sciences, University of Perpetual Help, Las Pinas City from 2002 to 2006.

Abstract

Ang Hangaway nga Nasamaran, Nagadugang ang Kaisog:
Isang Pag-unawa sa Stratehiya ng Pakikidigma ng Katipunan ni
Gat Andres Bonifacio sa Pulo ng Panay, 1896-1898

Vicente C. Villan

UP Departamento ng Kasaysayan

Tuon ng sanaysay na ito ang pag-unawa ng kaganapang panghimagsikan sa Pilipinas, partikular ang pampook na larangan nito gamit hindi ang nakagisnang lapit, metodo, at praktikang pangkasakasaysayan na pawang nakasalig sa paghahalukay ng mga primaryang mga batis. Bagamat kinikilalang mahalaga ang gayong sangkap sa historiograpiya sa kabuuan, sadyang inilihis sa nakagawiang pakikipagtalatang pangkasaysayan ang akda upang makita ang isang alternatibo ngunit mayamang larangang pagdulog at kaparaanan sa kasaysayan. Isinagawa ito upang kongkretong maipook sa diwa at kamalayang bayan ang naganap na makahulugan, makatuturan, at makabulugang kaganapan sa nakalipas.

Sa pangkalahatan, pinangangatwiranang higit na may saysay sa gawaing pang-intelektwal ang pagpapalitaw ng tinatawag na nakapangyayaring mga salik (causal factors) kung ihahambing ito sa nakagawian at nakatuon sa paglalahad na pangkaganapan sa kasaysayan (event-centric type history). Iginigiit sa partikular na higit na nakapagbibigay-linaw ang unang pagdulog para hanapin sa huli ang pinakamakabuluhang sanhi ng mga panlipunan at pangkasaysayang phenomena na nagbigay-hugis sa mga kaganapan.

Nilalayan ng pag-aaral na ito kung gayon na:(1) ugatin ang sanhi ng kaganapang panghimagsikan sa Pilipinas; at (2) magpakita ng halimbawa nito sa pampook na antas ng pagsasakasaysayan sa bansa. Susuportahan ang mga naturang *claims* sa pamamagitan ng mga datos na matatagpuan sa mga nakalathalang mga aklat, at pati mga artikulo; gayundin yaong ilang mga primaryang batis na ginamit sa pagproseso ng akda.

*Ang Hangaway nga Nasamaran,
Nagadugang ang Kaisog:
Isang Pag-unawa sa Stratehiya ng Pakikidigma
ng Katipunan ni Gat Andres Bonifacio
sa Pulo ng Panay, 1896-1898*

Vicente C. Villan
UP Departamento ng Kasaysayan

Pambungad

“Ang ‘di lumilingon sa pinanggalingan ay ‘di makakarating sa paroroonan.”

Ito ang malaganap na salawikain ng ating mga ninuno at siya namang itinaguyod ni Dr. Jose Rizal sa kaniyang panahon. Gayunman, bagamat tama ang naturang bayani sa kaniyang naging haka ukol sa kahalagahan ng gawaing paglingon, anu-ano nga ba ang nililingon sa nakaraan at papaano ang nararapat na pagsasakatuparan sa mga ito upang makarating doon sa inaasam na paroroonan?

Kung sisiyasatin at tutugunin ang katanungan sa unahan na siyang nagisilbing gabay na rin sa sanaysay na ito, kapuna-punang mayroon lamang limang masisipat na categoryang maaaring maitatampok upang maisakatuparan yaong pang-akademikong gawain ng paglingon sa pinanggalingan—*pook*, *tao*, *bagay*, *pangyayari*, at *panahon*. Ngunit, ating nababatid na hindi lahat ay maaari o karapat-dapat na gawaran

ng kaukulang paglingon sapagkat lubhang sanlaksa ang bilang mga ito sa nakalipas.

Upang bigyang-kabuluhan ang puntong nabanggit, maaaring tapyasin ang kalawakan ng limang kategorya sa pamamagitan ng lenteng pangkasaysayan. Sa pangkasaysayang lapit ay nababatid nating binibigyang-pansin lamang sa nakaraan yaong ipinagpapalagay na maykahulugan, katuturan, at kabuluhang lilinguning pook, tao, bagay, pangyayari, at panahon.

Sa sanaysay ito, maituturing na may saysay ang isasagawang paglingon sa pangyayaring itinaguyod ng mga Katipunero sa Isla ng Panay. Sa pamamagitan ng pag-uugnay sa kolektibong kamalayang paghahangaway at mahalagang ginagampanang papel nito sa paghubog ng mga kaganapan sa dalawang nasabing isla, mauunawaan natin ang kalikasan, lawak, at katangian ng himagsikang Pilipino sa Isla ng Kabisayaan sa mga taong 1896 hanggang 1898.

Nahahati sa tatlong bahagi ang akda na magbibigay-liwanag ukol sa makasaysayang tagpo sa buhay ng mga Pilipino sa nasabing panahon at dako: (1) *Samad 'ag Isog: Kontekstong Sikolohikal ng Himagsikan*; (2) *Ang Katipunan sa Isla ng Panay*; at (3) *Pakikipagdigma ng mga Anak ng Bayan sa Panahon ng Himagsikan sa Isla ng Panay*. Tatalakayin sa unang bahagi ang maituturing na sinipite ng argumentong pangkasaysayan at tinutuntungan sa kabilang dako ng naratibong bubuuin sa kabuang daloy ng sanaysay. Samantala, para sa ikalawa at ikatlong bahagi, maaasahan sa akda ang pagtatampok ng mga tala kaugnay sa ginawang pakikidigma ng mga Katipunero sa nasabing dalawang mahalagang isla ng Kabisayaan.

I. *Samad'ag Isog: Kontekstong Sikolohikal ng Himagsikan*

Maisasalin sa wikang nauunawaan ng marami ang pinakapamagat ng panayam na ito bilang: “ANG BAYANING NASUSUGATAN, NAG-IIBAYO ANG TAPANG”. May saligang sikolohikal ang ganitong salawikaing malaganap sa Pilipinas na nagtatampok sa papel na ginagampanan ng sugat (*samad*) at tapang (*isog*). Sa akda ni Howard Fields na pinamagatang “*MIND on Pain: The Psychology of Pain*,” na nailathala sa *SCIENTIFIC AMERICAN* noong ika-26 ng Agosto 2009 ay makikitang ang sugat na siyang pinagmumulan ng kirot ang maituturing na direktang sanhi para sa agresibo at positibong pagpapasiya ng isang tao. Ayon sa artikulong binanggit na ating isasalin


na sa wikang Pilipino ay sinasabing...

Ang kirot ay isang tandang babala ng sugat, upang gawing makabuluhan ang sugat, kinakailangang maka-empluwensya ang kirot sa pag-uugali ng tao sa paraang makaragdag ito sa kaniya ng pagsisikap para sa kaligtasan. Kung kaya't marapat na ang kirot ay nakataling maigi sa mga gawain ng utak na siyang nagpapagalaw sa pag-aasal at pagpapasiya... (malayang salin).

Malinaw na may ginampanang papel sa madaling salita ang kirot bilang tandang babala ng isang sugat na nakapagbibigay ng impluwensya sa tao upang pagsumikapan ang inaasam niyang kaligtasan mula rito at gawin iyon bilang sandigan ng kaisipang mapagpasiya para sa hinahangad na pagbabago. Sa lipunang Pilipino, matagal nang inaral sa Sikolohiyang Pilipino ang nauukol sa kahalagahan ng "loob" (Miranda 1989, 46-48) na pinagnunukan ng panlipunang pagpapasiya na tinuran sa unahan ng sikolohistang si Fields. Sa mga ginawang pag-aaral halimbawa ni Virgilio Enriquez, malinaw na panimulang kaisipang matatawag ang *loob* upang maunawaan yaong panlipunang ideya ukol sa "kapwa" bilang sarili na nakikita sa ibang tao, at di-ibang tao. Ibig sabihin, ang bawat loob na masusumpungan at batayan ng panlipunang pag-uugnayan ng mga indibidwal sa loob ng kinabibilangang lipunan ay siyang pinaghuhuluan ng iba't ibang anyo ng panlipunang kirot (*social pain*) at nagpapagalaw samakatuwid sa kaasalan at pagpapasiya ng tao.

Kasangkapang panlipunang maituturing ang loob hindi lamang para sa panlipunang pag-uugnayan (*sa pamamagitan ng pakikipagkapwa*) kundi pati na rin sa pansariling pagpapasiya na naibubunsod ng mga istimulong nagbubuhay mula sa labas at nakaapekto sa kalooban ng tao upang ito ay kumilos (Eliab 2002, 77-89). Kung sisiyasatin, nasa loob ng tao makikitang nakaugat o nakakawing yaong sikolohikal na kategoryang *batyag* (pakiramdam) (Villan 2013, 61-65 & 68), *huya* (hiya) (Salazar 1985, 259-270), at *utang nga kabalaslan* (utang na loob) (Tullao 1991-1992, 25-27 & 29-33; & Motin 2001, 299, 307-317) bilang mga panlipunang halagahin ukol sa binanggit sa unahang pakikipag-uugnayang panlipunan. Naging unang tagapagtanggap kung sisiyasating mainam ang pandama ng tao para sa istimulong nagbibigay sa kaniya ng ligaya, lungkot, hapis, dusa at kalumbayan na nagsisilbing mga halimbawa ng pangsikolohikal na baryabol upang ito ay gamiting positibong

tuntungan para sa panlipunang aksyon—pasibo man ito o aktibong pagkilos. Gamit ang emosyunal na kategoryang *hiya*, naisasagawa ng tao ang sa palagay niyang pananagutang panlipunan na nagiging sandigan naman sa kabilang dako para sa pagkakapit-bisig ng mga nagtataglay ng sosyolohikal na sugat (*sociological wound*) at nakakaranas ng hapdi ng panlipunang kirot (*social pain*). Samantala, itong *utang nga kabalasan* (utang na loob) naman ang sa huling pangmatagalang saligang pang-emosyon ng tao upang kongkretong maisakatuparan yaong sa kaniya'y ginawang kagandahang loob ng kaniyang kapwa tao sa anyo man ito ng *di-ibang tao* o *ibang tao*. Ito ang sikolohikal na gabay na naghugpong sa mga Anak ng Bayan upang ibulalas yaong kanilang kolektibong paghihimutok—sa pamamagitan ng himagsikan--bunsod ng sinapit na pag-aalipusta, pag-uupasala, pagpapatapon at maging yaong pagpapatay sa mga walang kalaban-labang mga bata at matatanda (Bonifacio 1895? / Almario 1993, 154).



Rebisyon ng Villan 2013, 64

Samantala, saang larangan ng malawak na loob nakasingkaw ang kamalayan ukol sa pag-uugnayang panlipunan at pansariling pagpapasiya para maisakatuparan yaong binanggit sa unahang kongkretong aksyon at halimbawa ng pagsusumikap para sa pagbabago na hinangad ng lahat ng mga Anak ng Bayan?

Ang Aklanong iskolar na si Josue Soncuya (1917) ay nagtampok ukol sa tatlong mahalagang kaugalian ng mga Bisaya—*ilub*, *unong*, at

amok—na itinuturing ng pag-aaral na ito bilang sikolohiya ng paglilingkod bayan (Soncuya 1917, 17-20); & Villan 2013, 67) .Tumutukoy ang *ilub* (pagpaparaya) para sa lubos na pagpakumbaba ng sarili ng isang tao upang bigyan ng kaukulang pagpapahalaga ang kapakanan ng ibang tao sa halip na unahin yaong madalas sa ibang pansariling kapakinabangan; at gayundin, doon sa pagpapakita ng lubos na pagpaparaya para bigyang konsiderasyon naman sa kabilang dako ang kapakanan ng kapwa-tao sa pamamagitan ng pagtitiis, kababaang loob, pagtitiyaga, at katapangan sa pagharap laban sa matinding kahirapan.

Sa kasaysayan, matinding *pagpapailub* ang ipinadama ng mga Pilipino sa itinuring nilang kapatid na mga Espanyol upang iparanas sa mga ito ang labis-labis na pagpaparaya at pagpakumbaba para sa kanilang kapakanan at kagalingan. Ipinakita sa kanila halimbawa ang buong katapatan para sila’y kalingain at kandiliin hindi lamang para ipamalas yaong maalab na pagkukupkop sa sariling bayan sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga ito ng mga batayang pangangailangan at pagsunod sa kanilang naisin kahima’t danasin ng mga ninunong Pilipino sa kabuuan ang kasalatan at kadayukdukan sa buhay. Sinasabi ng mga Katipunero na:

Buhat ng ito’y mangyari ay bumibilang na ngayon sa tatlong dantaong mahigit na ang lahi ni Legazpi ay ating binubuhay sa lubos na kasaganaan; ating pinagtamasa at binubusog kahit abutin natin ang kasalatan at kadayukdukan; iginugugol natin ang yaman, dugo, at sampu ng buhay sa pagtatanggol sa kanila; kinakahamok natin sampu ng tunay ng mga kababayan na ayaw pumayag na sa kanila’y pasakop; at gayundin naman, nakipagbaka tayo sa mga Intsik at mga Olandes na nagbalang na umagaw sa kanila nitong Katagalugan (Bonifacio 1895? / Almario (pat) 1993, 152).

Dahil maituturing na pagtataksil ang iginawad sa kagandahang loob na pinalala pa ng kawalang katarungan sa buhay ng mga kabataan, pagdungis sa kapurihan ng mga kababaihan, at matatanda na walang awa nilang kinitlan ng buhay. Ipinahayag ng mga Katipunero ang kanilang marubdob na hinanakit na naging saligan paglaon sa kanilang ipinakitang pagiging marahas ng mga Anak ng Bayan:

Yaong pagpapasunog nila sa mga bata, yaong paglapastangan at pagdungis sa kapurihan ng mga babae na di na pinakundangan ang kanilang kahinaan, yaong pagputol ng buhay ng mga

matatandang hindi na makausad at sanggol na sumusunso pa, na kailanman ay hindi na at gagawin pa ng sino pa mang lalaking may puri at may tapang, ay humihingi ng isang masiglang paghihiganti at matinding kaparusahan (Bonifacio 1895? / Almario (pat) 1993, 154).

Nangangahulugan ito kung gayon na ang ginawang *pag-unong* (di-pag-iwan, laging pananatili, at pagiging matapat sa itinuturing na kapatid, kasama o kaibigan) upang gawaran sila ng paglilingkod at alayan maging ng kanilang yaman, dugo, at buhay ay naiwi sa pangkabuuang *pag-amok* (kolektibong *pag-amok* o pagbubulalas ng hinanakit sa pamamagitan ng pagiging kabagsikan o himagsikan) sa mga Espanyol na itinuring ng mga Katipunerong kaaway at nararapat samakatuwid na paghigantihan at padanasin ng matinding kaparusahan. Ito ang kinasasaligang sikolohikal ng himagsikang Pilipino na lumaganap at itinaguyod ng KKK sa buong kapuluang Pilipinas.

II. Ang Katipunan at Himagsikan sa Isla ng Panay

Isa ang isla ng Panay sa naging pangunahing pook sa Pilipinas na pinagkakatatagan ng Kataas-taasang Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan o KKK na itinatag sa Tondo, Maynila noong ika-7 ng Hulyo 1892 nina Gat Andres Bonifacio at mga kasamahan sa kilusan. Maaagang nasangkot kung tutuusin ang mga tagapulo sa kilusang nabanggit sapagkat hinog na rin kung sisiyasatin pa sa kabuuan ang nasabing pambansang pagkilos laban sa mga mananakop na Espanyol (Sonza 1962, 12). Ang pagkakaroon halimbawa ng mga kilusang bayan—*Babaylanato* at *Pulahan*—noong huling hati ng ika-19 na siglong namasdan at naglipana sa buong isla ng Panay ang katibayan sa pagiging handa ng mga tagapulo para sa pambansang pagkilos (Villan 1998, 81). Kinasasangkutan nina Gregorio Dios ng Antique, Juan Perfecto ng Iloilo, at Bianito Guillermo ng Capiz ang gayong mga kilusang nagpadali sa pagpasok ng at nagpalago sa Katipunan sa isla ng Panay.

Taong 1895 sinasabing maiuugat ang tala hinggil sa direktang pakikisangkot ng mga tagapulo nang ang kabilang sa pangkat ng mga “Kanakas” (pearl divers) na sina Francisco del Castillo at Candido Iban na nagbuhat sa bahaging Aklan ng noo’y lalawigang Capiz ay matagumpay na nakauwi sa Pilipinas kasama si Procopio Bonifacio mula sa pinagtatrabuhan nilang sisiran ng perlas sa Islang Thursday sa

kontinente ng Australia (Barrios et al., 1997, 9). Dahil sa nagkaroon ng salaping kanilang napanalunan sa loterya sa nasabing dako, ang mahigpit na pangangailangan para sa paglalathala ng diyaryong *Kalayaan* ay kaagad na tinugunan ng dalawang Aklanon sa pamamagitan nang pagkakaloob ng sapat na halaga kina Gat Andres Bonifacio upang maisakatuparan yaong marangal at dakilang simulain para sa pagbubuklod at pagkakaisa ng mga Anak ng Bayan sa kapuluang Pilipinas. Apat-na-raang piso ang bukal-sa-loob na halagang ipinagkaloob ng dalawang Bisayang Aklanon upang mailathala ang nasabing pahayagan na nailabas sa madla sa yaong 1895 (Sonza 1962, 2).

Tangi rito, naging aktibo rin ang dalawang Bisayang nabanggit maging doon sa iba pang gawain ng KKK tulad ng paglalakbay tungong Bundok Tapusi upang isagawa roon ang pagpupulong para sa kapasyahang ipahayag ang kanilang paghahangad para sa inaasam na kalayaan sa Espanya (Barrios et al., 1997, 11-12). Isinangkot rin ng dalawang bayaning taga-Aklan, Capiz ang kanilang mga sarili sa ganitong gawain at paghahanap ng mapag-iilihang pook doon sa dako ng San Mateo at Montalban bilang kahayagan na rin sa kanilang di-matatawarang pakikiisa para kay *Inang Bayang Katagalugan* (tatawaging Pilipinas paglaon). Kasama nilang lumahok at nakiisa sa nasabing makasaysayang paglalakbay para sa pagpupulong at paghahanap ng mapagkukutaang pook ay sina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, Aurelio Tolentino, Faustino Manalak, at Pedro Zabala (Sonza 1962, 2). Dalawang mahahalagang yungib—*Makarok* at *Pamitinan*—ang pinangyarihan para sa isang ritos ng pagsapi at ipinahayag doon sa pamamagitan ng pagsasatitik sa mga yungib ang paghahangad nila para sa kalayaan ng lupang tinubuan (Barrios et al. 1997, 11-12).

Ika-19 ng Agosto 1896 matapos maganap ang di-inaasahang pagkakatuklas sa nasabing lihim ng kilusan ang nagdulot ng sunod-sunod na mga pagpupulong para sa gagawing stratehikong pagkilos; ipinasya ni Gat Andres Bonifacio alinsunod na rin sa naging payo ni Apolinario Mabini ang nauukol sa pagpapalawak ng KKK sa buong kapuluan kung kaya't ang kagyat na pagpapauwi sa kanilang dalawa sa kanilang pook ay naisakatuparan. Pagkatanggap-na-pagkatangggap mismo ng gayong habilin mula sa Supremo, tinalunton kaagad ng dalawang Aklanon kasama ng dalawang iba pang kasama nilang sina Valeriano Dalida at Albino Ravaria ang rutang pandagat tungong hilagang Panay (Barrios et al. 1997, 15-17). Sa pamamagitan ng sakayang *balandra*, palihim nilang binaybay sa pamamagitan ng pulo-

sa-pulong paglalakbay kahima't sapsukit na kadiliman at panganib ng gabi upang matalunton lamang yaong nasabing dako sa Kabisayaan. Tinatayang nakarating ang nasabing mga Katipunero sa Panay noong ika-26 ng Disyembre 1896 (Zaide 1978, 2162).

Pagkarating mismo sa hilagaang Panay, doon sa nayong Lagatic sakop ng bayang Batan at mga kanugnog na mga baybaying kabayanan ng Capiz (Aklan ngayon) nila sinimulan ang paghihikayat sa mga taong nais na sumapi sa kilusan na paglaonay nakapagsagawa ng pinakamaraming sanduguan pagsapit ng ika-2 ng Marso 1897 (Sonza 1962, 4 & Barrios et al. 1997, 16-17). Sa mabilis na pagdami ng kilusan, hinati ng liderato ng KKK sa Aklan ang konsentrasyon ng kanilang operasyon (Barrios et al. 1997,). Itinalagang lider sa Kanluran ng Ilog Aklan si Hen. Candido Iban na ang punong himpilan ay nasa Liloan (sakop ng Malinao); habang sa may silanganang bahagi naman ng Ilog Aklan si Hen. Francisco del Castillo kung saan masusumpungan naman sa pook ng Mabilo (sakop ng Kalibo) ang kaniyang punong himpilan.

Magkayunman, sa ilayang bahagi ng Capiz doon sa may dakong kalagitnaan at katimugang bahagi ng lalawigan naging abala naman ang dalawa pang masigasig na mga Katipunerong sina Papa Macario Lusco (mula Tapaz), at Juan Arce (mula Sigma) sa kanilang gawaing paghihikayat sa mga agraviados ng naturang lalawigang Capiz. Kaalinsabay nang paglawak ng kasapian sa lambaking pook ng Aklan, lumaganap din ang kasapian ng KKK sa seksyong Ilaya ng Capiz na hindi lamang humikayat sa maraming bilang ng mga Kristiyanisadong Indio, kundi pati na rin maging ng mga pangkat Bukidnon at Ati. Upang maging sistematisado rin ang kilusan sa bahaging iyon ng Capiz, ipinailalim sa pamumuno ni Hen. Eustaquio Gallardo (mula Tapaz) ang bahaging bulubunduking rehiyon sa may katimugan at kanluran ng Capiz; habang nasa kapatagang bahagi ng rehiyong Tipic ng Capiz si Hen. Saturnino Javillo (mula Sigma), at si Hen. Esteban Contreras (mula Pontevedra) naman sa dakong hilaga-silanganang baybaying kabayanan ng Capiz (Calmerin 1933, w.p.; Sonza 1962, 11-15; & Villan 1998, 58B).

Kapwa bahaging Ilaya at Aklan ng sinaunang Capiz kung gayon at pati na maging yaong kasakupan nitong kapuluang Romblon sa Dagat Sibuyan na kinasangkutan halimbawa ni Adriano Rios (Esquejo 2010, 80) ay marubdob na nakisangkot sa ganitong marangal at dakilang simulain ng pagpapalaya sa Inang Bayang Katagalugan na kanilang panimulang itinaguyod sa pamamagitan ng paghihikayat sa mamamayang sumapi

sa Katipunan. Ang samahang ito na pinagtitipunan ng mga nakaranas ng sugat at kirot sa kanilang mga puso bunsod ng binanggit sa unahang pag-aalipusta, pag-uupasala, paglapastangan at kawalang-galang sa kanilang pagkatao—bata, babae at matatanda—ay nagkakapit-bisig para sa isang pangkabuuang pag-amok sa kaaway (Villan 2013, 76-77).

III. Pakikipagdigma ng mga Anak ng Bayan sa Panahon ng Himagsikan sa Isla ng Panay.

Ika-24 ng Pebrero 1897 naitala sa bayan ng Tapaz, Capiz ang unang pagbubulalas ng himutok ng mga Anak ng Bayan na kanilang kongkretong ipinakita sa pamamagitan ng marahas na pagkubkob sa nasabing dako ng hilagang Panay. Sinundan pa ito ng isa pang ulos ng pag-atake ng mga Anak ng Bayan mula sa seksyong Aklan nang inilunsad naman ang napatanyag sa kasaysyang “El Levantamiento de Liloan,” na pinamunuan ng kaniyang kapatid na si Benito Iban, sampu ng magkakaptid na Yonsal (Nemisio at Gavino) noong ika-16 ng Marso 1897 (Liloan, 1997, 1-4); at paglulunsad sa kasunod na araw naman na pinagunahan ni Hen. Francisco del Castillo. Ang agarang pagpapasya para kubkubin ang bayan ng Kalibo na kaniyang pinangungunahan ay bunsod ng intelihensyang nasagap ng mga Katipunero ukol sa pagpapadala ng mga hukbong ekspedisyonaryo buhat sa Luzon upang supilin ang lumalawak na Katipunan sa isla ng Panay.

Bagamat kapwa nabigo yaong tatlong inisyal na pag-atake sa nasabing mga pook ng hilagang Panay, hindi ito ang naging wakas para sa pagkilos ng mga Anak ng Bayan upang itaguyod yaong marangal at dakilang simulain nila ng pagpapalaya kay Inang Bayang Katagalugan. Katunayan, lalong nag-uumapoy pa nga kung titingnan sa kasunod na mga tala ng kaganapanng himagsikan sa isla ng Panay na marubdob na kinasangkutan ng mga Katipunero mula sa seksyong Ilaya ng Capiz. Sa pagkakataong ito, matapos napag-alaman ng mga Katipunero na nagkukuta sa bundok Macawiwili sa bayan ng Altavas (bahagi ng Aklan ngayon), mabilis na kumalat ang balita tungong Ilaya ng Capiz na naging daan paglaon para sa opensiba ng mga hukbo nina Hen. Eustaquio Gallardo (mula Tapaz), at mga kasamahan nitong Katipunerong Ita at Bukidnon (pangkat Sulod sa kategorya ni F. L. Jocano).

Samantala, dahil sa maalab na pagkilos at opensibang ito ng mga Anak ng Bayan sa bahaging Ilaya at upang apulain ang pagkalat ng lagablab ng apoy ng himagsikan sa isla ng Panay na lubhang naging

malakas sa bahaging Aklan, napilitan ang mga Espanyol na isagawa ang kampanyang militar upang sugpuin ang nasabing “insureksyon” sa Capiz. Sa pamamagitan ni Kol. Ricardo Monet, pinangunahan nito ang operasyong pangmilitar para sa kontra-opensiba laban sa mga Katipunero sa naturang dako ng Kabisayaan. Magkaganito man, hindi naging madali para sa nasabing mabagsik na pinunong militar ng mga Espanyol ang paghagilap para taluntunin yaong armadong kilusan sa nasabing pook kung kaya’t sa halip na ituon at ipagpatuloy yaong nasabing kampanya, sinikap na lamang nito na mag-alok ng amnestiya para lansihin at bitagin sa kanilang mga kamay ang mga lider ng Katipunan.

Isinagawa una ni Kol. Monet ang kaniyang mapanlinlang na taktika kapanabay ng walang habas na pagtugis sa mga Katipunero mula sa bayan ng Banga tungong pasilangang Batan at pagtugaygay din sa mga posibleng himpilan ng mga Katipunerong nakapaligid sa liblib na bahagi ng bayan ng Kalibo. Karamihan sa mga ipinapiit sa bodegang-kulungan malapit sa plasa ng Kalibo na bumagsak sa kanilang panlilinlang at kabangisan ay ang mga matataas sa katungkulang mga Katipunero na pagsapit ng ika-23 ng Marso 1897 ay sinintensyahan ni Kol. Monet ng kamatayan at nakilala sa ngayon bilang “Nineteen Martyrs of Aklan.” Silang mga bayaning humarap sa hatol ng kamatayan at nagpasiklab para sa lalong nag-uumigting na poot ng bayan sa mga Espanyol ay kinabibilangan nina:

- Roman Aguirre
- Tomas Briones
- Valeriano Dalida
- Claro Delgado
- Domingo dela Cruz
- Angelo Fernandez
- Benito Iban
- Candido Iban
- Simon Inocencio
- Isidoro Jimenez
- Catalino Mangat
- Lamberto Mangat
- Valeriano Masinda
- Maximo Mationg
- Simplicio Reyes
- Canuto Segovia
- Gavino Sugang
- Francisco Villorente
- Gavino Yonsal

Hindi ikinaduwag ng mga Katipunero ang naganap na pagkalupig sa mga unang salbo ng labanan at pati na rin yaong naganap na pagpaslang sa 19 martir ng Aklan. Sa halip, higit pa ngang nagpaalab ito sa kanilang loob upang sila ay maging matapang na harapin ang mga Espayol sa mga patag ng labanan. Katunayan, makalawang araw pa

nga lamang matapos ang pagkamatay ni Hen. Francisco del Castillo sa naganap na pagsalakay sa Kalibo noong ika-17 ng Marso 1897, kaagad na naglunsad na si Hen. Eustaquio Gallardo mula sa bayan ng Tapaz ng paghihiganti sa mga Espanyol sa pamamagitan ng pagpapadala kay Hen. Macario Lucso at ng kaniyang hukbong Ati mula sa kabundukang Tapaz at kanugnog na mga kabundukan upang ayudahan ang kaniyang hanay na tumungo sa Batan para simulan doon ang opensiba para sa pagkubkob sa mga Espanyol na nakasentro sa Kalibo. Gamit ang kanilang sibat at pana, mga itak at sumbiling ang naging pangunahing sandatang kanilang ginamit para pakikipagbuno sa mga kaaway sa nasabing dako. Nagsimula ang laban sa pook na tinatawag na Sogod at nagbuwis ng may 150 buhay mula sa hanay ng mga Katipunero ang nasabing opensibang nagmula sa Ilaya ng Capiz.

Kung susuriin, dalawang layunin ang paglagak ng puwersang Ati at Bukidnon ng Katipunan sa baybaying bayan ng Batan: (1) maging dagdag na pananggalang ito bunsod ng opensibang Espanyol sa mga Katipunero sa naturang mga dako; at (2) maging opensibang hanay na rin para sa pag-atake sa Kalibo at maging doon sa pinakasentro ng pamahalaang kolonyal ng lalawigan sa Capiz. Stratehikong lugar din ito kung sisiyasatin para sa ugnayang panghimagsikan hindi lamang sa Romblon, kundi maging sa Timog Katagalugan at Kamaynilaan. Dahil sa kahalagahan ng Batan sa pangkalahatang tanaw ng himagsikan, hating gabi ng ika-7 ng Abril 1897 isinagawa nina Jose Mabasa, Faustino Balayang, Cornelio Delfin, Albino Ravaria, Pedro Pamatian, at Eustaquio Gallardo ang pagkubkob sa nasabing garisong itinatag ng Espanyol sa Lagatic (New Washington ngayon). Matapos ang matagumpay na pagkubkob ng garison sa nasabing pook, sinundan ng Katipunerong si Juan Tagle na mula naman sa bayan ng Tangalan ang pagbuo ng ilihan o muog doon sa bundok ng Vivo isang linggo matapos ang kaganapan sa Lagatic upang pasimulan doon sa nasabing dako ang mga planong pagpaslang sa mga Espanyol na nakahimpil sa may hilagakanlurang mga kabayanan ng Panay.

Tangi rito, habang naging abala ang mga Katipunero sa mga kabayanang nasa may Kanlurang bahagi ng Ilog Aklan sa kanilang mga paghahanda, pakikipagmuog, at pakikihamok sa naruong naka-estasyong mga hukbo ng marina sutil, at mga guardia civil, masigasig na isinagawa ng mga nasa bahagi ng Ilaya naman ng Capiz ang kanilang paghahanda laban sa mga Espanyol. Unang naging malakas na hanay ng KKK sa Ilaya ng Capiz ang makikita sa may kanlurang bahagi ng mga

sanga o tributaryo ng Ilog Panay—Ilog Mambusao at Huluang bahagi ng Ilog Panay—mga kabayanang nasa paanan ng kabundukang Baloy at Madia-as; gayunman, adbentahe dahil sa malapit din ang mga ito sa mga stratehikong katawang tubig—ang Tinagong Dagat ng Batan, at Sapián Bay. Bukod sa madaling maka-urong sa masukal at matarik na kagubatan ng Gitnang Panay, sakaling malaginlin ang anumang mga planong opensiba, ang dalawang binanggit na katawang tubig ay nagsisilbing mahalagang batis ng protina na mga maghihimagsik bukod pa sa ruta ito ng mga paraw na ginagamit ng mga Katipunero sa kanilang pag-uugnayan, pagpapadala ng mga mensahe, at mga suplay na mahalaga sa pakikidigmang bayan. Nakaluklok din ang nasabing mga kabayanan sa malawak na kapatagan—Tipic Valley, at Aklan Valley—tradyunal na pook na pinagmumulan carbohydrates na mahalaga sa gawaing pakikipagdigma ng mga Anak ng Bayan.

Sa lambakin ng Tipic ng Capiz—Mambusao, Sigma, Dao, Cuartero, at ilang seksyon ng mga bayang Panit-an, Dumarao, Dumalag, at Jamindan—masusumpungan ang malalawak na sakahan na nagsisilbing “rice bowl” ng lalawigan sa bahaging Ilaya ng Capiz ang nagsilbing *hotbed* ng armadong kilusang ito ng mga Pilipino sa nasabing dako ng Kabisayaan. Mulang maganap ang pagkapaslang ng mga 19 martir ng Aklan, at opensibang Espanyol sa mga palibot na bayan ng Kalibo mula buwan ng Marso hanggang sa maganap ang Pact of Biacna-bato, naganap ang mariing pagsupil sa mga Katipunero ng Capiz. Magkaganito man, ang mga nangasa kanluran ng Aklan Valley, at higit lalo na ang buong Ilaya ng Capiz ang naging pangunahing pook na masasangkot sa matitinding sagupaan pagpasok ng taong 1898.

Sa naging tala ni Raymundo Calmerin, ang unang dalawang tala ng pangunahing labanan—Pagsalakay sa Tapaz (ika-24 ng Pebrero 1897, at ang Pag-aalsa Lilo-an para Salakayin ang Kalibo (Ika-16 hanggang 17 ng Marso 1897)—ang maituturing na naging hudyat para sa palagay niyang “ikaltung pagkinagubut” (ikatlong tala ng himagsikan) sa lalawigan ng Capiz na naganap sa taong 1898. Katunayan, matapos napag-alaman ng mga Katipunero ang impormasyon hinggil sa naganap na pag-aalsa ng Babaylanato sa bayan ng Passi (lungsod na at bahagi ng Iloilo) noong ika-1 ng Enero 1898 (Secretaria del Gobierno General de Filipinas, 1898, w.p.), nagpasimula na ang tinawag ni Calmerin na *ikaltung pagkinagubut* sa Capiz sapagkat lubhang naging malawakan na ang pagkakasangkot ng mamamayan, at lubhang naging hayag at mapangahas na ang kanilang ginagawang paghihimagsik.

Noong ika-15 ng Abril 1898 naganap ang ikatlo sa pinakamalaking sagupaan sa pagitan ng mga Katipunero at hukbong Espanyol sa Pan-ay, Capiz. Kaugnay nito, itinala halimbawa ni Calmerin na hindi lamang mga Ati at Bukidnon ang naging kasangkot sa kilusang ito na nagpakita ng kanilang kagitingan noon, una sa ginanap na opensiba sa bayan ng Batan, at pangalawa, sa ginawang pagsalakay sa Pan-ay, Capiz kundi pati na rin maging yaong masigasig na pakikisangkot ng mga kapanalig na mga maykapangyarihang mamamayan ng Panay. Ayon sa naging gunita na ginawa ng nasabing Katipunero, sinabi niyang:

Sang masayuran ini nga hitabu ni Juan Arce amo kag lumakat sila ni Saturnino Javillo nga ila ginlibud ang mga nag-ilimpun sa ila Katipunan nga nagtililipun sila sa sulud sang banwang Mambusao: ginpanguluhan ni Don Ramon Hontiveros, sa Sigma sang aktuwal nga Kapitan Munisipal Don Tomas Javillo, sa Dao: si Kapitan Leon Bauson, sa Panit-an: si Eugenio Diestro, sa Cuartero: Mariano Frejules, sa Dumalag: si Kapitan Manuel Fermalino kag ang iya bata nga si Ezequiel Fermalino, nga sang nagtililiunsila nga manggugubot ila ginpamutangan sing bantay ang mga dalan gikan sa Kapis kag gikan sa banwang Dumarao...

Nang malaman ni Juan Arce ang mga pangyayaring ito, siya ay lumisan kasama si Saturnino Javillo at kanilang pinuntahan ang mga nangagsisapi sa kanilang Katipunan na nagtitipon sa bayan ng Mambusao: pinangunahan ni Don Ramon Hontiveros, sa Sigma ng aktuwal na Kapitan Munisipal Don Tomas Javillo, sa Dao: si Kapitan Leon Bauson, sa Panitan: si Eugenio Diestro, sa Cuartero: si Mariano Frejules, sa Dumalag: si Kapitan Manuel Fermalino at ang kanyang anak na si Ezequiel Fermalino na nang nagtitipon na ang mga mandirigma, kanilang nilagyan ng mga bantay ang mga daan mula sa Kapis (Roxas ngayon) at mula sa bayan ng Dumarao... (malayang salin sa Calmerin 1933, w.p.).

Malinaw na hindi lang naging tagamasid na mamamayan ang mga elit sa panahong ito, sa di-mawari o tiyak na nilalayon o simula ang kadahilanan sa kanilang pagsapi sa kilusan. Magkagayunman, klaro sa naging tala ng nasabing beterano ng KKK na tubong Sigma, Capiz ang marubdob na pagkakasangkot ng mga ito sa himagsikan ng Pilipino sa Panay. Dahil masusumpungan at nagmula sa may bahaging lambak ng Tipic ang nasabing mga pinunong bayan na bumaliktad at naging bahagi

na ng Katipunan, naging mahalaga silang rekrut sa KKK dahil na naging ambag ng mga ito hindi lamang sa maipagkakaloob na mga suplay, kundi higit lalo na ang stratehikong tulong na makikita halimbawa sa pangunguna nilang lagyan ng kaukulang mga bantay o lagakan ng mga tanod ang mga pangunahin at itinuturing na mahahalagang mga pasukan at lagusan sa nasabing rehiyon ng Ilaya ng Capiz.

Ngunit bago ito, ating nababatid na hindi lamang isiniguro ng pamunuan ng KKK maging ng kanilang mga kapanalig ang tatlong pangunahing sektor ng mamamayan sa Panay—Ati, Bukidnon, at Indio pati na rin maging yaong binanggit sa unahang maykapangyarihan sa lipunan para sa pagpapalakas ng kanilang hanay. Gayundin, naglikha sila ng mga ilihan na itinalaga upang gawing urungan sakali mang hindi maging paborable sa kanilang hanay ang paglulunsad ng pakikidigma. Mayroong tatlong mahalaga at pangunahing muog na binuo ang KKK na nasa ilalim ng pamumuno ni Kap. Juan Arcena paglaon ay maitatalagang *general de brigada* ng KKK sa Capiz. Kinabibilangan ito ng mga sumusunod na mga pook na ipapaliwanag sa pamamagitan ng ilustrasyon sa ibaba:



Rebisyong Villan 2013, 80

Sentrong pook na pinag-iilihan na itinatag nina Hen. Arce ang Pagiliran (sa Mansacul, Sigma) na maituturing na pinkapusod ng lambak ng Tipic, at pinag-iinugan rin ng tatlong pangunahing muog sa bahaging Ilaya ng Capiz. Ang ilihan ng Macawiwili na matatagpuan

sa nayon ng Cabugao (sakop ng Altavas) ang nagsisilbing tudla para sa seksyong Aklan, Tinagong Dagat ng Batan, Sapián Bay, at Kipot ng Tablas. Maliban sa papel na ginampanan nito para sa koneksyon ng mga hukbo sa Aklan, at rutang pangtransportsayon para sa loob at labas ng pulo, mahalagang pook ito para sa mapagkuhanan ng suplay ng protina mula sa nasabing mga katawang tubig. Nangangahulugan itong nagsisilbing tagapag-ugnay o tulay ang Pagilirán para sa pangkabuuang-tanaw ng panghimagsikang pagkilos sa buong kahilagaan ng Panay.

Gayundin, ang ilihan ng Balisong (tinatawag din minsan na burol ng Calupugan) sa nayon ng Montiflor (sakop ng bayan ng Pilar) na nakapook malapit naman sa Tinagong Dagat ng Pilar ay may mahalagang ginampanang papel din sa himagsikang Pilipino sa Panay noong 1898. Bukod sa mahalagang ruta nito para sa pangtransportasyong konsiderasyon sa mga kabayanan ng Capiz at Iloilo sa hilaga-silangan ng Panay, naging pook-tanuran din ang lagusang ito hindi lamang tungong Dagat Sibuyan, kundi pati na rin doon sa Jintotolo Channel na nagsilbing daluyang pangkomunikasyon naman tungong silangang Romblon at kapuluan ng lalawigan ng Masbate. Sa mga nabanggit na mga pook, naganap ang gawaing paglikas patungo sa nasabing mga isla (penomeno ng buyong sa Romblon at Pulahan sa Masbate) at pati na rin maging doon sa kabundukang Yating na kaaya-ayang pook naman sa kabilang dako para sa matagalang pakikidigma sa mga Espanyol (tingnan ang kaso halimbawa ng magtiyuhing mandirigmang sina Hen. Poblador, at Teresa Magbanua na nagkuta sa bahaging ito ng Panay).

Sa kabilang dako, ang ilihan ng Candelaria na matatagpuan sa liblib at matarik na dako ng Tapaz ang naging pook na urungan ng mga Katipunero sa timugang Capiz. Nagsisilbing tudla ito para sa ugnayang panghimagsikan sa Iloilo, at marahil pa sa mabundok na lalawigan ng Antique. Ito ang muog na pinagkakanlungan nina Hen. Papa Macario Lucso, at pagkaminsan ni Hen. Hilario Oro (na may kaniyang muog din sa pook ng Izquierdo sakop ng bayang Dumalag). Stratehikong pook itong maituturing dahilan sa kalapitan o pagiging pook-hanggan nito sa Iloilo, Antique, at mga kabayanang nasa bahagi ng Aklan. Dito nagmula ang pulutong ng mga Ati, at Bukidnon na nakipag-isa sa inilunsad na pakikidigma ni Juan Arce sa Pan-ay pagsapit ng ika-15 ng Abril 1898. Sa mga naging tala pa halimbawa ni Calmerin, bago ang nabanggit na makasaysayang pag-atake sa Pan-ay, at maging doon sa binanggit din nina Barrios, Cichon, at Ilio na kagapan sa Batan.

Silang mga tinatawag na pangkat minoridad na binasagan sa ngayong mga lumad ay marubdob na nakisangkot para sa pagpapalaya ng isla ng Panay laban sa mga mananakop.

Kaugnay sa tala ng kaganapang binanggit ni Calmerin na *ikaltung pagkinagubut sa pag-apin sa atun kaluwasan* (ikatlong pakikidigma para ipagtanggol ang ting kalayaan), makikitang magiting na nagkapit-bisig ang mga Anak ng Bayan sa Capiz para ilunsad ang nasabing makasaysayang pakikipagdigma ng mga Pilipino sa nasabing dako. Mula sa ilihang sakop ng Candelaria, at Izquierdo umusad ang multi-etnikong hanay na ito ng Katipunan tungong bayan ng Dumarao kung saan kanilang unang ginawa roon ang pakikipagbuno ng mga Katipunero sa mga Espanyol. Pagkatapos nito, kanilang binaybay ang pinupuntiryang pook ng Pan-ay bilang sentro ng kanilang isinagawang opensiba. Sinabayan ito ng pagbabantay ng mga tanod na inilagak ng mga Katipunerong nagmula sa hanay ng mga elit na inilagak sa mga daan tungong sentrong bayan ng Kapis. Doon sa mga nagsihukbong Bukidnon, may interesanteng tala sa Calmerin sa kanilang ginawang pakikiisa sa inilunsad na pakikidigma:

Nag-abut man ang isa ka panung nga mga bukidnun nga sila isa ka gatus gikan sa kabukiran sa banwang Tapas kag Jamindan nga ginapanguluhan ni Papa nila Macario Lusco nga amu ang ila ginapaka Dios kay ini sia gin-agda man ni Juan Arce...

Dumating din ang isang pulutong ng mga Bukidnon (Sulod) na bumibilang ng isang daan mula sa kabundukan ng bayang Tapaz at Jamindan na pinamumunuan ng kanilang Papa Macario Lusco na kanilang dini-diyos dahil sa ito'y niyaya din ni Juan Arce... (malayang salin sa Calmerin 1933, w.p.)

Sa kabuuan, kapuwa mga Ati, Bukidnon, at mga Indio na hanay ng KKK sa Capiz ay sama-sama para kubkubin ang bayan ng Pan-ay ay umabot sa bilang na 2,000 katao. Mula sa pook na ito, inilunsad ang plano nilang ulos ng pag-atake sa Tanza Norte at Lahab, Pan-ay. Gayunman, alinsunod pa rin sa tala sila ay namanmanan ng mga Espanyol anupa't ang gayong plano ng pag-agaw sa pueblo de Pan-ay ay naunsyami dahil sa pagtataksil ng prayleng si Antero Bediones na ipinapaslang ni Hen. Juan Arce sa katimugang kabundukan ng Capiz. Ginunita ni Calmerin ang nasabing pangyayari ng kontra-opensiba ng mga Espanyol sa Pan-ay kung saan sinabi niyang:

Anay sang pagtakas na sang mga soldado sang ika-10:00 ang takna sang ika-15 sang bulan sa Abril sang tuig 1898 amu kag ginpaarakan sila sing bala nga nagaraginging lamang.

Nang pag-ahon ng mga sundalo (Espanyol) sa ganap na ika-10:00 ng ika-15 ng buwan ng Abril doon at sila'y pinaulanan ng dumadagundong ng mga bala (malayang salin sa Calmerin 1933, w.p).

Idinagdag pa ni Calmerin na ang mahalagang pagsalarawan sa salpukang naganap sa pagitan ng mga Katipunero at mga Espanyol:

Ang mga manggugubot nag-alaplaag sa kauyuparan nga naghalalapa sa pilapil sa pagpasalipud agud dili sila pag-iguon sang mga bala sang mga pusil, apang ang mga pilapil kun iguun gani sang bala sang kanyun nagakalalukba lamang. Si Koronel Pascual Barsa kay may ginauyatan nga eskopeta kag sang iban niya nga opisyal amu ang nag-alaw-aw sa ila sing pila ka lupuk...

Ang mga mandirigma ay nangagsikalat sa palayan kung saan sila nangagpatirapa sa pinagkukubliang pilapil upang sila ay hindi matamaan ng bala ng baril; ngunit kung taman ng kanyon ang mga pilapil ay nawawasak, si Koronel Pascual Barsa na may pinanghahawakang eskopeta at iba pang opisyal ay nagpakawala sa kanila ng mangilan-ngilang ganting putok (malayang salin sa Calmerin 1933, w.p.).

Sa binanggit na pagkubkob sa bayan ng Pan-ay, partikular yaong pagsalunga sa kanila ng mga Espanyol sa naturang mga pook ay nalaginlin dahil sa maagang nakapaghanda ang mga Espanyol bunsod nang mabisang paniniktik ng mga prayle. Umabot sa bilang na 50 ang nangalagas sa hanay ng mga Katipunero, at 35 naman sa panig ng mga Espanyol at kasamahannila sa panlulupig. Mabilis na tumalilis tungong bayan ng Loctugan upang tumungo ang mga hukbo ni Juan Arce sa ilihan ng Macawiwili:

...lumakat gilayun si Juan Arce pakadtu sa bukid sang Makawiwili nga puluy-an ni Rafael Maraingan nga sang ila pagkitaay nagsugid si Arce sang tanan nga nagkahanabu, kag bangud sini nga gin-agihan ginpasakaan ang iya gahum sa pagka-heneral de Brigada. Sang pila ka adlaw sina nag-abot man ang mga Pan-ayanun sa pagpakigkita kay Rafael Maraingan, nagsakay ini sila sa isa kaparaw nga amu si

Esteban Contreras, Koronel Pascual Barsa kag iban pa nga opisyal nga ila kaupud kag nanugirun sila sang nagkahanabu. Kag sang ulihi naghinun-anun sila nga magabutang sila sing ilihan... ila ginpakamaayu nga didtu sa likud sang Kalupugan, Balisong, sakup sang banwang Pilar, Kapis...

...kaagad umalis si Juan Arce patungong Bundok Makawiwili na tirahan ni Rafael Maraingan na kanyang pinagsalaysayan ng buong pangyayari; at dahilan sa karanasang ito, itinaas ang kanyang gahum sa pagka heneral de Brigada. Pagkalipas ng ilang araw nagsidatingan din ang mga taga Pan-ay upang makipagkita kay Rafael Maraingan; sakay ng bangkang paraw, lulan nito sina Esteban Contreras, Koronel Pascual Barsa at iba pang kasamahang opisyal, at kanilang isinilaysay ang mga pangyayari. At pagkaraka kanilang nagpasyahang maglagay ng ilihan... kanilang minabuti na itayo roon sa likurang bahagi ng Kalupugan, Balisong, nasasakupang banwa ng Pilar, Kapis... (malayang salin sa Calmerin 1933, w.p)

Sa pagkahirang ni Juan Arce sa kapulungang ginanap sa ilihan ng Macawiwili, Altavas bilang General de Brigada, kasama ng mga tapat niyang mga kasamahan mula sa tatlong pangunahing ilihan sa seksyon ng ilaya, itinalaga nila ang ilihan ng Balisong o Kalupugan sa pook ng Montiflor, Pilar upang pasimulan doon ang kanilang mga balakin para maipagtagumpay ang nasabing mabunyi at marangal na simulain sa paglaya ng mga kabayanan sa Panay. May mahalaga ring gunita si Calmerin sa nasabing ilihan ng mga Katipunero sa hilaga-silangang Capiz:

Kag sang ila mausisa ang amu nga bukid kag amu ang ila ginpakamaayo sa gilayun nagpabuhat sila sing kamalig didtu sa alipuk-pukan kag nagbutang sing palalipdan (trinsera).

At nang kanilang masiyasat ang naturang bundok at kaagad kanilang minabuti na doon magpagawa ng kubo sa ituktok at naglagay ng mapagkakanlungan (trinsera) (malayang salin sa Calmerin 1933, w.p).

Ika-14 ng Hulyo 1898, bunsod nang matinding pagnanasa ng mga Espanyol para sa kontra-opensiba aksyon laban sa mga Katipunero, at upang lupigin sa kabilang dako ang mga itinuturing nilang “insurektos” kanilang inilunsad ang pagsalakay sa nasabing muog ng KKK sa Capiz.

Sa pamumuno ng gobernador ng lalawigan si Don Jose Herrero, kasama ang may apat na raang sundalo ay kanilang pinasimulan ang pag-atake sa naturang ilihan ng mga Katipunero sa Panay. Ayon saginawang matalas na pagmamasid ni Calmerin, kaniyang sinabi na:

...sa may ika-10:00 ang takna sa aga yara na ila ginalantaw ang mga soldadong Kastila nga nagakatay sa plasa sang banwang Pilar nga may apat sila ka gatus sugid sang ila tiktik. Kag nagakatay na sa dalan nga nagapadulong sa ilihan...

...nang humigit-kumulang ika-10:00 ng umaga, kanila nang natatanaw ang mga nangagsikalat na mga sundalong Espanyol sa plasa ng banwang Pilar na umaabot sa apat na raang bilang sabi ng kanilang tiktik. At sila'y nangagsikalat sa daan patungo sa direksyon ng kanilang ilihan... (malayang salin sa Calmerin 1933, w.p)

Kung susuriin ang naging larawan ng ginawang pagtatanggol ng mga Katipunero sa kanilang nataluntong ilihan ng mga kaaway ay kapuna-puna ang ipinakita nilang katapangan sa pagharap sa hukbo ng mg Espanyol na pinangunahan ni Gob. Herrero. Halimbawa, kanilang malayang iwinagayway ang bandilang Katipunan sa itaas ng bundok, at sinabayan ang malayang paghayahay nito sa pamamagitan ng ginawa nilang tugtog o musikang nilikha ng mga Katipunero ng Pilar. Sa isinagawang labanan at paggunita ni Calmerin, inilahad niya kung papaano nagpasimula ang kabuuang pangyayari:

Kag nagapatakas na sa ilihan, amu kag kanyonun sila nga nagakalahapay ang mga soldado kun iguun sang mga tinipik nga lipya kag sudsud sang arado. Si Juan Arce bumatu gid sing patay-patay sanglit kay may mga pusil man sia nga ginayatan. Ang Kapitan sang Inpanteriya nagasinggit sing "venga fuerza" kay nagakahapay na ang iya mga soldado. Si Koronel Pascual gumuwa sa ila palalipdan kag nagliklik siya sa kataluman nga gintuparan ang mga soldado kag didtu sia magbuhi sang iya Remington nga ginadungan niya sa lupuk sang mga soldadong Kastila gani madamu ang iya naigu sang nagakahilapit na ang mga casadores amu ang ila buhian ang ila paligid...

...at nang pumapanik na sa ilihan, saka sila kinanyon at nangagsitumbahan ang mga sundalo kapag tinamaan ng tinipik (part of a whole) na lipya (mould-board o iron plate/sheet ng ploughshare) at sudsod (scraper) ng araro. Si Juan

Arce ay ubos-lakas sa pakikipaglaban sa pamamagitan ng kanyang hinahawakang baril. Ang kapitan ng Impanteriya ay sumigaw ng “venga fuerza” sapagkat ang kanyang mga sundalo ay nangangalagas na. Lumabas si Koronel Pascual sa kanyang pinagkakanlungan at lumikas pakagubatan palapit sa mga sundalo at doon nagpakawala siya ng putok ng kanyang Remington sa mga sundalong Espanyol; kaya’t siya’y maraming natamaan; nang nagsilapitan na ang mga casadores saka nila pinakawalan ang pampagulong na troso... (malayang salin sa Calmerin 1933, w.p)

makulay at makasaysayan ang naganap na sagupaan ng sa pagitan ng mga Espanyol sa ilalim ni Gob. Herrero. Ang walang humpay na pagpapalitan na emosyunal na sinabayan ng mga tugtog, dagundong ng mga kanyon bunsod ng mga pagsabog, at dalang gimbal nag mga ipinagulong na mga troso, pati na rin maging yaong ginawang pambabato sa kaaway mula sa itaas ng ilihan ni Arce ay nagpapakita ng kanilang kagitingan, at marubdob na pakikipagdigma upang maipagwagi ang nasabing labanan. Bagamat namatayan ng isa, ang aksidenteng pagkatama ng ligaw na bala sa mukha ni Hen. Juan Arce ang siyang bumawi ng kanyang buhay kapalit nang pagkamatay naman ng 70 bilang ng mga kaaway at iba pang maraming sugatan – ang nagpasinaya sa sunod-sunod na pagtagumpay ng Katipunan sa lalawigan para kay Inang Bayan (Villan 2000, 3-6). Pinasinayaan ng pagtatagumpay na ito ng mga Katipunero ng Capiz ang kasunod na kabanata ng mga laban tungo sa taong 1898 na kakasangkutan na ng tanyag na pagbaliktaran, kung hindi man, pamumulitika ng mga Ilustrado ng Iloilo (mula voluntario tungong revolucionario) na kanilang iniumang laban sa dati nilang kapanalig na mga Espanyol sa nasabing dako ng Panay (Hernandez 2008, 150-156).

Pangwakas

Malinaw na mayroong nakapangyayaring salik na bumigkis sa mga Anak ng Bayan ng Sinaunang Capiz (Aklan, Capiz ngayon, at Kapuluang Romblon) upang magsama-sama sa iisang kilusang naging tuntungan para sa kanilang pagtutulongan, pagdadamay, at pagkakaisa para sa marangal at dakilang simulain ng pagpapalaya sa Inang Bayang Katagalugan na itinuring mapagbuklod na ideolohiya ng Katipunan ni Gat Andres Bonifacio. Sa loob ng KKK na pormal na itinatag noong ika-7 ng Hunyo 1892 masusumpungang itinataguyod

ang kalooban ng bayan para sa pagtatanggol at pagpapalawig ng kanilang buhay, adhikaing matamasa ang hinahangad na ginhawa, at higit sa lahat, ang pinakananasang dangal na nais abutin ng mga Anak ng Bayang nagmamalasakit para sa kaniyang katubusan.

Ang kaloobang bayang nabanggit ang pinupuntiryang positibong tunguhing nais na puhunanan ng matinding tapang at kagitingan para salungain ang gabundok na sugat sa kanilang mga damdamin na dala ng pagkakailipin at pag-aalipusta sa hanay ng mga Pilipinong itinuring na mga Indio, at sa kaso ng mga nasa kabundukang pamayan, bilang mga Infideles na ipinagpalagay noon ng mga mananakop na “gentes salvajes.” Nagbigay sa kanila sa madaling salita ang panlipunang sugat na dinaranas sa mahabang panahon ng hinanakit sa kanilang mga puso na pinalala pa ng mga kaganapan hindi lamang ng kalakaran ukol sa pang-aalipin, kundi higit sa lahat yaong nasaksihan ng mga Pilipinong kawalang galang ng mga Espanyol sa iginawad nilang pagkalinga, at kahimat sa kabila niyaon daranasin nila ang matinding kasalatan at itaya ang kanilang buhay para bakahin yaong itinuturing nilang mga kaaway.

Ipinamalas ng mga Pilipino sa isla ng Panay ang gayong pakikiisa at pakikisangkot na pinasimulan nina Hen. Francisco del Castillo, Hen. Candido Iban, Eustaquio Gallardo, Hen. Papa Macario Lusco, Hen. Hilario Oro, Hen. Juan Arce, Hen. Rafael Maraingan, Hen. Esteban Contreras, Kol. Pascual Barza, at iba pa na naging pangunahing personalidad sa himagsikang Pilipino sa Panay. Hindi lamang nila ginamit ang binanggit na sikolohikal na saligan para sa kanilang positibo at kongkretong aksyon upang maging tuntungan ito ng kanilang isinagawang pakikipagdigma sa kaaway, kundi pati na rin ang kamalayang panlipunan nila ukol sa pakikipagkapwa kung saan sa pamamagitan nina Hen. Papa Macario ay naisama nito ang mga pangkat Bukidnon at Ati para sa simulain ng pagpapalaya sa mga kabayanan ng Panay. Kaugnay rin nito ang ginawang pakikipagkapwa ni Hen. Juan Arce sa mga elit ng lalawigan upang sila ay isangkot sa marangal at dakilang simulaing ito ng pagpapalaya sa tinubuang bayan.

Tangi rito, kanilang pinuhunan ang kanilang sariling pagkawari sa pook at namanang tradisyon ng pag-iilihan sa mga ninuno ng mamamayan ng Panay ukol sa pagiging mabisa ng paggamit ng mga ilihan hindi lamang upang gawaing urungan sa itinataguyod na pakikidigma sa mga kaaway kundi higit sa lahat sa epektibong opensiba at depensa na rin sa mga mga kaaway. Napatunayan ito hindi lamang sa naganap

na pag-apula sa opensibang ginawa ni Kol. Ricardo Monet sa seksyong Aklan, at higit sa lahat sa Ilaya ng pinatunayan ng batikan at utak ng tradisyong pag-iilihan na isinagawa ni Hen. Juan Arce laban sa hukbo ng mga cuadrilleros ni Gob. Herrero ng Capiz. Di-maipagkakailang ang ginawang kabayanihang ito ng mamamayan ng Capiz ang nagpasinaya para ang huling bahagi ng taong 1898 tuluyan nang maging kaaaya para sa katuparan ng hinahangad na paglaya ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol na paglaon ay humarap sa panganib na dala ng bagong mananakop sa bansa—ang mga Amerikano.

Sanggunian

- Barrios, John E., Melchor F. Cichon, & Dominador I. Ilio. 1997. *The Katipunan in Aklan*. Manila: National Centennial Commission.
- Bonifacio, Andres C. 1895? *Katipunang Mararahas ng mga Anak ng Bayan*. Nasa Virgilio Almario S. (pat.). 1993. *Panitikan ng Rebolusyon(g) 1896; Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press.
- Calmerin, Raymundo. 1933. Ang ikaltu nga pagkinagubut sa Kapis sa pag-apin sa atun kaluwasan. *Makinaugalingon*. Iloilo: La Panayana Press.
- Eliab, Jeremy S. 2002. Ang Mahiwagang Kalooban: Tungo sa Isang Pilosopiya ng Relihiyon. Nasa *Tambara; Ateneo de Davao University*. Tomo 19. University. Davao City: Ateneo de Davao University.
- Esquejo, Kristoffer R. 2010. Puod-Romblon: Kasaysayang Pampulitika ng Lalawigang Kapuluan, 1896-2006. Tesis pangmasterado. Lungsod Quezon: Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas.
- Fields, Howard. 2009. *MIND on Pain: The Psychology of Pain*. Nasa Scientific American. <http://www.scientificamerican.com/article/the-psychology-of-pain/> (nakuha noong ika-21 ng Agosto 2014).
- Hernandez, Policarpio F. 2008. *Iloilo, the Most Noble City: History and Development 1766-1898*. Quezon City: New Day Publishers.
- Lilo-an; Barangay and Religious Fiesta and the Commemoration of the Centennial Year of “El Levantamiento de los 82 de Lilo-an”. Ika-19-21 ng Abril 1997, Lilo-an, Malinao, Aklan.
- Miranda, Dionisio SVD. Sa Harap ng Mahiwagang Loob. Nasa *Diwa; Studies in Philosophy and Theology*. Tomo XIV, blg. 1 & 2. Manila: Divine Word Publications.
- Motin, Barromeo B. 2001. Isang Pagsusuri sa Kultural na Salik at Etikal na Konsepto ng Utang na Loob. Nasa *Daluyan; Journal ng Wikang Filipino*. Tomo X, Blg. 4. Lungsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, University of the Philippines, Diliman.

- Secretaria del Gobierno General de Filipinas*. 1898. Seccion Gobernacion. Empieza 23 de Abril de 1898.
- Soncuya, Josue. 1917. *Historia Prehispana de Filipinas; Contenido en la Conferencia sobre la Isla de Panay*. Centro Escolar de Senioritas, Sociedad Historico-Geografica de Filipinas.
- Sonza, Demy P. 1962. *Visayan Fighters for Freedom*, Tomo 1. Sta. Barbara, Iloilo: A Treasured Legacy Book.
- Tullao, Tereso S. 1991-1992. Kultura at kaunlaran: Tungo s Ekonomiks ng Lakas ng Loob at Magandang Loob (Kapag nabigo na ang Bilihan at Pamahalaan). *Nasa Malay*. Tomo X. Manila: De la Salle University.
- Villan, Vicente C. 1998. *Hangaway: Ang pakikidigma ng mga Panayanhon sa Himagsikan, 1896-1907*. Di-nalathalang tesis pangmasterado, Univeristy of the Philippines. Diliman, Quezon City.
- Villan, Vicente C. 2000. Heneral Juan Arce: Dakilang Hangaway ng Katipunan sa Capiz, 1896-1898. *Balitang Adhika*, Tomo 2, Blg. 2. Lungsod ng Quezon: Adhika ng Pilipinas, Inc.
- Villan, Vicente C. 2013. Ilub, Unong, at Amok: Pag-unawa sa Katatagan ng *Buut* ng mga Bayani sa Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898. *Nasa Diwa E-Journal* (Kasaysayan, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino), 1, blg. 1: 58-92, Nobyembre 2013, pat. Navarro, Atoy M., Jayson Petras, at Maria Theresa Ujano-Batangan, <http://diwa.pssp.org.ph/wp-content/uploads/2013/11/06-Artikulo-Villan.pdf> (Nakuha noong ika-21 ng Agosto 2010).
- Zaide, Gregorio F. 1978. "Patriots of Panay," nasa *Filipino Heritage*, Vol. 8. Pinatnugutan, Alejandro Roces. Manila: Lahing Pilipino Publishing House, Inc.
- Salazar, Zeus A. 1985. *Hiya: Panlapi at Salita*. Nasa Aganon, Allen & S. Ma. Assumpta David, RVM (mga pat.). Metro Manila: national Bookstore.

Si DR. VIC VILLAN ay kasalukuyan Kawaksing Propesor sa Departamento ng Kasaysayan, U.P. Diliman at Tagapag-ugnay ng Gradwadong Pag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas Tri-College Philippine Studies Program. Nagtapos ng BA, MA at PhD sa Kasaysayan sa naturan ding pamantasan. Ilan sa mga tinanggap niyang pagkilala at gawad ay ang mga sumusunod: UP Likas Gawad Pagkilala 2013; UP Centennial Faculty Grant Award (1 July 2012-June 2013), CSSP Junior Faculty Writing Fellowship Award (2010); at Metro Manila Commission Diamond Jubilee Chair Professorial Award (2002). Aktibo si Dr. Villan sa mga gawain at pagpapaunlad na pang-akademiko tulad ng pakikilahok sa Advanced Studies on Southeast Asian Historiography sa Bangkok Thailand (2010), at INC Institutional Heritage Development sa Honolulu, Hawaii (2012). Naging history consultant ng GMA 7 Primetime Epicseryeng AMAYA (2011-2013), at nagsisilbi muli sa naturang istasyong pangtelebisyon bilang history consultant ng epicseryeng INDIO (2012-2013). Taga-Capiz si Dr. Villan, kung kaya't ang maraming pananaliksik at pag-aaral niya ay nakatuon sa kalinangan, kamalayan at kasaysayan ng Kabisayaan. Ang kanyang disertasyon na may pamagat na PINTADOS: Mga Hukbong Bisaya sa Armadong Ekspedisyong Espanyol sa Kapuluang Pilipinas, 1565-1898 ay isang patunay ng kanyang pagpapahalaga sa kanyang pinagmulang bayan. Isa siya sa mga nagtataguyod ng Pantayong Pananaw. Kasamang patnugot nina G. Atoy Navarro at Prop. Mary Jane Rodriguez ng Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan (1997/2000) at kasamang may-akda ng ng aklat na Kasaysayang Bayan; Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino (2005), Kabihasnang Asyano: Kasaysayan at Kultura (2005).

Abstract

Demystifying the Rivalry Between Rizal and Bonifacio as National Hero

Oscar L. Evangelista

The paper studies the apparent rivalry between Rizal and Bonifacio as national Hero. Jose Rizal was the acknowledged national hero until the 1950's. By the 1960's and 70's radical nationalism placed Bonifacio as contrary symbol. The critique of Rizal's position, and the circumstances that led to Bonifacio's ascendancy are explained.

Keywords: demystify, rivalry, critique, radicalism, militant

Demystifying the Rivalry Between Rizal and Bonifacio as National Hero

Oscar L. Evangelista

Professor of History, University of the Philippines (Retired)

Past President, Philippine Historical Association

Former Co-Director/Consultant, Palawan Studies Center,

Palawan State University

JOSE RIZAL WAS the popular national hero until the 1950's when circumstances in the 1960's placed Bonifacio as the challenger.

This paper discusses the apparent rivalry between Rizal and Bonifacio as National Hero; the critique of Rizal's position, the factors that placed Bonifacio as a contrary symbol, and finally, the role of both Rizal and Bonifacio in Philippine History.

Dr. Jose Rizal's position as a national hero has been well documented. The tomes of studies on his qualities as a writer, a physician, a lover, and many other qualities were examined and re-examined by historians. His position was unchallenged until the 1960's when radical ideas became popular.

Radical movements trace its roots from the Philippine Revolution of 1896, dubbed the "revolt of the masses", to several movements with mass-based support. (Boncocan) These movements underscored the division between the elites and the "masa" on aspirations for changes. The elites' vision of change was to hold political power for their own interests, while the "masa" yearned for fundamental changes in society.

This yearning was seen in the rise of agrarian (peasant) based labor movements seeking redress from land problems, usury and taxes, among others. From agrarian based issues, the Partido Komunista ng Pilipinas was formed in 1930, raising to a higher degree the radical movement (Boncocan 1998 ,10). There followed the Sakdal uprising in 1930's and the Hukbalahap movement during the Japanese occupation. The 50's were quiescent until the 1960's.

The 1960's saw the rise of student movements with militant nationalism growing out of economic and political issues. For the nationalist (radical) left, Filipino society was semi feudal borne out of neo-colonialism. For the "ideological" nationalists [Abueva classifies the different types of nationalists] who followed Claro Recto's economic nationalism, the cry was "full Filipinization of the economy and education, liquidation of American military bases, greater emphasis on industrialization, agrarian reform, and an independent but active foreign policy" (Evangelista 2008, 113). In both cases: anti-American sentiments.

Militant nationalism gradually led to the radicalization of the student movement. The campus of the University of the Philippines was the breeding ground for the radical left to grow among the studentry. On March 16, 1961, Jose Ma. Sison, then a graduate student, led a group of U.P. students belonging to the Students Cultural Association of the Philippine SCAUP, demonstrated against the investigation of the Committee on Anti-Filipino Activities of Congress that communist elements were infiltrating the campus. To Sison, the date marked a new turn in the nationalist movement because since then, the "student and youth have become more militant along the path of nationalism" (Evangelista 2008 quoting Sison, 116). The SCAUP was the fore runner of the Kabataang Makabayan (KM). Under the banner of the SCAUP, Sison delivered a lecture on National Democracy before a conference of the National Students' League in Iloilo, 1966. His topic was "The National Democratic Movement and the Political Activist" (Sison [n.d.], 1-18).

With KM in the lead, Sison led several mass actions, with students, labor groups and workers. More student groups were organized like the Samahan ng Demokratikong Kabataan (SDK), and the Malayang Pagkakaisa ng Kabataang Pilipino (MPKP) and the Bertrand Russell Peace Foundation (BRPF). The SDK was in league with Sison's KM, while the MPKP and BRPF were the group of the Partido Komunista ng

Pilipinas (PKP). In 1967, Sison re-organized the Communist Party of the Philippines (CPP). It is interesting to note that there were two radical groups organizing students, faculty and workers in their ranks, the PKP and the Communist Party, with different ideological persuasions. Both groups were active in the U.P. campus and beyond. The Vietnam War was a key issue in the student movement.

The Philippine Government's support for the Vietnam War and the holding of a Manila Summit on October 23, 1966 with U.S. President Lyndon Johnson, and leaders of South Vietnam in attendance, witnessed a big demonstration in front of the Manila Hotel where the summit was being held. The demonstration was violently dispersed. The next day 5,000 students led by the President of the U.P. Student Council, Enrique Garcia went back to the Manila Hotel, and again violently dispersed. Police brutality had a marked effect on those who were hit by truncheons. The aftermath was the establishment of the October 24th movement. (Sison 1989, 28).

The militant organizations began spreading to other universities, labor groups, peasants, urban poor etc. were formed. The stage was set for the turbulent 70's. In all these, a need for a rallying symbol. A statue of Andres Bonifacio was moved from a site in Quezon City to the U.P. campus, across from Vinzons Hall, the headquarters of a militant Student Council and other nationalist organization.

Interest for Andres Bonifacio was triggered by Teodoro Agoncillo's book, *Revolt of the Masses, the Story of Andres Bonifacio and the Katipunan* which highlighted the role of the masses in the Katipunan and the revolution. It was the first definitive biography of Andres Bonifacio and the Katipunan based on new and unused documents in the possession of Epifanio de los Santos and his son Jose K. Santos. Becoming the basis for later works on Bonifacio. It introduced new interpretations, downgrading the role of the ilustrados in the revolution, interpreting the Ilustrado led propagandists as pro Madre España in demanding for *asimilacion*. Self interest determined the collaboration in the later phase of the revolution (Evangelista 2002, 52-53).

It was Renato Constantino who questioned Rizal's heroism in his article "Veneration without Understanding". His critique: Rizal was not the leader of the Revolution on the same level as Simon Bolivar, George Washington, Mao Tse Tung and other liberators, who were regarded as national heroes for leading their respective revolutions. By refusing to align himself with the revolution, Rizal "placed himself against

Bonifacio and those Filipinos who were fighting for the country's liberty "(Constantino, 15)

Rizal was an American sponsored hero. William Howard Taft's role, and the Philippine Commission enacting several Acts which promoted Rizal's popularity. The Rizalista cults furthered Rizal's position. He was the product of American idea of a peaceful leader. Constantino paid tribute to Rizal's nationalism, and patriotism. He became a martyr in the name of the people's liberty. Yet he was an Ilustrado who, by condemning the revolution, he "underestimated the power and talent of the people". As an Ilustrado, he spoke in behalf of all the Indios "though he was separated by culture and even by property from the masses" (Constantino, 15).

Several books/pamphlets published by Constantino's Foundation for Nationalist Studies criticized the role of the ilustrados in the revolutionary movement. Jonathan Fast and Jim Richardson's *Roots of Dependency* called the ilustrados the "spokesmen for the new bourgeoisie". Constantino's writings on the Filipino elite, "Dissent and CounterConsciousness", "Origin of a Myth" etc. continued the inequality between the elites and the masses, the ilustrados' vested interests, snipping at anti-Americanism. The pamphlets published in the late 1970's were readily available, then selling at P35 per copy.

Between Agoncillo's *History of the Filipino People* pro-Filipino-nationalist orientation; and Renato Constantino's *Past Revisited* and *The Continuing Past* which dealt with the revolutionary struggle, focusing further on the role of the "little people", and glorified Andres Bonifacio, student leaders of the 60's and 70's bannered the cry of "serve the people", launched anti-American slogans, and found in Bonifacio the new hero. The books of Agoncillo's and Constantino were the textbooks of college students during those years, fanning for more than a decade a nationalist pro people posture.

Rizal was likewise criticized in a new book as "assimilationist", and the symbol of elite leadership. (Domingo) The book condemned the Ilustrado members of the Propaganda Movement as precursors to present day corruption in Government. The book is appropriately titled ANDRES BONIFACIO yet the object was how Rizal and the youth of the 70's and 80's betrayed the revolution and the Filipino People.

Were there reasons for the accusations against Rizal? True he was not the warrior type; true he refused membership in the Katipunan; true he clamored for the assimilation of Filipinas as a province of Spain in

order to gain meaningful reforms. But Rizal's main contribution was to build the structures of a nation, and shaped an ideology for the country.

Did he shun the Revolution? Yes he did, but he did not think that the time was ripe for a revolution. He was for freedom from oppression of the hated friars. On the accusation that he was loyal to Madre España, O.D. Corpus contends that when Rizal returned to the Philippines and established the *Liga Filipina*, he turned his back from the Spaniards by the objective of the Liga to unite the country (Evangelista 2002, 62).

The criticisms and accusations of Rizal as national hero should be seen as the product of radical nationalism of the decades of the 60's and 70's when the student movement dominated the scene. This was followed by the spread of the CPP, bringing together different sectors: the peasants, the workers, labor groups, and urban poor; sectors of society wanting fundamental changes in their lives. It is not surprising that a symbol of radicalism continued to look to Andres Bonifacio as its hero.

Who is Andres Bonifacio?

The traditional biography of Andres Bonifacio tells us that he was from Tondo, born of poor parents. Orphaned early, he and his brothers made canes and paper fans to sell for their needs. There is no mention that he went to school, but learned the English language as a worker at the British commercial firm of Fleming and Company. He later moved as an agent to a German firm, Fresell and Company. He would later buy several "good" books and educated himself intellectually, imbibing liberal ideas. The story then tells us of his marriage, and his later involvement with Emilio Jacinto and other would be revolutionary leaders.

Given this background, was he really a plebeian? His only extant picture shows him in a western suit. There has been a re-examination of his class status, and given his job with European companies, his status would make him in the lower middle class category. This aspect of his life has not been given emphasis because historians and biographers wanted him shown as a peasant. Most of his statues show him in *camisa chino* and *kundiman* pants. Symbol of the plebeian.

Nonetheless, his class status does not make him less of a hero. But his life has been surrounded by controversies, from the source of his writings to his revolutionary activities.

It was his writings that showed his love for the people. It is also his writings that made an American historian called him an “invented hero”. Glenn May claimed that “Bonifacio has been posthumously re-created”. He has been given a new personality and a childhood that may bear little resemblance to his real one. Literary compositions have been attributed to him that he almost certainly did not write, and, as a consequence, he has been credited with ideas he did not have.” Strong accusations maligning a national hero!

May’s charges were based on what he called the mysterious letters of Bonifacio, and on his critique of Agoncillo’s sources for *Revolt of the Masses*. He likewise criticized the writings of other historians on Bonifacio.

When the book was published in 1997, it created a flurry of rebuttals from historians. A conference was held in the same year the book was published, by the Manila Studies Association to determine the truth on the story of Andres Bonifacio. May’s critics pointed to his flawed knowledge of Filipino, the logic of his argumentation, and a follow up on May’s rebuttal to an earlier critique of Milagros Guerrero, Emmanuel Encarnacion and Ramon Villegas.

Even May’s statement that Bonifacio’s place in history is secure, the controversial critique of Bonifacio did not end the discussions. On a personal note, May moved on and decided to abandon his research on Philippine history. The critique notwithstanding, many books and publications were published on the heroism of Bonifacio.

On Bonifacio the revolutionary leader, controversies continue to hound his leadership. Was he the first President of the revolutionary Government? Milagros Guerrero maintains that in 1897, Bonifacio assumed the Presidency of the Revolutionary Government. A recent document from Spain showed the pen name of Bonifacio, and under it, the title “P[angulo] ng K[ataastasang] Kapulungan”.

How true is the criticism that he was a poor military leader? Was Bonifacio’s trial a sham? Did Aguinaldo order his arrest and eventual assassination? Where were his remains buried? Questions that are now being re-examined in the light of contemporary events.

Yet, Bonifacio remains a hero in the eyes of the Filipino. By leading the revolution against Spanish colonialism, the first in Asia, he earned a niche in the pantheon of heroes.

Does the rivalry still exist? The apparent rivalry was part of the decades of the 60’s and 70’s. Examining their roles in Philippine history,

both shared a common national destiny. Both complemented each other in building a nation. Their visions of the nation may have differed as Rizal worked for the *nacion* while Bonifacio was for *Inang Bayan*. What they started were carried on by other revolutionary leaders. Beyond the Philippine Revolution, political independence was sought until it was won.

References:

- Allen, James. *The Radical left on the Eve of War. A Political Memoir*. Foundation For Nationalist Studies., Quezon City. (N.D.)
- Boncocan, Rhina. "Ang Pag-unlad ng Kilusang Radikalismo sa Pilipinas", *The Revolution of 1896 and the Continuing Struggle for National Dignity and Sovereignty*. Philippine Social Sciences Review, 1998.
- Constantino, Renato. "Dissent in Philippines Society", *The Filipino Elite*, *Recto's Second Demise*". Malaya Books, Inc. (N.D.).
- Constantino, Renato. "Veneration without Understanding", Malaya Books, Inc. (N.D.)
- Churchill, B.R. (Editor). *Determining the Truth. The Story of Andres Bonifacio*. Manila Studies, Inc., Taft Avenue, 1997.
- De Guzman, Domingo, C. *ANDRES BONIFACIO, How Rizal and The Ilustrado Youth of the 1880 and 1890's Betrayed the Revolution and the Filipino People*. Polytechnic University of the Philippines, 2013.
- Evangelista, Oscar L. *Building the National Community, Problems and Prospects and Other Historical Essays*, New Day Publishers, Quezon City, 2002.
- _____. *Icons and Institutions, Essays on the History of the University of the Philippines 1952-2000*. UP Press, Quezon City, 2008.
- Fast, Jonathan; Richardson, Jim. *Roots of Dependency. Political and Economic Revolution in 19th Century Philippines*. Foundation for Nationalist Studies, Quezon City. 1979.
- May, Glenn Anthony. *Inventing a Hero. The Posthumous Re-creation of Andres Bonifacio*. New Day Publishers Inc. Quezon City., 1997.
- Sison, Jose Ma. With Rainer Werneng. *The Philippine Revolution, The Leader's View*. Taylor and Francis, New York (1989).
- Sison, Jose Ma. *On National Democracy*. Aklatang Gising National. Quezon City. (N.D.)
- Trillana, Pablo S. *Rizal and Heroic Traditions: A Sense of National Destiny*. New Day Publishers. 2005.

PROF. OSCAR L. EVANGELISTA is a retired professor of History, University of the Philippines (Diliman). He was formerly U.P. vice-chancellor for Community Affairs and Dean of Students. A holder of a number of professional chairs and scholarship grants, he was given the Blue Falcon Award for being the most outstanding alumnus in Education by the Mapa High School Alumni Association in 1993. He was visiting professor at Gadjah Mada University (Indonesia), University of Maiduguri (Nigeria), Osaka University of Foreign Studies (Japan), and Virginia Tech (U.S.A.). Professor Evangelista holds graduate degrees from Cairo University and the University of Wisconsin. He was twice president of the Philippine Historical Association; vice president of the International Social Science Honor Society of Pi Gamma Mu; and vice chairman, Board of Trustees, Philippine Social Science Council.

Abstract

Pana, Palaso, Nobena, Anting-Anting, Kamote, Monggo, Atbp:
Mga Katutubong Pamamaraan ng Pakikipaglaban ng mga
Filipino noong Panahon ng Himagsikan

Arleigh Ross D. Dela Cruz, Ph.D.

Sa pagsisimula ng Rebolusyong Filipino noong 1896, hindi pa ganap na handa ang mga Filipino upang maglungsad ng isang rebolusyon laban sa mga Pwersang Espanyol. Ang kakulangan sa armas, amunisyon at pondo ang kinikilalang pinakamabigat na dahilan ng suliraning ito ng mga pwersang Filipino. Bukod rito, naging malaking alalahanin rin ng mga namamahala ng himagsikan ang kakulangan ng sapat na suplay ng pagkain upang suportahan ang mga nagugutom na pwersang rebolusyonaryo. Bagamat salat sa sapat na pondo, armas, amunisyon at pagkain ang mga Filipinong rebolusyonaryo, hindi makakaila na naging matatag pa rin sila sa kanilang pakikipaglaban. Upang tapatan ang pwersa at armas ng mga kalabang Espanyol, ginamit ng mga Filipino ang dalawa nilang katangian na lubos na nakatulong sa panahon ng himagsikan. Ito ay ang kanilang katapangan at determinasyong lumaban sa mga dayuhang mananakop at ang kanilang pagiging malikhain at mapamaraan upang matugunan ang mga kakulangan sa armas, bala, pondo at pagkain. Dahil sa kanilang at pagiging malikhain at mapamaraan ay nagawa nilang mahanapan ng solusyon ang mga suliraning panglohistiko at pinansyal sa panahon ng himagsikang Filipino noong 1896. Ipinakita ng mga rebolusyonaryong Filipino ang iba't-ibang pamamaraan upang makagawa ng armas. Muli nilang ginamit ang mga katutubong paraan ng pakikipaglaban sa mga dayuhang mananakop at nagsagawa ng iba pang pamamaraan upang mangalap ng mga armas, bala, pagkain at pondo. Sa pamamagitan ng papel na ito, mapapatunayan na bukod sa katapangan, ang pagiging maabilidad at mapamaraan ng mga Filipino upang tugunan at solusyunan ang kanilang suliranin sa kakulangan ng armas, bala, pondo at pagkain ang isa pang salik na nakatulong sa pagkakamit ng mga Filipino ng hinahangad nilang kalayaan. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga primaryang batis tulad ng mga gunita ng mga pangunahing saksi ng himagsikan at mga kautasan ng pamunuan ng Katipunan ay maipapakita ang naging tugon at solusyon ng Katipunan sa mga problemang lohistik at pinansyal. Nais ring patunayan ng papel na ito na ang mga Filipino bagamat kulang sa anumang bagay ay malikhain, maabilidad at marunong maghanap ng alternatibong paraan upang maisakatuparan ang anumang bagay na naisin kahit na ito ay sa panahon pa man ng rebolusyon.

Keywords: Katipunan, Himagsikan, Malikhain, Pananampalataya, Anting-anting

*Pana, Palaso, Nobena, Anting-Anting,
Kamote, Monggo, Atbp:
Mga Katutubong Pamamaraan ng Pakikipaglaban
ng mga Filipino noong Panahon ng Himagsikan*
Arleigh Ross D. Dela Cruz, Ph.D.

**Pagtugon ng mga Filipino sa
Kakulangan ng Armas at Bala**

ISANG MALAKING SULIRANIN bago pa man naganap ang pagsisimula ng unang pag-atake ng mga Filipino laban sa mga Espanyol noong Agosto 1896 ang kanilang kakulangan sa armas at bala. Nang magtungo si Dr. Pio Valenzuela sa Dapitan, Zamboanga Del Norte bilang emisaryo ng Katipunan upang kausapin si Dr. Jose Rizal patungkol sa magaganap na rebolusyon ay inamin mismo ni Valenzuela kay Rizal ang suliranin ng Katipunan ukol sa kakulangan ng sapat na armas. (Valenzuela 1946). Nang marinig ang pahayag ni Valenzuela, agad sinabi ni Rizal na hindi pa dapat simulan ang rebolusyon kailangan masiguro muna na pamunuan ng Katipunan ang kahandaan ng mga Filipino, pagkakaroon ng sapat na armas at amunisyon at pondo (Guerrero at Schumacher 1998).

Sa hindi inaasahang pangyayari, ang Katipunan ay nabunyag at ilang araw matapos nito ay simiklab na ang pagsisimula ng himagsikan. Ayon kay Teodoro M. Kalaw (1997), isang batikang historyador ng

himagsikan, ang himagsikan ay nagsimula “na walang armas maliban sa sibat, itak at ilang eskupeta...” Bilang patunay sa kakulangan ng mga armas ng mga Filipino, inilahad sa gunita ni Carlos Ronquillo, pansariling kalihim ni Emilio Aguinaldo at kaanib ng grupong Magdalo ng Katipunan sa Cavite, ang mabigat na suliraning ito ng mga rebolusyonaryong Filipino sa Cavite. Ayon kay Ronquillo (1996), ang “kakulangan ng mga sandata ang naging suliranin ng mga Katipunero sa Kawit upang masimulan ang Rebolusyon sa Kabite.” Kaya naman para kay Ronquillo (1996):

“Hindi lamang tapang ang elementong kinakailangan sa paglalaban kundi paghahanda, pagbabalak at mangyari pa’y mga armas.

Bilang paunang solusyon sa suliranin, ibinahagi ni Ronquillo (1996) ang taktika ng Katipunan bilang tugon sa suliraning ito.

Mapapansin na kakaiba ang taktikang ginamit ng mga Katipunan sa Kalookan na tumakbo sa kaparangan at naghintay ng kalaban. Ito’y kabaligtaran naman sa Kabite na ang mga kwartel ng mga guwardiya sibil ang sinalakay o tribunal kaya upang makapang-agaw—armas dahil nga sa kakulangan ng mga ipanlalaban sa mga kaaway. Noo’y mga sibat na bukawe, gulok, ilang baril na pumuputok o pang-ibon lamang at bibihira ang may baril o rebolber.

Bukod sa pamamaraang agaw-armas, marami pang ginawang inobasyon ang mga Filipino na nagpakita ng kanilang pagiging malikhain at mapamaraan noong panahon ng rebolusyon.

Paggamit ng Pana at Palaso at Paggawa ng Kanyong kahoy at metal

Bunga ng kakulangan ng armas, naisip ng mga Filipinong rebolusyonaryo na bukod sa paggamit ng mga bolo laban sa mga Espanyol, maaari ring gamitin ang mga pana at palaso. Sa isang sirkular na ipinalabas noong Disyembre 16, 1896 at Enero 16, 1897 para sa mga pangulo ng mga bayan, sinabihan ang lahat ng mga kalalakihang nasa edad 15 hanggang 50, liban ang mga matatanda at may baril, na dapat silang magdala palagi ng tatlumpung palaso at isang pana sa pakikipaglaban. Upang masiguro ang resulta ng pagpana, ang pana at

palaso na gagamitin ay kailangang kasingtaas ng taong magdadala at gagamit nito. Bukod dito, ipinapaalala rin sa kanila ang pagdadala ng bolo o punyal sa lahat ng oras at dapat ay isuot ito sa may baywang (Achutegui at Bernad 81-87).

Gumawa rin ng mga kanyong mula sa kahoy at metal ang mga Filipino. Ayon kay Telesforo Canseco (1999), inquilino ng haciendang pag-aari ng mga Dominikano sa Cavite at saksi sa pagsisimula ng rebolusyon, ang mga kanyong kahoy na ginagawa ng mga Filipino ay nilalagyan nila sa loob ng aserong tubo na may lamang tubig na pinainitan. Gumawa rin sila ng mga kanyong metal mula sa tubong ginagamit sa mga pabrika ng asukal. Gumamit rin sila ng mga maliliit na kampana at mga pakong tanso sa paggawa ng kanyon.

Pangongolekta ng mga Basyo ng Bala, Pulbura at Bala ng Kanyon

Bunga ng kakulangan ng balang maaaring gamitin, kinailangan ng mga rebolusyonaryong mangalap ng mga pinaggamitang basyo ng bala o kapsula sa mga lugar na pinaglalaman. Sa isang sirkular mula kay Daniel Tirona, alyas Nahahanda, na may petsang Pebrero 5, 1897, inihayag ni Tirona ang suliranin ng Katipunan ukol sa kakulangan ng bala. Ayon sa sirkular ni Tirona:

Alang-alang sa ating malaking pangangailangan ng bala ng Remington, at sa kakulangan naman nitong Pamahalaang laban ng mga kapsula gagaoing minatapat ko pong isamo sa innong kamahalan na iatas sa ating ibang mga kapol o kaul na marapatin nilang pakaabalangang masimot ng mga kapsulang ualang laman sa mga lugar na pinaglalaman at kung sakaling makatuklas ng ganitong pakay karakang ipahatid mo o dine sa Pamahalaang pinakaasahan kong itoy inyong gaganapin... (Achutegui at Bernad 128).

Sa isa pang sulat na may petsang Pebrero 9, 1897, isang kautusan mula sa Haligue o Imus, Cavite para sa mga Katipunero sa Silang ang inilabas kaugnay ng direktiba mula kay Tirona. Ayon sa liham, dapat kolektahin ang mga basyo ng mga bala na ginamit sa naganap na engkwentro sa pagitan ng mga Pilipino at Espanyol sa Pooc. Inatasan sa sulat na dapat maipon kaagad ang mga basyo ng bala at dalhin ito kaagad sa punong himpilan (Achutegui at Bernad 130).

May ibang paraan rin ang Katipunan upang mangalap ng pulbura ng kanyon at baril. Ayon sa gunita ni Telesforo Canseco (1999), ang karamihan sa suplay ng pulbura ng mga pwersang Filipino sa Cavite ay mula sa mga Tsinong nasa Maynila. Kinukuha rin nila ang kanilang suplay ng pulbura mula “sa mga bala ng kanyon na pinaputok ng mga “buque de Guerra” sa mga bayan ngunit hindi sumabog.” Sa Kawit, Cavite, ang mga bala ay galing sa kanyon at kinukuha nila ito sa pamamagitan ng paggamit ng kapirasong asero ngunit kalauna’y isang patpat na lamang ang ginagamit sa pagkuha ng pulbura (Canseco 169-171).

Pananampalataya sa Dios bilang Armas: Paggamit ng Dasal, Nobena at Misa

Hindi lamang bala at baril ang ginamit ng mga Filipino laban sa mga dayuhang mananakop. Naging mabisang armas at bala nila laban sa mga Espanyol ang kanilang pananampalataya. Bagamat walang sapat na armas ang maraming Filipino upang direktang lumaban sa mga Espanyol, hindi rin naman sila nanatiling tahimik sa panahon ng rebolusyon. Maraming Filipinong nakikiisa sa ipinaglalaban ng mga rebolusyunaryo ang nagpakita ng kanilang suporta sa pamamagitan ng pagdadarasal, pagnonobena at pagdalo sa mga misa para sa ikatatagumpay ng pwersang rebolusyonaryo.

Sa isang sirkular na may petsang Nobyembre 16, 1896 ay inilahad ang kahilingan ng mga namumuno ng Katipunan sa Cavite na patuloy na humingi ang mga Filipino ng tulong mula sa Mahal na Birheng Maria. Dapat sabihan ng mga Katipunero ang mga tao sa kanilang mga lugar na araw-araw magdasal ng rosaryo at ihiling ang sumusunod na petisyon:

Ihinge nila ng aua sa Kangalangalang na Mag Ina na tayo, i alisin sa pagcaalipin at isa gracia naua” (Achutegui at Bernad 56).

Dagdag pa rito, binanggit sa kautusan na dapat magdasal ang mga tao sa loob ng tatlong magkakasunod na gabi upang iwaksi ng mga kaaway ang kanilang masamang kaugalian upang tuluyan nang makamit ng mga Pilipino ang kalayaan (Achutegui at Bernad 56-57).

Sa isang sirkular noong Enero 15, 1897, sinabihan ang lahat ng mga pangulo ng mga bayan at kumander militar na utusan ang mga tao lalung-lalo na ang mga kababaihan na magdasal at mag-nobena at ialay ang kanilang mga panalangin at nobena sa Panginoong Dios dahil

naniniwala siya na ito ang pinakamabisang panlaban nila sa mga Espanyol (Achutegui at Bernad 116-118). Isa pang kalintulad na kautusan ang inilabas na kung saan ipinag-utos sa lahat ng bayan ang pagkakaroon ng eksposision ng Santisimo Sakramento sa loob ng tatlong araw na kung saan dapat silang magsipag-alay ng mga panalangin. Ayon kay Canseco (1999), pinangunahan ni Padre Valentin ang eksposision ng Santisimo sa loob ng tatlong magkakasunod na araw. Bukod dito, ang mga tao rin ay “umawit ng Litanya ng mga Santo pagkatapos ng Misa sa loob ng isang Linggo.”

Ang pagsasakatuparan ng mga circular at kautusan ng mga lider ng rebolusyon patungkol sa pagdadarasal at pagnonobena para sa ikatatagumpay ng mga Filipino ay binigyang patotoo ni Telesforo Canseco. Ayon sa kanya, nang siya ay nasa Naic, Cavite ay ikinagulat niya ang pagdadarasal na ginagawa ng mga kababaihan para sa ikatatagumpay ng rebolusyon. Inilarawan niya sa kanyang gunita ang ganitong pangyayari:

“Tinipon ng mga babeng deboto ng bayan ang lahat ng mga santong ginagamit sa mga prusision ng Semana Santa at dinala nila ang mga ito sa Simbahan. Nang mag-umaga, matapos ang misa ay nagdasal sila ng Sto. Rosario sa harap ng mga ito na humihingi sa Diyos ng kapayapaan at katapusan ng digmaan. May nagsabi na hinihiling nila ang tagumpay ng mga Tagalog,....

Pagsapit ng tanghali, matapos ang pagdadarasal ay muling nagtipon ang mga tao sa simbahan nang tumugtog ang kampana. Nasaksihan ni Canseco ang ginawa ng mga kababaihan at kanyang inilarawan ito sa kanyang gunita sa ganitong paraan:

Pagkatapos ng pagdadarasal ng Sto. Rosario ay pinatay nila ang mga ilaw at nagpalo sila ng kanilang sarili. Dagdag pa sa mga gawaing ito ay nag-nobena sila sa Inmaculada Concepcion, sa Birhen ng Rosario, sa mga kahuluwa at ibang Santo, at nagkumpisal din at madalas na nag-komunyon...” (Canseco 173).

Naging saksi rin si Canseco sa mga ginagawang pagnonobena at pagrososaryo ng mga Filipino sa mga bayan ng San Francisco at iba pang bayan sa Cavite. Karaniwang binabanggit sa mga nobena ang kanilang kahilingan na “sana ang mga bala ng mga Espanyol ay maging putik at ang mga pulbura ay maging tubig.” Bukod rito, sinusunod

rin ng marami, sa pangunguna ng mga Katipunero, ang taimtim na pagdarasal ng rosaryo sa mga simbahan o kanilang tahanan. Ayon kay Canseco(1999), tuwing hapon ay maraming tao ang nagdarasal ng Santo Rosario sa mga simbahan. Sa bayan ng San Francisco, maging ang mga bilanggo ay pinagdarasal rin ng rosaryo tuwing hapon.

Ayon kay Canseco, ginamit rin ng mga rebousyonaryo ang misa at pulpito upang mangalap ng suporta. Sa misang pinangunahan ni Padre Esteban del Rosario, ginamit niya ang pulpito upang hikayatin ang mga Filipino na magpakatatag na buong tapang na lumaban para sa ikakatatagumpay ng rebolusyon. Ganito ang paglalarawa ni Canseco (1999) sa nasabing misa:

...Umakyat sa pulpito si P. esteban na siyang kura at nagbigay ng sermon na nagsimula sa pagpapaliwanag ng talinghaga ng butil ng mustasa at nagtapos sa paghikayat sa lahat ng sundalo ng Ternate at buong bayan na lumaban sa mga Kastila. Tinawag niyang banal na digmaan ang kasalukuyang insureksyon . Sa pamamagitan nito ay labis na sumigla ang mga insurekto..."

Pagkakaroon ng Malinis na Konsyensya at Paggamit ng Anting-Anting

Hindi lamang pagdarasal ang naging armas ng mga Filipino. Hinikayat rin ng pamunuan ng Katipunan na panatiliing malinis ang konsyensya ng mga makikipaglaban. Sa isang dokumento mula kay Felix Cuenca, ministro ng Hustisya, ipinag-utos niya ang pagkakaroon ng bawat isang Filipino ng malinis na kalooban at moralidad. Ayon sa kanya ang taong may malinis na kalooban at konsyensya ay hindi matatakot o mag-aalinlangang sumugod sa labanan dahil kung sakaling mamatay siya sa pakikidigma, hindi siya matatakot na ialay ang kanyang buhay sa Dios. Bukod dito, mahalaga ang malinis na moralidad sa bawat Filipino dahil ang kanilang mga paghihirap at pagpapakasakit sa panahon ng himagsikan ay mababaliwala lamang (Achutegui at Bernad 161-163).

Sa panahon ng rebolusyon ay maraming Filipino rin ang gumagamit at naniniwala sa bisa ng anting-anting bilang kanilang gabay at proteksyon laban sa mga bala ng mga Espanyol. Ayon sa gunita ni Canseco(1999), lahat ay nagnanais na magkaroon ng isang anting-anting dahil pinaniniwalaan nila na ito ay makapagbibigay sa kanila ng “makapangyarihang birtud na tumutulong sa kanila upang hindi magkaroon ng marahas na kamatayan o kaya ay tamaan ng mga bala ng

kalaban.” Ang ilan sa mga kinikilala nilang anting-anting ay ang mga libritong may panalanging nakasulat sa wikang hindi nauunawaan, mga “piraso ng damit ng santo, mga medalya o gamit mula sa simbahan o iba pang bagay na maaaring magsilbi bilang anting-anting.”

Solusyon sa Kakulangan ng Pondo at Pagkain

Hindi lamang kakulangan ng armas at bala ang naging suliranin ng Katipunan. Isang mahalagang pagsubok rin para sa Katipunan ang kakulangan sa pagkain ng mga Katipunerong sasama sa himagsikan. Sa isang sirkular na inilabas ni Cayetano Topacio, binanggit niya na dapat paghandaan ang kasalatan ng sapat na pagkain ng mga Katipunero. Binanggit ni Topacio ang mga sumusunod na paalala:

Ngayon tayoy na sa isang kaguipitan ... na kung hindi man natin pa di maramdaman sa arao na ito, ang kasalatan sa pagcain ay di malalaon, at sasapitin natin ang kaguipitang iyan lalong lalo pa kung ang datihang sikap ay hinde natin gagamitin ngayon... karapatdapat ngayon paibayuhan pa natin, ang ating datihang kasipagan, alinsunod sa mga dahilang binanguit ko na...
 ”(Achutegui at Bernad 141)

Bilang paunang kautusan upang solusyunan ang suliraning ito, isang sirkular ang inilabas noong Nobyembre 16, 1896 na kung saan ipinagbawal ng pamunuan ng Katipunan sa Cavite ang pag-aangkat ng sigarilyo, tabako at alak sapagkat uubusin nito ang kanilang pondo. Ayon sa sulat, ang pag-aangkat ng mga nabanggit na produkto ay hindi lamang uubos sa kanilang pondo kundi maaari rin itong magdulot ng kapahamakan sa mga Filipino dahil kapag sila ay nalululong sa sobrang paninigarilyo at paglalasing, maaaring gamitin ng mga kaaway ang mga ito upang sila ay lasunin. Upang maiwasan ang pangambang ito, ipagbawal ang importasyon ng tabako, alak at sigarilyo. Gayundin ay ipinagbawal ang pagpasok ng mga nagtitinda nito sa kanilang mga bayan. Sa ganitong paraan ay hindi mababawasan ang pondo ng Katipunan at maiwasan ang pagkalason ng mga Katipunero (Achutegui at Bernad 134-136).

Bilang tugon sa pagbabawal sa pag-aangkat ng tabako, ipinag-utos ng pamunuan ng Katipunan sa Cavite na magtanim ang mga Filipino ng tabako. Sa sirkular na inilabas noong Nobyembre 17, 1896, ipinag-

utos ang pagtanim ng tabako.. Mas mainam na magtanim na lamang at gumamit ng sariling aning tabako kaysa bumili at mag-angkat dahil makakaubos lamang ito ng kanilang pondo (Achutegui at Bernad 141-143).

Kailangan ng karagdagang mapagkukunan ng pondo upang matugunan ang suliranin sa kakulangan sa pera para sa pagkain ng mga pwersang Filipino. Bilang unang solusyon sa suliraning ito, nagpataw ng buwis ang pamunuan ng Katipunan sa mga inaning palay. Ipinagutos ng pamunuan na kailangang ibigay ang kalahati ng ani ng mga magsasaka bilang tulong sa mga rebolusyonaryo. Hindi nagtagal ang patakarang ito dahil sa dumaraming pwersang kailangang pakainin. Dahil dito, tanging 30 porsiyento na lamang ng kanilang ani ang maari nilang gamitin ang nalalabing 70 porsiyento ay dapat ibigay bilang buwis para sa mga pwersang Filipino (Achutegui at Bernad 189-191).

Bukod dito, ipinag-utos rin ng pamunuan ang pagtatakda ng buwis sa mga talipapa at katayan ng mga hayop. Pinatawan rin ng buwis ang mga talipapa at maging ang mga pinapakatay na mga hayop upang makatulong sa pagkalap ng karagdagang pondo para sa rebolusyon. Sa kautusang na inilabas noong Enero 15, 1897, pinatawan ng buwis ang kinakatay na kalabaw, baka at kabayo. Kailangan magbayad ng pisong buwis sa bawat kalabaw, baka at kabayo na kakatayin at kalahating pisong buwis naman sa pagkatay ng baboy. Ang tala ng mga nakolektang buwis ay kailangang isumite sa pamahalaan buwan-buwan (Achutegui at Bernad 192-194).

Sa isang sirkular na may petsang Disyembre 24, 1896, hiniling ni Cayetano Topacio na ang lahat ng mga bayan ay kailangang magbigay ng datos ukol sa bilang ng palay na maaaring magamit mula sa bawat distrito ng bayan.

Kailangang sagutan at isumite sa pamahalaan ang sagot sa mga impormasyong makikita sa ibaba.

Nayon ng May-ari	Pangalan	Bilang ng cavan ng palay na inani	Bilang ng inauucol na canin para sa kaul

Bukod sa pagkakaroon ng imbentaryo ng mga palay, ipinag-utos rin ni Topacio sa mga pangulo ng mga bayan na hikayatin ang kani-kanilang nasasakupan na huwag pabayaang ang pagtatanim ng mga aning pagkain o food crops partikular ng kamote at mais.

Sa isa pang sirkular ni Cayetano Topacio na may petsang Disyembre 30, 1896, ipinag-utos niya ang patuloy na pagtatanim ng mga pagkaing halaman. Bukod sa pagtatanim ng kamote at mais, ipinag-utos rin niya ang pagtatanim ng munggo. Upang masiguradong susundin ang circular na ito, ipinag-utos niya sa mga pangulo ng mga bayan ng Magdalo, Gargano, Haligui, Magpuri, Sumilang, Mapagibig, Alapaap, Matalilong at Talisay na padalhan ang pamahalaan ng ulat ukol sa naging tugon ng mga tao ukol sa kautusang ito. Kailangang ipadala ang mga sumusunod na impormasyon:

- a. Talaan ng pangalan ng mga may-ari ng taniman
- b. Dami ng kanilang ani
- c. Sukat ng kanilang lupang tinataniman (Achutegui at Bernad 182-184).

Konklusyon

Ang Unang yugto ng Rebolusyong Filipino ay nagpakita ng marubdob na hangarin ng mga Filipino na makamit ang kalayaan mula sa kamay ng Espanya ngunit hindi naging madaling maisakatuparan ang layuning ito. Naging malaking suliranin ng mga Katipunero ang kakulangan ng sapat na armas na gagamitin sa pakikipagdigma laban sa Espanya. Suliranin mang maituturing ang kakulangan ng armas, bala, pondo at pagkain, hindi ito nakasagabal sa pakikipaglaban ng Katipunan upang makamit ang kalayaan ng bansa. Dahil likas sa mga Filipino ang pagiging maabilidad, nagawa nilang matugunan ang mga suliranin sa kakulangan ng armas, bala, pondo at pagkain sa pamamagitan ng paggamit ng mga katutubo at malikhaing pamamaraan. Upang solusyunan ang kakulangan ng armas at bala, naging pangunahing taktika nila ang pang-aagaw ng armas ng mga gwardiya sibil sa mga kwartel at mga tribunal. Bukod dito, gumawa rin sila ng iba pang paraan upang magkaroon ng karagdagang armas at bala. Ipinag-utos ng mga lider ng Katipunan ang paggamit ng pana, palaso at bolo kung walang baril na maaaring gamitin. Gumawa sila ng sariling bersyon ng kanyon at baril mula sa kahoy na may aserong tubo at tinunaw na tubong metal, kampana at pako. Upang magkaroon ng bala at pulbura, ipinag-utos ng mga lider ng Katipunan sa pamamagitan ng mga sirkular, ang

pangongolekta ng mga basyo ng bala mula sa lugar na pinaglabanan ng mga Filipino at Espanyol dahil maaari pa rin itong gamitin sa pamamagitan ng paglalagay ng pulbura dito.

Ang relihiyon at pananampalataya ay may ginampanang malaking tungkulin sa ikatatagumpay ng rebolusyon. Bukod sa paggamit ng armas at amunisyon upang labanan ang mga Espanyol, gumamit rin ang mga Filipino ng dasal, misa, nobena, rosaryo at anting-anting bilang mabisang armas. Ang pananampalataya at relihiyon ng mga Filipino ay naging isang mabisang panlaban nila sa mga Espanyol. Ito ang nagsilbing armas at kontribusyon ng mas nakakaraming Filipino upang maging matagumpay ang rebolusyon. Mula sa mga sirkular at gunita ni Telesforo Canceco, mababasa ang mataas na pagsampalataya ng mga Filipino sa magagawa ng Dios, mga santo at maging ng Mahal na Inang Birhen. Karaniwang hinihiling nila na sana ay tulungan nila ang pwersang Pilipino na malupig ang mga Espanyol. Bukod sa mga rosaryo, dasal, nobena at misa, naging mabisang armas at sandigan ng lakas ng maraming pwersang Filipino ang kanilang mga anting-anting. Bunga na rin marahil sa kakulangan ng armas, ang anting-anting ay nakita ng mga Filipino bilang isang maaasahang armas na magtatanggol at magliligtas sa kanila laban sa mga bala ng kaaway. Bukod dito, mahalaga rin sa mga Filipinong rebolusyonaryo ang pagkakaroon ng isang malinis na kalooban. Pinaniniwalaan nila na ang pagkakaroon ng isang malinis na konsyensya ang susi sa ikapagtatagumpay ng mga pwersang Filipino laban sa mga Espanyol

Ang kakulangan sa pagkain at pondo ay naging mabigat na suliranin rin ng mga Filipino. Upang masolusyunan ang suliranin sa pondo, ipinagbawal ang importasyon ng mga alak, sigarilyo at tabako. Ang pag-aakat ng mga produktong ito ay makakasama sa rebolusyon dahil ang pagbili ng mga ito ay maaaring umubos sa pera ng mga Filipino. Upang masolusyunan ang suliranin sa pagkahilig ng mga tao sa pananabako, iniutos ang pagtatanim na lamang nito. Ipinatupad rin ang pagpapataw ng buwis sa mga inaning bigas, talipapa at katayan ng mga hayop.

Ang kakulangan sa pagkain ay agad na pinaghandaan ng pamahalaang rebolusyonaryo dahil inaasahan na darami ang mga tropang Filipinong pakakainin habang nagpapatuloy ang rebolusyon. Kaya naman upang maiwasan ang krisis sa pagkain, ipinag-utos ng pamunuan ng Katipunan ang pagtatanim ng mga aning pagkain tulad ng mais, mongo at kamote.

Sa pamamagitan ng papel na ito nakita natin ang kagalingan at pagiging maabilidad ng mga Filipino sa panahon ng rebolusyon. Hindi naparalisa ang operasyon ng rebolusyon nang dahil sa kakulangan ng armas, bala, pondo at pagkain. Nagawa nilang malusutan ang mga problemang ito sa pamamagitan ng kanilang mga inobasyon at paggamit ng mga katutubong pamamaraan. Ang pagiging malikhain at maabilidad ng mga Filipino noong panahon ng rebolusyon ang nakatulong nang malaki sa ikatatagumpay ng himagsikan.

Bibliograpiya

- Canseco, Don Telesforo. *Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Pilipino sa Cavite, 1897*. Isinalin ni Jose Rhommel B. Hernandez. Philippine Dominican Center of Institutional Studies, 1999.
- De Achutegui, Pedro S. and Miguel A. Bernad. *Aguinaldo and the Revolution of 1896: A Documentary History*. Quezon City: Ateneo de Manila, 1972.
- Guerrero, Milagros C. at John N. Schumacher. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. Volume 5. USA, Hong Kong, Philippines: Asia Publishing Company Limited, 1998.
- Kalaw, T.M. *Ang Himagsikang Pilipino*. Manila: Pambansang Suriang Pangkasaysayan, 1997.
- Medina, Isagani R. *Ilang Talata tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-1897 sinulat ni Carlos Ronquillo*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- Valenzuela, Pio. *Memoirs of the KKK and the Philippine Revolution*. Isinalin ni Luis Serrano. Press Division, Malacanang, 1946.

Si Dr. Arleigh Ross Dela Cruz ay nagtapos ng BA-Social Science Major in Area Studies (Magna cum laude) mula sa University of the Philippines Manila noong 2004, Master of Arts in History mula sa De La Salle University Manila na may karangalang High Distinction noong 2006 at Doctor of Philosophy in History mula sa University of Philippines Diliman noong 2012. Nagturo siya sa Department of Social Sciences ng UP Manila bilang Senior Lecturer mula 2007 to 2010. Siya ay naging Pangalawang Pangulo ng Philippine Historical Association noong 2012. Sa kasalukuyan, siya ay Assistant Professor sa Departamento ng Kasaysayan sa De La Salle University Manila.

Abstract

Ang Mararantal na Sagisag ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan

ni Ian Christopher B. Alfonso

Sa kabila nang pagiging abala ng Katipunan sa pagsasakatuparan sa mithing kalayaan, hindi nito nakaligtaang magtanghal ng mga sagisag na tagapagdala ng kanilang ideyolohiya at tunguhin. Itinatak ang mga ito sa mahahalagang dokumento ng samahan mula 1892 hangang 1897 at ibinandila sa mga labanan sa pagsiklab ng himagsikan noong Agosto 1896. Bago ginamit ang mga ito ng Katipunan, naging “dibuho” muna ang mga ito sa mga dokumento, at napakalaking tulong ng mga dokumento ng Katipunan na nakasinop sa Archivo General Militar de Madrid ng Instituto de Historia y Cultura at sa koleksyon ni Emmanuel Encarnacion sa dokumentasyon ng mga ito. Sa pagbibigay konteksto sa mga dibuhong ito mabibigyang paliwanag ang mga elementong makikita sa mga pantatak at bandila ng rebolusyon.

Isa sa mga unang hakbang sa pag-unawa ng daynamiks ng rebolusyon ang paglatag sa mga ginamit na dibuho at sagisag ng Katipunan, dahil dala-dala din ng mga ito ang masasalimuot na kwento ng pulitika noong binubuo pa lamang ang bayang Pilipino. Taglay din ng mga sagisag na ito ang iba’t ibang kaisipan sa loob at labas ng Pilipinas sa panahong iyon na nakaimpluwensiya sa takbo ng rebolusyon. Tagapagdala ang mga sagisag na ito ng paghiraya (*imagination*) ng ating mga bayani sa magiging imahe ng nagsasariling Pilipinas sa harap ng mundo.

Susing salita: baybayin, eskudo, Haring-Bayang Katagalugan, Kumbensyon sa Tejeros, Liwanag ng Kalayaan, pantatak

Ang Mararangal na Sagisag ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan

ni Ian Christopher B. Alfonso
Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas

Introduksyon

SAYANG NGA LAMANG, walang naitalang anumang katitikan ng mga napag-usapan at napagkaisahan (*minutes of the meeting*) ang ikalawang kumbensyon ng Sangguniang Bayang Magdiwang at Sangguniang Bayang Magdalo sa bahay-hasyenda ng Tejeros, San Francisco de Malabon (ngayo'y Hen. Trias), Cavite noong 22 Marso 1897. Mababasa lamang ang mga maiinit na pangyayari rito sa mga talang personal ng mga nakasaksi, tulad nina Artemio Ricarte, *Vibora* at Santiago Alvarez. Ngunit may isang 'di gaanong pansining detalye sa kumbensyon na mahalagang mapalitaw upang maidokumento ang mga sagisag ng rebolusyon: ang watawat na pinagtibay dito.

Lokal na pulong lamang dapat ang kumbensyon: upang pag-isa-hin ang dalawang *Sangguniang Bayan* (panlalawigang sangay ng Katipunan) ng Cavite, ang Magdiwang at Magdalo. Gayunman, inipit si Andres Bonifacio, Supremo Presidente o Kataastaasang Pangulo ng Katipunan, ng Magdiwang at Magdalo upang pag-usapan ang isang isyung pambansa: ang pagtatag sa isang *pamahalaang rebolusyonaryo*. Nauna na itong binanggit ni Emilio Aguinaldo sa manipesto nitong *Al Pueblo Filipino: Libertad, Igualidad y Fraternidad* noong 31 Oktubre 1896 na humimok sa mga Pilipinong hangarin ang isang republikang

katulad ng sa Timog at Hilagang Amerika (Archutegui at Bernad 1972, 34-40).


Ayon kay Ricarte, *pinagtibay* sa Tejeros ang “unang watawat nang Republika Pilipina” (Ricarte 1927, 4, tingnan ang Larawan 1 at 2), at wala nang iba pang makabuluhang pulong sa Tejeros na magtiti-bay sa watawat na ito kundi ang kumbensyon sa Tejeros. Narito ang deskripsyon ni Ricarte sa nasabing watawat:

Ang bandila ng himagsikan... kawangis ng sa Japon, matangi ang pagkakaiba ng sa halip na kayong puti at ng araw na may mga sinag na pula na siyang sa Hapon, ay pula ang kayo, at ang araw ay may mga sinag na puti, at sa gitna nito’y may isang K na siyang pang-unang titik ng salitan[g] kalayaan (libertad). Kahit saan mahimpil noon ang mga pangkat ng Katipunan, ay nawawagayway ng buong ning-ning ang tinurang watawat... (p. 5)



Larawan Blg. 1: Watawat ng Republika ng Biak-na-Bato ayon kay Ricarte; inihanay niya ito sa watawat ng Pilipinas.

Dagdag pa ni Ricarte, nang isuko ng República de Filipinas provisional (*aka*, Republika ng Biak-na-Bato) ang rebolusyon sa mga Espanyol noong 14 Disyembre 1897 sa Biak-na-Bato, San Miguel de Mayumo, Bulacan, ipinag-utos mismo niya ang pagbababa sa watawat na ito na “tigmak sa dugo ng mga nabuwal sa dilim ng gabi” (p. 135). May ilustrasyon pa siya nito sa aklat niyang *Himagsikan nang manga Pilipino laban sa Kastila* noong 1927.



Larawan Blg. 2: Ilustrasyon ni Ricarte sa pagbaba sa watawat ng Republika ng Biak-na-Bato


Kung babalikan ang mga pangyayari sa Tejeros, binatikos ni Severino de las Alas, isang Magdiwang, sa harap ni Bonifacio ang watawat ng Katipunan: “Ang K, ang Araw at Bandila, ay di maaaring magpakilala ng uri ng pamahalaang Naghihimagsik, kung Makabayan o Makahari” (Ricarte 1927, 53-4; cf. Alvarez 1992, 319). Walang duda, ito rin ang watawat na tinukoy ni Ricarte. Matapos ang pagkuwestiyon ni de las Alas, nasunod ang matagal nang hangad ng mga Magdalo: nagkaroon ng halalang pambansa at natalo si Bonifacio kay Aguinaldo (na wala noon sa Tejeros) sa pagkapangulo, bagaman pinawalang bisa ito ng Supremo nang siya’y maliitin ni Daniel Tria Tirona, Magdalo, sa pagkatalaga bilang kalihim Interyor.

Pagkatapos ng Labanan sa Noveleta, Cavite noong 3 Abril 1897, nasamsam ng mga Espanyol ang watawat na kawangis ng tinutukoy ni Ricarte (Larawan Blg. 4). Nakawagayway ito sa may tulay ng Noveleta, yari sa lana (*wool*), magaspang ang yari, ‘di lalampas sa isang metro ang lapad at haba (samakatuwid, parisukat), at kulay puti ang animo’y tala na may pulang baybaying [Ka] sa gitna (“Nuestros Grabados: Guerra


Larawan 3: Tahasang sinabi ni Ricarte na ang watawat ng 1898 ay pangalawa sa watawat ng Katipunan sa Biak-na-Bato.



de Filipinas,” *La Ilustración Artística*, 23 Agosto 1897, 550, tingnan ang Larawan Blg. 5). Kinuhanan ito ng litrato at inilathala sa *La Ilustración Artística* noong 23 Agosto 1897 at sa *Campaña de Filipinas: La Division Lachambre* ni Federico de Monteverde y Sedano (1898, 591). Ayon kay Alvarez, lumaban sa nasabing engkwentro sina Bonifacio at Ricarte (Alvarez 1996, 324).



Larawan Blg. 4: Watawat ng Katipunan na nakumpiska ng mga Espanyol matapos ang Labanan sa Noveleta, mula *La Ilustración Artística*.




Larawan Blg. 5: Watawat ng Katipunan batay sa deskripsyon sa *La Ilustración Artística*. Rekonstruksyon ni I. Alfonso.

Malinaw ang kaugnayan kay Bonifacio ng watawat na kinilala sa Tejeros dahil sa baybaying [Ka] at sa araw. Nahahawig ito sa mga sagisag na nakaguhit at nakatatak sa mga dokumento ng *Kataastaasang Sanggunian* at *Kataastaasang Kapisanan* ng Katipunan, at lalong-higit sa pantatak ng *Kataastaasang Kapulungan ng Haring-Bayang Katagalugan*, ang personal na pantatak ni Bonifacio (Larawan Blg. 6). Mahalaga ang bahagi ng mga dokumento ng Katipunan na nakasinop sa Archivo General Militar de Madrid (AGMM) para sundan ang mga dibuhong may kaugnayan sa mga sagisag ng kilusan. Tatawagin itong *Liwanag ng Kalayaan* sa pananaliksik na ito (Larawan Blg. 7).¹

¹ Hindi araw kundi liwanag ang disenyo ng ito sa mga dokumento ng Katipunan. Kaisa ang may-akda ni Jim Richardson, Britong nag-aral sa mga dokumento ng Katipunan sa AGMM, sa ideyang ito. Tinawag ni Richardson ang mga sagisag na ito bilang “Light of Liberty” na inspirasyon nito sa pagpapamagat sa aklat nito tungkol sa Katipunan. Noong 1928, pinangalanan ni Emmanuel E. Baja na “Sun of Liberty” ang “araw” na may baybaying [Ka]. Cf. Jim Richardson, *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2013), xxiii; Emmanuel E. Baja, *Philippine National Flag and Anthem, Third Edition, Revised & Enlarged* (Manila: Philippine Education, Co., 1936), 34.

Larawan Blg. 6:
Selyo ng Kataas-
taasang Kapulunga
ng Haring-Bayang
Katagalugan.



K. K. K.
N. M. A. N. B.

Kataastasang Sanggunian

Sanggunian ng Bayan
ay nagpulong ang K. S. sa ita-
pulong naaw ng Enero ng taong
1896.

Binunhan ang kas. at bin-
re ang pinag-aralan ng mga daang
pulong.

Pinacabiet ang kas. na Ergasak
at nagpahayag na pinatutubaran
ang labiat ng si-rasabi sa sulat
ng kas. na Halinaw ng ibakalawa
ng buay ito. Nagpahayag din na
sagad-dang sa unawa ng crew up
ito sa kamigay pinapasukan
sinabi sa kamigay ng mga k. si
Juntoso Salvador at Dominis tra-
na (Huta) na sila'y pinarawan

Larawan Blg. 7: Katitikan ng Pulong ng Kataastaasang Sang-
gunian noong 1 Disyembre 1895 na may dibuho ng Liwanag
ng Kalayaan bilang sagisag. (Filipinas-Katipunan, Caja 5677,
Legajo 1.41[22]BIS:1/1-22, AGMM).

Bukod sa Liwanag ng Kalayaan, may iba pang dibuho na makikita sa mga dokumento ng Katipunan sa AGMM na makatutulong sa pagsasakonteksto sa mga disenyo ng sagisag, pantatak at watawat ng Katipunan. Bago sumiklab ang rebolusyon, apat na taong binuo, ginamit at pinalaganap sa loob ng kilusan ang iba't ibang sagisag na imahen ng adhikain at ideyolohiya ng mga Anak ng Bayan. Makikita ang malaking pagkakahawig ng mga disenyo sa simbolismo ng liwanag ng Masoneriya. Hindi man kaila ang impluwensiya ng Masoneriya sa Katipunan, binigyan pa rin naman ng sariling pagkakakilanlan ng kilusan ang mga naturang sagisag.

Kalituhan sa mga Sagisag ng Katipunan

Nag-iba ang disenyo ng watawat na pinagtibay sa Tejeros nang ilathala ni Emmanuel Baja ang *Philippine National Flag and Anthem* noong 1928 (unang edisyon). Bagaman may baybaying [Ka] ang bersyon ni Baja, walang batayang historikal ito (Larawan Blg. 8). *Anachronistic* ang disenyon niya sapagkat ang araw na may walong sinag ay lilitaw lamang pagdating ng 1898 batay sa disenyo ng watawat ni Aguinaldo. Unang watawat 'di umano ito ng Pilipinas at ang binagong watawat pandigma ng Katipunan ilang linggo matapos ang pagsiklab ng himagsikan (Baja 1936, 32-3). Ayon sa kanya, watawat din ito ng Magdalo na ipinalit sa watawat na KKK (p. 31). Kung ano ang mga batayan ni Baja, wala siyang ibinigay.²

Dumagdag pa sa kalituhan ang watawat ng “Magdalo Group,” mga sundalong nag-aklas sa pamumuno nina Gerardo Gambala at Sen. Antonio Trillanes IV laban sa dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo noong 27 Hulyo 2003 (Larawan Blg. 9).³ Sila ang nag-disenyo at nilagyang istilo ng International Flag House, isang kila-

2 Kinwestyon ni Domingo Abella, dating Direktor ng National Archives of the Philippines, si Baja sa pagsabing mali si Ricarte sa sinabi niya tungkol sa watawat na pinagtibay sa Tejeros. Sabi ni Abella, “[we], therefore, believe that Ricarte’s version cannot easily be discarded as erroneous, as Baja did, for it had a solid historical ground to stand on.” Gayunman, nagkamali rin si Abella sa pagtawag sa watawat na ito bilang “Magdiwang” dahil lamang si Ricarte ay isang Magdiwang. Cf. Domingo Abella, *The Flag of Our Fathers: A Summary of the Historical Evolution of the Philippine Standard Based on Documented Sources and Archival Research* (Manila: Domingo Abella, 1977), 25.

3 Fact-Finding Commission, *The Report of the Fact Finding Commission: Pursuant to Administrative Order No. 78 of the President of the Republic of the Philippines Dated July 30, 2003* (Manila: Fact-Finding Commission, 2003), 4, 6, 30-1, 34, 38, 127, 132.



Larawan Blg. 8: Larawang may baybaying [Ka] ayon kay Baja. Rekonstruksyon ni I. Alfonso.

lang *manufacturer* ng mga watawat sa Sta. Cruz, Manila.⁴ Inihanay ito ng Wikipedia sa mga watawat ng rebolusyon, bagaman tinanggal din kalaunan. Ngunit huli na ang lahat: may isang batayang aklat ang Kagawaran ng Edukasyon para sa Araling Panlipunan noong 2009 na inilimbag ang watawat na ito mula sa Wikipedia. Nakalagay din ito sa bakod ng Balintawak Cloverleaf na kinatatayuan ng isang monumento alay sa mga Katipunero sa Lungsod ng Quezon.




Larawan Blg. 9: Watawat ng “Magdalo Group” sa Balintawak Cloverleaf, Lungsod ng Quezon. Kuha ni Xiao Chua, 2010.

4 Si Michael Charleston Chua ng Kagawaran ng Kasaysayan ng De La Salle University ang unang tumawag sa pansin ng mga iskolar hinggil sa maling ito. Cf. Michael Charleston B. Chua, *Isang Himig, Isang Bandila: Ang Watawat at Pambansang Awit sa Agos ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*. Papel na binasa sa 4th Lecture Series on Bulacan Studies, 28 Mayo 2010, Dambanang Marcelo del Pilar, Cupang, San Nicolas, Bulacan, Bulacan, 3.

Mayroon pang idinagdag na watawat si Baja. Mitolohikal na araw ang disenyo nito na pinagtibay sa isang kumperensiya ng Magdalo sa Naic, Cavite noong 17 Marso 1897 (p. 34). Ayon kay Baja, nakuha niya ito kay Carlos Ronquillo, kalihim ni Aguinaldo, sa pamamagitan ng isang liham nito sa kanya noong 8 Setyembre 1926:

Ang araw na tinutukoy ko... ay ang mitolohikal na araw na may mata, kilay, ilong at bibig... Kagaya ito ng mga araw na makikita sa mga watawat ng ilang republika sa Timog Amerika. Nasisiguro ko [ito] dahil ako mismo ang nagdisenyo nito sa atas at utos ng Pangulo, si Heneral Aguinaldo. (p. 41)




Larawan Blg. 10: Watawat na may mitolohikal na araw na naidokumentado ni Baja. Wikimedia Commons.

Sayang nga lamang at hindi na makikita pa ang orihinal na liham ni Ronquillo upang matiyak ang pagiging matapat ni Baja sa pagsalin nito sa Ingles mula sa orihinal na wika (Espanyol ba o Tagalog, bagaman maraming naisulat si Ronquillo sa Tagalog). Ito’y dahil sa nasabi ring liham binanggit ni Ronquillo na “kahit na ang Nagkakaisang Pamahalaang Rebolusyonaryo, na ipinroklama sa Kawit, Cavite noong 19 Abril 1897 ay hindi ito (i.e. watawat ng Katipunan) pinalitan ng araw na may walong sinag” (Ronquillo, sa Baja 1936, 41). Anachronistic ang disenyong ipinakalat ni Baja sapagkat ang disenyo ng naturang araw sa watawat ay magiging standard na disenyo ng araw ng watawat ng Pilipinas noong panahon ng Commonwealth. Nakakalito rin ang bahaging ito sa liham ni Ronquillo: alin ba talaga ang disenyo ng watawat sa ilalim ni Aguinaldo, mitolohikal ba ang araw o pinanatili pa rin ang

disenyo na pinagtibay sa Tejeros:

Minarapat ang pagtanggap sa araw upang maging “republikanong watawat” ang watawat ng Katipunan upang mapanatili at marubdob na ipagtatanggol hindi lamang ng mga Katipon kundi maging ng lahat nang sumama sa himagsikan na pinasimulan ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan. (Ronquillo, sa Baja 1936, 41)


May pinupunto naman ang mga sinabi pang ito ni Ronquillo kay Baja: “...binuwag na ang Sanguniang Bayan (Magdalo at Magdiwang): hinalinhan ng isang organisadong pamahalaan pinorma ayon sa moderong pamantayan na may konstitusyong Republikano.” Upang ibandila sa buong mundo ang pagnanais ng rebolusyon na sumabay sa pamantayan noon ng isang republika, modelo ni Aguinaldo ang mga dating kolonyang naghimagsik din sa mga Espanyol gaya ng Argentina, Peru, Ecuador, at Uruguay at ang mga sagisag nila ay mitolohikal na araw na binansangang *Sol de Mayo*.⁵



Larawan Big. 11: Sol de Mayo sa watawat at eskudo ng Argentina. Wikimedia Commons.



Larawan Big. 13: Sol de Mayo sa watawat ng Uruguay. Wikimedia Commons.



Larawan Big. 12: Sol de Mayo na dati'y nasa watawat ng Peru. Wikimedia Commons.

⁵ Malaganap na noon pa man ang simbolismo ng araw sa mga bagong bansa noong ika-19 na siglo. Tinawag itong *Sol de Mayo* na simbolong makikita sa eskudo at watawat ng Argentina at Uruguay. Araw din ang tampok sa orihinal na eskudo ng Peru noong 1825, tangan ang mga katagang “Renacio el Sol del Peru” (Muli nang Sumilang ang Araw ng Peru) (Robson 1830, 61). Lahat nang ito ay hango sa *Sun in His Splendor*, isang palasak na *heraldic item* sa Europa na ang araw ay may mukha ng tao. Sa Pilipinas, ito ang tanyag na eskudo ng mga Dominiko na malimit makita sa selyo ng Unibersidad ng Santo Tomas.

Kung ano itong “kumperensiya sa Naic” noong 17 Marso 1897 na tinutukoy ni Baja ay walang nakakaalam. Iba rin ang lugar at petsang binanggit ng mismong pinagkunan niyang si Ronquillo. Maaari namang ang 19 Abril 1897 sa liham ni Ronquillo kay Baja ay 9 Abril 1897, ang petsang binanggit ni Ronquillo sa talambuhay nito kung kailan ipinatupad ni Aguinaldo ang mga pagbabago sa mga sagisag ng rebolusyon na pinagtibay noong 8 Abril 1897 sa Naic:

Ipinag-utos ayon dito alinsunod sa kalatas ng Pamanuan nang ikasiyam nang buwan ding iyon, ang paggamit ng lahat ng Pinuno sa Hukbo, mula sa Heneral hanggang Kobo, ng mga sagisag ng kani-kanilang tungkulin alinsunod sa hwaran at alituntuning pinagkaisahan ng Kapulungan nang sinundang araw. Kasabay ng pagbabago naman ng sagisag ng bandila, na ang dating [baybaying Ka]... may sinag: letrang Tagalog katimbang ng **k** Romana... ay hinalinhinan ng isang hugis ng araw. (Ronquillo, sa Medina, ed. 1996, 511)

Kung babalikan ang tala ni Ricarte tungkol sa ibinabang watawat ng rebolusyon sa Biak-na-Bato, malinaw na ipinagpatuloy pa rin ni Aguinaldo ang paggamit sa watawat na pinagtibay sa Tejeros. Kinilala naman ito ni Aguinaldo sa liham nito kay Luis Montilla, dating Direktor ng National Library, noong 5 Disyembre 1952:

...dili kaya’y ang kulay ñg titik na [baybaying Ka] na nakasulat sa gitna ñg araw, ay natatandaan ko pong ang kulay niyon ay pula, sa gitna ñg araw na puti naman ang kulay, na lagay sa gitna ñg watawat na pula, na gaya nang makikita sa dibuho ni Ricarte. (Aguinaldo, sa Abella 1976, 72)

Pinatotohanan mismo ni Aguinaldo na may pulang watawat na ibinaba sa Biak-na-Bato, ang kulay na ginamit din nito sa Cavite nang sumiklab ang rebolusyon. Binanggit mismo niya ito sa talumpati niya sa ratipikasyon ng Congreso Revolucionario sa kalayaan ng Pilipinas noong 29 Setyembre 1898 sa Simbahan ng Barasoain:

...ang culay na pula may dalang cahulugan na ang tapang ng manga Flipinos (sic), ay di ipagpapahuli sa pagcabayani ng alin mang nacion, ito ang unang culay at tanging guinamit ng nangag sipaghimagsic sa Hucumang Cavite ng ica tatlongpu at isa ng Agosto ng taong isang libo walong daan siamnapu’t anim hanggang sa dumating at dinatnan sila ng

pinagcasunduang catahimican sa bundoc ng Biac na bato.
(Bautista 1934, 175)

Gayong pinanatili ang watawat hanggang sa Biak-na-Bato, bina-go na ang disenyo ng mga pantatak at selyo ng rebolusyon: mitolohikal na araw na sumikat sa mga bundok ang ipinalit sa Liwanag ng Kala-yaan (Larawan Blg. 14). Ito ang eskudo (*coat-of-arms*) ng republika sa Biak-na-Bato, na sa mga salita ng kalihim mismo ni Aguinaldo na si Ronquillo “[d]ito rin [Biak-na-Bato], nang kailangan na ng panahon[,] uling pinag-ayos ang natatayong ‘**Pamahalaan ng Haringbayang Katagalugan**[’], na binigyan ng lalong masaganang kinang na kumislap sa kanyang bagong Konstitusyon...” (akin ang diin) (Ronquillo, sa Medina, ed. 1996, 619). Sa Cuerpo de Vigilancia de Manila (orihinal na nakasinop sa National Commission for Culture and the Arts o NCCA, ngayo’y nasa pangangalaga na ng National Archives of the Philippines o NAP⁶), may isang dokumentong may tatak ng disenyong ito.⁷



Larawan Blg. 14: Selyo ng Tanggapan ng Pangulo (Presidencia) ng Republika ng Biak-na-Bato, rekonstruksyon ng PCSPO Malacañang.



Larawan Blg. 15: Isa sa mga selyo ng Republika ng Biak-na-Bato. Cuerpo de Vigilancia de Manila, Manuscrito A-1(3), Legajo No. 3, Documento No. 127.

⁶ Dalawa ang grupo ng Cuerpo de Vigilancia de Manila sa NAP: ang sarili nitong koleksyon at ang mga binili ng NCCA noong 1994 at inilipat sa NAP noong 2013.

⁷ “Sello que dice ‘Republica Filipina Capitanía de Puerto,’” *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1(3), Legajo N^o. 3, Documento N^o. 127, National Archives of the Philippines (NAP). May sinundan itong dokumento na may katulad ding tatak. Binanggit ang petsang 14 Hunyo 1898. Sa mga panahong ito, Gobierno Dictatorial pa ang Pilipinas, hindi Republica de Filipinas, patunay na ang sagisag na ito ay mula pa sa Biak-na-Bato, 1897. Cf. “Sello Katipunero de la Capitanía de Puerto de Manila,” *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1(3), Legajo N^o. 3, Documento N^o. 126, NAP.

Dahil sa Kasunduan sa Biak-na-Bato, nagpatapon si Aguinaldo sa Hong Kong. Nang makabalik sa Pilipinas noong 19 Mayo 1898, dala-dala niya ang bagong watawat ng rebolusyon na hango sa watawat ng mga rebolusyonaryong Cubano. Taglay ng watawat na ito ang mitohikal na araw na may walong grupo ng sinag bilang alaala ng kanyang pagiging pangulo noong 1897. Ang naturang mitolohikal na araw ay nanatili pa rin sa mga pantatak ng kanyang pamahalaan (i.e. Gobierno Dictatorial de Filipinas, tingnan ang Larawan Blg. 16). Nagsimula namang kumalat ang disenyong ito bilang sagisag ng mga ahensya, militar, lalawigan, at bayan sa ilalim ng *Pamunoang Tagapagbangong-puri* (saling Tagalog ni Apolinario Mabini, tagapayo ni Aguinaldo, ng *Gobierno Revolucionario*), alinsunod sa dekreto ni Aguinaldo noong 15 Hulyo 1898 (Larawan Blg. 17). Sa pagsilang ng *República Filipina* sa Simbahan ng Barasoain noong 23 Enero 1899, mitolohikal na araw na nakapaloob sa tatsulok na ang sagisag ng bansang Pilipinas (Larawan Blg. 18).




Larawan Blg. 16: Selyo ng Gobierno Dictatorial, 1898, rekonstruksyon ng PCSPO Malacañang.



Larawan Blg. 17: Selyo ng Gobierno Revolucionario, 1898, rekonstruksyon ng PCSPO Malacañang.

Samakatuwid, kasabay ng pagbagsak ni Bonifacio bilang pinuno ng himagsikan noong 27 Abril 1897 (petsa kung kailan siya inaresto ng mga tauhan ni Aguinaldo) ang paglaho ng mga sagisag ng Katipunan. Tuluyang lumabo ang bakas ng pamumuno ni Bonifacio, bagaman may pakonswelo ang administrasyong Aguinaldo: ang tatsulok sa bagong watawat ay alaala ng Katipunan.



Larawan Blg. 18: Selyo ng República Filipina, 1899, rekonstruksyon ni I. Alfonso



Ang unang opisyal na sagisag ng Katipunan

Ang pinakamaagang paglitaw ng selyo ng Kataastaasang Kapulungan Haring-Bayang Katagalugan ay makikita sa isang dokumento ng Katipunan na may petsang 13 Pebrero 1897.⁸ Ito ay bilog na maraming bilang ng *liwanag* (*glory*), nahahawig sa mga simbolo ng liwanag sa Masoneriya, na nakapaligid sa baybaying [Ka]. Sa kabuuan, lumitaw sa anim na dokumento ng Katipunan ang selyo, pinakahuli ay may petsang 28 Setyembre 1897, apat na buwan matapos patayin si Bonifacio (cf. Richardson 2013, 296-9) (Larawan Blg. 19, 20, 21, 22, 23, 24).

Noong 1935, inilimbag ni Jose P. Santos sa *Buhay at mga Sinulat ni Emilio Jacinto* ang isang dokumentong may sagisag ng Haring-Bayang Katagalugan (Santos 1935, 19). Isa ito sa mga orihinal na dokumento ng Katipunan na iningatan ni Santos. Kasama ang iba pang dokumento ng Katipunan, ito ngayo'y nasa pag-iingat na ni Emmanuel Encarnacion. Muli itong lumitaw sa *Revolt of the Masses* ni Teodoro Agoncillo sa pahintulot ni Encarnacion (Agoncillo 1956). Ganunman, walang pumansin sa posibilidad ng “Haring-Bayang Katagalugan” bilang pamahalaan, dahil na rin sa pagkalat ng mga sinulat ni Aguinaldo na nag-


8 “Sa Kap[atid] na M[ahal] Julio Nakpil, *Guiliw*, Pangulo ng M[ataas] na Sanguni-an sa bayan ng Pasig. Ang K[ataastaasang] Pangulo, Andres Bonifacio, *Maypagasa*, [San Francisco de] Malabon, ika-13 ng Febrero ng 1897,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.100:1/1-4, Archivo General Militar de Madrid (AGMM).



Larawan Blg. 19: 13 Pebrero 1897 (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.100:1, AGMM).



Larawan Blg. 20b: Ikalawang parte, 15 Abril 1897 (cf. Santos 1935, 4; Cristobal 1997, 140; Agoncillo 1956).

Larawan Blg. 20a: Unang parte, 15 Abril 1897 (cf. Santos 1935, 4; Cristobal 1997, 140; Agoncillo 1956).





Larawan Blg. 24a: Unang bahagi ng dokumento, 28 Setyembre 1897. Mula kay Jim Richardson.

Larawan Blg. 24b: Ikalawang bahagi ng dokumento, 28 Setyembre 1897. Mula kay Jim Richardson.

sasabing ang “Haring-Bayan” ay titulo ni Bonifacio.⁹

Bagaman nababanggit na sa mga dokumento ng Katipunan ang konsepto ng *Katagalugan*¹⁰ bilang *Pilipinas* at ang *bayan* ay tumutukoy sa *tao (pueblo)*, tahasang pinalitaw sa sagisag ng Kataastaasang Kapulungan Haring-Bayang Katagalugan ang bagong katagang *Haring-Bayan* (sa ibang baybay ay walang gitling). “Pangulo ng Haring Bayan” at “P. ng K. Kapulungan” ang pakilala ni Bonifacio sa mga dokumentong may mga tatak ng sagisag na ito. Mas malinaw na binanggit ni Bonifacio na siya’y “Andres Bonifacio, Pañgulo nang Haring Bayang Katagalugan, Maytayo nang K. K. Katipunan nang mañga Anak nang Bayan at Unang Nag Galaw nang Panghihimagsik” sa *appointment document* ni Jacinto noong 15 Abril 1897 bilang “Pang-ulong Hukbo sa Dakong Hilagaan ng Maynila.”

Ang pinakamaagang ebidensya na may kabatiran ang mga tao tungkol sa Haring-Bayan ay nang salubungin ng mga taga-San Francisco de Malabon si Bonifacio ng hiyawang “Mabuhay ang Hari!” sa pagbisita niya sa Cavite noong Disyembre 1896 (Alvarez 1992, 303). Ibinalita ni Bonifacio sa liham niya sa mga opisyal ng Mataas na Sangunian ng mga Hukbo sa Dakong Hilagaan noong 12 Disyembre 1896 ang mga karanasan niya sa Cavite, at sa liham na ito tinawag niya ang sarili bilang “Ang P^{lo} ng Haringbayan”—ang pinakamaagang paggamit sa titulong ito

9 Cf. Isagani Medina, ed., *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-1897 ni Carlos Ronquillo* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1996), 550; Artemio Ricarte, *Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila* (Yokohama, Hapon: Artemio Ricarte, 1927), 31; Emilio F. Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan* (NP: Cristina Aguinaldo Suntay, 1964), 135. Emilio F. Aguinaldo, *Saloobin: Sagot ni Hen. Emilio Aguinaldo sa mga Paratang ng Dakilang Lumpo* (Dasmarina, Cavite: Cavite Studies Center, De La Salle University Dasmarina, 2002), 19; Pedro S. de Achútegui at Miguel Anselmo Bernad, *Aguinaldo and the Revolution of 1896: A Documentary History* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1972), 251; Carlos Quirino, *Young Aguinaldo, from Kawit to Biyák-na-bató* (Detroit: Cellar Book Shop, 1969), 96; Alfredo B. Saulo, *Emilio Aguinaldo: Generalissimo and President of the First Philippine Republic, First Republic in Asia* (Quezon City: Phoenix Publishing House, 1983), 125; Nick Joaquin, *A Question of Heroes* (Quezon City: National Book Store, 1978), 139.

10 Nilinaw ni Jacinto ang ibig sabihin ng Tagalog: “Sa wikang tagalog ay itinuturing ang lahat ng lahi mang tumubo dito sa sankapulan, sa makatuid: Bikol, Iloko at Kapangpanan man ay kinikilalang tagalog din.” “Unang Kabanata: Ang Kaniang Layon at mga Paraan,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.36(37):1/1-10, AGMM. Sinabi rin ni Ronquillo: “Ito ang dapat unawain ng mga bumabasa: sa tawag naming tagalog na makikita sa bawat dahon halos ng kasaysayang ito, ay di ang ibig naming sabihy ang paris ng palagay ng iba, na iniukol lamang sa mga tubong Maynila, Kabite at Bulakan, at iba pa, hinde kundi ang ibig naming tukuyin ay Filipinas... sapagkat sa palagay namin ay ganito ang talagang nararapat ikapit sa tanang anak ng kapilipinuhan. Ang tagalog o lalong malinaw, ang tawag na’talagang ay walang ibang kahulugan kundi tagalog na sa tuwirang paghuhulo ay taong maibiging manira sa tabi ng ilog, bagay na di maikakaila sa siyang talagang hilig ng tanang anak ng Pilipinas, saat saan mang pulo at bayan.” Ronquillo, sa Milagros C. Guerrero, “Pagtanaw sa Kasaysayan, Paghahanda sa Himagsikan: Mga Ideya ng Katipunan, 1892-1897,” *Kasarinlan: A Philippine Quarterly of Third World Studies*, Tomo 14, Blg. 1 (1998), 39.

sa isang dokumento ng Katipunan.¹¹

Pinaksa rin ito sa Kumbensyon sa Tejeros nang kwestiyunin ni de las Alas ang sagisag ng Katipunan: “Makabayan o Makahari” (Monarquico) ba ang Katipunan (Ricarte 1927, 54; Alvarez 1992, 319). Sinagot ito ni Bonifacio:

...na mula sa Ktt. Pamunuan ng Katipunan, hanggan sa kaba-babaan, ay nagkakaisang gumagalang sa pagkakapatiran at pagkakapantay-pantay; namumuhunan ng dugo at buhay *laban sa Hari*, upang makapagtatag ng *sarili at malayang Pamahalaan*, na sa makatwid, ay *mamahala ang Bayan sa Bayan*, at *hindi ang isa o dalawang tao lamang*. (akin ang diin) (Alvarez 1992, 319)

Samakatuwid, bayan/tao ang hari sa Haring-Bayan, hindi ang sinumang pamilya o anumang monarka, o sa madaling sabi, ito’y isang **republika**.


Sa isang polyeto na *Marahas nang manga Anak nang Bayan* (1897), tinapos ni Bonifacio ang kanyang pananalita sa mga katagang “Mabuhay! Mabuhay ang Haring Bayang Katagalugan!” (Archutegui at Bernad, eds. 1972, 570). Habang ang pinakahuling paggamit sa Haring-Bayan bilang *republika* ay makikita sa bersyong Tagalog ng atas ni Aguinaldo noong 23 Hunyo 1898¹² na nagtatag sa Gobierno Revolucionario, bagaman ito’y tinanggal nang maimprenta na’t ipinakalat (Guevara, ed. 1972, 28-34). Ito ay dekretong akda ni Apolinario Mabini.

Sa mga opisyal na dokumento ng pamahalaang Espanyol hinggil sa rebolusyon, hindi nilinaw ang pag-iral ng isang pamahalaan na pinatatakbo ng Katipunan, liban na lamang sa isinumiteng dokumento ni Mariano Gil, OSA sa Cuerpo de Vigilancia de Manila na nagdetalye sa animo’y malapamahalaang sistema ng Kataastaasang Sanggunian ng Katipunan at may eskudo pa ito (Larawan Blg. 25).¹³

11 “K.K.K.N.M.A.N.B. K.S. Mataas na Sangunian ng mga Hukbo sa Dakong Hilagaan. Ang P^o ng Haringbayan, 12/12/96,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.120:1-4, AGMM.

12 “Reglamento de la Constitucion del Gobierno Revolucionario. Lagda sa Cavite ngayon ika 23 ng Junio ng 1898.=Emilio Aguinaldo,” *Philippine Revolutionary Papers*, SD Folder 518, Doc. No. 1, 3, 20, National Library of the Philippines (NLP).

13 Binanggit ni Fray Gil ang komposisyon ng “Ministerio del Consejo Supremo Popular.” Presidente. And^{es}. Bonifacio; Guerra. Teodoro Plata; Estado. Emilio Jacinto; Gobernacion. Aguedo del Rosario; Gracia y Justicia. Bricio Pantas; Hacienda. Enrique Pacheco. Cf. “Ministerio del Consejo Supremo Popular. Lo anterior, traducido y arreglado por el P. Mariano Gil, Cura párroco de Tondo.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1(1), Legajo N^o. 1, Documento N^o. 14, NAP.



Larawan Blg. 25: Ulat ng Cuerpo de Vigilancia de Manila sa balangkas ng pamahalaan ng Katipunan. *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1(1), Legajo N^o. 1, Documento N^o. 14, NAP.

Lumabas naman sa *La Ilustración Española y Americana*, isang pahayagang nakabase sa Madrid, noong 8 Pebrero 1897 ang artikulong “Andrés Bonifacio, titulado «presídete» de la Republica Tagala.”¹⁴

El tagalo Andrés Bonifacio, presidente de la república kati-punesca que la ingratitude de algunos malos hijos de España ha querido fundar en Filipinas, previo el exterminio de todos los Blancos, no podía ser de más humilde origen, pues al estallar la rebelión era dependiente de comercio en Manila y servía en la casa Fressell y Compañía.¹⁵

14 "FILIPINÁS (sic). Andrés Bonifacio, titulado presidente de la república tagala. Una calle de Cavite," *La Ilustración Española y Americana*, 8 Pebrero 1897, 88.

15 Ibid, 79.

(Si Andres Bonifacio, ang pangulo ng republikang katipunero ng ilang walang utang na loob at suwail na anak ng Espanya na itinatag sa Pilipinas, pagkaraang lipulin ang lahat ng puti, ay buhat sa hindi magandang pinagmulan, na umasa sa kalakakan sa Maynila noon pa mang sumiklab ang rebelyon at nagsilbi sa Fressell y Compañía.)

Inilathala rin ng pahayagang ito noong 20 Marso 1897 ang 41 nakumpiskang “Sellos del ‘Katipunan.’”¹⁶ Sa katunayan, pawang sa Masoneriya ang lahat nang selyong ipinakita, at isa lamang ang may kaugnayan sa Katipunan, ang “Republika ng Katagalugan” (Larawan Blg. 26). Hindi malinaw kung ito ba’y ang Haring-Bayang Katagalugan din dahil hindi ni minsan binanggit ang salitang “republika” sa alinmang dokumento ng Katipunan. Hindi rin pangkaraniwang sagisag sa Katipunan ang disenyo ng nakumpiskang selyo.

Pagdating ng 22 Marso 1897 sa Tejeros, nilinaw ni Bonifacio na ang Pilipinas ay nasa pamamahala na ng Katipunan:

“Ang Kapuluan ay pinamamahalaan na ng K.K.K. ng mga Anak ng Bayan, na siyang nagbukas ng Paghihimagsik; may Batas at Alituntuning pinaiiiral; sinusunod at iginagalang ng lahat sa pagtatanggol ng Kalayaan, pag-ibig sa kapatid, pag-aayos at pamamalakad ng mga Pamunuan.” (Alvarez 1992, 319)

Hindi ito ang unang beses na binanggit ni Bonifacio na may “Batas at Alituntuning” ang Katipunan. Isang araw ng Disyembre 1896, binisita ni Edilberto Evangelista, Tinyente Heneral ng Magdalo, si Bonifacio sa tinutuluyan nito sa San Francisco de Malabon upang ipakita ang mungkahing nitong “Alituntuning-Batas ng Bayang



Larawan 26. Selyo ng isang “Republika ng Katagalugan” na inilathala ng *La Ilustración Española y Americana*, 20 Marso 1897.

¹⁶ “Sellos del ‘Katipunan’ y de varios logias masónicas del Archipiélago: Fotograba- do de fotografías remitidas por nuestro corresponsal artístico,” *La Ilustración Española y Americana*, 20 March 1897, 203.

Tinubuan” para sa isang “Pamahalaang Naghihimagsik” (pamahalaang rebolusyonyaro). Hindi ito nagustuhan ni Bonifacio dahil kinopya lamang ito ni Evangelista sa Batas Maura ng 1893 (Alvarez 1992, 305). Tila mapilit ang Magdalo, lalo pa’t kakandidato ito sa pagkapanulo ng pamahalaang rebolusyonyaro kung tatanggapin ni Bonifacio ang miungkahi. Noong 29 Disyembre 1896, sa unang kumbensyon ng Magdiwang at Magdalo sa Imus, Cavite, muling binuksan ng Magdalo ang usapin tungkol sa konstitusyon. Nilinaw ni Bonifacio na may isang “Alituntuning-Batas [o] Constitucion... na ang K.K.K.... na siyang pinagbabatayan ng mga Pamunuang Sanggunian at Balangay” (Alvarez 1992, 306).

Ipinagpatuloy nga sa Tejeros ang kumbensyon, at naimpluwensiyahan na ng Magdalo ang Magdiwang sa paggiit kay Bonifacio na itatag na ang pamahalaang rebolusyonyaro. Maugong ang panawagan na “pag-usapan... ang pagtatayo ng isang bagong Pamunuang-Pangkalahatan ng Paghihimagsik dahil sa mga di nangasisiyahan sa Ktt. Pamunuan ng K.K.K. ng A.N.B.” (Alvarez 1992, 320).


Samantala, bago gamitin ni Bonifacio ang pantatak na may Haring-Bayang Katagalugan, may pantatak na ginagamit ang Kataastaasang Pangulo ng Katipunan mula 1892. Masoniko ang dibuho, at kung hindi lamang sa inisyal na “ANB” (“Anak ng Bayan”), hindi ito masasabing Katipunan. May pagkakahawig dito ang isinumite ni Fray Gil ng disenyo ng sagisag ng Katipunan, liban sa ilang mga detalye.

Unang lumitaw ang sagisag na ito sa isang katitikan ng pulong ng Kataastaasang Sanggunian noong 1892, samakatuwid panahon pa ni Deodato Arellano, ang unang Kataastaasang Pangulo ng Katipunan (cf. *facsimile* sa Cristobal 1997, 26). Kabilang ang dokumentong ito sa iilang piraso ng mga dokumento ng Katipunan na minana ni Encarnacion kay Santos.

May mga dokumento sa AGMM na may mga tatak ng sagisag na ito. Una itong lumitaw sa dokumento ng Kataastaasang Sanggunian na may petsang 20 Disyembre 1895 na ang nangungunang may lagda ay si Pingkian (Jacinto).¹⁷ Matapos nito ay 13 dokumento pa ang may tatak nito, ang huli ay may petsang 21 Hunyo 1896¹⁸ (bagaman isa sa 13 ito

17 “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasan Sanggunian. Maynila, ika dalawang può ng Disyembre ng taong 1895,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.56(65):2/1-2, AGMM.

18 “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian (Pinagsulatan). Maynila, 21/6 1896,” *Filipinas-Katipunan*, AGMM Caja 5677, Legajo 1.57(66):4/1-4, AGMM.



Larawan 27. Dokumento ng Kataastaasang Sanggunian na may selyo, 4 Enero 1896. *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.77:3, AGMM.

ay “1896” lamang ang nakasulat¹⁹) (Larawan Blg. 27).²⁰

19 “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian—Sa lahat ng mga katipon. Pnllgkn-zil (Pingkian), Maynila, ika [walang araw] ng [walang buwan] ng taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.47(56):10/1-10, AGMM.

20 Cf. “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian. Maynila, ikaapat na araw ng Enero ng taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.77(87):3/1-3; “K.K.K.N.M.A.N.B.—K.S. Maynila, ikalima ng Enero, taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.71(81):1/1-2; “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian. Mandaluyong ika 5 ng Enero ng taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.85(101):4/1-4; “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangⁿ. (-Pinagsulatan-). Maynila ika 11 ng buan Febrero ng taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.65(74):2/1-2; “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian. Mainila ikalabig pito ng buan ng Febrero ng taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.53:1/1-2; “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian (-Pinagsulatan-). Maynila, ika 21 ng Febrero ng taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.81:1/1-4; “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian (Pinagsulatan). Maynila ika 8 ng Marzo ng taong 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.21(23):4/1-4; “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian (-Pinagsulatan-). Maynila ika 15 ng Marzo ng taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.80(96):4/1-4; “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian—Sa mga Pinakakatawan sa K.K. Maynila ika 15 ng Marzo ng 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.25(26):2/1-4; at “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sanggunian—Sa mga Pinakakatawan sa K.K. Maynila ika 27 ng Mayo ng taong 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.27(28):2

Ang KKK, Bakas ng Pagtakwil “sa lahat ng Kastila”

Malaking bagay para sa Katipunan ang paggamit ng wikang Tagalog bilang elementong kultural na pantapat sa simbolong kultural ng mga mananakop, ang wikang Espanyol. Ayon kay Santos, mahigpit na kautusan sa loob ng Katipunan na walang anumang wika ang puwedeng salitain, liban sa Tagalog. Si Hermogenes Plata ang opisyal na tanod na nagpatupad ng patakarang pangwikang ito:

Ang mahigpit na palakad ng mga katipunan na ang sinuman ay hindi maaaring magsalita ng ibang wika kundi tagalong (*sic*) lamang sa alin mang pagtatalo, usapan o padalahang sulat at patalastas... Naging palakad ng katipunan na ang magsalita ng kastila (*sic*) sa kanilang mga pagtatalo ay minumultahan ng labing anim na kuarta... (Santos 1935, 13)

May dalawang dokumento ang Katipunan sa AGMM na pinag-usapan ang tungkol sa patakarang pangwika: [1] Kataastaasang Sanggunian noong 1894 upang maging bahagi ng isang akta ng Katipunan. Una ay ang posisyon ni Tcrqvñfq (Toremige),²¹ sagisag ni Tomas Remigio na kasapi ng Kataastaasang Sanggunian:

“Yayamang itong ating pinagpapala ay isang Katipunang laban sa lahat ng Kastila, ninanasa ko, kung kanilang aayunan ay sa mga pag pupulong at ibang ating gagawin ay *gamitin natin ang tunay nating pangungusap*, gayon din sa mga kasulatang kinapapalamanan ng mga pinagpupulungan, *at ang letrang gagamitin ay ang ating pinag ugnay-ugnayan.*” (akin ang mga diin)²²

Sunod ay ang [2] posisyon ni Vzjnksn (Malliksi, Pedro Trinidad) na sumasang-ayon sa naturang probisyon ng akta.²³

Nakapaloob din sa mga katagang “gamitin natin ang tunay nating pangungusap” ang paggamit sa orihinal na Tagalog na walang impluwensiya ng ortograpiyang Espanyol. Pagsasakatutubo ito ng ortograpiyang Tagalog na hango sa matandang sulat ng mga Tagalog, ang

21 Ang katumaya’y walang petsa ang dokumentong ito, kundi lamang sa sinundang dokumento na may lagda ni Vzjnksn (Malliksi) na may petsang 12 Agosto 1894 na may katulad ding paksa.

22 “Tcrqvñfg, Consejo Supremo, Agosto 1894 (?),” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.7(7^a):7/1-8, AGMM.

23 “Vzjnksn, Dulumbayan, 12 Agosto 1894.” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.6(6):4/1-5, AGMM.

baybayin (transpormasyon ng [Cc][Qq] bilang [Kk], mga diptonggong Tagalog na Kinastilaloy [Ua][Ue][Ui][Uo] bilang [Wa][We][Wi][Wo][Wu]). Kaugnay ito ng tinutukoy na “letrang... ating pinag ugnay-ugnayan” o ang “lihim na pagsulat.” Sa dokumentasyon ni Hermenegildo Flores noong 1922, sinadyang tanggalin ng Katipunan ang mga titik na “hindi kailangan” o mga titik na hindi katutubo sa wikang Tagalog:

“Anong wika ang ginagamit ng mǵá kasapi sa Katipunan?

“Ang tagalog; nguni’t ang kahulugan ng ilang titik ng abakadang kastilá ay iniba sa kanilang pagsulat ng mǵá kasulatan at gayon din sa paglagdá ng kanilang mǵá sagisag. Ang titik na ‘a’ ay ginawang ‘z’, ang ‘c’ at ‘q’ ay ginawang ‘k’, ang ‘i’ ay ‘n’, ang ‘l’ at ‘ll’ ay ‘j’ ang ‘m’ ay ‘v’, ang ‘n’ ay ‘ll’, ang ‘o’ ay ‘c’ at ang ‘u’ ay ‘x’. Ang f, j, v, x at z ng abakadang kastilá ay itinakil pagka’t hindi kailangan. Sa maliwanag na ulat ay ganitó ang Abakadá (alfabeto) ng ‘Katipunan’ kung itutulad sa abakada ng wikang kastilá.” (Flores 1922, 27-8)

Bagaman binago ang tumbasan ng titik Espanyol sa Katipunan, iniwasan ang titik [Kk] na mabago sa espesyal na kadahilang inisyal ito ng opisyal na pangalan ng Katipunan na “**K**ataastaasang **K**agalanggalang na **K**atipunan” (liban ang “**ng mga Anak ng Bayan**” na naging ll.v.Z.ll.B). Nagsilbing sagisag ng Katipunan ang KKK at batay sa napansin ni Frederic H. Sawyer, inhinyerong Britong matagal nang residente ng Maynila na nakasaksi sa himagsikan, sagisag ito ng malalim na pagkontra ng Katipunan sa mga Espanyol:

“Walang K sa alpabetong Espanyol, bagaman ang titik na ito ay nasa mga wikang Malay, lalo na sa Tagal. Samakatuwid, ang sagisag ng samahan, ang K.K.K., ay tunay na kontra-Espanyol lalong-higit ang kahulugan nito, na siyang kinakatawan ng mga naturang titik.” (Sawyer 1900, 82)

Malinaw ang nais ipahiwatig ni Tcrqvñfq sa mga salitang “Yay-amang itong ating pinagpapala ay isang Katipunang laban sa lahat ng Kastila.” Bahagi ng pagpapalaya sa Bayan ang pagkawala ng mga Anak ng Bayan sa impluwensiya ng mga dayo. Isang pulitikal at kultural na hakbang ang pagbabalik ng Katipunan sa kung ano ang mayroon sa matandang Tagalog. Mula rito, itinakil naman ang pangalang “Pilipi-

nas” at “Pilipino” pabor sa “Katagalugan” at “Tagalog,” at kung napanahon na’y tatanggapin ang noo’y diwa ng republika, ngunit hindi gagamitin ng Katipunan ang salitang “República,” sa halip ay “Haring-Bayan.”²⁴

Mula 1892 hanggang 1896 batay sa mga dokumento ng Katipunan na nasa AGMM at kay Encarnacion, makikita ang mga titik na “K.K.K.,” “K.K.K.Z.II.B.,” at “K.K.K.II.v.Z.II.B.” bilang parte ng *letterhead*. Pagdating ng Enero 1896, nasa romanong titik na ang “Z.II.B.” bilang “ANB” at ang “II.v.Z.II.B” bilang “NMNAB.” Magiging “KKK” na lamang ang daglat-sagisag ng Katipunan pagdating ng Marso 1896, bagaman may ilang dokumento na noong 1895 na ganito. Gayunpaman, walang *standard format* ang Katipunan sa paggamit ng KKK sa mga *letterhead*. Tuloy, iba-iba ang *format* ng *letterhead* ng Katipunan sa AGMM mula 1894 hanggang 1897.

Kapansin-pansin din sa mga dokumento mula 1892 hanggang 1896 ang kakaibang panuldok na patatsulok ang porma at may bilang na tatlo: ekis na patayo $\begin{matrix} x \\ x \end{matrix}$ at ekis na *inverted* $\begin{matrix} x & x \\ x & x \end{matrix}$ at krus $\begin{matrix} + & + \\ + & + \end{matrix}$. May gumamit din ng tuldok $\cdot \cdot$ [K \cdot ·K \cdot ·K \cdot · na Z \cdot ·Ll \cdot ·B \cdot ·]. Makikita rin mismo ang panuldok na ito sa dokumentong $K_{xx}^x K_{xx}^x K_{xx}^x$ *Katungkulang gagawin ng mga* $Z_{xx}^x Ll_{xx}^x B_{xx}^x$, na nasa pangangalaga ni Encarnacion (Cristobal 1997, 40-1).

Samantala, ginamit din ang KKK sa mga watawat ng Katipunan. Binanggit ni Alvarez na noong 14 Marso 1896, nang manumpa si Aguinaldo kay Bonifacio bilang kasapi ng Katipunan sa bahay ng Supremo sa Tondo, nakita niya ang isang itim na watawat na nakaladlad pahaba sa dingding na may puting dibuho ng bungo, magkakrus na buto at sa ilalim ay ang puting KKK na “tungkong kalan” o patatsulok ang ayos (Alvarez 1992, 241).

Nang sumiklab ang rebolusyon, lumaganap ang mga pulang watawat taglay ang KKK na kulay puti. Halimbawa nito ay ang watawat ng Katipunan na pag-aari ni Aguinaldo na nasa pangangalaga ng Emilio Aguinaldo Shrine (Larawan Blg. 28); sa sertipiko ng *Asociación de los Veteranos de la Revolución* (Baja 1936, i, 17) (Larawan Blg. 29); sa wata-


24 May mga paham nang Pilipino noon tulad nina Trinidad H. Pardo de Tavera, Jose Rizal, Marcelo Hilario del Pilar, Pedro Serrano Laktaw, atbp. ang sinikap na ibalik sa katutubo, o magkaroon ng reporma, ang ortograpiyang Pilipino, partikular na ang Tagalog batay sa baybayin. Dala nang kawalan ng batayan, walang makapagsabi kung may kaugnayan ba ito sa pagsasakatutubong ginawa ng Katipunan sa Tagalog. Cf. Jose Rizal, “Sobre la Nueva Ortografía de la Lengua Tagalog (Carta a Mis Paisanos), 15 Abril 1890,” sa Guadalupe Fores-Ganzon, *La Solidaridad* (Manila: Fundacion Santiago, 1996), Tomo II, 180-9.

wat ng Katipunan na inukit sa kahoy ni Isabelo Tampinco noong unang bahagi ng ika-20 siglo (Larawan Blg. 30);²⁵ at sa kuhang larawan ng inaugurasyon ng “Bantayog ng Kongreso Pilipino” (ngayon ay Glorietta) sa patio ng Simbahan ng Barasoain noong 28 Abril 1931 kung saan hawak ni Gregoria de Jesus, balo ni Bonifacio, ang watawat na ito (Bautista 1936, 114).



Larawan 28. Disenyo ng watawat ng Katipunan sa Emilio Aguinaldo Shrine, rekonstruksiyong digital ni I. Alfonso.

Larawan 29. Disenyo ng watawat ng Katipunan base sa sertipiko ng Asociación de los Veteranos de la Revolución, rekonstruksiyong digital ni I. Alfonso.



Larawan 30. Disenyo ng watawat ng Katipunan base sa ukit ni Isabelo Tampinco, rekonstruksiyong digital ni I. Alfonso.

²⁵ Sinasabing nakakabit ito sa pasukan ng *taller* ni Tampinco sa Maynila. Ito ngayo'y nasa Museo ng Katipunan ng Pambansang Komisyon Pangkasaysayan ng Pilipinas.

Liwanag ng Kalayaan, Bahagi ng Pagsasakatutubo sa Sagisag ng Himagsikan

Bago matapos ang 1895, nagkaroon ng reporma ang *letterhead* ng Kataastaasang Sanggunian: inilahok ang baybaying [Ka] na naglilwanag, ang *Liwanag ng Kalayaan*. Kung titingnan ang paraan ng pagkakaguhit sa sagisag na ito, hindi ito araw kundi katulad din ng mga palasak na sagisag ng liwanag sa Masoneriya. Ayon kay Bonifacio, “Kalayaan” ang ibig sabihin ng inisyal na ito (Ricarte 1927, 53).

Bagaman walang dokumento ang Katipunan na nagbabanggit kung bakit ginamit ang sagisag na ito, may malalim na pakahulugan naman si Jacinto sa simbolismo ng “liwanag” sa kanyang *Liwanag at Dilim*.²⁶ Gayundin, maaari namang nagkainteres ang Kataastaasang Sanggunian nang ilathala ni Fray Cipriano Marcilla y Martin ang *Estudio de los Antiguos Alfabetos Filipino* noong 1895.²⁷ Kung titingnan ang mga dokumento ng Katipunan sa AGMM at ni Encarnacion, walang bakas ng anumang paggamit sa baybayin bago ang 1895, liban na lamang sa patakarang pangwika ng Katipunan na ibalik sa orihinal na Tagalog ang ortograpiya batay sa baybayin.

Ang pinakamaagang paggamit ng Liwanag ng Kalayaan sa isang dokumento ng Katipunan sa AGMM ay may petsang 26 Nobyembre 1895 (Caja 5677, Legajo 1.45:1). Bagaman 19 ang bilang ng liwanag sa dokumentong ito, sa mga sumunod na dokumento ng Kataastaasang Sanggunian at Kataastaasang Kapisanan na may Liwanag ng Kalayaan, ang bilang ng liwanag ay naglalaro sa walo at 16. Taliwas ito sa mga lumabas na sulatin at lathalain na nagsasabing walang tiyak na bilang ang “sinag ng araw” ng Katipunan, kumpara sa araw ng administrasyon ni Aguinaldo na walo. May pitong dokumento ang Kataastaasang Sanggunian at Kataastaasang Kapisanan mula Disyembre 1895 hanggang Disyembre 1896 na gumamit ng walong liwanag (nauna pa kay Aguinaldo) (Larawan Blg. 31 at 32). Walo rin ang liwanag na ginamit ni Jacinto sa kanyang mga opisyal na liham mula Pebrero hanggang Disyembre 1896 (Larawan Blg. 33).

²⁶ Para konsepto ng “liwanag” ni Jacinto, cf. Zeus A. Salazar, “Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan,” *Bagong Kasaysayan*, Tomo 6, Blg. 1 (1999).

²⁷ Cf. Cipriano Marcilla y Martin, *Estudio de los Antiguos Alfabetos Filipino* (Mala-bon: Tipo-Litografia del Asilo de Huerfanos, 1895).

by. 1.56

K. K. K.
N. M. A. N. B.

Kataastaasang Sanggunian

La mga pinagkakatawan ng
lahat ng pulitiko at sa mga kapa-
titi na Limasagan, Kagawad, Silang
at iba pa.

Minamahal na mga kapatid,
Ayon sa ikabubuti at ikalagay ng ating
K. ay minatapat nitong K. S. na Diy-
os ay may pulong sa ikadalawang puwat apar-
aw ng umiral na buay at sa ita sian
puat sa tanong ng babal ng gabi.

Sa kagay na ito aming ipinaman-
hik sa inyong mga kamahalan, sa toka
ng Kap. na Maypagasa, ay mangyaring
mali sa natuwag araw at oras

Larawan 31. Dokumentong ng Kataastaasang Sanggunian na may dibuho ng Liwanag ng Kalayaan na walo ang guhit, 20 Disyembre 1895 (Filipinas-Katipunan, Caja 5677, Legajo 1.56[65]:1/1-2, AGMM).

by. 1.25

K. K. K.
N. M. A. N. B.

Kataastaasang Sanggunian

Sa mga Pinagkakatawan sa K. K.

Minamahal na mga kapatid:
Ayon sa ikabubuti at ikalagay ng kagay-
ad at babal ng K. K. K. ay may pulong na ipinam-
hik sa inyong mga kamahalan at sa ita sian
puat sa tanong ng babal ng gabi.

Una: Ang K. K. K. ay may pulong sa
ika 22 ng buay umiral sa kagay ng K. K. K.
ayon sa ikabubuti at ikalagay ng kagay-
ad at babal ng K. K. K.

Malawa: Ang lahat ng mga Pinagkakatawan ay di-
tos ikabubuti at ikalagay sa ita sian
puat ng babal sa tanong ng kagay ng nasa
kagay araw sa kagay ng ikabubuti na May-
pagasa.

Charlo: Ang hindi ikabubuti sa ikabubuti

Larawan 32. Dokumentong ng Kataastaasang Sanggunian na may dibuho ng Liwanag ng Kalayaan na may walong maiiksi at walong mahahabang guhit, nalalapit sa istilo ng araw ni Aguinaldo, 15 Marso 1896 AGMM. (Filipinas-Katipunan, Caja 5677, Legajo 1.25(26):1/1-4, AGMM).

by. 1.54

K. K. K.
N. M. A. N. B.

Einangip ko sa her-
pan na mga kab. na alay pag-
asa, Manangit, Librang, Bator,
bubay at ikabubuti, ang salaping
mailapit sa araw na ng un-
dis na itinagay sa bahay ng
kap na Maypagasa sa ita sian
babayang B. G. at K., na ang
salaping ito ay ang balagay
hinang pin, araw na rikapat
at walong kuelta, at nga-
king mailapit sa araw na nasa
tas sa Sangguniang Ikinim.

Alayito ita delawang puat
wala ng Febrero ng tanyag 1896.

Angkian

Vigilante Subicong

Unang


Panteg

Vigilante

Larawan 33. Dokumentong su-
lat-kamay ni Emilio Jacinto, 28 Pe-
brero 1896 (Filipinas-Katipunan,
Caja 5677, Legajo 1.54[63]:1,
AGMM)

Bukod sa Liwanag ng Kalayaan, kapansinin-pansin din na ng ito'y idagdag sa K.K.K.N.M.A.N.B., nagkaroon ng patatsulok na ayos ang *letterhead* ng Kataastaasang Sanggunian at Kataastaasang Kapisanan (Larawan Blg. 34). Nalalapit ito sa ikonograpiyang *eye of providence* (*all-seeing eye of God*) na nasa tuktok ng piramide sa *Great Seal* ng Estados Unidos ng Amerika noong 1782 (US Department of State 2003, 4) (Larawan Blg. 35).

Samantala, ikonograpiya rin ang *eye of providence* ng Rebolusyong Pranses. Makikita ito sa *Déclaration des droits de l'homme et du citoyen* (Deklarasyon ng mga Karapatan ng Tao at ng Mamamayan) noong 1789 ng *Assemblée nationale constituante* (Pambansang Kapulungan ng mga Kinatawan) ng Pransya (Van Wie 1999, 6) (Larawan Blg. 36).



Larawan 34. Kataastaasang Sanggunian ng KKKNMNB, Maynila, 17 Pebrero 1896 (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.53(62):1/1-2, AGMM).




Larawan 35. Great Seal of the United States of America, 20 Hunyo 1782, mula sa *Columbian Magazine*, Oktubre 1786, U.S. Library of Congress.




Larawan 36. Déclaration des droits de l'homme et du citoyen, 26 Agosto 1789. Carnavalet Museum, Rue de Sévigné, Paris, France, Wikimedia Commons.

Maaari ring may kinalaman ang ang Masoneriya sa paggamit ng *eye providence* ng Katipunan. Sinimulan itong gamitin sa Masoneriya noong 1797.

Kung tutuusin, ang *eye of providence* ay palasak nang ikonograpiya sa Pilipinas bago pa man ang rebolusyon. Makikita ito sa mga simbahan bilang sagisag ng *Trinidad* o ng Dios Ama, Dios Anak at ng Dios Espiritu Santo sa anyo ng mata na nakadungaw sa liwanag na napaliligiran ng ulap na nahawi o 'di kaya'y sa loob ng tatsulok ang karaniwang dibu-



Larawan Blg. 37. Halimbawa ng letterhead ng Katipunan, ca. 3-15 Abril 1896 (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.47[56]:1/1-10, AGMM).



Larawan Blg. 38. Disenyo ng watawat ng Katipunan na unang isinabak sa rebolusyon (makikita sa aklat ni Baja), base sa testimonya ni Pio Valenzuela, Polo, Bulacan, 16 Abril 1928.




Larawan Blg. 39. Kumalat na disenyo ng watawat ng Katipunan base sa testimonya ni Pio Valenzuela. Wikimedia Commons.

ho nito. Naging imahe rin ito sa mga *anting-anting* na ginamit naman noong rebolusyon.

Naisalin naman ang disenyo ng *letterhead* ng Kataastaasang Sanggunian at Kataastaasang Kapisanan (Larawan Blg. 37) sa isang watawat ng Katipunan na ginamit sa Labanan sa Pasong Tamo noong 25 Agosto 1896. May 16 na sinag ito at nakatuntong sa daglat na K.K.K., iyon nga lamang walang banggit si Dr. Pio Valenzuela, ang nagbigay ng deskripsyon ng watawat na ito kay Baja, kung may baybaying [Ka] ba ito (Larawan Blg. 38 at 29). Sa halip na Liwanag ng Kalayaan, nagmukha na itong araw (Baja 1936, 43; Alvarez 1992, 256-7).

Kaiba naman ang watawat ng Balangay Magtagumpay ng Culi-Culi, Makati sa ilalim ni Pio Castañeda (del Pilar) na pinagtibay noong 11 Hulyo 1895: isinanib ni del Pilar sa disenyo ng watawat ng Cuba ang mga sagisag ng Katipunan, at sa puting tatsulok magkakahiwalay ang mga titik ng KKK na naging tatsulok ang ayos at sa gitna ay ang araw na may walong sinag na papasikat sa likod ng isang bundok. Ayon kay del Pilar ito’y “alegorya ng liwanag na gabay sa mga Pilipino at iniilawan ang daan tungo sa kalayaan” (Baja 1936, 29-30 ; Larawan Blg. 40).



Larawan Blg. 40. Watawat ng Balangay Magtagumpay, 1895, Wikimedia Commons.

Samantala, kung papansinin ang iba pang dokumento ng Katipunan sa AGMM, tila *protocol* sa Katipunan na kapag susulatan ang Kataastaasang Sanggunian at ang Kataastaasang Kapisanan, ginagaya ang *letterhead* ng mga naturang pamunuan. Dahil hindi lahat ng Katipunero ay pamilyar sa Liwanag ng Kalayaan, lalo na ang mga kasasali

lamang sa Katipunan noong kasagsagan ng rebolusyon, iba-iba ang lumitaw na anyo ng Liwanag ng Kalayaan: may mga sagisag na kakatwa ang disenyo ng Liwanag ng Kalayaan (Larawan Blg. 41, 42, 43, 44) ; may mga gumamit ng Romanong titik [K] sa halip na baybaying [Ka], gayong wala namang kautusan ang Katipunan na palitan ang baybayin ng Romano (Larawan Blg. 39); at may mga Sangguniang Bayan at




Larawan Blg. 41. Dokumento mula sa isang “Balangay Silangan” na itsurang pako ang Liwanag ng Kalayaan, 26 Marso 1896 (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.22:1, AGMM).




Larawan Blg. 42. Liham ni Gregorio Altamirano ng Laguna kay Gen. Francisco Vepera na nagpangalang *Espiritu Santo* ang Liwanag ng Kalayaan, ca. 1897 (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.102:1-2, AGMM).




Larawan Blg. 43. Liham mula sa isang “Sanguniang Bayan Maypagasa” na animo’y *confetti popper* ang Liwanag ng Kalayaan, 6 Hulyo 1896 (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.24:1, AGMM).



Larawan Big. 44. Liham mula sa isang Mataguingting Lumusob, tila logo ng Caritas Manila ang Liwanag ng Kalayaan, 22 Nobyembre 1896 (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.104:1, AGMM).



Larawan Big. 45. Sangunian Bayan Pantayanin, Pasig, 12 Enero 1897 (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.48c:1, AGMM).



Larawan Big. 46. Documento mula sa Pasig na animo'y antena ang Liwanag ng Kalayaan, 1896 (?) (*Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.124:1, AGMM).

Balangay na sinunod ang regular na bilang ng Liwanag ng Kalayaan na 8:16, bagaman hindi nakuha ang istilo ng pagkakasulat ng baybaying [Ka] (Larawan Blg. 45, 46).

Paggamit ng Bungo

Isa ang tinaguriang “Bungo ni Llanera” sa mga pinalaganap ni Baja na watawat ng rebolusyon (Larawan Blg. 47). Si Baja mismo ang gumuhit nito batay sa memorya ng mga nakapanayam nitong matatanda sa Cabiao, Nueva Ecija kung ano ang dibuho ng watawat ni Hen. Mariano Llanera: kulay itim na may bungo, dalawang buto na magkakrus at titik [K] na kulay puti. Idinagdag pa ni Baja ang sinabi sa kanya ni Alvarez noong 24 Oktubre 1926 na pabiro itong binansagang “Bungo ni Llanera” ni Bonifacio (Baja 1936, 21). Wala nang malalim na paliwanag si Baja sa watawat na ito



Larawan Blg. 47. Bungo ni Llanera, Wikimedia Commons.



Larawan Blg. 48. Watawat ng inisasyon base sa paglalarawan ni Santiago Alvarez, rekonstruksiyong digital ni I. Alfonso.

Bukod sa Bungo ni Llanera, may kaugnay din itong watawat na gamit sa inisasyon ng Katipunan batay sa tala ni Alvarez (Larawan Blg. 48). Binigyan din tayo ni Alvarez ng ideya kung ano ang tipikal na itsura ng lamesa na pinagsasagawaan ng inisasyon: may “isang hapag na kayong (*kayo*, tela) itim ang takip, at nakapatong sa ibabaw ang isang bungo at dalawang buto ng bisig ng tao.” (Alvarez 1992, 241).

Mahalaga ang papel ang bungo at dalawang buto ng braso sa inisasyon ng bagong kasapi ng Katipunan. Sa bungo nanunumpa ang mga bagong kasapi at sinasabing hinahalikan pa ito (St. Clair 1902, 29). Bahagi ito ng mga tradisyong Mason na hiniram ng Katipunan.

Dahil sa pagiging kakatwa, pinag-usapan ito ng Kataastaasang Sanggunian noong Agosto 1894 kung ang paggamit ng bungo at buto ng tao ay ititigil na. Si Bonifacio mismo ang nagmungkahi nito, at sinang-ayunan ni Remigio:

...Nḡ tayo,i, nama,i, maligtas sa balá nḡ katuiran tungkol sa pag gamit nḡ bunḡô nḡ tau, ay maayunan ko ang pasia nḡ ating Panḡulo (Bonifacio) ó kundi nama,i, halinhan natin nḡ kahoy nḡ may kaunting karanḡalan.²⁸

Hindi nasunod ang mungkahi ni Bonifacio dahil may isang dokumento sa AGMM na may petsang 22 Enero 1895 na nag-aatas sa pangulo ng isang bagong tatag na balangay na magpundar ng bungo at mga buto ng braso:


Datapua,t, ang bagong Panḡulo nḡ naturang balanḡay ay nagsunod nḡ mḡa ilang kautusang ikabubuti nḡ bagong balangay: Ang pagpapagawa nḡ Caja; mḡa Kapuchas, at *pag-kakaroon ng Bunḡô at Brazo*.²⁹ (Akin ang diin)

Bukod sa mga watawat, naging disenyo rin ang bungo ng ilan sa mga sagisag ng Katipunan, nangunguna na rito ang pantatak ng Kataastaasang Sanggunian (1892-1896). Sa isang dokumento ng Kati-

28 "Tcrqvñfg," 6-7/1-8.

29 "Bzjzlḡzy llḡ Vzxllñllḡ-llñllḡ (Balanḡay nḡ [*di maitindihan*]): Ang mḡa kapatid na kapulong Pangulo sa CS_{x,x}, tesorero sa C_{x,x}. Ikadalauang-pu at dalawa nḡ buan nḡ Enero nḡ taong isang libo walong daan at siam na puo at lima," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.76(86):1, AGMM.

punan noong Mayo 1895,³⁰ pinapagitnaan ng mga titik KKK ang isang bungo na may magkakrus na buto sa loob ng isang tatsulok (Larawan Blg. 49). May bungo at magkakrus na buto rin ang sagisag ng Punong Hukbo ng Katipunan sa Pantayanin (bahagi ng Marikina, tingnan ang Alvarez 1992, 377) sa isang dokumento na may petsang 30 Marso 1897 (Larawan Blg. 50).



Larawan Blg. 49. *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.10(11):1/1-3, AGMM.



Larawan Blg. 50. *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.143:1, AGMM.

Pagbabago ng Liwanag ng Kalayaan bilang Araw


Noong 17 Setyembre 1896, nagkaisa ang Magdiwang at Magdalo na gumamit ng mga simbolo sa kanilang uniporme, sa kabila ng pagtatalo sa disenyo at kulay, bagaman hindi malinaw kung may basbas ba ito ni Bonifacio (Alvarez 1992, 284-5). Patunay lamang ito na hindi malinaw kung may regulasyon ang Katipunan sa paglikha ng mga sagisag.

Samu't sari pang disenyo ang makikita sa AGMM sa anyo ng mga pantatak. Mapapansin na hindi naging eksklusibo sa Kataastaasang Sanggunian at Kataastaasang Kapisanan ang Liwanag ng Kalayaan,

30 Ang dokumentong ito ay walang petsa. Tinatayang Mayo 1895 ito sapagkat ang sumunod na dokumento rito sa AGMM ay patungkol sa abulayang ibinigay sa Katipunerong si Pedro dela Cruz ng Bukaue, Bulacan. Nilagay ni dela Cruz ang pagpapatunay na natanggap niya ang abuloy mula sa ilang kasapi ng Katipunan noong 27 Mayo 1897. AGMM. "By Snjn^x, tungkol sa panawagan ng Koncejo Sofremo para mag-ambag sa kapatid na si Pedro dela Cruz ng Bukaue, Bulacan," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.11(12):3, AGMM.

bagaman nang ito'y tangkilikin ng mga lokal na sangay hindi naiwasan na magkaroon ng baryasyon at pag-iiba ng interpretasyon. Hindi ligtas dito ang pantatak ng Haring-Bayang Katagalugan na ginamit mismo ni Bonifacio: naging iregular na ang bilang ng liwanag. Mas marahas ang pagbabago sa disenyo ng Liwanag ng Kalayaan nang ito'y maging disenyo ng watawat. Makikita ito sa watawat ng Katipunan na ginamit sa Labanan sa Pasong Tamo at watawat na pinagtibay sa kumbensyon sa Tejeros.

Gayunman, tila may iisang istilo ng pagsulat sa baybaying [Ka]. Maaaring iisa lang ang gumawa ng mga pantatak. Mapapansin ito kung ipagkukumpara ang Liwanag ng Kalayaan ng Kataastaasang Sanggunian at Kataastaasang Kapisanan, pantatak ng Kataastaasang Kapulungan Haring-Bayang Katagalugan, at ang watawat na pinagtibay sa Tejeros. Malapit din dito ang baybayin sa mga pantatak ng Balangay Silanganan sa Trozo, Maynila (Larawan Blg. 51), Mataas na Sangunian (sentro ng Hukbong Mapanghimagsik ng Hilagaan) ng Pantayanin (Larawan Blg. 52), at Balangay Katiwasayan sa Teresa, Morong (Larawan Blg. 53), lahat ay ginamit noong 1896 at 1897.



Larawan Blg. 51. *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.15:1, AGMM.



Larawan Blg. 52. *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.48f:1, AGMM.




Larawan Blg. 53. *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.131:1, 11, AGMM.

Kasabay ng pagkakaroon ng Kataastaasang Kapulungan Haring-Bayang Katagalugan, nagkaroon din ng reorganisasyon ang Kataastaasang Sanggunian. Sa mga dokumentong may petsang Enero 12 at 19, 1897, makikita ang pinakamaagang paggamit ng Kataastaasang Sangunian sa isang pantatak. May Liwanag ng Kalayaan ito na 15 ang


liwanag (Larawan Blg. 54).³¹ Napalitan din noong 1897 ang pantatak na ito, gayundin ang pangalan bilang “Mataas na Sangunian A.N.B.,” at ang pinakamaagang gamit ng bagong sagisag ay may petsang 23 Pebrero 1897 (Larawan Blg. 55).³² May walong pangunahing liwanag sa selyong ito, kaakibat ng 24 pang maliliit.



Larawan Blg. 54.
Filipinas-Katipunan,
Caja 5677, Legajo
1.131:1, 11, AGMM.



Larawan Blg. 55. *Filipinas-Katipunan,* Caja 5677, Legajo 1.139:1, AGMM (kasama ang lagda ni Julio Nakpil).



Larawan Blg. 56. *Filipinas-Katipunan,* Caja 5677, Legajo 1.139:1, AGMM (kasama ang lagda ni Emilio Jacinto).

Larawan Blg. 57.
Filipinas-Katipunan,
Caja 5677, Legajo
1.133:2, AGMM.



³¹ “Liham mula kina Lucino delacruz, *Buhawe*, at Julian dela Cruz, *Malicsi*, Pantay-anin á 12 ñ Enero ñ taong 1897,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.48c:1/1-2 at Legajo 1.48d:1/1-2, AGMM.

³² “Katitikan ng binyag sa loob ng Katipunan, Pulo, Pasig, ika dalawangpu at tatlo ñg Febrero ñg isang libo walong daan at siam napu at pito,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.139:1/1-2, AGMM.

Ginamit din ang Liwanag ng Kalayaan sa mga pantatak ng Hukbong Sandatahan ng Katipunan, partikular ng Punong Hukbo ng Puwersa sa Hilagaan (Larawan Blg. 56) at ng Sanguniang-Ulunang Kawal (Larawan Blg. 57), mga posisyong itinatag ni Bonifacio at inupuan nina Jacinto at Nakpil.

Kongklusyon

Kung papansinin ang araw na inilagay ng Pamahalaang Lungsod ng Caloocan sa paanan ng pedestal ng Bonifacio National Monument (kilala bilang “Monumento”), hindi ito sa Katipunan kundi kay Aguinaldo. Ito rin ang disenyo ng araw sa apuyan na sinisindihan tuwing may okasyon sa Pinaglabanan Memorial Shrine sa Lungsod ng San Juan. *Anachronistic* din ang mga disenyo ng araw na ginamit sa mga pook na ito dahil ito ang *reformed design* ng araw sa watawat ng Pilipinas ipinatupad ni dating Pangulong Manuel Quezon noong lamang 1936.

Bukod sa baliktad ang pagkakadikit, *anachronistic* at *unhistorical* din ang disenyo ng araw sa pedestal ng monumento ni Aguinaldo sa Barasoain Church Historical Landmark sa Malolos, Bulacan na hango sa bersyon ni Baja ng watawat na pinagtibay sa Tejeros. Ang bersyon ni Baja rin ang sinundang *motif* sa bakod ng Pinaglabanan Memorial Shrine sa Lungsod ng San Juan at ng Bonifacio Trial House sa Maragondon, Cavite, at sa damit ni Aguinaldo sa monumento nito sa Biak-na-Bato National Park. *Anachronistic* din ang paggamit ng mitolohikal na araw na nakapaloob sa tatsulok (eskudo ng 1899) na idinikit sa *phylon* ng Inang Logia Shrine sa Cacarong de Sili, Pandi, Bulacan. Ito’y dahil ang lokal na dambang ito ay alay sa Labanan sa Cacarong de Sili noong 1 Enero 1897 na nakapaloob pa rin sa panahon ng Katipunan.

Bukod sa pagtatama sa mga sagisag ng rebolusyon na nailimbag at patuloy na iwinawagayway, kailangan din ang maingat na paglulugar sa mga ito dahil may pinatutungkulan ang mga disenyong ito na karakter ng rebolusyon.

Kung nakapag-iwan lamang sina Bonifacio at Jacinto ng pagpapakahulugan sa mga symbolismong ginamit ng Katipunan, lalawak pa’t lalalim ang pag-unawa natin sa adhikain ng Katipunan. Ang mga batayang primarya sa mga sagisag ng Katipunan ay walang-wala sa daang libong pahinang batayang primarya na mayroon ang himagsikan sa ilalim ni Aguinaldo na nasa Philippine Revolutionary Records sa National Library.

Tulad ng pagbura sa alaala ni Bonifacio noong 1898, halos nabura na rin ang kasaysayan ng mga sagisag ng Katipunan. Mabuti na lamang, naitago pa sa Madrid ang mga nakumpiskang mga dokumento ng Katipunan sa loob ng mahigit sa isang siglo.³³

Panahon ng patuloy na pakikibaka ng mga kolonya ng Europa ang huling dekada ng ika-20 siglo upang magsarili at maghari sa sariling bayan, ang panahong kinapalooban ng Katipunan. Dala na rin ng ideyang iwaksi ang kolonyalismo at monarkiya sa mga kolonya, hindi tahasang nasunod ang tradisyon ng *heraldry* ng mga kolonisador. Naglahok ng kanya-kanyang simbolo ang mga kolonyang naghimagsik at lumaya, batay sa kani-kanilang panlasa, ideyolohiya at pasya. Halimbawa, nang lumaya ang 13 kolonya ng Gran Britanya bilang Estados Unidos ng Amerika noong 1776, hindi nila sinunod ang *heraldic tradition* ng dating kolonisador; sa halip, napagkaisahan ng Continental Congress na bumuo ng sariling eskudo: binubuo pangunahin ng mga elementong *bald Eagle* at 13 bituin na nagsasabog ng liwanag (US Department of State 2003, 1-6). Sa isa pang kaso gaya ng sa Mehiko, dating kolonya ng Espanya hanggang 1821, tampok naman ang *golden eagle* sa eskudo (at watawat) nito na batay sa maalamat na agila ng Tenochtitlan (ngayon ay Lungsod ng Mexico) (Florescano 2002, 240-1).

May mga dating kolonya naman na humiram ng malaganap na simbolo ng kalayaan at liberalismo sa panahong sila'y nag-asam na lumaya't magsarili. Halimbawa, nang lumaya sa Espanya ang Viceroy ng Río de la Plata (Argentina), hinango nila ang kanilang eskudo sa eskudo ng Asamblea ng Pransya (ginamit noong 1793) na pinagtibay ng La Asamblea General Constituyente y Soberana noon 1813. Ito'y dahil malaganap noon ang diwa ng rebolusyong Pranses (Acree, Jr. 2011, 35-7; Rodriguez 1906, 97).

Sa kaso ng Pilipinas, humiram ang Katipunan ng mga simbolismo mula sa tagapagdala ng ideya ng mataas na liberalismo sa kapuluan, ang Masoneriya. Ngunit hindi nagpakalunod ang Katipunan sa mga hiram na simbolismo: lumikha ito ng sariling konsepto tulad ng paggamit ng Tagalog, reporma sa ortograpiya, paggamit ng mga katutubong elemento sa mga sagisag tulad ng baybayin, at higit sa lahat ang balikan muli kung sino tayo bago dumating ang mga Espanyol.

Ang diwa ng Katipunan ay hindi lamang makikita sa mga sinulat

33 Kung papaniwalaan si Encarnacion, "kakarampot lamang ang mga [dokumentong] makikita ngayon [hinggil sa Katipunan]" sa Pilipinas "dahil ang paksiyon ni Heneral Emilio Aguinaldo ay tinangkang sirain ang lahat ng mga dokumento ng Katipunan upang burahin si Bonifacio at ang mga tagasunod nito" (Encarnacion 1990, 3).

nina Bonifacio at Jacinto, o sa inilathala ng pahayagang *Kalayaan*. Nar-
iyan ang mga mararangal na sagisag ng Katipunan upang bigyan tayo
ng ideya kung paano hinaraya (*imagined*) ng mga Anak ng Bayan ang
kanilang pangarap na lumaya at pagbabangon sa dangal na inapakan sa
loob ng tatlong siglo ng mga Espanyol.

Bibliography

Archivo General Militar de Madrid

- “B^x Snjn^{ll x}, tungkol sa panawagan ng Koncejo Sofremo para mag-ambag sa
kapatid na si Pedro dela Cruz ng Bukaue, Bulacan,” *Filipinas-Katipunan*,
Caja 5677, Legajo 1.11(12).
- “Bzjzlǵzy llǵ Vzxllñllǵ-llñllǵ (Balanǵay nǵ [*di maitindihan*]): Ang mǵa kapatid
nakapulung Pangulo sa CS^x, tesorero sa C^x. Ikdalauang-pu at dalawa
nǵ buan nǵ Enero nǵ taong isang libo walong daan at siam na puo at
lima,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.76(86).
- “K.K.K.N.M.A.N.B. K.S. Mataas na Sangunian nǵ mǵa Hukbo sa Dakong
Hilagaan. Ang P^{lo} ng Haringbayan, 12/12/96,” *Filipinas-Katipunan*, Caja
5677, Legajo 1.120.
- “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasan Sangunian. Maynila, ika dalawang puô
nǵ Diciembre ng taong 1895,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo
1.56(65).
- “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangunian (Pinagsulatan). Maynila, 21/6
1896,” *Filipinas-Katipunan*, AGMM Caja 5677, Legajo 1.57(66).
- “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangunian—Sa lahat ng mga katipon.
Pnllgknzll (Pingkian), Maynila, ika [walang araw] nǵ [walang buwan] nǵ
taúng 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.47(56).
- “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangunian. Maynila, ikaapat na araw nǵ
Enero nǵ taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.77(87).
- “K.K.K.N.M.A.N.B.—K.S. Maynila, ikalima nǵ Enero, taung 1896,” *Filipi-
nas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.71(81).
- “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangunian. Mandaluyong ika 5 nǵ Enero
nǵ taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.85(101).
- “K^x K^x K^x N^x M^x A^x N^x B^x Kataastaasang Sang^a (-Pinagsulatan-). Maynilà ika 11
nǵ buan Febrero nǵ taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo
1.65(74).
- “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangunian. Mainila ikalabig pito ng buan
ng Febrero nǵ taung 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.53.
- “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangunian (-Pinagsulatan-). Maynilà, ika
21 ng Febrero nǵ taúng 1896,” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.81.
- “K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangunian (Pinagsulatan). Maynilà ika 8
nǵ Marzo nǵ taóng 1896, *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.21(23).

- "K.K.K.N.M.A.N.B. Kataastaasang Sangunian (-Pinagsulatan-). Maynilà ika 15 n̄g Marzo n̄g taung 1896," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.80(96).
- "K_xK_xK_xN_xM_xA_xN_xB_x Kataastaasang Sangunian—Sa m̄ga Pinakakatawan sa K_xK_x Maynilà ika 15 n̄g Marzo n̄g 1896," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.25(26).
- "K_xK_xK_xN_xM_xA_xN_xB_x Kataastaasang Sangunian—Sa m̄ga Pinakakatawan sa K_xK_x Maynila ika 27 n̄g Mayo n̄g taong 1896," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.27(28).
- "Katitikan ng binyag sa loob ng Katipunan, Pulo, Pasig, ika dalawangpu at tatlo n̄g Febrero n̄g isang libo walong daan at siam napu at pito," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.139.
- "Liham mula kina Lucino delacruz, *Buhawe*, at Julian dela Cruz, *Malicsi*, Pantayanin á 12 n̄g Enero n̄g taong 1897," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.48c:1/1-2 at Legajo 1.48d.
- "Sa Kap[atid] na M[ahal] Julio Nakpil, *Guliw*, Pangulo n̄g M[ataas] na Sangunian sa bayan n̄g Pasig. Ang K[ataastaasang] Pangulo, Andres Bonifacio, *Maypagasa*, [San Francisco de] Malabon, ika-13 n̄g Febrero n̄g 1897," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.100.
- "Terqvñfg, Consejo Supremo, Agosto 1894 (?)," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.7(7°)..
- "Unang Kabanata: Ang Kaniang Layon at m̄ga Paraan," *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.36(37).
- "Vzjnksn, Dulumbayan, 12 Agosto 1894." *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.6(6).

National Archives of the Philippines (NAP)

- "Ministerio del Consejo Supremo Popular. Lo anterior, traducido y arreglado por el P. Mariano Gil, Cura párroco de Tondo." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1(1), Legajo N^o. 1, Documento N^o. 14.
- "Sello que dice 'Republica Filipina Capitanía de Puerto,'" *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1(3), Legajo N^o. 3, Documento N^o. 127.
- "Sello Katipunero de la Capitanía de Puerto de Manila," *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1(3), Legajo N^o. 3, Documento N^o. 126, NAP.

Philippine Revolutionary Papers, National Library of the Philippines

- "Reglamento de la Constitucion del Gobierno Revolucionario. Lagda sa Cavite n̄gayon ika 23 n̄g Junio n̄g 1898.=Emilio Aguinaldo," *Philippine Revolutionary Papers*, SD Folder 518, Doc. No. 1, 3, 20.

Newspaper

- La Ilustración Española y Americana*, 8 Pebrero, 20 March 1897.

Published Works

- Abella, Domingo. *The Flag of Our Fathers: A Summary of the Historical Evolution of the Philippine Standard Based on Documented Sources and Archival Research*. Manila: Domingo Abella, 1977.
- Achútegui, Pedro S. de at Miguel Anselmo Bernad. *Aguinaldo and the Revolution of 1896: A Documentary History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1972.
- Acree, William, Jr., G. *Everyday Reading: Print Culture and Collective Identity in the Río de la Plata, 1780-1910*. Nashville, Tennessee: Vanderbilt University Press, 2011.
- Aguinaldo, Emilio F. *Mga Gunita ng Himagsikan*. NP: Cristina Aguinaldo Sun-tay, 1964.
- _____. *Saloobin: Sagot ni Hen. Emilio Aguinaldo sa mga Paratang ng Dakilang Lumpo*. Dasmariñas, Cavite: Cavite Studies Center, De La Salle University Dasmariñas, 2002.
- Alvarez, Santiago. *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1992. .
- Baja, Emmanuel E. *Philippine National Flag and Anthem, Third Edition, Revised & Enlarged*. Manila: Philippine Education, Co., 1936.
- Bautista, Antonio S. *Ang Malulos sa mga Dahon ng Kasaysayan*. Gerona, Tar-lak: Jose P. Santos, 1936.
- Cristobal, Adrian E. *The Tragedy of the Revolution*. Makati: Studio 5 Publish-ing, Inc., 1997.
- Encarnacion, Emmanuel. *Katipunan Documents, A Symbol of Filipino National Pride and Identity*. Mula sa Aklatan Pambansang Komisyonang Pangkasay-sayan ng Pilipinas, 1990.
- Fact-Finding Commission. *The Report of the Fact Finding Commission: Pursuant to Administrative Order No. 78 of the President of the Republic of the Philip-pines Dated July 30, 2003*. Manila: Fact-Finding Commission, 2003.
- Fores-Ganzon, Guadalupe. *La Solidaridad*. Manila: Fundacion Santiago, 1996, anim na tomo.
- Flores, Hermenegildo. *Kartilyang Makabayan: Mga Tanong at Sagot Ukol Kay Andrés Bonifacio at sa KKK*. Maynila: Lupong Tagapagpaganap ng Araw ni Bonifacio, 1922.
- Florescano, Enrique. *National Narratives in Mexico: A History (Historia de las historias de la nacion mexicana)*. Mexico: Enrique Florescano, 2002.
- Guerrero, Milagros C. "Pagtanaw sa Kasaysayan, Paghahanda sa Himagsikan: Mga Ideya ng Katipunan, 1892-1897," *Kasarinlan: A Philippine Quarterly of Third World Studies*, Tomo 14, Blg. 1 (1998).
- Joaquin, Nick. *A Question of Heroes*. Quezon City: National Book Store, 1978.
- Marcilla y Martin, Cipriano. *Estudio de los Antiguos Alfabetos Filipinos*. Mala-

- bon: Tipo-Litografia del Asilo de Huerfanos, 1895.
- Medina, Isagani, ed. *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-1897 ni Carlos Ronquillo*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- Quirino, Carlos. *Young Aguinaldo, from Kawit to Biyák-na-bató*. Detroit: Cellar Book Shop, 1969.
- Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2013.
- Robson, Thomas. *The British herald, or Cabinet of armorial bearings of the nobility & gentry of Great Britain & Ireland, Volume 1: The History of Heraldry*. Sunderland: Turner & Marwood, 1830.
- Rodriguez, Jose Ignacio. *American Constitutions: A Compilation of the Political Constitutions of the Independent Nations of the New World, Volume 1: July, 1905*. Washington, DC: International Bureau of the American Republics, 1906.
- Salazar, Zeus A. "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan." *Bagong Kasaysayan*, Tomo 6, Blg. 1 (1999).
- Santos, Jose P. *Buhay at mga Simulat ni Emilio*. Gerona, Tarlac: Jose P. Santos, 1935.
- Saulo, Alfredo B. *Emilio Aguinaldo: Generalissimo and President of the First Philippine Republic, First Republic in Asia*. Quezon City: Phoenix Publishing House, 1983.
- US Department of State. *The Great Seal of the United States*. Washington, DC: US Department of State Bureau of Public Affairs, 2003.
- Van Wie, Paul D. *Image, History, and Politics: The Coinage of Modern Europe*. Lanham, Maryland: University Press of American, Inc., 1999.

Unpublished Works

- Chua, Michael Charleston B. *Isang Himig, Isang Bandila: Ang Watawat at Pam-bansang Awit sa Agos ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*. Papel na binasa sa 4th Lecture Series on Bulacan Studies, 28 Mayo 2010, Dambanang Marcelo del Pilar, Cupang, San Nicolas, Bulakan, Bulacan.

IAN CHRISTOPHER ALFONSO is a History Researcher II of the National Historical Commission of the Philippines. He is the Director of the Project Saysay (a heritage education advocacy under the mission "Dalhin sa bawat silid-aralan ang aral ng mga dakilang Pilipino"), the Vice-President of the Katipunan da reng Talasaliksik at Talaturung Kapampangan, Inc. (2012-present), archivist of The Outstanding Students of the Philippines (Region 3, 3 August 2013-present), member of the Young Historian Chapter (Sucesos) of the Knights of Rizal (19 June 2012-present), and a lifetime member of the Philippine Historical Association (since 2011). He was formerly a regional editor of 100 Sagisag Pangkultura ng Pilipinas (Region 3) of the Dalubhasaan ng Edukasyon sa Sining at Kultura and the National Commission for Culture and the Arts (October 2012-February 2013), research fellow of the Center for Bulacan Studies, Bulacan State University (May 2010-1 June 2013), resident researcher on history and culture of the Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University (1 July 2010-30 May 2012), and secretary of the Samahang Pangkasaysayan ng Bulacan, Inc. (2009-2013). He is a graduate of Education at the Bulacan State University (2010), and currently finishing Master of Arts in History at the University of the Philippines Diliman.

Abstract

Konstraktibismo, Transpormasyon at O.B.E.

Dr. Evelyn A. Songco

Ang Konstraktibismo (Constructivism) ay isang konsepto ng pagtuturo na binibigyang diin ang karanasan ng isang mag-aaral. Pinahalalagan ng konstraktibismo ang pag-uugnay ng mga nakaraan at pangkasalukuyang karanasang pang - edukasyon ng mag-aaral tungo sa malalim at makahulugang pagbuo ng mga balangkas ng kaisipan at paghubog ng pananaw/perspektibo.

Ayon kay John Dewey, isang kilalang tagapagsulong ng konstraktibismo, ang karanasan ng mag-aaral upang masabing ito ay karanasang pang-edukasyon ay kinakailangang magkakaugnay, kaya kailangang piliing mabuti ng guro ang mga gawaing pangkaranasan ng mga mag-aaral.

Ang karanasang pang-edukasyon ay di lamang maaaring mangyari sa silid aralan. Ito ay maaaring mangyari sa kumunidad, sa tahanan at sa kampus ng paaralan. Maaari din itong mangyari sa mga pagsasaliksik sa aklatan.

Ang karanasang pang-edukasyon ay dapat na magdulot ng transpormasyon sa mag-aaral o transformative learning. Kailangan ay may pagbabago ang kanyang kaisipan; pananaw, at pag-uugali. Sa huli, dapat nating mapatunayan ito sa pamamagitan ng mga nagawa ng mga mag-aaral. Ito ang outcome – based learning. Binibigyang diin ang pagpapatunay/kinalabasan ng natutunan ng mag-aaral.

Binibigyang diin sa Programang K-12 ang paghubog ng kakayahan (skills) at ng Pagpapahalaga (values). Ang mga nilalaman na natutunan ng mga mag-aaral ay gagamitin nila upang makabuo sila ng pananaw at pagpapahalaga; at ang pananaw na iyan at pagpapahalaga ay kailangang mapatunayan sa pamamagitan ng paggawa ng isang bagay.

Ang lahat ng ito (konstraktibismo, transpormasyon, at OBE) ay ang mga pamaraan ang pagtuturo na ipinatutupad sa ilalim ng programang K – 12.

Ang kabataan ng 21st Century, tulad ng mga kabataan sa nakaraang panahon, ay hinuhubog sa tahanan, paaralan, at pamayanan. Ngunit ang kasalukuyang kabataan ay mga digital natives. Ang impormasyon ay nasa dulo ng kanilang mga daliri. Nasa kamay naman ng mga guro ang paghubog ng kanilang kakayahan upang masuri at mabigyan ng kahulugan ang mga impormasyon na ito. Nasa kamay ng mga guro ang pagbibigay ng magandang karanasang pang edukasyon na magbuo ng kanilang pananaw at pagpapahalaga.

Hangad ng presentasyong ito na magbigay ng modelo ng pagtuturo gamit ang mga pamaraang ipinapatupad sa K-12. Nakatutok ito sa paa-aral ng himagsikan sa panahon ng 1896.

Susing salita: Konstraktibismo, Transpormasyon, K-12 curriculum, learning competencies, karanasang pang-edukasyon

Konstraktibismo, Transpormasyon at O.B.E.

Dr. Evelyn A. Songco

Konstraktibismo at Pagtuturong Transpormasyon

ANG KONSTRAKTIBISMO (CONSTRUCTIVISM) AY isang konsepto ng pagtuturo na magbibigay diin sa karanasan ng isang mag-aaral. Pinahahalagahan ng konstraktibismo ang pag-uugnay ng mga nakaraan at pangkasalukuyang karanasang pang-edukasyon ng mag-aaral tungo sa malalim at makahulugang pagbuo ng mga balangkas ng kaisipan at paghubog ng pananaw/perspektibo.

Ayon kay John Dewey, isang kilalang tagapagsulong ng konstraktibismo, ang karanasan ng mag-aaral upang masabing ito ay karanasang pang-edukasyon ay kinakailangang magkakaugnay, kaya kailangang piliing mabuti ng guro ang mga gawaing pangkaranasan ng mga mag-aaral. Ang mga nararanasang Gawain ng mag-aaral sa silid-aralan ay dapat patungo sa isang kaugnay na gawain na darating pa lamang. (Dewey, 1938)

Sabi rin ni Dewey, magiging malakas ang impact ng karanasang pang-edukasyon kung mayroon itong mga sunusunod na katangian:

- a. Malakas at maliwanag na pagkakaugnay (experiential continuum)
Pagbabago sa kilos na mula sa pagbabago ng sarili ang inaasahan sa mga mag-aaral.

Ang pagbabago sa kanilang pagkilos ay dapat magkakaugnay rin. Sa ngayon, ito ay tinatawag nating aktinong pagtuturo (Baxter Magolda, 1999) na binubuo na mga sumusunod:

- Karanasan (experience)
- Pagninilay (reflection)
- Pagbubuo/ paghahabi (integration)
- Pagsasabuhay/ paglalapat (application)

b. Galing sa masusing pagpili (Discriminating)

Dapat piliin mabuti ng guro ang mga ipagagawa o ipaparanas sa mag-aaral. Kailangan lahat ng pagdaraanang proseso ay developmental.

c. Interaksyon

Mayroong interaksyon ang mga konsepto, tema, paksa, karanasang pang-edukasyon. Bawat isa sa mga ito ay dapat nakapagpapalakas ng impact ng bawat isa. Kapag di ito nangyari, ang mag-aaral ay magkakaroon ng disconnected experiences. Ang magiging bunga ay ang pagkalito sa isip ng mag-aaral.

d. Nakagawian (Principle of habit)

Ang nakakatuwang karanasan sa pag-aaral ay palaging uulitin ng mag-aaral. Sinabi rin ito in Edward Lee Thorndike. Kapag ang mag-aaral ay natuwa sa proseso ng kanyang pag-aaral at pagkatuto, nanaisin nyang ulit-ulitin ito.

Ang pakikipagtalakayan tungkol sa isang Kartilya ng Katipunan ay maaaring mapaunlad ng isang AVP na matatagpuan sa YouTube. Maari din itong palalimin ng pagkakasundo ng mga mag-aaral na isulong ang isang adhikain.

e. Patutunguhan ng mga karanasan (Direction of the experience)

Dapat dalhin ng mga karanasang pang-edukasyon ang mag-aaral tungo sa pagbuo ng kaisipan, pananaw o perspektibo, at sa isang paraan ng pag-iisip (thought process). Ang guro, bilang tagapagpadaloy ng karanasang pang-edukasyon ay may tungkulin na iayos mabuti ang mga salik ng pagkatuto na makakatulong sa mag-aaral. Kailangang balaking mabuti ang istruktura sa kapaligiran na makakapag-ambag sa pagkatuto


ng mag-aaral. Kailangan alam ng guro kung paano nya padadaluyin ang karanasang pang-edukasyon upang marating ang dapat patunguhan.

Ang karanasang pang-edukasyon ay di lamang maaaring mangyari sa silid aralan. Ito ay maaaring mangyari sa kumunidad, sa tahanan at sa kampus ng paaralan. Maaari din itong mangyari sa mga pagsasaliksik sa aklatan.

Ang karanasang pang-edukasyon ay dapat na magdulot ng transpormasyon sa mag-aaral o transformative learning. Kailangan ay may pagbabago ang kanyang kaisipan; pananaw, at pag-uugali. Sa huli, dapat nating mapatunayan ito sa pamamagitan ng mga nagawa ng mga mag-aaral. Ito ang outcome-based learning. Binibigyang diin ang pagpapatunay/kinalabasan ng natutunan ng mag-aaral.

Ang lahat ng ito (konstraktibismo, transpormasyon, at OBE) ay ang mga pamaraan ang pagtuturo sa ilalim ng programang K-12.

Ano, kadalasan, ang nagiging karanasan ng mga mag-aaral ng kasaysayan? Madalas nating marinig na ang pag-aaral ng kasaysayan at araling panlipunan ay hindi kasali sa mga paborito ng mga mag-aaral. Marami sa mga nakakausap kong mag-aaral, ang nagsabing “boring” daw ang pag-aaral ng kasaysayan. Nagtataka naman ako sapagkat mahilig naman sila sa mga kwento. Interesado sila sa kwento ng mga artista, mga mang-aawit, mga tsismis. Bakit kaya di sila interesado sa kwento ng mga ginawa ng ating mga bayani? Baka naman di tayo marunong magkwento o kaya ay di sila makaugnay sa kwento ng kasaysayan ng Pilipinas.



Sa ganitong modelo ng pagtuturo, masasagot natin ang tanong na “Anong nangyari?”

Pagtuturo ng Rebolusyon ng 1896

Ano ang maari nating ituro sa mga mag-aaral na hindi nila matatagpuan sa aklat o sa Google? Ang mga impormasyon na kadalasan ay binibigyan natin ng diin ay maaaring matagpuan ng mga mag-aaral sa aklat o sa Google. Ito ang dahilan kung bakit sa pananaw ng maraming mag-aaral ang kasaysayan ay nakakanantok at walang kabuhay-buhay.

Ano ang ibig nating ipahatid sa mga mag-aaral sa ating pagtuturo ng kasaysayan? Bahagya nating tignan ang laman ng K-12 curriculum sa Araling Panlipunan. Ang mga salik ng K-12 na curriculum ay ang mga sumusunod:

Learning Area Standard
Key Stage Standards
Grade Level Standards
Learning Area Standards
Content
Content Standards
Performance Standards
Competencies

Ito ang pangkabuuang Learning Area Standards.

Naipamamalas ang pag-unawa sa mga konsepto at pag-aaral ng mga tao at grupo, komunidad at lipunan kung paano sila namuhay at namumuhay, ang kanilang ugnayan at interaksyon sa kapaligiran at sa isa't isa, at ang kanilang mga paniniwala at kultura upang makabuo ng pagkakakilanlan bilang Pilipino, tao at miyembro ng bansa at mundo; maunawaan ang sariling lipunan gamit ang mga kasanayan sa pananaliksik, pagsisiyasat, mapanuring pag-iisip, matalinong pagpapasya, pagkamalikhain, pakikipagkapwa, likas-kayang paggamit ng pinagkukunang-yaman at pakikipagtalastasan tungo sa isang mapanuri, mapagmuni, responsable, produktibo, makakalikasan, makatao at makabansa na may pambansa at pandaigdigang pananaw at pagpapahalaga sa mga usapin sa lipunan sa nakaraan at kasalukuyan tungo sa pagpanday ng kinabukasan.

Mayroon itong apat na **Pangunahing Pamantayan ng Bawat Yugto (Key Stage Standards. Ito ay ang mga sumusunod:**

K-3

Naipamamalas ang panimulang pag-unawa at pagpapahalaga sa sarili, pamilya, paaralan at komunidad at mga batayang konseptong pagpapatuloy at pagbabago, distansya at direksyon tungo sa pagbuo ng kamalayan tungkol sa sarili at kapaligiran bilang kasapi ng isang lipunan na may karapatan at pananagutan sa sarili, sa kapwa at kapaligiran

4-6

Naipamamalas ang batayang pag-unawa sa mga pangunahing konseptong heograpiya at ang aplikasyon ng mga ito sa iba't ibang pamayanan sa Pilipinas at kasaysayan ng bansa; at ang pagpapahalagang pansibiko tungo sa paghubog ng mamamayang mapanuri, mapagmuni, responsible, produktibo, makakalikasan, makatao at makabansa

7-10

Naipamamalas ang malalim na pag-unawa sa kasaysayan, kultura at aspetong panlipunan, pangekonomiya, pampulitika sa Pilipinas, sa rehiyon ng Asya at sa mundo, ang ugnayan sa rehiyon at daigdig at ang batayang konseptong ekonomiks at aplikasyon nito sa buhay gamit ang mga kasanayang napapaloob sa kakayahan ng pagsisiyasat, mapanuring pag-iisip at matalinong pagpapasya

11-12

Naipamamalas ang malawak at integratibong pag-unawa sa mga hamon, isyu at tugon sa kontemporaryong lipunang Pilipino, Asyano at pandaigdig batay sa masusing pagsasaliksik at mabisang paghayag ng resulta ng pagsasaliksik tungo sa pagbuo ng solusyon o tugon upang marating ang isang makatarungan, mapayapa, makakalikasan at makataong lipunan at mundo.

Bawat Baitang ay may Grade Level Standard. Ang paksa ng bansang Pilipinas ay nasa Baitang 7

Naipamamalas ang malalim na pag-unawa sa kasaysayan ng Pilipinas batay sa pagsusuri ng sipi ng nakasulat, pasalita awdyobiswal at kombinasyon ng mga ito, mula sa sa iba't-ibang panahon, tungo sa paglinang ng isang mamamayang mapanuri, mapagmuni, responsable, produktibo, makakalikasan, makatao at makabansa na may pambansa at pandaigdigang pananaw at pagpapahalaga sa mga usapin sa lipunan sa nakaraan at kasalukuyan tungo sa pagpanday ng kinabukasan.

Sa Baitang 7, ang paksa ng Rebulosyon ng 1896 ay nasa ika-2 Markahan na mayroong 14 Learning Competencies. Ito ay ang mga sumusunod.

1. Nasusuri ang sanhi at bunga ng iba't-ibang pagtutol ng mga Pilipino sa Imperyong Espanyol batay sa ipinapahayag ng mga primaryang sanggunian
2. Natutukoy at nasusuri ang *patterns* at *trends* sa pamamagitan ng timeline ang iba't-ibang pagtutol ng mga Pilipino sa Imperyong Espanyol
3. Naikakategorya ang pagpapamalas ng pagtutol ng mga Pilipino sa kolonyalismong Espanyol mula sa datos at impormasyon sa iba't – ibang sanggunian
4. Nasusuri ang iba't-ibang paglaban ng mga Pilipino sa pang-aabuso ayon sa sipi ng salaysay ng prayle at ulat opisyal
5. Natataya ang historikal na perspektibo sa naging paglaban ng mga Pilipino sa pangaabuso ayon sa salaysay ng prayle at ulat na opisyal
6. Nakapaghihinuha sa adhikain ng mga Pilipino sa paglaban sa kolonyalismo mula sa mga panimulang ideya ng progreso ayon sa sinulat ni Sinibaldo de Mas, Padre Jose Burgos (tungkol sa sekularisasyon ng mga parokya), Gregorio Sanciano (El Progreso de Filipinas)
7. Nakabubuo ng interpretasyon tungkol sa magkaiba at posibleng magkasalungat na paliwanag sa panimulang ideya ng progreso ng mga Pilipino batay sa paghahambing sa sipi ng mga sinulat nina Sinibaldo de Mas, Padre Jose Burgos (tungkol sa sekularisasyon ng mga parokya), Gregorio Sanciano (El Progreso de Filipinas)

8. Nahihinuha mula sa mga datos at impormasyon sa mga primaryang sanggunian ang mga pangyayari na nakapagambag at/o nakahadlang sa pagsibol ng kamalayang Pilipino
9. Natataya ang historikal na kahalagahan ng Kilusang Propaganda bilang kilusan at mga kasapi nito sa pakikibaka ng mga Pilipino sa Imperyong Espanyol mula sa datos at impormasyon sa ilang primaryang sanggunian tulad ng painting nina Juan Luna at Resurreccion Hidalgo, liham at/o diary ni Jose Rizal, –Dasalan at Toksohan – ni Marcelo del Pilar, sipi ng mga artikulo ni Rizal sa La Solidaridad, news clipping
10. Napaghahambing ang impormasyon mula sa mga magkakaugnay na primaryang sanggunian at nakikilala ang mga punto ng pagkakasundo at di-pagkakasundo tungkol sa adhikain at kahalagahan ng Kilusang Propaganda mula sa sipi ng mga sinulat ng mga Kilusang Propandista at artikulo mula sa La Solidaridad
11. Nakikilala ang historikal na perspektibo ng awtor ng mga primaryang sanggunian na may kaugnayan sa kilusang Propaganda tulad ng mga painting nina Juan Luna at Resurreccion Hidalgo, liham at/o diary ni Jose Rizal, – Dasalan at Toksohan – ni Marcelo del Pilar, sipi ng mga artikulo ni Rizal sa La Solidaridad, news clipping
12. Naipapahayag ang damdamin ng pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng Katipunan sa pagsibol ng kamalayang Pilipino ayon sa mensahe ng ilang primaryang sanggunian tulad ng – Dapat Mabatid ng mga Tagalog – at – Pag-ibig sa Tinubuang Lupa – ni Andres Bonifacio, at “Kartilya” ni Emilio Jacinto
13. Nakabubuo ng interpretasyon tungkol sa magkaiba at posibleng magkasalungat na paliwanag tungkol pagkakatatag at iba pang usapin sa Katipunan mula sa mga datos at impormasyon sa mga primaryang sanggunian
14. Nakapag-aayos at nakagagawa ng buod ng impormasyon sa sariling salita ng mga pangunahing katotohanan at ideya tungkol sa Katipunan sa konteksto ng pakikibaka ng mga

Pilipino sa kolonyalismong Espanyol mula sa pagsusuri sa mga primaryang sanggunian tulad ng sipi ng – Dapat Mabatid ng mga Tagalog ni Andres Bonifacio, ang kanyang tula, – Pag-ibig sa Tinubuang Lupa, “Kartilya ni Emilio Jacinto

Mapapansin ninyo na ang mga Learning Competencies ay mga kakayahang mental. Ibig nating linangin sa mga mag-aaral ay ang pagsusuri, pagbubuo, at pagtatasa. Kaya maaari nating sabihin na ang mga sumusunod ang dapat na matutunan ng mga mag-aaral pagkatapos pag-aralan ang rebolusyon sa bansang Philipinas noong 1896.

Kakayahan	Pagpapaunlad ng damdamin/ Pagpapahalaga
Pagsusuri	Makatao
Pagbubuo	Makabayan
Pagtatasa	Makadiyos

Ito ang kailangang matutunan ng mga mag-aaral. Sapagkat ang mga kakayahan at damdamin na ito ang gagabay sa kanilang buhay. Sa pamamagitan ng mga ito sila ay magtatagumpay bilang mga kabataan ng 21st Century.

Kung ang mga kakayahan na ito ang ating bibigyang diin, ano ang mga dapat na kasama sa ating banghay ng pagtuturo na naglalaman ng Rebulosyon ng 1896? Sa aking palagay, dapat tayong magsimula sa paghamon sa mga mag-aaral. Ang ating paksa sa banghay ng pagtuturo ay:

May kwenta ba ang kwento ng rebulosityon sa Pilipinas noong 1896?

May kwenta ba ang kwento ng rebulosityon sa Pilipinas noong 1896?

May nakakatuwa ba sa kwento ng rebulosityon sa Pilipina noong 1896?

Reporma o rebulasyon? Isyu noon 1896

Sa paksang ito kailangang maunawaan ang konsepto ng **rebulosyon** at ang damdaming **makabayan**. Ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagtalakay ng paksang ito ay magbubuo ng isang pananaw. Aling pananaw ang kanilang maaaring mabuo?

Rebulosyon ng 1896

- ***Bilang isang bugso ng damdamin***
- ***Bilang isang matalinong pagkilos***
- ***Bilang isang inspirasyon***
- ***Bilang isang tagumpay***
- ***Bilang isang kabiguan***
- ***Iba pa***

Ang kasagutan sa paksa ay makakamtan sa pamamagitan ng isang proseso ng karanasan na magbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral timbangin ang rebulosityon ng 1896 base sa pagsusuri ng mga

- ***pangyayari***
- ***labanan***
- ***mga dokumento***

Dahil sa maikli lamang ang panahon na maaaring igugol sa pag-aaral ng rebulosityon maaring pangkatin ang mga mag-aaral. Bawat isang pangkat ay

- ***Impresyon ng pangkat hingil sa pangyayari, labanan, dokumento***
- ***Ang adbokasiya na kanilang nakita sa pag-susuri***

Ang maikling pag-uulat ng mga pangkat ang siyang basehan kung ano ang kanilang mabubuo na pagtatasa at pananaw.

Rebulosyon ng 1896

- ***Bilang isang bugso ng damdamin***
- ***Bilang isang matalinong pagkilos***
- ***Bilang isang inspirasyon***
- ***Bilang isang tagumpay***
- ***Bilang isang kabiguan***

At base rin sa kanilang pagsusuri, dapat ay ihayag nila ang kanilang nabuo na damdamin.

Sa pagsusuri ng Rebulosyon ng 1896 naramdaman ng mga mag-aaral ang

- ***inspirasyon***
- ***pagmamahal sa bayan***
- ***Pagkatuwa***
- ***Pagkadismaya***
- ***Pagpapahalaga sa mga bayani***

Di nagtatapos sa pagpapahayag ng damdamin ang pag-aaral ng Rebulosyon ng 1896. Kailangan ay mayroon “output” ang mga mag-aaral. Ano ang maaaring itanong sa mga mag-aaral?

Ano ang maaari nating gawin upang maipahayag mo ang iyong damdamin?

Dapat kunin ng guro ang mga mungkahi ng mga mag-aaral. Maaari ding magmugkahi ang guro.

- ***Isang adbokasiya***
- ***Pagpapalaganap ng kwento ng pagmamahal sa bayan sa ilalim ng inspirasyon ng Rebulosyong 1896***
- ***Pagkakaroon ng isang taon na programa tungkol sa kabayanihan***
- ***Iba pa***

Sa ganitong pamaraan ng pagtuturo, binigyang diin ang mga matataas na antas ng kakayahang mental (cognitive skills). Nagsimula tayo sa pagsusuri; sinundan ng pagbubuod at pagtatasa (Analysis, synthesis, and evaluation).

Ang transpormasyon ay dapat makita sa indibiduwal o sama-samang pagkilos ng mga mag-aaral. Ito ang observable outcome ng proseso. Sa transformative learning, mahalaga na ang proseso ay kinikilala at maramdaman ng mga mag-aaral.

Sa mga sectarian schools, mahalaga ang pagiging maka-Diyos. Ito ay isang dimensyon na mahalagang maidagdag sa K-12 curriculum sa mga sectarian schools.

Ang pag-aaral ng Robolusyong 1896 ay maaari pang palalimin. Maaring magnilaynilay ang mga mag-aaral sa mga sumusunod:

- ***Sino sa inyo ang naniniwala sa adhikain ng Rebulosyon 1896?***
- ***Sino sa inyo ang naniniwala sa adhikain ni Rizal (Bonifacio, Jacinto, Del Pilar, at iba pa?)***
- ***Sino sa inyong mga kklase ang may parehong paniniwala kay Rizal (Bonifacio, Jacinto, Del Pilar, at iba pa)?***
- ***Sino sa inyo ang humahanga sa kaniyang mga ginawa: ang kanyang mga isinulat at ang kanyang pakikipaglaban?***

(Maaaring ipahayag ang kanilang paniniwala sa paghanga sa pamamagitan ng tula, sanaysay, dagliang pagbigkas, poster, paggawa ng blogsite, at iba pa.)

Asahan na marami ang magsasabi na sila ay naniniwala. Gawin itong lunsaran ng inyong ipagagawa sa mga mag-aaral. Pagsamasamahin ang pare-pareho ang sagot. Maaari silang magsulong ng isang proyekto.

Mapapansin ninyo na ang paksa ay magtatapos sa “**sarili**” ng mga mag-aaral. Ang kanilang “**loob**” ay kanilang susuriin. Sila ay gagawa ng isang Deklarasyon. Maaring tapusin ang talakayan sa pag-awit ng Bayan kong Mahal.

Ang bayan ko’y tanging ikaw,
Pilipinas kong mahal
Ang puso ko at buhay man,
Sa iyo’y ibibigay.

Tungkulin kong gagampanan
Na lagi kang paglingkuran.
Ang laya mo’y babantayan
Pilipinas kong hirang.

Ang mga sumusunod ang proseso na naranasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng paksang Rebulosyong 1896.

Gawain	Antas ng kakayahan
1. Pakikipagtalakayan	Pagsusuri
2. Pagsusuri	Pagsusuri
3. Pagsasabi kung ang Rebulosyon ay isang <ul style="list-style-type: none"> • bugso ng damdamin • matalinong pagkilos • inspirasyon • tagumpay • kabiguan 	Pagtataya
4. Pagbubuo	Pagbubuo
5. Pagtingin sa sariling damdamin	Pangdamdamin
6. Pagpapahayag ng sariling damdamin	Pangdamdamin

Isa sa mga competencies ng K-12 ay:

Naipapahayag ang damdamin ng pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng Katipunan sa pagsibol ng kamalayang Pilipino ayon sa mensahe ng ilang primaryang sanggunian tulad ng — Dapat Mabatid ng mga Tagalog at — Pag-ibig sa Tinubuang Lupa ni Andres Bonifacio, Kartilya ni Emilio Jacinto

Maaaring gawin ang prosesong ito:

- 1. Pangkatin sa tatlo ang mga mag-aaral.***
- 2. Papiliin ang bawat pangkat kung alin sa tatlo (Dapat Mabatid ng mga Tagalog, Pag-ibig sa Tinubuang Lupa, Kartilya) ang kanilang ibig basahin.***
- 3. Paghandain sila ng isang sabayang pagbigkas gamit ang mga isinulat nina Bonifacio at Jacinto.***
- 4. Papurihan ang pinakamagaling na sabayang pagbigkas.***

Pagproseso

1. Tanungin ang mga mag-aaral:

Ano ang damdamin na napukaw sa iyo sa pagbasa o pakikinig ng Dapat Malaman ng mga Tagalog/ Pag-big sa Tinubuang Lupa/ Kartilya ng Katipunan?

2. Pangkatin ang mga mag-aaral:

3. Magpagawa ng blogsite/ Facebook account para sa Klase.

- Pasulatin ang mga mag-aaral ng sanaysay tungkol sa kanilang pananaw at damdamin.***
- Ipalagay ito sa blogsite.***
- Ipabasa nila sa kanilang mga magulang, kapatid, kaibigan, kamag-anak, kakilala. Pwedeng i-like ang kanilang isinulat.***

Sa pamamagitan ng teknolohiya, mapapalaganap damdaming makabayan at mabibigyang halaga ang papel na ginampanan ng ating mga bayani sa malawakang pamamaraan.

Pagtatapos

Mahalaga ang mga datos sa pag-aaral ng kasaysayan. Mahalaga rin na alam ng mga mag-aaral kung para saan ang datos. Ang mga datos ay dapat may kahulugan sa buhay ng mga mag-aaral. Kung walang kahulugan ang mga ito, walang kahulugan ang pag-aaral ng kasaysayan.

Mahalaga na pagnilayan nating mga guro kung ano ang ibig nating marating ng mga mag-aaral sa kanilang natutunan.

References

- De Vito, Alfred, Gerald H. Krockover, and Katherine J. Steele (1993). *Creative Teaching: A Practical Approach*. New York: Harper Collins College Publishers.
- Knight, Lizette F and Sonia F. Silbor (2006). *A to Z Creative Teaching Methods*. Makati: Church Strengthening Ministry.
- Denis C. Phillips (2000) *Constructivism in Education*. Chicago: University of Chicago Press.
- Ernetine G. Riggs and Cheryl R. Gholar (2009). *Strategies that Promote Student Engagement*. Thousand Oaks, California: Corwin Press, Inc.
- Keith R. Sawyer (2011). *Structure and Improvisation in Creative Teaching*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Oon-Seng Tan (2009), Ed. *Problem – Based Learning and Creativity*. Cengage Learning Asia Pte Ltd.

DR. EVELYN A. SONGCO is the present Vice President of the Philippine Historical Association. She served as president of PHA from 2009 to 2011. She holds a doctorate degree in Development Education from the University of Santo Tomas. At present, she teaches at the UST College of Education and Graduate School and serves as Assistant to the Rector for Student Affairs.

APPENDIX

Ang Buhay ng Supremo: Isang Timeline Ukol kay Andres Bonifacio

Michael Charleston “Xiao” B. Chua
Pamantasang De La Salle Maynila

- 30 Nobyembre 1863—Isinilang si Andres Bonifacio sa Tondo, Maynila. Panganay sa anim na magkakapatid. Nag-aral sa ilalim ni Guillermo Osmeña na taga Cebu. Sa edad na 14, maagang naulila, kaya binuhay ang magkakapatid sa paggawa at pagbenta ng mga baston at abaniko. Naging clerk-messenger sa Fleming and Co. at Fressel and Co. Itinuturing ni Dr. Milagros Guerrero na isang young urban professional noong mga panahong iyon. Aktor siya sa Teatro Porvenir kasama nina Aurelio Tolentino at Macario Sakay at paborito niyang karakter si Bernardo Carpio, ang itinuturing na tagapagligtas ng mga Tagalog. Naging bihasa siya sa Wikang Tagalog at nagbasa rin ng mga salin sa Espanyol ng mga aklat ni Alexandre Dumas, *Les Miserables* ni Victor Hugo, *Las Ruinas de Palmyra*, ukol sa Himagsikang Pranses, *Buhay ng mga Pangulo ng Estados Unidos*, *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Jose Rizal, *Ang Bibliya*, maging mga aklat ukol sa medisina at batas.

Ang Katipunan

- Enero 1892—May dokumento na natagpuan sa Archivo Militar sa Espanya na isinulat mismo ng Katipunan ukol sa plano ng pagtatatag at istruktura ng Kataas-taasang Katipunan, na ang layunin ay paghiwalay sa Espanya at pagtatag ng sariling pambansang pamahalaan.
- 3 Hulyo 1892—Itinatag ni Rizal ang *La Liga Filipina* sa kanyang pagbabalik sa Pilipinas. Ang Liga ay naglalayong pagsama-samahin ang kapuluan sa isang katawan, proteksyon para sa lahat, pagtanggol laban sa kaguluhan at kawalan ng katarungan, pagpapaunlad ng edukasyon, agrikultura, at pangangalakal, at pag-aaral at pagsasagawa ng mga reporma. Naging kasapi nito sina Andres Bonifacio, Deodato Arellano at Apolinario Mabini.
- 6 Hulyo 1892—Inaresto si Rizal at ikinulong sa *Fuerza Santiago*, at matapos ang ilang araw, 17 Hulyo 1892, dumating si Rizal sa Dapitan bilang isang *destiero*.
- 7 Hulyo 1892—Sa Kalye Azcarraga (ngayo'y CM Recto), itinatag ang matagal nang plinanong Kataas-taasang, Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK), nina Andres Bonifacio, Ladislao Diwa, Teodoro Plata (unang hasik o trianggolo), Valentin Diaz, Deodato Arellano, Briccio Pantas at iba pang kasama.
- Mga huling bahagi ng 1892—Dahil sa kabagalan ng metodong triangolo sa pagkuha ng mga kasapi, napagkayarian na ibasura ito tungo sa inisasyon. Nang umabot ng isandaan ang kasapi ng Katipunan, nagkaroon ng halalan para sa Kataas-taasang Sanggunian at naging Supremo si Deodato Arellano.
- Pebrero 1893—Naging Supremo si Roman Basa.
- Maagang 1895—Nahalal na Supremo si Andres Bonifacio. Muli siyang mahahalal sa 31 Disyembre 1895 at Agosto 1896 bago mabunyag ang lihim na samahan.
- 12 Abril 1895—Tumungo si Andres Bonifacio at mga kasama sa Kweba ng Pamitinan, Bundok Tapusi, sa Montalban, tila sumusunod sa yapak ng maalamat na Tagapagligtas ng mga Tagalog, si Bernardo Carpio, at sinasabing isinigaw at isinulat sa mga pader ng kweba ng Makarok sa pamamagitan ng uling, “Naparito ang mga Anak ng Bayan, Hinahanap ang Kalayaan.

Mabuhay ang Kalayaan!”

- Marso 1896—Lumabas ang una at huling edisyon ng pahayagan ng Katipunan, ang *Kalayaan*. Mula 300 kasapi, dumami ang kasapihan sa tinatayang 30,000 miyembro. Sa mga sulatin dito, sa Kartilya ng Katipunan ni Emilio Jacinto at iba pang akdang Katipunan makikita ang konsepto nila sa Katipunan ng tunay na “kalayaan” na nakabatay sa kaghinhawaan at matuwid at mabuting kalooban. Gayundin, ang konsepto ng bansa na nakabatay sa pagkakaisa, kapatiran at pagmamahalan ng mga Tagalog (Taga-Ilog) tungo sa katuwiran at kaliwanagan.
- 21 Hunyo 1896—Binisita ni Dr. Pio Valenzuela, bahagi ng pamunuan ng Katipunan, si Rizal sa Dapitan at pinaalam ng una sa huli ang binabalak na Himagsikan. Inalok ni Valenzuela si Rizal na maging Pangulo ng Katipunan. Tumanggi si Rizal at pinayuhan na kailangan ng armas, maghanda bago mag-alsa, humingi ng tulong sa mga mayayaman, at gawing heneral si Antonio Luna.

Pagkabunyag ng Katipunan at Unang Sigaw ng Himagsikan

- 19 Agosto 1896—Sinalakay ang *Diario de Manila* at natuklasan ang Katipunan matapos na ikumpisal ni Teodoro Patiño sa *cura parroco* ng Tondo na si P. Mariano Gil ang lihim na samahan. Buong gabing nanghuli ang mga Espanyol ng mga pinaghihinalaang kasapi.
- 20-25 Agosto 1896—Ayon sa mga historyador na sina Guerrero, Encarnacion at Villegas, naganap ang unang sigaw ng Himagsikan at punitan ng sedula (pagsira ng dokumento bilang simbolo ng paghiwalay sa Espanya—*Grito de Balintawak*, ang iba’t ibang lugar na binanggit sa mga tila magkakasalungat na tala—Balintawak, Kangkong, Bahay Toro, Pugad Lawin—ang unang tatlo ay mga lugar sa Balintawak o Kalookan). Ayon kay Aurelio Tolentino, ang tunay na sinigaw ni Bonifacio sa “Unang Sigaw” ay: “Kalayaan o kaalipinan? Kabuhayan o kamatayan? Mga kapatid: Halina’t ating kalabanin ang mga baril at kanyon upang kamtin ang sariling kalayaan!”
- 24 Agosto 1896—Sa isang pulong sa bahay ni Tandang Sora sa Sitio Gulod, Barrio Banlat, Kalookan, itinatag ang

Rebolusyunaryong Pamahalaan kung saan si Andres Bonifacio ang naging unang pangulo ng Pilipinas na nagtalaga ng mga ranggo sa mga opisyal. Napagkasunduan rin ang magaganap na pagsalakay sa Maynila sa hatinggabi ng 29-30 Agosto 1896.

- 25 Agosto 1896—Sagupaan ng KKK at ng mga Espanyol sa Pasong Tamo malapit sa Bahay ni Tandang Sora, talunan ang mga Espanyol.
- 26 Agosto 1896—Sagupaan ng KKK at ng mga Espanyol sa Caloocan at Malabon, talunan ang mga Espanyol.
- 29-30 Agosto 1896—Nagkaroon ng sabay-sabay na pagsalakay sa buong lalawigan ng Maynila. Hindi sumipot ang hukbo ng Cavite sa ilalim ni Heneral Emilio Aguinaldo sa napagkasunduang pag-aalsa. Madaling araw nang pangunahan ni Bonifacio ang pag-atake sa Polvorín, San Juan del Monte (Ngayo’y Pinaglabanan). Ipinailalim ni Gobernador Heneral Ramon Blanco ang walong lalawigan—Maynila, Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, Tarlac, Laguna, Cavite, at Batangas, sa ilalim ng Batas Militar (Sinasagisag ng walong sinag ng araw sa ating bandila).

Katipunan sa Cavite

- 31 Agosto 1896—Nagapi ni Heneral Artemio Ricarte ang mga Espanyol sa San Francisco de Malabon, Cavite. Sinimulan ang pag-aalsa sa Cavite sa pangunguna ni Heneral Emilio Aguinaldo.
- 9-11 Nobyembre 1896—Pagtatagumpay ng Cavite laban sa mga Espanyol sa labanan sa Binakayan. Gamit ng mga taga-Cavite ang Giyerang Pantrintsera sa Zapote at Cavite Viejo sa pangangasiwa ng inhinyero na nagtapos sa Ghent, Belgium na si Edilberto Evangelista na namatay sa Labanan sa Zapote noong 17 Pebrero 1897.
- 30 Disyembre 1896—Bahagi ng serye ng mga pagbitay na may kinalaman sa himagsikan, binaril si Rizal sa Bagumbayan. Nasa Cavite na noong mga panahon na iyon si Bonifacio na inanyayahan upang uyusin ang sigalot ng mga paksyon ng Katipunan sa lalawigang iyon—ang Magdiwang, Magdalo at Mapagtiis.

Kumbensyon ng Tejeros, *Pacto de Tejeros* at Naic Military Agreement

- 22 Marso 1897—Sa kanyang kaarawan, nahalal *in absentia* si Emilio Aguinaldo bilang pangulo ng pamahalaang rebolusyunaryo sa Kumbensyon sa *Casa Hacienda* ng Tejeros (Binalaan ni Diego Mojica si Bonifacio na maraming mga balota ang napunan na bago pa man ang halalan). Nauna nang pumayag si Bonifacio na palitan ang Katipunan bilang pamahalaan sa pagkumbinsi ng kumbensyon basta anumang mapagkayarian ng kapulungan ay igagalang. Ngunit nang tutulan ni Daniel Tirona ang pagkakahalal ni Bonifacio sa *consuelo de bobong* posisyon ng Direktor ng Interyor dahil siya ay walang pinag-aralan at hindi abogado ay nainsulto ang Supremo, tinutukan ng baril si Tirona bilang paghahamon ng duwelo, pinawalang-bisa ang konseho bilang tagapangulo nito, at lumisan.
- 23 Marso 1897—Bumalik sa *Casa Hacienda* ng Tejeros sina Bonifacio at mga tagapanalig upang tutulan ang naganap na halalan sa pamamagitan ng *Acta de Tejeros*, habang nanumpa bilang Pangulo si Aguinaldo sa harapan ni Padre Villfranca sa Tanza. Nang ipahayag ang bagong mga opisyaes ng pamahalaan noong 17 Abril 1897, kapwa mga Magdiwang at Magdalo ay kabilang na dito.
- 19 Abril 1897—Pagpupulong sa *Casa Hacienda* ng Naic ng pangkat ni Bonifacio. Nang masabihan ni Lazaro Makapagal, napasugod ang namalariang si Aguinaldo sa nasabing pulong at muntik nang magkaroon ng komprontasyon sa pagitan ng mga hukbo ni Aguinaldo at Bonifacio. Nagulat pa si Aguinaldo na ang kanyang dalawang tapat na kawal na sina Mariano Noriel at Pio del Pilar ay kasama ng Supremo. Muling bumalik kay Aguinaldo ang dalawang heneral at nanguna sa pag-uusig sa mga Bonifacio.

Paglilitis at Pagpaslang kay Bonifacio

- 28 Abril 1897—Matapos na tanggapin nina Bonifacio ang mga kawal na ipinadala ni Aguinaldo sa pangunguna ni Koronel Agapito Bonzon sa kanilang pansamantalang kampo sa Limbon, nilusob nila ang mga kawal ng Supremo, napatay

si Ciriaco Bonifacio, nasugatan si Procopio, at nabaril sa kaliwang balikat at nasaksak sa leeg si Andres Bonifacio. Ito ay sa kabila ng kanyang pakiusap ng hinahon. Dalawang beses na pinagtangkaan ni Bonzon na gahasain ang asawa ng Supremo at Lakambini ng Katipunan na si Gregoria de Jesus. Sa *Casa Hacienda* ng Naic, ikinulong sa bartolina sa ilalim ng hagdanan sa loob ng tatlong araw ang Supremo at si Procopio, dalawang beses lamang pinakain ng mga “pagkaing hindi na dapat banggitin.” Hindi rin ginamot ang kanyang sugat.

- 1 Mayo 1897—Sa pagbagsak ng Naic sa mga Espanyol, lumipat sina Aguinaldo at ang kanilang mga bihag sa Maragondon, Cavite kung saan ipinagpatuloy ang paglilitis sa magkapatid na Bonifacio. Hindi naisakatuparan ang pagliligtas sana sa Supremo na gagawin ng pangkat nina Diego Mojica.
- 10 Mayo 1897—Isinakatuparan ng pangkat ni Lazaro Macapagal ang kautusan ng *Consejo de Guerra* na barilin at patayin ang magkapatid na Bonifacio sa mga kabundukan ng Maragondon. Ngunit ayon sa testimonya ng dalawa raw sa mga Katipunerong pumatay kay Bonifacio at ayon sa pag-aaral ng historyador na si Danilo Aragon, kumalat sa Maragondon ang balita mula sa mga nakasaksi sa pagpatay na binaril si Procopio ngunit tinaga hanggang mamatay si Andres Bonifacio.

(Footnote)

1 AGMM. “M[ahal] na Julio Nakpil, *Giliw*, M[ahal] na P[angulo] ng Sangunian sa dakong Hilagaan. Ang P^{lo}. ng H[aring-] B[ayan], And^{es} Bonifacio, *Maypagasa*, Limbon (Yndan), 24 Abril 1897.” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, Legajo 1.129:4/1-4.

GUIDELINES FOR CONTRIBUTORS

Notes & References

Contributors are requested to observe the following guidelines:

- The standard length of the article is 6,000 words or approximately 20 pages, typed double-spaced with a 1-inch margin at the top, bottom and sides of the letter-size (8.5 in. x 11 in.) paper.
- Include a brief abstract summarizing the article and at least five (5) key words in a separate sheet of paper.
- Indicate in another separate sheet of paper the following information about the author -- name, title, affiliation, home address, telephone/mobile number and email address.
- Notes shall be used for substantive information. They must be numbered serially and placed at the end of the article in a separate Endnotes Section before References.
- Illustrations, diagrams, and tables shall be referred to as "Figures" and "Tables". They shall be numbered and accompanied by a descriptive title (e.g. Table 1: Philippine Exports to Japan, 2013).
- Use *The Chicago Manual of Style*, 16th edition (2010). Referencing in the text shall be in this format: (Buzeta 1850) or (Maramba 1970, 52).
- All references cited in the text must be listed in the Reference Section. The details should be listed in full, alphabetically by author. The following examples show the format:

BOOK:

Corpuz, Onofre D. *The Roots of the Filipino Nation*. Quezon City: AKLAHI Foundation, Inc., 1989.

JOURNAL ARTICLE:

Santos, Gloria M. "The Philippine Struggle for Independence, 1896-1898: Its Impact on the Visayan Region." *Historical Bulletin*, 44, no. 1 (2010):94-105.

NEWSPAPER ARTICLE:

David, Randy. "Split Level Christianity." *Philippine Daily Inquirer*, 30 March 1997:A9.

CONFERENCE PAPER:

Gonzalez, Ma. Minerva A. *Women in the Struggle of Independence*. Paper presented at the PHA Annual Conference, 27-28 November 1987, Quezon City, Philippines.

GUIDELINES FOR SUBMISSION AND REVIEW PROCESS

In submitting their articles for review, authors agree to a peer-review process. The editorial board shall assign the reviewers.

Articles submitted for review in the *Historical Bulletin* shall be evaluated according to the following criterias:

- significance of the topic
- comprehensiveness of sources
- contribution to historiography
- quality of writing

Authors will be given feedback on their submissions.

If an article is accepted, the author is expected to make the suggested revisions to their manuscript.

Send all manuscripts to:

THE EDITOR

Historical Bulletin

c/o PSSC Secretariat

Philippine Social Science Council

PSSC Center, Commonwealth Ave.,

Diliman, Quezon City

